

# Pagpapalaya sa mga Kapangyarihan ng mga Junior Youth



Ruhi Institute





Aklat 5

# Pinalalaya ang mga Kakayahan ng Junior Youth

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng dinesenyo ng Ruhi Institute. Ang mga aklat ay nilalayong gamitin bilang pangunahing serye ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at mga nasa hustong gulang sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Ang Ruhi Institute ay bumubuo rin ng isang pangkat ng mga kursong nagsasanga mula sa ikatlong aklat sa serye para sa pagsasanay ng mga guro ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, at gayundin ng isa pang pangkat mula sa Aklat 5 para sa pagbabangon ng mga animator ng mga junior youth group. Ang mga ito ay nakatala rin sa listahan sa ibaba. Dapat banggitin na maaaring magkaroon ng pagbabago ang listahan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang bagong mga pamagat ay maidaragdag kapag ang ilang elemento ng kurikulum na binubuo ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong nagsasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pinalalaya ang mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yaman* |
| Aklat 12 | *Pamilya at Pamayanan* |
| Aklat 13 | *Nagsasagawa ng Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | *Nakikilahok sa Talakayang Bayan* |

Copyright © 2013, 2024 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.1.2.PE published in 2024
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Liberando los poderes de los prejóvenes*
Copyright © 2006, 2014, 2022 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-628-95102-2-5

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Philippines
+63 2 7914 0030
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Mga Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor .................................. v

Ang Tagsibol ng Buhay .................................................. 1

Ang Edad ng Pangako .................................................. 53

Naglilingkod bilang Animator ...................................... 97

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Mula sa simula nito sa maagang yugto ng dekada 1970, sinisikap ng Ruhi Institute na mapaglingkuran sa pamamagitan ng mga gawaing pang-edukasyon nito ang mga kabataan sa edad ng 12 hanggang 15, na madalas tinutukoy bilang "junior youth" at kumakatawan sa isang lubos na natatanging bahagi ng lipunan. Habang nasasaksihan nito ang idealismo at sigla ng napakarami mula sa ganitong edad, napaniwala ang Institute sa kahalagahan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakataong suriin ang ilang mga tema at mga konsepto na magbibigay-daan upang maharap nila nang maayos ang mga gusot ng buhaay, mapaglabanan ang mga puwersa ng kabulukang moral na lumalakas sa lahat ng dako, at maging aktibong mga tagapagpaganap ng pagbabago ng lipunan. Ang sumunod na ilang dekada ay binuo ng isang panahon ng pagkilos at pagninilay-nilay na higit at higit pang nakinabang mula sa karanasan sa buong daigdig kaugnay ng pakikipagtulungan sa mga junior youth mula sa magkakaibang mga pinanggalingan, na kasama na roon ang mga pagsisikap sa larangan ng kaunlaran, lalo na sa larangan ng pagbabasa't pagsusulat. Sa bandang taong 2000, lumitaw na ang konsepto ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth, at kasama niyon ay ang iba't ibang aspekto ng isang programa na binubuo ng tatlong taon kung saan ay sinisikap palayain ang kanilang mga kapangyarihang pangkaisipan at espiritwal para sa paglilingkod sa sangkatauhan.

Tulad ng ibang mga pagsisikap ng Ruhi Institute, ang programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth ay isinasagawa sa antas ng masa sa pamamagitan ng isang sistema ng edukasyong pandistansiya kung saan ay kabilang, sa kasong ito, ang tatlong pangunahing elemento: ang "grupo ng junior youth", ang "animator", at ang isang tanging pangkat ng mga aralin. Ang *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth*, na ikalimang aklat sa pangunahing serye ng Institute, ay naglalayong tulungan yaong mga nagnanais isali ang isang grupo ng mga kabataan mula sa kanilang nayon o kapitbahayan sa programa. Ito ang una sa isang serye ng mga kurso, na nagsasanga mula sa pangunahing serye, at tutulong sa mga indibidwal upang linangin ang mga kakayahang kinakailangan upang makapaglingkod bilang mga "animator"—isang taguri, na sa mismong sarili nito, ay nagpapakilala sa katangian ng gawain ng paglilingkod. Bagama't hindi lahat ng mag-aaral sa aklat na ito ay papasok sa larangan ng paglilingkod na ito, inaasahang ang lahat ay magtatamo ng inspirasyon mula sa mga temang tinatalakay at makikilala ang kahalagahan ng pagbibigay ng kaukulang pansin ang marangal na mga adhikain ng junior youth—ito ay bilang isang napakahalagang aspekto ng paglilikha ng isang kulturang itinataguyod ang mga saloobin tungo sa mga kabataan na lubusang naiiba sa yaong mga kasalukuyang ipinalalaganap sa lipunan. Sa ganoong kapaligiran, kung gayon, kahit ang mga indibidwal na hindi tuwirang nakikilahok sa programa ay magiging handang ibigay ang kanilang tangkilik sa namumukadkad na mga gawain nito.

Ang dapat tanggapin ng mga naglilingkod bilang mga tutor ng Aklat 5 ay kabilang sa mga kalahok ay maraming kabataan sa huling mga taon ng pagiging teenager o sa unang mga taon ng ikadalawampung gulang nila, na pumasok sa pangunahing serye ng mga kurso sa malinaw na ipinahayag na layuning maglingkod bilang isang animator at taglay ang lahat ng natatagong kakayahan upang magawa iyon. Ang mga iba ay nalaman ang Pananampalataya sa pamamagitan ng mga talakayan sa kanilang mga kaedad kung saan ay binigyang-diin ang

maaari nilang gampanan sa pagtuturo ng nakababatang mga salinlahi. Ang mga iba naman ay mismong dumaan sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas bilang mga junior youth at nagsimula sa pag-aaral ng Aklat 1 di-nagtagal pagkatapos niyon. Maging anupaman ang daang naghatid sa kanila sa proseso ng institute, ngayon ay magiging bahagi na sila ng isang lumalaking nucleus ng mga indibidwal sa kanilang nayon o kapitbahayan na nakatalaga sa pagpapabuti, at kaugnay nito, ay magtatamo ng karanasan sa pagdalaw ng mga tahanan upang saliksikin kasama ng mga pamilya ang mga temang pangunahin ang kahalagahan sa Pananampalataya—ang gawain ng paglilingkod na tinalakay sa Aklat 2. Bilang bahagi ng nucleus na ito, ang malaking bilang sa kanila ay magkakaroon ng malapit na ugnayan sa isa man lamang grupo ng junior youth sa lokalidad at makikipagtulungan sa animator sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain at sinasamahan siya sa regular na pagdalaw sa mga magulang upang talakayin ang mga konsepto at mga pamamaraang nauugnay sa programa. Sa yugtong ito, ang lahat sa kanila ay nagtataglay na ng malaki-laking kaalaman tungkol sa mga katuruang Bahá'í, na lalo pang pinalalaim sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral ng mga Aklat 3 at 4, at naipapakita na ang mga kasanayan, mga kahusayan, mga saloobin, at mga katangian espiritwal na kinakailangan upang makapagsimula at makapagpatuloy ng makabuluhang mga usapan sa mga kaibigan at mga kapitbahay. Magiging higit na maliwanag sa yugtong ito, sa pagsapit nila sa Aklat 5, kung ano ang kahalagahan ng proseso ng paglilinang ng kakayahan na likas na naroroon na pangunahing serye ng mga kurso ng Ruhi Institute—isang proseso na ginugunita bilang paglakad sa isang landas ng paglilingkod. Ang paghikayat sa isang grupo ng mga junior youth na sumali sa tatlong taong programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas, ay isang mahirap na gawain ng paglilingkod, at ang mga pagsisikap ng bagong mga animator upang gawin ito ay mababatay, sa malaking antas, sa kakayahang naitatag na nila sa landas na ito hanggang dito.

Ang unang yunit ng aklat, "Ang Tagsibol ng Buhay", ay nagtutuon ng pansin sa mga katangiang itinatakda ng mga kasulatan ng Pananampalataya na dapat ay maging katangian ng panahon ng kabataan. Mula sa pagsusuring isinasagawa, unti-unting lumilitaw ang isang larawang-isip ng tulong na ibinigay ng bawat salinlahi ng kabataan sa paglilingkod sa Kapakanan ng Diyos at sa sangkatauhan. Nanaising tiyakin ng tutor na tatapusin ng mga kalahok ang pag-aaral ng yunit na ito taglay ang pagnanasang kumilos batay sa larawang-isip na namumukadkad, sapagkat ang larawang-isip na ito ay ang humuhubog sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth at iyon ang dapat magbigay ng direksiyon sa kanilang mga pagsisikap na hikayatin ang mga junior youth sa mga gawain nito.

Sa katunayan ang yunit ay nagsisimula sa pagtanong sa mga kalahok na isipin kung anong mga katangian ang inaasahan nilang mabubuo ng mga junior youth hanggang sa panahon na natapos na nila ang tatlong taong programa sa edad ng 15—na nakikita bilang bungad ng kaganapang-isip sa mga katuruang Bahá'í—at papasok na sa "kalakasan" ng kanilang pagiging kabataan. Dapat maunawaan ng tutor na ang layunin ng pagsasanay ay hindi upang suriin nang malalim ang mga detalye ng programa ni hindi rin upang limiin ang natatagong mga kakayahan ng mga junior youth, na ang mga pagsusuring iyon ay gagawin sa ikatlo at ikalawang yunit ng aklat, sang-ayon sa pagkakabanggit-banggit. Sa halip, ang layunin ay agad na tawagin ang pansin sa larawan ng isang kabataang handa nang makipagsabayan sa kasunod na salinlahi sa yaong mga ipaglalaban ang Kapakanan ng Diyos at itatalaga ang kanilang mga sarili sa pagsulong ng kabihasnan. Para sa mga kalahok, ang pagsasanay ay makadaragdag sa kanilang pagpapahalaga sa katangian ng gawaing di-magtatagal ay isasagawa na nila bilang mga animator at magkakaloob sa susunod nilang mga talakayan ng higit na malalim na kahulugan.

Sa ganitong kaugnayan, kung gayon, inihaharap ng yunit ang ilang sipi mula sa mga kasulatan na nililinaw ang ilang konsepto kaugnay ng panahon ng kabataan. Kabilang sa mga konseptong ipinakikilala nang maaga sa yunit ay ang nagtutugunang mga ugnayan sa pagitan ng paglilingkod, edukasyon, at paghahanda para sa kinabukasan, na isang isyu na kung minsan ay gumagambala sa kaisipan ng mga kabataan. Ang nililinaw ay kapag tinitingnan ang buhay bilang isang kabuuan, ang iba't ibang aspekto nito, ay malayo sa pagiging magkasalungat sa isa't isa at sa halip ay maaaring magpalakas sa isa't isa. Ang pagsasanay sa Bahagi 10 ay makatutulong sa mga kalahok upang pag-isipan kung ano ang ibig sabihin nito sa praktikal na paraan. Kailangan ng pag-iingat na hindi nila pasadahan ang pagsasanay nang hindi nag-iisip nang malalim at sa gayon ay hindi nila maunawaan kung paanong ang ilang mga pagpili sa buhay at mga paraan ng pag-iisip ay magbunga ng mga *dichotomy* na kathang-isip at ng mga tensiyon na nalilikha ng mga ito.

Ang isa pang konseptong tinatalakay sa yunit, na may pangunahing kahalagahan sa layunin nito, ay yaong ng dalawang layuning moral. Mangyari pa ay bihasa na ang mga kalahok sa konseptong ito mula sa kanilang pag-aaral ng naunang mga aklat. Ito ay sinusuri nang higit na malalim dito, at dapat nilang tanging bigyang-pansin ang mga bahaging inilaan sa pagsusuri nito, na nagsisimula sa paglalarawan sa dalawang pagbabago—sa antas ng indibidwal at sa estruktura ng lipunan—na nakikini-kinita sa mga kasulatang Bahá'í. Kaugnay nito, iminumungkahi ng yunit na dapat magtaglay ang mga kabataan ng matibay na pagtatalaga sa pagsasabalikat ng sarili nilang pag-unlad sa intelektuwal at espiritwal at makapagbigay ng namamalaging tulong sa pag-unlad ng lipunan. Higit pa rito ay ipinapahayag nito na itong dalawang aspekto ng layuning moral ay nagpupunuan at hindi maaaring maipaghiwalay, sapagkat ang mga pamantayan at asal ng mga indibidwal ay humuhubog sa kanilang kapaligiran, at iyon naman ay hinuhubog ng mga estruktura at proseso ng lipunan. Maaaring maging mapanghamon para sa ilang mga kalahok ang mapahalagahan ang mga ipinahihiwatig ng ganitong pahayag, na sinusuri sa Bahagi 16. Ang nangingibabaw na mga pananaw ukol sa mundo—na, sa isang dako ay labis na nagbibigay-diin sa pagiging isang indibidwal at sa kalayaan ng indibidwal, o sa kabilang dako ay labis na pinahahalagahan ang mga puwersang panlipunan at mga prosesong pampolitika—ay maaaring pumilipit sa realidad at hubugin ang mga paniniwala at mga paraan ng pag-iisip, madalas nang disimulado. Sa pagsasagawa ng pagsasanay na ito sa isang grupo, dapat batid ng tutor ang ganitong hamon at tulungan ang mga kalahok, kung kinakailangan, sa pagkilala sa ilang pananalitang maaaring hindi tumutugma sa pahayag ng Guardian na sinipi sa bahagi. Ang pagsasaliksik sa konsepto ng dalawang layuning moral ay nagwawakas, sa gayon, sa pagmumungkahi na tanging sa larangan ng paglilingkod lamang maisasakatuparan ang ganoong layunin. Ikinakatwiran ng yunit na pinagkakaisa ng paglilingkod ang pagsasakatuparan ng natatagong kakayahan ng indibidwal at ang pagsulong ng lipunan.

Ang pangalawang yunit ay pinamagatang "Ang Panahon ng Pangako", at ito ay nauugnay sa junior youth at sa napakalaking natatagong kakayahan na taglay nila. Sinisikap nitong pagtibayin sa mga isipan ng mga nag-aaral niyon ang pag-unawa na ang mga junior youth ay mga miyembro ng isang bukod na grupo ng mga magkaedad na may sarili nitong natatanging mga katangian—mga katangiang hindi nag-iiwan ng anumang pag-aalinlangan na gaanumang mali ang ituring sila bilang mga musmos, ay gayunding mali ang himukin silang gayahin ang isang anyo ng kaganapang-isip na mababaw ang pinakadiwa niyon, na isang kagawiang nakikitang nag-uugat sa higit at higit pang maraming lugar. Inaasahan ng yunit ang linawin na ang paraang ginagamit ng pamayanang Bahá'í tungo sa grupong ito ng magkaedad, na hinuhubog ng mga kasulatan ng Pananampalataya at pinasisigla ng gayong mga halimbawang tulad ng bata pang si Rúḥu'lláh, na lubhang naiiba sa mga pamamaraang

ginagamit batay sa kalakarang mga pagpapalagay at teorya, na napakarami sa mga ito ay ipinakikita ang mga junior youth bilang mapaghimagsik at madaling masuong sa krisis.

Taglay sa isipan ang mga layunin sa itaas, sandaling dumadako ang yunit sa katangian ng maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga at pagkatapos ay hinihiling sa mga kalahok na nilay-nilayin ang hamon ng naaangkop na pagdadako ng lumalaking kamalayan ng mga kabataang nasa ganitong edad. Kaugnay nito, ang yunit ay nagbibigay ng isang babala: ang gayong mga pagsisikap ay kailangang umiwas sa patibong ng ilang programa, na sa halip ng pagdadako ng lumalakas na kamalayan ng yaong mga nasa ganitong humuhubog na yugto ng buhay tungo sa walang pag-iimbot na paglilingkod sa mga iba ay idinadako ito sa "sarili" at sa kasawiang-palad ay nagwawakas sa pagkabihag nila sa "mapilit na sarili". Sinisikap ng mga Bahagi 5 hanggang 9 na ipabatid sa mga kalahok ang ilang pinong panganib ng patibong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang serye ng nauugnay na mga sipi mula sa mga kasulatang Bahá'í. Ang yunit ay nagpapatuloy sa pagsasaalang-alang ng mga epekto ng kapaligirang panlipunan sa mga buhay ng mga nasa maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, ipinakikilala ang konsepto ng isang "junior youth group" bilang isang kapaligiran ng pagtatangkilik sa isa't isa at itinatakda ang saloobing kailangang angkinin ng lahat ng nagsisibangon upang maglingkod bilang mga animator ng gayong mga grupo.

Ang pangatlong yunit, "Naglilingkod bilang isang Animator", sa isang diwa, ay nagsisimula kung saan nagwakas ang pangalawang yunit, at sinisikap nitong higit pang ipakilala ang katangian nitong gawain ng paglilingkod. Pagkatapos suriin ang ilan sa katangian ng isang junior youth group, ang yunit ay nagsisimula ng pagtatalakay sa mga aralin, na ang pag-aaral ng mga ito ay ang nasa kaibuturan ng programa. Ang higit na malaking bahagi ng yunit ay inilaan sa talakayang ito, at kailangang maunawaan nang mahusay ang layunin nito, na iyon ay hindi lamang ilarawan sa mga kalahok ang mga aralin kundi ay ang bigyan sila ng malalim na pag-unawa sa kung ano ang kinakailangan ng isang proseso ng pagbibigay ng espiritwal na lakas at kung paano sinisikap ng mga aralin ang linangin ang ganitong isigan. Ang mga halaw mula sa mga aralin ay isinasama, subalit ang dalawang teksto ay sinusuri sa kabuuan ng mga ito—*Mga Simoy ng Pagpapatibay* at ang *Espiritu ng Pananalig*—at kakailanganin ng mga kalahok ang mga kopya ng mga ito.

Ang paksa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas ay karaniwang nangangailangan ng mahabang pag-iisip at pagninilay-nilay ng mga tutor. Sa katunayan, ang proseso ng edukasyon na inilulunsad ng mga kurso ng institute, sa huling pagsusuri, ay maaaring makita bilang isang paraan para sa pagbibigay ng moral at espiritwal na lakas, isang paraang sa pamamagitan nito ang mga tao mula sa lahat ng uri ng buhay at mula sa bawat pinanggalingan ay nagagawang bumangon at makilahok sa pagtatatag ng isang higit na mabuting daigdig. Ang konsepto ng kapangyarihan na ginagamit dito ay malaki ang pagkakaiba sa karaniwang umiiral na pagpapaakahulugan dito kung saan ay iniuugnay ito sa layuning magdomina o hikayatin ang mga iba na sumunod sa sariling mga naisin at kahilingan. Ang layunin, sa halip, ay ang maging mga lagusan para sa pagdaloy ng mga kapangyarihan ng espiritu ng tao: ang kapangyarihan ng pagkakaisa, ng pag-ibig, ng mapagpakumbabang paglilingkod, ng dalisay na mga gawain. Kung paano makatutulong upang ang proseso ay sumulong—hindi lamang iyon, kundi ay mapabilis—ay pangunahin ang kahalagahan sa paglilingkod bilang isang tutor, at habang nalilikom ang karanasan sa pakikipagtulungan sa sunud-sunod na grupo sa pag-aaral ng mga kurso, ang bawat tutor ay nagagawang magtamo ng mga sulyap sa maraming nagtutugunang bahagi, na wala nang higit pang makapangyarihan kaysa sa paglilinang ng tunay na pag-unawa.

Sa aklat na ito, mangyari pa, ang isinasaalang-alang ng tutor ay lumalampas nang higit pa, hanggang sa kasunod na salinlahi at sa katangian ng proseso ng edukasyon na magbibigay-daan upang magawa ng bata pang mga nagbibinata at nagdadalaga na gamitin nang mabunga ang kanilang lumilitaw na mga kapangyarihan. Sa kaibuturan ng prosesong ito ay nagpapalakas sa isa't isa na mga kapangyarihan ng pag-iisip at pananalita. Ang kapangyaraihan ng isipan na mag-isip ng abstrak na bagay, na ito ay lubhang lumalakas sa maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, ay pinalalakas pa sa mga junior youth habang natututunan nilang gamitin ang nauugnay na mga konseptong pang-agham, moral, at espiritwal sa kanilang pagsusuri sa daigdig sa palibot nila at sa kanilang panimulang mga pagsisikap na baguhin ang lipunan. Gaanuman kahalaga ang kapangyarihan ng pagsusuri batay sa katwiran, gayumpaman ay nangangailangan ito ng kabatiranag espiritwal. Sa pamamagitan nito ay nabubuksan ang mga lagusan ng pag-unawa na hindi napapakinabangan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kapangyarihan ng kaisipan lamang. Kung gayon, kailangang matulungan ang mga junior youth na makilala ang mga puwersang espiritwal at tukuyin ang mga simulaing espiritwal sa mga sitwasyong nakasasagupa nila upang maging mahusay ang kanilang mga pagpiling moral. Ang isang saligang panukala ng proseso ng edukasyong ginugunita ay ang estrukturang moral na namamahala sa mga kaisipan at asal ng isang tao ay malapit na nauugnay sa estruktura ng wika na kaniyang ginagamit upang ipahayag ang kaisipan. Maging anupaman ang malalim na mga pag-unawang inihain ng unang dalawang yunit ng Aklat 5 kaugnay ng prosesong ito, sinisikap ng mga Bahagi 5 hanggang 19 ng pangatlong yunit na ihayag nang malinaw ang iba't ibang aspekto nito, sa paggamit ng mga halimbawa mula sa mga teksto ng programa kapag kinakailangan. Makabubuti kung maingat na muling pag-aaralan ng bawat tutor ang mga bahaging ito sa paghahandang gabayan ang isang grupo sa pag-aaral ng mga ito. Ang inaasahan ay mula sa kanilang pag-aaral, ang mga kalahok ay makakukuha ng isang pag-unawa sa natatagong kakayahan ng mga teksto upang bigyang-lakas ang mga junior youth mula sa iba't ibang kultura.

Kaugnay ng ganitong talakayan, kung gayon, ang mga kalahok ay binibigyan ng pagkakataong suriin ang dalawang buong teksto, na ang isa ay nasa kategorya ng "Bahá'í-inspired" o batay sa katuruang Bahá'í, at ang isa pa ay halimbawa ng bahagi ng programa na malinaw na Bahá'í. Ang dalawang kategoryang ito ay ipinakikilala sa mga kalahok sa maagang yugto ng yunit, at ang kanilang pagsusuri ng *Mga Simoy ng Pagpapatibay* at ng *Espiritu ng Pananalig* ay naglalayong makatulong sa kanila upang makita, sa mga tema at mga konseptong tinatalakay at sa wikang ginagamit, kung paano nakatutulong ang dalawang teksto upang makamtan ang mga layunin ng programa na inilalarawan sa itaas. Halimbawa, ang konsepto ng pagpapatibay na tinatalakay sa unang nabanggit—na kapag ang tao ay gagawa ng pagsisikap tungo sa marapat na mga layunin, maaakit niya ang banal na mga pagpapatibay—ay tumitimo sa mga puso at isipan ng mga kabataan sa lahat ng dako. Ang pag-unawang natatamo nila sa pamamagitan ng pag-aaral ng teksto ay waring nakatutulong sa kanila kapag sila ay nagsisimula ng bago at mapanghamon na gawain, upang malampasan ang pangangamba at kawalan ng lakas-loob na madalas ay kasama niyon, nang hindi lumilikha ng mapusok na asal na lubusang nagpapakilala sa labis na pagbibigay-diin sa "sarili". Sa ganitong paraan, ang payak subalit malalim na kuwentong inilalahad sa aklat, na karaniwang unang pinag-aaralan ng mga junior youth, ay inilalagay sila sa isang landas na nangangalaga sa kanila, nang bahagya man lamang, mula sa mga puwersa ng pagwawasak na sumisira sa lipunan, mga puwersang naglalayong nakawin mula sa kanila ang tunay nilang pagkakakilanlan bilang marangal na mga nilikha.

Sa kahalintulad na paraan, ang paglilinaw ng mga konsepto na inihahain sa *Espiritu ng Pananalig* ay nakatutulong sa mga junior youth mula sa bawat pinagmulan upang nilay-nilayin nang malalim ang mga isyu ng pilosopiya na nagsisimulang pagkaabalahan ng isip sa yugtong

ito ng buhay at nang makita ang masalimuot na mga ugnayang umiiral sa pagitan ng espiritwal at ng materyal. Kabilang sa mga konseptong ito, halimbawa, ay ang pisikal na ebolusyon at ang paglitaw ng espiritu ng tao. Ang dapat mapahalagahan ng tutor ay para sa maraming kabataang nag-aaral ng Aklat 5 at hinahangad na maging mga animator, na maliban lamang kung nabuo nila mismo ang programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas, itong pagsusuri ng *Espiritu ng Pananalig* ay bubuo ng unang pagkakataon upang masistema nilang saliksikin ang mga konseptong inihahain, at dapat silang bigyan ng panahon upang pag-isipan ang mga ipinahihiwatig ng mga ito.

Sa wakas ng ganitong pagsusuri, hinihimok ang mga kalahok na nilay-nilayin ang simulain ng pagtutugma-tugma ng agham at ng relihiyon, hindi bilang isang konseptong tahasang tinatalakay sa teksto subalit ay bilang pinagbabatayan ng buong talakayan. Ang iminumungkahi ay maaaring makita ang agham at ang relihiyon bilang dalawang nagpupunuan na mga sistema ng kaalaman at pagsasagawa, na sa pamamagitan niyon ang kabihasnan ay sumusulong. Ang kahalagahan ng ganitong pagninilay-nilay ay dapat mabatid ng mga kalahok, lalo na yaong mga naghahandang pasukin itong larangan ng paglilingkod. Sapagkat, kung ang pagtatamo ng pag-unawa sa realidad na higit na ganap ay kailangang-kailangan ng proseso ng pagbibigay ng espiritwal na lakas, sa gayon ang mga teksto ng junior youth ay nararapat lamang na kumuha mula rito sa kapuwa pinagmumulan ng kaalaman.

Samantalang ang pag-aaral ng mga teksto ang bumubuo sa pangunahing tinututukan ng pansin ng alinmang grupo ng mga junior youth na nakikilahok sa programa, sila ay sama-sama ring magsasagawa ng ibang mga gawain. Kabilang sa mga ito ang mga proyekto ng paglilingkod, mga palaro, mga sining at likhang-kamay, at paminsan-minsan ng natatanging mga gawain. Inihaharap ng mga Bahagi 25 at 26 ang ilang mga simulain at mga panukala kaugnay ng mga gawaing ito subalit ay iniiwasan ang maging labis na detalyado, at sinasabing ang mga detalye nito ay kailangang lumitaw sang-ayon sa mga kalagayang lokal. Gayumpaman ay inaasahang ang pagsasagawa ng mga proyekto ng paglilingkod ay bibigyang-diin sa programa, sapagkat ang paglilingkod ay nagbubukas ng isang larangan kung saan ang dalawang layuning moral na nabanggit na ay maaaring maihayag ang sarili nito. Kaugnay nito, kailangang maunawaan ng mga kalahok na ang gayong mga proyekto ay madalas na magiging paksa ng mga pagsasanggunian kasama ang kanilang mga kapwa-animator.

Ang yunit ay nagwawakas sa pagtalakay ng ilang bagay na nauugnay sa gawain ng isang animator, ibinabahagi ang ilang malalim na pag-unawa tungkol sa kung paano tumutulong upang mabuo ang grupo ng junior youth, kung paano isinasagawa ang ilang unang pagtitipon, at kung paano nakikipag-usap sa mga magulang tungkol sa katangian ng programa at ng pagsulong ng kanilang mga anak. Mula sa simula, kailangang matanto ng mga kalahok na ang mga kakayahang kinakailangan upang mabisang makapaglingkod bilang animator ay umuunlad sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng patuloy na karanasan at pag-aaral ng mga kursong nagsasanga mula sa Aklat 5. Hinihingi nito ang isang antas ng pagtatalaga sa edukasyon ng mga junior youth na napakarami sa mga kabataang nasa huling yugto ng pagiging teenager at sa unang mga taon ng ikadalawampung gulang—sa panahon ng tagsibol ng kanilang mga buhay—ay pinatunayan na nilang taglay nila ang ganitong kakayahan. Mula sa kanilang mga ranggo, kung gayon, ay lilitaw ang lumalaking bilang ng mga tatahak sa natatanging landas ng paglilingkod na ito, isinasama ang sunud-sunod na grupo sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas, at sa gayon ay titiyakin na matutupad ang pangako ng kasunod na salinlahi



# Ang Tagsibol ng Buhay

## Layunin

Upang magtamo ng isang pag-unawa sa ilang katangian na dapat magtangi sa kabataan, bilang isang paunang pangangailangan sa pagsasama ng junior youth sa isang programa ng pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas

## BAHAGI 1

Ang panahon sa pagitan ng labindalawa hanggang labinlimang taong gulang ay isang natatanging panahon sa buhay ng isang indibidwal, sapagkat sa mga taon na ito ay iniiwan niya ang pagiging musmos at dumaraan sa napakalaking pagbabago. Habang wala pa sa kaganapan ng kanilang pagiging kabataan, ang mga indibidwal sa mga edad na ito ay madalas na tinutukoy bilang mga "junior youth". Ang pagsasama ng mga junior youth sa mga gawaing naglalayong paunlarin ang kanilang mga kakayahang espiritwal at pangkaisipan at maihanda sila upang makilahok nang mabisa sa mga gawain ng kanilang mga pamayanan ay isang napakahalagang paglilingkod. Ang tatlong yunit ng aklat na ito ay nakatutok sa ilang konsepto, kasanayan, katangian at saloobing ipinakita ng karanasan ay kinakailangan ng mga nagnanasang ipatupad ang programa para sa pagbibigay ng espiritwal-lakas sa mga junior youth na inihaharap ng Ruhi Institute.

Ang mga gawaing bumubuo sa programa ay karaniwang isinasagawa sa maliit na mga grupo sa lokal na antas. Bilang animator ng mga pagsisikap ng gayong grupo, magpapakaabala kayo sa pag-unlad ng espiritwal at intelektuwal ng ilang junior youth, na sa loob ng maikling panahon ay hahantong sa edad ng labinlima, ang simula ng kaganapang-isip, kung kailan ay isasabalikat na nila ang bagong mga tungkulin. Sa unang yunit na ito, hindi tayo gaanong magninilay-nilay sa mga katangian ng junior youth, kundi ay sa katangian ng kabataan na dapat silang maging sang-ayon sa iminumungkahi ng mga kasulatan ng Pananampalataya. Ang dapat maging malinaw mula sa mga sipi na inyong pag-aaralan ay may ilang katangiang dapat magtangi sa bawat salinlahi ng mga kabataan at may tanging mga puwersa na dapat humubog sa kanilang mga buhay. Maaaring kayo mismo ay kabataang nasa dakong huli ng pagiging teenager o nasa unang mga taon ng ikadalawampung gulang, na kung magkagayon, ang mga araling inihaharap sa yunit na ito ay magbibigay rin sa inyo ng pagkakataong suriin ang sarili ninyong mga layunin at mga inuuna.

## BAHAGI 2

Upang magsimula, isipin ang grupo ng mga junior youth na di-magtatagal ay inyo nang tutulungan. Sa susunod na tatlong taon madalas kayong makikipagkita sa kanila, at bilang isang tunay na kaibigan ay tutulungan sila sa sama-samang pag-aaral at pagsusuri ng mga kaisipan, sa pagpaplano at pagsasagawa ng simpleng mga gawain ng paglilingkod, at sa pagninilay-nilay sa mga natututunan nila bilang isang grupo mula sa gayong naranasan. Magiging kapaki-pakinabang sa inyo na pag-isipan na ngayon ang wakas ng tatlong taong yugto na iyon, kung kailan ay matatapos na nila ang programa. Upang makatulong na paglilinaw sa sarili ninyong isipan kung anong mga katangian ang inaasahan ninyong tatangi sa inyong bata pang mga kaibigan, isagawa ang mga pagsasanay sa ibaba kasama ang inyong mga kapwa-kalahok sa kursong ito.

1. Ang nagugunita ba ninyong mga kabataan ay natatangi sa kamalayan ng isang mataas na layunin? Ano sa kanilang palagay ang layuning ito? ________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Ano ang hinahangad ninyong pagtutuunan nila ng karamihan ng kanilang lakas? ___

________________________________________________________________

________________________________________________________________

3. Ano ang makagaganyak sa kanila upang sikaping matamo ang kanilang mga layuning uliran? ________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

4. Anong antas ng kamalayan ukol sa mga hamong hinaharap ng sangkatauhan sa kasalukuyan ang inaasahan ninyong taglay nila? Sila ba ay magiging kumbinsido na makatutulong talaga sila sa pagpapabuti ng daigdig?___________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

5. Natural lamang na nanaisin ninyong magtamo ang inyong bata pang mga kaibigan, mula sa inyong panahon ng pagsasama-sama, ng isang tanging saloobin tungo sa pagsisikap matuto. Ang saloobing ito ay nailalarawan sa mga pahayag sa ibaba. Makadaragdag ba kayo ng dalawa o tatlo pa?

   - Sila ay magiging pala-aral at sisikaping isagawa ang kanilang mga natutunan.
   - Sila ay magtataglay ng kaugalian ng pagninilay-nilay sa mga bunga ng kanilang mga kilos.
   - Sila ay magtataglay ng nakabukas na kaisipan at haharapin ang pagsisikap matuto nang may pagpapakumbaba.
   - Sila ay magtataglay ng maalab na hangaring paunlarin ang kanilang kakayahang maglingkod sa sangkatauhan.
   - Sila ay mananabik na makamtam ang kahusayan sa anumang gawin nila.
   - Sila ay magiging masugid sa pag-aaral ng mga agham at mga sining.
   - Sila ay magtatamo ng gayunding kaligayahan mula sa pagpupunyagi para sa pagsulong ng sangkatauhan na natatamo nila mula sa sarili nilang indibidwal na pag-unlad sa intelektuwal at espiritwal.
   - __________________________________________________________
   - __________________________________________________________
   - __________________________________________________________

6. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang naglalarawan sa inaasahan ninyong magiging paraan ng pagkilos ng mga kabataan nagugunita ninyo?

_____ Ang kanilang mga pamantayan ay halos nagtutugma sa yaong mga itinatakda ng mga kalakaran at nauuso sa daigdig para sa mga kabataan.

_____ Titingin sila sa media para sa mga pamantayang gagabay sa kanilang mga buhay.

_____ Susunod sila sa mga yapak nilang mga nagsusumikap, sa kabila ng matinding mga hamon, na mamuhay sang-ayon sa mataas na mga pamantayang moral.

_____ Mahahalata nila kapag ang kanilang mga kilos ay salungat sa kanilang mga paniniwala, kung sakaling lumitaw ang gayong mga salungatan.

_____ Sila ay maniniwala sa gayong mga uliran tulad ng kaisahan ng sangkatauhan, ng pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, at ng katarangun, subalit ang kanilang mga kilos ay mas malapit na maglalarawan sa tinatanggap na mga pamantayan ng lipunan, na samantalang napakahusay ng pananalita kaugnay ng gayong mga uliran ay hindi ito itinataguyod sa totoong buhay.

_____ Tatalikdan nila ang mataas na mga pamantayan upang mamuhay nang mariwasa sa isang panlipunang kapaligiran kung saan hindi itinataguyod ang mga iyon.

7. Isinasaad ng mga pahayag sa ibaba ang ilang ipinahihiwatig ng isang dalisay at malinis na buhay. Sa inyong palagay, gaano kahalaga para sa ginugunita ninyong mga kabataan na magawa nilang nilay-nilayin ang ganitong mga ipinahihiwatig? Makapagdaragdag pa ba kayo ng ilang sa listahan?

- Hindi mapaglaro ang sariling asal
- Nakawalay sa mga kalugurang mababaw at mali ang direksiyon
- Hindi tinutulutan ang makalupang mga kaluguran na agawin ang pansin mula sa mataas na layunin ng sarili
- Hindi sumusunod sa mga kalakaran at nauuso kapag ang mga iyon ay salungat sa mga pamantayan ng kalinisang-puri
- Hindi inaakalang ang kadalisayan ay nangangahulugan lamang ng pag-iwas sa seks sa labas ng pag-aasawa
- Paggamit ng kainamang-sukat sa sariling paraan ng pananamit
- Paggamit ng kainamang-sukat sa sariling paraan ng pananalita
- Paggamit ng kainamang-sukat sa sariling mga libangan
- Natatangi sa pagiging mabini at mapagpakumbaba
- Malaya sa selos at inggit
- Natatangi sa kadalisayan, pagkadisente, at malinis ang kaisipan
- Mapagmatyag sa pagpigil sa sariling mababang mga simbuyo ng damdamin
- ______________________________________________

– ____________________________________________________

– ____________________________________________________

8. Sa tatlong taon na igugugol ninyo kasama ang inyong bata pang mga kaibigan, gaano kalakas ang inaasahan ninyong mga kapangyarihan nila, na kapuwa intelektuwal at espiritwal, upang magawa nilang

   – mapagtagumpayan ang mga hamon?

   – magpursige sa kanilang mga pagsisikap na makamtan ang kanilang mga layunin?

   – mapaglabanan ang puwersang pumipilit sa kanilang kumilos nang salungat sa mataas na pamantayang moral?

## BAHAGI 3

Ngayon ay dumako tayo sa ilang sipi mula sa mga kasulatan ng Pananampalataya at suriin kung paano nito inilalarawan ang isang kabataan. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“O kayong mga minamahal ni ‘Abdu’l-Bahá! Ang buhay ng tao ay may tagsibol at pinagkalooban ito ng kamangha-manghang kaluwalhatian. Ang panahon ng kabataan ay natatangi sa lakas at sigla at namumukod bilang pinakapiling panahon sa buhay ng tao. Samakatwid kayo ay dapat magsumikap sa araw at gabi nang sa gayon yamang pinagkalooban ng makalangit na lakas, pinasisigla ng napakahusay na mga adhikain, at tinutulungan ng Kaniyang makalangit na kapangyarihan at biyaya at pagpapatibay ng langit, kayo nawa ay maging mga palamuti ng daigdig ng sangkatauhan, at nangunguna sa mga nakababatid ng tunay na kaalaman at pag-ibig sa Diyos. Dapat kayong natatangi sa mga tao dahil sa inyong kabanalan at pagkawalay, mataas na adhikain, pagkabukas-palad, pagtitika, marangal na kaisipan, pagtitiyaga, sa kataasan ng inyong mga layunin at sa inyong mga katangiang espiritwal; upang kayo ay maging mga pamamaraan ng pagdadakila at pagluluwalhati sa Kapakanan ng Diyos at mga pook-silangan ng Kaniyang makalangit na mga kaloob; upang kayo ay kumilos nang naaayon sa mga payo at mga tagubilin ng Pinagpalang Kagandahan—maialay nawa ang aking buhay sa Kaniyang mga minamahal—at sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga kahusayan at katangiang Bahá’í, kayo ay mamumukod sa mga iba. Sabik na inaasam ni ‘Abdu’l-Bahá na ang bawat isa sa inyo ay maging tulad ng leon na walang-takot na kumikilos sa mga pastulan ng kaganapan ng tao at tulad ng mabangong simoy ng musk na humihihip sa mga kaparangan ng kabutihan.”[1]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa sipi sa itaas:

   a. Ang tagsibol ng buhay ng tao ay pinagkalooban ng ____________________ .

   b. Ang panahon ng kabataan ay natatangi sa ____________ at __________ .

c. Ang panahon ng kabataan ay namumukod bilang ________________________ sa buhay ng tao.

d. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat magsumikap sa araw at gabi nang sa gayon yamang pinagkalooban ng ________________________________ , pinasisigla ng __________________________________________ at tinutulungan ng Kaniyang ________________________________ at _____________________________ at _______________________ , tayo ay maaaring maging ____________________ ng daigdig ng sangkatauhan.

e. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat magsumikap sa araw at gabi nang sa gayon tayo ay maging mga nangunguna sa mga nakababatid ng___________________ at ______________________________ .

f. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat natatangi sa ating _____________________ at ____________________________ .

g. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat natatangi sa _______________________ na adhikain.

h. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat natatangi sa ____________________ , ____________________ , ______________ na kaisipan, __________________ , sa kataasan ng ating mga ________________________ at sa ating mga katangiang _________________.

i. Sa panahon ng kabataan tayo ay dapat maging mga _________________________ ng pagdadakila at pagluluwalhati sa _______________________________ at mga _____________________ ng Kaniyang __________________________________ .

j. Sa panahon ng kabataan dapat nating sikaping kumilos nang ____________ sa mga _______________ at mga __________________ ng Pinagpalang Kagandahan.

k. Sabik na inaasam ni ‘Abdu’l-Bahá na ang bawat kabataan ay maging tulad ng _______________________________________ na kumikilos sa mga pastulan ng __________________________ at tulad ng ______________________________ ______________ na humihihip sa mga kaparangan ng ____________ .

2. Marahil ay narinig na ninyo ang isa o iba pang kasabihan ukol sa laganap na paniniwalang ang kabataan ay dapat nakatuon lamang sa pagkakaroon ng kasiyahan, sapagkat di-magtatagal ay kailangan na nilang harapin ang seryosong mga bagay sa buhay. Ang ganoong pananaw ay malinaw na hindi naaayon sa pahayag sa itaas ni ‘Abdu’l-Bahá. Ano ang ilan sa pag-aakala na pinagbabatayan nitong laganap na paniniwala? Talakayin ang katanungang ito sa grupo ng mga kaibigang kasama ninyo sa pag-aaral ng kursong ito, at isulat dito ang inyong mga nahinuha.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 4

Sa sumusunod na dalangin, ipinapahayag ni 'Abdu'l-Bahá ang ilang pag-asa na minimithi Niya para sa mga kabataan:

> **"O Ikaw na mabuting Panginoon! Buong-giliw na magkaloob ng isang paris ng makalangit na bagwis sa bawat isa sa mga sisiw na ito, at pagkalooban sila ng kapangyarihang espiritwal nang magawa nilang pumailanlang sa kahabaan nitong walang-hanggang kalawakan at lumipad sa mga kaitaasan ng Kahariang Abhá.**
>
> **"O Panginoon! Palakasin itong mahinang mga punla upang ang bawat isa ay maging mabungang puno, luntian at mayabong. Gawing matagumpay ang mga kaluluwang ito mula sa bisa ng Iyong makalangit na mga hukbo, upang magawa nilang wasakin ang mga hukbo ng kamalian at kamangmangan at iladlad ang bandila ng mabuting samahan at pamamatnubay sa mga tao; na tulad ng nagbibigay-buhay na mga hininga ng tagsibol ay magawa nilang panariwain at buhayin ang punongkahoy ng mga kaluluwa ng tao at tulad ng mga ambon ng tagsibol ay gawing luntian at mataba ang mga parang ng dakong iyon.**
>
> **"Ikaw ang Malakas at ang Makapangyarihan; Ikaw ang Nagkaaloob at ang Lubusang Nagmamahal."[2]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa sipi sa itaas:

   a. Inihahalintulad ni 'Abdu'l-Bahá yaong mga nasa maagang yugto ng pagiging kabataan sa mga sisiw na nangangailangan ng isang paris ng ____________________ ___________ at hinihiling sa Diyos na pagkalooban sila ng ____________________ _________________ nang magawa nilang ________________________ sa kahabaan nitong walang-hanggang kalawakan at ___________________________________ ng Kahariang Abhá.

   b. Inihahalintulad Niya yaong mga nasa maagang yugto ng pagiging kabataan sa mahinang mga ____________________ at sumasamo sa Diyos na palakasin sila upang ang bawat isa ay maging ______________________________ , ______________ at ___________________ .

c. Hinihiling Niya sa Diyos na gawin silang matagumpay upang magawa nilang wasakin ang mga __________ ng _____________ at ____________________ at iladlad ang _________________ ng _________________ at ________________ .

d. Ipinagdarasal Niyang tulad ng nagbibigay-buhay na ______________________ ng _________ , ay magawa nilang panariwain at _________________ ang punong kahoy ng mga _____________________ at tulad ng mga ____________________ ay gawing ___________ at _______________ ang mga parang ng dakong iyon.

2. Sa dalangin ay hinihiling ni 'Abdu'l-Bahá sa Diyos na pagkalooban ng kapangyarihang espiritwal ang mga kabataan. Alin sa sumusunod ang nauugnay ninyo sa kapangyarihang espiritwal?

| | | | |
|---|---|---|---|
| ______ | matayog na layunin | ______ | mapagbigay-biyaya |
| ______ | pag-aasa sa Diyos | ______ | gayuma |
| ______ | kalinisang-puri | ______ | pagtatalagang tapusin ang gawain |
| ______ | pagkatuso | ______ | marangal na kaisipan |
| ______ | nakikipagpagalingan | ______ | bukas-palad |
| ______ | pakikiisa | ______ | hangaring dominahin ang iba |
| ______ | matwid na pag-uugali | ______ | katatagan at pagtitika |
| ______ | makalupang ambisyon | ______ | pagpapakumbaba |
| ______ | pagnanasang makilala sa lipunan | ______ | ipagmalaki ang sariling tagumpay |
| ______ | pag-ibig sa Diyos | ______ | kapalaluan |
| ______ | pag-ibig sa karangyaan | ______ | dalisay na layunin |

3. Sa dalangin, hinihiling ni 'Abdu'l-Bahá sa Diyos na magawa nilang wasakin ang mga hukbo ng kamalian at kamangmangan. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ang makatutulong sa mga kabataan sa kanilang pagpupunyagi laban sa gayong mga hukbo:

_____ kakayahang makilala ang tama at mali

_____ kakayahang manipulahin ang mga iba

_____ kakayahang ipahayag nang malinaw ang malalim na mga kaisipan

_____ kakayahang makilala at mapagtagumpayan ang pagkiling

_____ kakayahang gamitin sa wastong paraan ang materyal na yaman

_____ kakayahang pigilan ang mga iba upang makamtan ang pansariling layunin

_____ kakayahang pigilan ang sariling kapusukan

_____ kakayahang makatulong sa pagkakaisa ng kaisipan

_____ kakayahang walang-kinikilingan sa pagpapasiya

_____ kakayahang itaguyod ang katarungan

4. Sa dalangin, hinihiling ni ‘Abdu’l-Bahá sa Diyos na tulutang magawa ng mga kabataan ang iladlad ang bandila ng mabuting samahan at pamamatnubay. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ang makatutulong sa mga kabataan sa ganoong mga pagsisikap:

_____ kakayahang makapagbuo ng mga bigkis ng pagkakaibigan

_____ kakayahang makinig nang maingat sa mga iba

_____ kakayahang harapin ang mga suliranin nang mahinahon at mapayapa

_____ kakayahang tukuyin ang mga pagkukulang at pagkakamali ng iba

_____ kakayahang palampasin ang mga pagkukulang at pagkakamali ng iba

_____ kakayahang paglingkuran ang lipunan nang walang-bahid ng pagkamakasarili

_____ kakayahang ipagdiwang ang tagumpay ng mga iba

_____ kakayahang magbigay ng pag-asa sa mga iba

_____ kakayahang makipagtulungan sa mga iba

_____ kakayahang itaguyod ang pansariling kapakanan nang hindi isinasaalang-alang ang mabuting kalagayan ng mga iba

_____ kakayahang itaguyod ang mabuting kalagayan ng sariling pamayanan

## BAHAGI 5

Ang pinag-aralan nating mga sipi sa nakaraang dalawang bahagi ay nagbibigay sa atin ng malalim na pag-unawa sa ilang katangiang dapat makamtan ng mga kabataan. Malinaw na sa pagsapit ng mga kabataan sa edad ng labinlima, malaki na ang inaasahan mula sa kanila. Sa katunayan, alam nating tinutukoy ng mga kasulatan ang edad ng labinlima bilang simula ng kaganapang-isip. Sa edad na ito, ang mga batas ng Bahá’í kaugnay ng pagdarasal at pag-aayuno ay ipinatutupad na sa indibidwal. Tungkol sa pagtawid sa kaganapang-isip, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Ang pasusuhing bata ay dumaraan sa magkakaibang yugtong pisikal, tumutubo at umuunlad sa bawat yugto, hanggang ang katawan nito ay umabot sa edad ng hustong gulang. Sa pagsapit sa yugtong iyon, siya ay nakatamo na ng kakayahang ihayag ang mga kaganapang espiritwal at pangkaisipan. Ang mga liwanag ng pag-unawa, talino, at kaalaman ay nababatid na sa kaniya at ang mga kapangyarihan ng kaniyang kaluluwa ay namumukadkad na.”**[3]

At sa pagsapit ng indibidwal sa edad ng kaganapang-isip, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá sa atin,

> **“nauunawaan niya ang realidad ng mga bagay-bagay at ang mga katotohanang panloob. Sa katunayan, sa kaniyang pag-unawa, sa kaniyang mga damdamin, sa kaniyang mga hinuha at mga katuklasan, ang bawat araw ng kaniyang buhay pagkatapos sumapit sa kaganapang-isip ay katumbas ng isang taon bago sumapit dito.”**[4]

1. Maraming kaisipan tungkol sa mga kabataan ang maaaring suriin kaugnay ng mga pahayag ni ‘Abdu’l-Bahá sa itaas. Alin sa mga sumusunod, sa inyong palagay, ay patungkol sa isang tao na labinlimang taong gulang? Siya ay

_____ may kakayahang espiritwal upang nilay-nilayin ang kahulugan ng buhay at kamatayan.

_____ may kakayahan lamang pag-isipan ang malalim na mga tema kapag ang mga ito ay nadadamtan ng kasiyahan.

_____ may kakayahang intelektuwal upang tukuyin at suriin ang mga puwersang may impluwensiya sa kanilang buhay.

_____ may kakayahang ipatupad ang mga gawain nang matiyaga.

_____ may kakayahang espiritwal upang mapagtagumpayan ang mahirap na mga hamon.

_____ may kakayahang magdaos ng mga klase para sa edukasyong espiritwal ng mga bata.

_____ may kakayahang ipaliwanag ang mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya nang matatas at may pananalig.

_____ hindi na kailangan ang suporta at pagmamahal ng mga magulang.

_____ kaya nang isabalikat ang pananagutan sa pagtupad sa mga batas ng Bahá’í.

_____ may kakayahang espiritwal upang unawain ang mga prosesong panlipunan.

_____ magagawang magbigay ng makabuluhang paglilingkod sa lipunan.

2. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang dalangin sa ibaba.

**“O Panginoon! Pagningningin ang kabataang ito, at ipagkaloob ang Iyong biyaya sa kahabag-habag na nilikhang ito. Ipagkaloob sa kaniya ang kaalaman, bigyan siya ng karagdagang lakas sa simula ng bawat araw at tanuran siya sa lilim ng Iyong pangangalaga upang maligtas siya sa kamalian, upang maitalaga niya ang kaniyang sarili sa paglilingkod sa Iyong Kapakanan, upang mapatnubayan ang mga naliligaw ang landas, upang maakay ang mga sawimpalad, upang mapalaya ang mga bihag, at upang gisingin ang mga pabaya, nang sa gayon ang lahat ay pagpalain sa paggunita at pagpuri sa Iyo. Ikaw ang Malakas at Makapangyarihan.”**[5]

# BAHAGI 6

Ang ilang kapangyarihang pisikal, intelektuwal, at espiritwal ay nagiging malinaw sa pagtawid ng mga kabataan sa bungad ng kaganapang-isip sa edad ng labinlima. Yamang kailangan na nilang iwan ang mga saloobin, mga kaisipan, at mga ugali ng bata, kailangan na nilang linangin ang bagong mga kakayahan. Ang pagtuon ng mga kapangyarihang ito sa paglilingkod sa Kapakanan ng Diyos at ng sangkatauhan ay dapat magsimula sa kalakasan ng pagiging kabataan. Sinasabi ni Bahá’u’lláh na:

**“Pinagpala siya, na habang nasa kasagsagan ng kaniyang kabataan at kasiglahan ng kaniyang buhay ay magbabangon upang paglingkuran ang Kapakanan ng Panginoon ng simula at ng wakas, at papalamutihan ang kaniyang puso ng pag-ibig sa Kaniya. Ang paghahayag ng gayong biyaya ay higit na dakila pa kaysa sa paglikha ng kalangitan at kalupaan. Pinagpala ang mga matapat at mapala silang mga matatag.”**[6]

Ang paglilingkod sa Kapakanan ng bawat salinlahi ng mga kabataan ay kailangang-kailangan para sa pagsulong nito. Sa pagbibigay-diin sa kahalagayan ng tulong na ibinibigay nila, sinasabi sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi na, “iniatang niya sa kanilang mga balikat ang lahat ng tungkulin para sa pagpapanatiling malakas sa diwa ng walang pag-iimbot na paglilingkod” sa lahat ng mga nagsusumikap na isulong ang mga layunin ng Kapakanan ng Diyos. “Kapag wala ang diwang iyon,” nagpatuloy ang liham, “walang gawain ang makakamtan nang matagumpay.”

Kaugnay naman ng mga katangiang iyon na ginagawang maging lalong naaangkop ang mga kabataan para sa larangan ng paglilingkod, isinulat ng Universal House of Justice sa isang mensahe sa lahat ng mga National Spiritual Assembly na:

**“Ang kakayahan ng kabataan upang mapagtiisan ang mahirap na mga kalagayan, ang kanilang sigla at lakas, at ang kanilang kakayahan na ibagay ang kanilang mga sarili sa mga kalagayang lokal, na harapin ang bagong mga hamon, at na ibahagi ang kanilang alab at kasigasigan sa mga dinadalaw nila, kapag isinasama sa pamantayan ng asal na itinataguyod ng mga kabataang Bahá’í, ay ginagawa silang maging mabisang mga instrumento para sa pagpapatupad ng mga proyektong iniisip. Sa katunayan, sa pamamagitan nitong namumukod na mga katangian, sila ay maaaring manguna sa anumang gawain at maging puwersang nagbubunsod sa alinmang pagsisikap na sinasalihan nila, maging lokal man o pambansa.”**[7]

At, sa liham para sa mga kabataan sa buong daigdig, karagdagang ipinaliwanag ng House of Justice na:

**“Bagaman ang inyong mga realidad ay hinubog ng isang malawak na pagkakaiba-iba ng mga kalagayan, gayumpaman ang hangaring magbunsod ng nakabubuting pagbabago at ang kakayahan para sa makabuluhang paglilingkod, na kapuwa mga katangian sa yugto ng inyong buhay, ay hindi natatakda sa alinmang lahi o nasyonalidad, ni hindi rin nababatay sa materyal na mga kaparaanan. Itong maningning na yugto ng kabataan kung saan kabahagi kayo ay nararanasan ng lahat . . .”**[8]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa mga sipi sa itaas:

   a. Yaong mga nagsisibangon upang paglingkuran ang Kapakanan ng Diyos habang nasa kasagsagan ng kanilang kabataan at pinapalamutihan ang kanilang mga puso ng pag-ibig sa Kaniya ay _________________ .

b. Nakaatang sa balikat ng mga kabataan ang tungkulin para sa pagpapanatiling malakas sa ____________ ng ____________________________________ sa lahat ng mga nagsusumikap na isulong ang Kapakanan ng Diyos.

c. Kapag hindi umiiral ang diwa ng walang pag-iimbot na paglilingkod, na iniatang sa balikat ng mga kabataan ang pagpapanatiling malakas niyon, walang gawain ang _______________________________ .

d. Ang kakayahan ng kabataang _____________ ang mahirap na mga kalagayan at ang kanilang _____________ at _____________ ay ginagawa silang maging mabisang mga instrumento para sa pagpapatupad ng mga plano at proyekto.

e. Bilang mabisang mga instrumento para sa pagpapatupad ng mga plano at mga proyekto, maaaring gamitin ng mga kabataan ang kanilang kakayahang _______________ ang kanilang mga sarili sa mga kalagayang lokal, na ___________ ang bagong mga hamon, at _________________ ang kanilang alab at kasigasigan sa mga dinadalaw nila.

f. Sa pamamagitan ng kanilang namumukod na mga katangian, ang mga kabataan ay maaaring __________________ sa anumang gawain at maging _______________ _______________ sa alinmang pagsisikap na sinasalihan nila.

g. Maging anupaman ang mga kalagayang humubog sa mga realidad ng mga kabataan sa buong daigdig, ang hangaring ___________ ng _________________________ at ang kakayahan para sa ____________________________ ay mga katangian ng lahat ng mga nasa yugto ng buhay na ito.

## BAHAGI 7

Ang isang bilang ng mga konsepto ay karaniwang iniuugnay sa mga paglilingkod na ginagawa ng mga kabataan, kabilang doon ang pagkilos nang biglaan at hindi ipinaplano, masigla, at malayang dumako sa anumang mga pagkakataong sumilo sa kanilang isipan. Samantalang may isang antas ng katumpakan ang pag-uugnay ng ganitong mga konsepto sa paglilingkod, kailangan nating mag-ingat na hindi ito binibigyan ng labis na pansin. Masyadong madaling mahulog sa kaugalian ng pagpapababa sa mga gawain ng mga kabataan na maging isang serye lamang ng masiglang mga pangyayari at pinababayaan ang kahalagahan ng pag-unawa sa proseso at sa pangangailangang matutunan ang disiplina ng masistemang pagkilos. Isipin ang masistemang mga proseso na isinasagawa upang ilapat ang mga mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya sa pagpapalakas ng mga saligang espiritwal ng mga nayon at mga kapitbahayan—halimbawa, ang edukasyong espiritwal ng mga bata, ang pagpapatatag ng pamumuhay ng pamayanan, at ang pagpapayabong ng mga yamang tao. Ngayong, kasama ng inyong mga kaibigang nag-aaral ng kursong ito, gunitain ang ilang gawain ng paglilingkod na maaaring isagawa ng mga kabataan na maaaring makatulong sa mga prosesong ito. Hindi

ba nagdudulot ng kaligayahan ang mga gawaing ito? Hindi ba ito nagbibigay-daan sa naaangkop na antas ng pagiging biglaan? Hindi ba nito hinihimok ang pagiging mapanlikha sa pamamagitan ng paggamit ng pagkukusa sa isang disiplinadong paraan?

## BAHAGI 8

Madalas nating marinig na ang panahon ng kabataan ay panahon ng paghahanda. Ang pahayag na ito ay talagang totoo. Sa pagtukoy sa napakalaking mga pagbabago na kinakailangan sa kasalukuyang daigdig, isinulat ng Universal House of Justice na "ang pagbabagong magaganap sa pagkilos ng lipunan ay tiyak na mababatay nang malaki sa bisa ng mga paghahanda ng mga kabataan para sa daigdig na mamanahin nila." Ang kailangan nating itanong, kung gayon, ay kung paano pinakamahusay na maihahanda ng mga kabataan ang kanilang mga sarili para sa mga tungkuling isasabalikat nila sa pagpasok nila sa hustong gulang. Ipinaliliwanag ng isang mensaheng isinulat ng House of Justice na:

> **"Para sa sinumang tao, maging Bahá'í man o hindi, ang mga taon ng kaniyang kabataan ay kung kailan gagawa siya ng maraming pasiya na magtatakda sa takbo ng kaniyang buhay. Sa mga taong ito ay malamang na pipiliin niya ang kaniyang gawain sa buhay, tatapusin ang kaniyang edukasyon, magsisimulang maghanapbuhay, mag-aasawa at magsisimula ng sarili niyang pamilya. Pinakamahalaga sa lahat, sa panahong ito ang kaisipan ay labis na nagsasaliksik at dito pinagtitibay ang mga pamantayang espiritwal na gagabay sa mga kilos niya sa hinaharap."[9]**

Kaugnay nito, tinutukoy ng isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian ang pangangailang paunlarin ng mga kabataan ang kanilang mga kakayahang kapuwa intelektuwal at espiritwal bilang bahagi ng kanilang paghahanda para sa kinabukasan. "Kailangang mahusay kayong nakahanda," sinasabi ng liham. "Kailangang ang inyong intelektuwal at gayundin ang inyong espiritwal na bahagi ay mahusay na pinaunlad."

Hindi madalang, kung gayon, ang katanungan ng paghahanda ay nagbubunga ng mga iba pa tungkol sa ugnayan sa pagitan ng pag-aaral—maging pang-akademika, vocational, o propesyunan—at ang paglilingkod sa Pananampalataya. Nang tiyakan, kung minsan ay hindi malinaw kung gaano karaming oras ang dapat ilaan ng mga kabataan sa bawat isa. Sa isang dulo ng pagmamalabis ay ang payuhan ang mga kabataan na italaga nang lubusan ang kanilang mga sarili sa kanilang edukasyon at maghintay hanggang sa nakapagtamo na sila sa karagdagang karanasan sa buhay bago pa sila maging seryoso sa pakikilahok sa isa o iba pang larangan ng paglilingkod. Totoo ngang, "sa lahat ng kalagayan, ang pagkamit ng edukasyon sang-ayon sa hanay ng mga pagkakataong nakabukas sa isang tao at ang pagkakaroon ng kasanayang teknikal o ng propesyon na magiging hanapbuhay ng isang tao ay dapat bigyan ng kaukulang kahalagahan." Subalit, nililinaw ng Universal House of Justice, na kung "itatakda ang mabungang mga taon ng pagiging kabataan na tanging para lamang" sa yugto ng paghahanda upang maging isang manggagawa o propesyonal ay

> **"kinaliligtaan ang mapanlikhang mga sigla na magagamit ng mga kabataan sa gayong kasaganaan. Higit sa lahat, ang napakarami sa naunang bayani ng Pananampalataya ay mga kabataang lalaki at babae at nagsibangon upang ipatupad ang pinakadakilang mga gawain sa landas ng kanilang Minamahal."[10]**

Ang kabilang dulo naman ng pagmamalabis ay ang himukin ang mga kabataan na lubusan nang hayaan ang pang-akademikang edukasyon o vocational na pagsasanay at igugol ang kanilang mga sigla, lalo na sa panahong ito na napakaraming pagkakataon, sa larangan lamang ng paglilingkod. Na ang paglilingkod ay nararapat lamang na nasa sentro ng buhay ng bawat kabataan ay malinaw mula sa maraming sipi, tulad ng mga pinag-aralan na natin sa naunang mga bahagi. Na ang isang panahon ng masikhay na paglilingkod, kailangan man nito ng isang yugto ng paghinto sa pag-aaral o hindi, ay maaaring maging "isang mahalagang bahagi ng kanilang paghahanda" ay malinaw rin. Kaalinsabay niyon, sinasabi ng Universal House of Justice na:

> **"Samantalang tama lamang na malaki ang inaasahan mula sa yaong mga malaki ang maibibigay sa landas ng paglilingkod, kailangang mag-ingat ang mga kaibigan laban sa pag-angkin ng isang makitid na pananaw kaugnay ng kung ano ba ang pagsulong tungo sa kaganapang-isip. Ang kalayaang kumilos at ang pagkakaroon ng oras ay nagtutulot sa maraming kabataan na makapaglingkod sa mga paraang tuwirang nauugnay sa mga pangangailangan ng kanilang pamayanan, subalit habang sila ay pumapasok sa ikalawang dekada ng buhay, lumalawak ang nasasaklaw ng kanilang paningin. . . . Para sa marami, ang isang agarang pangangailangan ay ang karagdagang edukasyon, na pang-akademika man o vocational, sang-ayon sa mga pagkakataong hinaharap nila, at ang bagong mga puwang para sa pakikisalamuha sa lipunan ay nagbubukas sa kanila. . . . Ang mahalagang mga pasiya na gagawin nila kaugnay ng patutunguhan ng kanilang buhay sa wastong gulang ang magtatakda kung ang paglilingkod sa Kapakanan ng Diyos ay magiging isang maikli at di-malilimot na kabanata ng kanilang mga bata pang taon, o magiging pirmihang sentro ng kanilang makalupang buhay, isang lente na sa pamamagitan nito ay nakikita ang lahat ng kanilang mga kilos."[11]**

Bago natin pag-isipan pa ang ugnayan sa pagitan ng edukasyon at ng paglilingkod, maaaring nanaisin ninyong huminto rito sandali at sumulat ng maikling pahayag na

naglalarawan sa inyong pag-unawa sa kahulugan na ang panahon ng kabataan ay panahon ng paghahanda.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

## BAHAGI 9

Walang-alinlangan na ang isinulat ninyong pahayag sa nakaraang bahagi ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng sapat na paghahanda ng mga kabataan sa kanilang mga sarili para sa daigdig na kanilang mamanahin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang edukasyong pang-akademika o ng pagsasanay sa isang bokasyon o propesyon. Subalit tiyak na isinulat din ninyo na hindi maaaring "ipagpaliban muna" ang paglilingkod sa Kapakanan habang nag-aaral. Ang ganoong saloobin ay madalas na nagpapatuloy sa hinaharap habang tumatanda tayo, at maaari tayong humantong sa pagpapaliban sa loob ng buong buhay natin habang hinihintay natin ang tamang mga kalagayan upang magsimulang maglingkod nang puspusan. Ang ganitong pananaw sa ugnayan sa pagitan ng pag-aaral at paglilingkod ay maaaring lumitaw kapag ang edukasyon ay binibigyan ng kahulugan ng pagkatuto mula sa aklat lamang. Subalit kapag nakikita natin ang paglilingkod bilang isang larangan kung saan ang kaalaman ay inilalapat at ang kaisipan ay pinauunlad, ang ganitong uri ng pag-iisip ay madaling naiiwasan, at ang paglilingkod ay itinuturing bilang hindi lamang bahagi, subalit ay nasa mismong sentro, ng anumang mahusay na proseso ng paghahanda para sa kinabukasan. Sa katunayan, kapag ang paglilingkod sa Kapakanan ay nagsisimula sa kasagsagan ng pagiging kabataan, ito ay nagiging isang simulaing namamatnubay sa kahabaan ng buhay, na nagbibigay-daan upang maitakda natin ang wastong landas ng buhay at panatilihing malinaw ang ating patutunguhan.

Ang ganitong kamalayan ay natural na nagbubunga ng mga katanungan tungkol sa uri ng paghahanda na kinakailangan ng kabataan upang mapalakas ang kanilang kakayahang makapaglingkod. Madali lang isipin, na sa pamamagitan ng pagdalo sa iba't ibang pagtitipon

ng pamayanang Bahá'í, kabilang na yaong mga nakasisiya sa kanilang natural na hangaring gumugol ng ilang panahon kasama ang kanilang mga kaedad, na malilinang ng mga kabataan ang kanilang mga kakayahan at maihahanda nang sapat ang kanilang mga sarili para sa isang buhay ng paglilingkod. Subalit iminumungkahi ng mga kasulatan na bagama't kinakailangan ang ganoong di-pormal na proseso ng edukasyon, ito ay hindi pa sapat.

Kapag maingat nating susuriin ang kaniyang mga komunikasyon, makikita nating ipinahahayag ni Shoghi Effendi ang kaniyang pag-asa na ang mga kabataan ay magtatamo ng "mahusay na edukasyon at pagsasanay" sa mga katuruan at magkakaroon ng "lubos" at "mahusay" na kaalaman sa Pananampalataya. Karagdagan doon, hinihimok niya silang matuto sa pamamagitan ng "masigla, buong-puso at patuloy na pakikilahok" sa mga gawain ng kanilang mga pamayanan. Kaugnay nito, ipinaliliwanag niya ang pamumuhay ng pamayanan ay nagkakaloob ng "isang laboratoryong kailangang-kailangan," kung saan ay magagawa ng mga kabataang "isalin sa nabubuhay at nakatutulong na pagkilos ang mga simulaing" nahihimalay nila mula sa pag-aaral ng Pananampalataya. Nasa sa "pagiging isang tunay na bahagi ng nabubuhay na organismong iyon," sinasabi niya, na magagawa nilang "makuha ang tunay na diwang nananalaytay sa mga Katuruang Bahá'í". Kung gayon, ang isang proseso ng pormal na edukasyon ay kinakailangan upang matulungan ang mga kabataan na ihanda ang kanilang mga sarili para sa paglilingkod, isang prosesong nakapaloob sa realidad ng pamumuhay ng pamayanan. Ang gawain para lamang may gawain, ang pag-aaral para lamang may pag-aaral, ay hindi nakatutugon sa pangangailangan.

Maraming mensahe ng Universal House of Justice ay nagbibigay ng kahalintulad na mga salita. Nililinaw ng isang mensahe na ang pag-unawa ay matindi ang paglaki "kapag ang pag-aaral at ang paglilingkod ay pinagsasama at pinagsasabay". "Doon, sa larangan ng paglilingkod," nagpapatuloy ang mensahe, "ang kaalaman ay nasusubok, ang mga katanungan ay lumilitaw mula sa pagsasagawa, ang bagong mga antas ng pag-unawa ay natatamo." Sa mga bansa sa buong daigdig ang mga training institute ay itinatag para sa lantarang layunin ng paglilinang ng mga yamang tao para sa Kapakanan sa pamamagitan ng isang pormal na kurso ng pag-aaral. Ang lumalaking bilang ng mga tao sa lahat ng dako ay abala sa isang masistemang proseso ng edukasyon upang palakihin ang kanilang kakayahang maglingkod, at ang mga kabataan ay patuloy na nananatiling nangunguna sa prosesong ito. Kaugnay ng training institute, ipinaliwanag ng isang liham na isinulat sa ngalan ng House of Justice na:

> **"Sinisikap nitong isali ang indibidwal sa isang proseso ng edukasyon kung saan ang mabuting kilos at disiplina sa sarili ay pinauunlad kaugnay ng paglilingkod, pinayayaman ang isang magkakaugnay at maligayang paraan ng pamumuhay kung saan ay pinagsasama-sama ang pag-aaral, pagsasamba, pagtuturo, pagtatatag ng pamayanan, at sa karaniwan, ay ang pakikilahok sa iba pang mga prosesong sinisikap baguhin ang lipunan. Sa kaibuturan ng proseso ng edukasyon ay ang pagkakaugnay sa Salita ng Diyos, na ang kapangyarihan nito ay ang nagpapanatili sa mga pagsisikap ng bawat indibidwal na dalisayin ang kaniyang puso at lumakad sa landas ng paglilingkod sa pamamagitan ng 'mga paa ng pagkawalay.'"**[12]

Sa isa pang liham na isinulat sa ngalan ng House of Justice ay nakasaad:

> **". . . ang mga kurso ng institute ay naglalayong ilagay ang indibidwal sa isang landas kung saan ang mga katangian at mga saloobin, mga kasanayan at mga kahusayan, ay unti-unting natatamo sa pamamagitan ng paglilingkod—**

**paglilingkod na naglalayong supilin ang mapilit na sarili, tinutulungang iangat ang indibidwal mula sa mga kulungan nito at inilalagay siya sa isang masiglang proseso ng pagtatatag ng pamayanan."[13]**

At, tinutukoy ang pangkat-pangkat ng mga kabataan sa buong daigdig, isinulat ng House of Justice na:

**"Maging anupaman ang mga detalye, silang lahat, ang bawat isa at ang lahat, ay nakikibahagi sa paghahangad na italaga ang kanilang panahon at lakas, mga talento at mga kakayahan, tungo sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Marami, kapag binigyan ng pagkakataon, ay maligayang magbibigay ng ilang taon ng kanilang mga buhay sa pagbibigay ng espiritwal na edukasyon sa umuusbong na mga salinlahi. Sa mga kabataan ng daigdig, kung gayon, ay matatagpuan ang isang bukal ng kakayahan upang baguhin ang lipunan na naghihintay lamang na tawagin. At ang pagpukaw sa kakayahang ito ay dapat ituring ng bawat institute bilang isang banal na tungkulin."[14]**

## BAHAGI 10

Tulad ng nakita natin sa dalawang nakaraang bahagi, kinakailangan nating mag-ingat kapag iniisip ang anumang sitwasyon na hindi ito paghahati-hatiin sa gayong paraan na pinaghihiwa-hiwalay natin ang mga bahagi ng ating buhay, na maaaring magbunga ng di-kinakailangang mga salungatan. Kadalasan, ang isip ng tao ay may kagawiang paghati-hatiin ang daigdig sa palibot nito. Ang realidad—pisikal, panlipunan at espiritwal—ay labis na malawak upang maunawaan sa kabuuan nito. Hindi salungat sa katwiran, kung gayon, na paghati-hatiin ito upang maunawaan ang mga bahagi nito. Subalit kapag ito ay isinasagawa nang hindi isinasaalang-alang ang kabuuan ng realidad, lumilitaw ang mga suliranin. Ang pag-aaway sa pagitan ng magkakaibang lahi, kulay, nasyonalidad at relihiyon ay mga halimbawa ng ilan sa problemang maaaring lumitaw mula sa pinaghati-hating konsepto sa buhay—sapagkat ang kaisahan ng sangkatauhan ay isang realidad, at ang paghahati nito sang-ayon sa lahi, etniko o bansa ay likha lamang ng kaisipan ng tao at bunga ng mga kalagayan ng kasaysayan.

Kung hindi tayo mag-iingat at gagamitin natin ang ganoong watak-watak na paraan sa ating mga buhay, maaari tayong lumikha ng lahat ng uri ng magkakasalungat na kaisipan na kadalasan ay kathang-isip lamang. Ang hanapbuhay, libangan, pamumuhay ng pamilya, espiritwal na buhay, kalusugan ng katawan, mga gawaing intelektuwal, pag-unlad ng sarili, pangkalahatang pagsulong, at iba pa, ay nagiging mga piraso na kapag pinagsama-sama ay bumubuo ng ating buhay. Kapag tinatanggap natin ang realidad ng gayong mga pagkakahati-hati, sa pakiramdam natin ay hinahatak tayo sa maraming panig, sa pagsisikap na tumugon sa ipinapalagay natin ay mga pangangailangan ng iba't ibang bahagi ng buhay. Natutuliro tayo sa waring magkakasalungat na mga layunin: Dapat ko bang ipagkakasakit ang pamumuhay ng aking pamilya upang maglingkod sa Kapakanan? Hindi ba makasasagabal ang paglilingkod sa Pananampalataya sa mga pagsisikap kong palakihin nang mabuti ang aking mga anak? Ito ay dalawang halimbawa ng napakaraming katanungan na maaaring lumitaw.

Upang malutas itong mga dichotomy o magkakasalungat na kaisipang nilikha natin, kung minsan ay sinisikap nating hatiin nang pantay ang ating oras sa iba't ibang

pangangailangan. Sa ibang mga pagkakataon, sinisikap nating itakda ang uunahing mga tungkulin at ituon ang ating mga lakas doon sa inaakala nating pinakamahalaga sa isang tanging panahon. Mangyari pa, ang maingat na paglalaan ng panahon at lakas sa iba't ibang gawain ay kinakailangan. Subalit magiging mabunga lamang ito kung nababatid natin ang pagkakaugnay-ugnay ng maraming bahagi ng ating mga buhay. Kung mabigo tayong makita ang kabuuan, ang tensiyong nalilikha sa lahat ng bahagi ay maaring magbunga ng pagkabalisa at pagkataranta.

Ipinagparis-paris sa ibaba ang iba't ibang bahagi ng buhay na dapat ay nagpupunuan, subalit kung minsan ay ipinapalagay na magkasalungat ito. Para sa bawat pangungusap na ilalim ng paris, ipasiya kung ito ay ang uri ng kaisipan na nakatutulong sa isang paraan ng pamumuhay na magkakaugnay-ugnay o kung ito ay nagpapahiwatig ng gawi sa pagkakawatak-watak. Markahan ito ng "U" para sa magkakaugnay-ugnay o "W" para sa pagkakawatak-watak.

1. Pamilya at trabaho

_____ Magdurusa ang pamumuhay ng aking pamilya kung ako ay kumayod nang husto sa trabaho.

_____ Madalas kong tinatalakay sa aking pamilya ang aking mga tagumpay sa trabaho at ang mga hamon na hinaharap ko roon.

_____ Maaari naman talagang magpakahusay ang mga babae sa kanilang mga trabaho, subalit ang mga anak ang laging nagdurusa.

_____ Kung nais kong palakihin nang mabuti ang aking mga anak, kailangan kong limutin ang aking propesyon.

_____ Maaari akong magpakahusay sa aking propesyon at asikasuhin nang matapat ang aking mga tungkulin sa pamilya.

2. Edukasyon at paglilingkod sa Kapakanan

_____ Kinakailangan ang tagumpay sa akademika upang pumasok sa larangan ng paglilingkod.

_____ Ang kaalaman na ating natatamo mula sa paaralan ay nakatutulong sa larangan ng paglilingkod at ang karanasang nakukuha natin mula sa larangan ng paglilingkod ay pinalalalim ang ating kaalaman.

_____ Kailangan nating talikdan ang ating pag-aaral kung nais talaga nating italaga ang ating mga sarili sa Kapakanan.

_____ Ang isa sa ating pinakamatinding hangarin ay ang pag-aralan ang mga katuruan ng Pananampalataya at matutunang ilapat ang mga ito sa mga pagsisikap na nagtataguyod sa pagpapabuti ng daigdig.

_____ Ang mga kakayahang pinauunlad natin sa landas ng paglilingkod upang itaguyod ang mabuting kalagayan ng ating mga pamayanan ay makatutulong sa atin sa pagpili ng naaangkop na mga larangan ng pag-aaral.

3. Ang intelektuwal na pag-unlad at ang pag-unlad ng mga katangiang espiritwal

_____ Ang malayang pagsasaliksik sa katotohanan ay nangangailangan ng paglilinang ng kaisipan at gayundin ng pagtatamo ng mga katangiang espiritwal.

_____ Kinakailangan ng intelektuwal na pag-unlad ang katarungan, katapatan, at kalayaan sa pagkiling.

_____ Upang umunlad sa espiritwal, kailangang bumitaw sa pag-iisip.

_____ Ang ating isipan at puso ay hindi hiwalay sa isa't isa; ang mga ito ay kumakatawan sa nagpupunuan at nagtutulungang mga aspekto ng iisang realidad—ang ating kaluluwa.

_____ Ang mga katangiang espiritwal ay pinauunlad sa pamamagitan ng kaalamang may kamalayan at sa pagsasagawa ng mabuting mga gawain.

4. Materyal na buhay at espiritwal na buhay

_____ Kailangang ipagkait natin sa ating mga sarili ang materyal na kaluguran upang umunlad sa espiritwal.

_____ Ang espiritwal na mga bagay ay dapat isaisantabi hanggang sa tumanda tayo; sa panahon ng ating kabataan dapat nating samantalahin ang bawat pagkakataon upang umunlad sa materyal.

_____ Ang materyal na mga pangangailangan ng mga tao ay kailangan munang matugunan bago nila bibigyan ng pansin ang espiritwal na mga bagay.

_____ Ang layunin ng buhay sa materyal na larangang ito ay upang paunlarin ang mga katangian at kapangyarihang espiritwal.

_____ Ang layunin ng buhay sa materyal na larangang ito ay upang isulong ang patuloy na umuunlad na kabihasnan.

_____ Maaari tayong magtamasa ng lahat ng biyayang maidudulot ng daigdig subalit hindi natin dapat hayaang mabihag ang ating mga puso ng pagnanasa sa makalupang mga bagay at sa gayon ay hadlangan tayo mula sa patuloy na paglapit sa Diyos.

## BAHAGI 11

Sa yunit na ito ay hindi natin isinasaalang-alang ang mga katangian ng junior youth kundi ay ang mga katangiang iminumungkahi ng mga kasulatan ay dapat nilang taglayin sa kanilang paglaki. Sinimulan natin ang pagsasaliksik na ito sa pagsuri sa dalawang sipi na nagbigay sa atin ng malalim na pag-unawa sa ilan sa katangiang ito. Pagkatapos ay nakita nating ang edad ng labinlima ay nagtatakda ng isang natatanging panahon sa buhay ng isang indibidwal, sapagkat ito ay ang bungad ng kaganapang-isip, isang panahon kung kailan ang bagong mga kapangyarihan at mga kakayahan ay nagiging malinaw. Alam natin kung gaano kahalaga ang ginagampanan ng mga kabataan sa buhay ng Kapakanan at kung gaano kahalaga na idako nila ang kanilang napakalaking mga kakayahan tungo sa paglilingkod sa sangkatauhan. Kinilala rin natin ang pangangailangan ng buong kamalayang paghahanda ng mga kabataan para sa kanilang kinabukasan at nakita na ang mismong paglilingkod ay kailangang-kailangan sa gayong paghahanda, tulad rin ng kanilang pag-aaral—kapuwa yaong

kinakailangan upang matamo ang kaalaman at mga kasanayan upang makapaghanapbuhay at yaong pahuhusayin ang kanilang mga kakayahang makapagbigay ng paglilingkod sa kanilang mga pamayanan.

Maaaring kapaki-pakinabang sa inyo ang huminto sandali rito ay nilay-nilayin ang inyong pinag-aralan na hanggang dito. Nasa ibaba ang ilang pahayag. Basahin ang bawat isa at ipasiya kung iyon ay totoo. Bagaman maaaring napakalinaw ng sagot sa ilang pagkakataon, inaasahan naming bibigyan ninyo ng sapat na pansin ang kabuuan ng pagsasanay. Nilalayon nitong akayin kayo sa isang serye ng mga ideyang makatutulong sa inyo upang isaayos ang inyong mga kaisipan tungkol sa nilalaman ng aklat hanggang dito.

_____ Para sa isang indibidwal, ang paghantong sa labinlimang gulang ay nangangahulugan ng pagsapit sa edad ng kaganapang-isip, subalit ito ay isang sagisag lamang at wala namang epekto sa kaniyang buhay sa anumang makabuluhang paraan.

_____ Ang karamihan ng kabataan ay isip-bata at hindi kayang isabalikat ang mabigat na mga tungkulin; madali silang magambala at hindi maaasahan.

_____ Sabik akuin ng kabataan ang tungkulin para sa gawain ng Pananampalataya, subalit dahil sa kakulangan ng karanasan at murang isipan, wala silang gaanong nagagawa.

_____ Taglay ng kabataan ang natatagong kakayahan na kinakailangan upang magbangon at paglingkuran ang Kapakanan at ang sangkatauhan nang matimtiman at walang-bahid ng pagkamakasarili.

_____ Kayang ipakita ng kabataan ang matatag na kalooban at pagtatalaga na kinakailangan para sa masistemang pagkilos sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan.

_____ Yaong mga nagbabangon upang maglingkod sa Kapakanan sa kasagsagan ng kanilang kabataan ay lubusang pinagpala.

_____ Dapat ilaan ng kabataan ang karamihan ng kanilang panahon sa kanilang pag-aaral; ang kanilang sobrang oras ay maaari nilang ilaan sa paglilingkod.

_____ Kapag hindi nakapagtatamo ng pinakamataas na antas ng pagsasanay sa akademika, hindi magagawa ng kabataan ang makapaglingkod sa lipunan nang mabisa.

_____ Ang lahat ng larangan ng pagsisikap ng tao ay nakabukas sa kabataan; dapat nilang piliin yaong naaangkop sa kanilang mga talento at mga kalagayan, pasukin ang mga iyon sa diwa ng paglilingkod, at sikapin ang maging mahusay roon.

_____ Walang sapat na karanasan at kaalaman ang kabataan upang pumasok sa makabuluhang usapan tungkol sa Pananampalataya sa mga nakakaharap nila; mas mabuti kung maglilingkod sila sa ibang mga paraan.

_____ Walang sapat na karanasan at kaalaman ang kabataan upang pumasok sa makabuluhang usapan tungkol sa Pananampalataya sa mga nakakaharap nila at sa halip ay dapat silang himuking magpakita lamang ng kapuri-puring pag-uugali.

_____ Malaki ang natatagong kakayahan ng kabataan upang maunawaan ang mga katuruan ng Pananampalataya at upang ibahagi iyon sa kanilang mga kaedad.

_____ Malaki ang natatagong kakayahan ng kabataan upang maunawaan ang mga katuruan ng Pananampalataya at upang ibahagi iyon sa mga tao mula sa lahat ng uri ng buhay, kapuwa bata at matanda.

_____ Sabik makamtan ng kabataan ang kaalaman at mga kahusayang kinakailangan upang maibahagi ang mga katuruan ng Pananampalataya sa mga iba.

_____ Kabilang ang mga kabataan sa pinakamalaking kayamanan ng Kapakanan ng Diyos at dapat silang tulungan, sa pamamagitan ng isang tumpak na kurso ng pag-aaral at patuloy na paghimok, upang matamo nila ang kakayahang maglingkod sa kanilang mga pamayanan at sa sangkatauhan.

_____ Ang kabataan ay nangangailangan ng tanging mga gawain na masaya; mahirap para sa kanila ang maging seryoso sa loob ng mahabang panahon.

_____ Ang pagsisikap matuto kung paano maging masistema ay dapat sa dakong huli na ng buhay, kapag naubos na ang pagkilos nang biglaan at hindi ipinaplano.

_____ Ang kakayahan ng kabataan upang mapagtiisan ang mahirap na mga kalagayan at ibagay ang kanilang mga sarili sa bagong mga sitwasyon ay nagbubukas sa kanila ng maraming larangan ng paglilingkod.

_____ Mausisa ang isipan ng mga kabataan at nahahanap nila ang kasagutan sa kanilang mga katanungan sa pamamagitan ng pag-aaral at lubos na pakikilahok sa pamumuhay ng pamayanan.

_____ Ang matinding natatagong mga kakayahan na natutulog pa sa loob ng ating mga pamayanan ay maaaring mamukadkad sa pamamagitan ng diwa ng paglilingkod na walang-bahid ng pagkamakasarili na ipinakikita ng mga kabataan.

_____ Pinalalakas ng kapangyarihan ng Salita ng Diyos ang mga kabataan sa pagtahak sa landas ng paglilingkod taglay ang kadalisayan at pagkawalay.

_____ Ang mga saloobin at mga katangiang espiritwal, ang mga kasanayan at mga kahusayan, na pinauunlad ng mga kabataan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kurso ng institute at sa pagsasagawa ng kaukulang mga gawain ng paglilingkod ay ginagawang maging posible para sa kanila na makatulong nang malaki sa masiglang proseso ng pagtatatag ng pamayanan.

_____ Ang imbakan ng kakayahan upang baguhin ang lipunan na matatagpuan sa mga kabataan ng daigdig ay mailalabas sa pamamagitan ng kanilang pakikilahok sa isang masistemang proseso ng edukasyon kung saan pinagsasama ang pag-aaral at paglilingkod.

## BAHAGI 12

Inaasahang ang pagsasanay sa nakaraang bahagi ay nakatulong sa inyo upang isaayos ang inyong pag-iisip tungkol sa panahon ng kabataan at ang larawang-isip na taglay ninyo ngayon ukol sa yugtong ito ng buhay ay yaong masiglang paglilingkod at kasama ang pag-

aaral—na ang pareho niyon ay masusing paghahanda para sa kinabukasan. Pag-isipan pa natin ang temang ito.

Itong pagtutugunan sa pagitan ng paglilingkod, edukasyon, at paghahanda ay kailangang mamukadkad sa loob ng isang tanging konteksto. Nang tiyakan, dapat itong tumulong sa dalawang proseso ng pagbabago na nakikini-kinita sa mga kasulatan ng Pananampalataya: ang malaking pag-unlad sa intelektuwal at espiritwal ng indibidwal at ang pagbabago ng lipunan. Alam natin na ang "sukdulan at natatanging tungkulin" ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay "walang iba kundi ang paglilikha ng isang bagong lahi ng tao," at ang bawat isa sa atin ay nagsusumikap sa bawat araw na iayon ang kaniyang mga kaisipan at mga kilos doon sa indibidwal na nakikita nating inilalarawan sa Sagradong Teksto. Ang mga kasulatan ay nagbibigay-diin sa gayunding napakatinding pagbabago sa estruktura ng lipunan. "Di-magtatagal, ang kasalukuyang kaayusan ay ilululon," sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin, "at isang bagong kaayusan na kapalit niyon ang ilalatag." "Ang lahat ng mga tao," ipinapahayag Niya, "ay nilikha upang isulong ang patuloy na umuunlad na kabihasnan."

Itong dalawang pagbabago ay magaganap lamang sa pamamagitan ng buong-kamalayang pagsisikap, at napakahalagang matanto ng mga kabataan ang mga ipinahihiwatig nito para sa kanilang mga buhay at makamtan ang malakas na kamalayan ng layunin, kapuwa upang akuin ang tungkulin para sa sarili nilang personal na paglaki, at upang makatulong sa pagbabago ng lipunan. Ang gayong dalawang layuning moral ay natural lamang na maihahayag sa isang buhay ng paglilingkod.

Ang sumusunod na mga sipi ay nagbibigay ng liwanag sa isang aspekto nitong kamalayan ng layuning moral—kaugnay ng ating sariling pag-unlad sa intelektuwal at espiritwal:

> **"Ang layunin ng iisang tunay na Diyos sa paghahayag ng Kaniyang sarili ay upang tawagin ang buong sangkatauhan tungo sa pagkamakatotohanan at katapatan, sa kabanalan at pagkamapagkakatiwalaan, sa pagtanggap at pagsasailalim sa Kalooban ng Diyos, sa pagtitimpi at kabaitan, sa pagkamatwid at karunungan. Ang Kaniyang pakay ay damtan ang bawat tao ng kasuotan ng pagkatao ng santo at ang gayakan siya ng palamuti ng banal at butihing mga gawa."[15]**

> **"Ang batong-saligan ng isang buhay na ginugol sa landas ng Diyos ay ang pagsusumikap tungo sa kahusayang moral at sa pagtatamo ng isang pagkataong pinagkalooban ng mga katangiang kalugud-lugod sa Kaniyang paningin."[16]**

> **"Ipinagkaloob sa tao na magtamo ng kaalaman, na makamtan ang dakilang kaganapang espiritwal, na matuklasan ang natatagong mga katotohanan, at na maihayag hanggang mga katangian ng Diyos."[17]**

> **"Ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay naging, at patuloy na magiging, upang magawa niyang makilala ang kaniyang Manlilikha at upang marating ang Kaniyang Kinaroroonan."[18]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa mga sipi sa itaas:

    a. Ang layunin ng iisang tunay na Diyos sa paghahayag ng Kaniyang sarili ay upang tawagin ang buong sangkatauhan tungo sa ________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

b. Ang pakay ng Diyos ay damtan ang bawat tao ng __________________________ __________________________ , at ang gayakan siya ng __________________ ______________________________________________ .

c. Ang batong-saligan ng isang buhay na ginugol sa landas ng Diyos ay __________ __________________________________ at __________________________ ______________________________________________________________ ______________________________________________ .

d. Tungkulin natin na magtamo ng __________________ , na makamtan ang _____ ______________________________________________ , na matuklasan ang ____________________ , at na maihayag ______________________________ _____________ .

e. Ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay naging, at patuloy na magiging, ______ ____________________________________________ at upang ____________ ______________________ .

2. Ang pagkakaroon ng larawang-isip ng mga posibilidad na taglay ng kaluluwa ng tao ay hinuhubog at nagbibigay ng direksiyon sa kamalayan ng layunin ng isang tao. Maipapaliwanag ba ninyo kung paano? __________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Ang kamalayan ng layunin ng isang indibidwal ay pinalalakas ng kaalaman na itong makalupang buhay ay isang maliit na bahagi lamang ng walang-hanggang paglalakbay tungo sa kinaroroonan ng Diyos. Maipapaliwanag ba ninyo kung bakit? __________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang sumusunod na pangkat ng mga sipi ay nagbibigay ng liwanag sa isa pang aspekto nitong kamalayan ng layuning moral, yaon ay, na makatulong sa pagbabago ng lipunan:

> **"Siya na Pinagkasalahan ay sumasaksi na ang layunin para sa paghakbang ng taong mortal mula sa ganap na kawalan patungo sa umiiral na daigdig ay upang magawa nilang magsumikap para sa ikabubuti ng daigdig at sama-samang mamuhay sa katiwasayan at pagkakasundo."**[19]

> **"At ang karangalan at pagtatangi ng indibidwal ay binubuo nito, na siya mula sa lahat ng mga karamihan sa daigdig ay magiging isang pinagmumulan ng**

**kabutihan ng lipunan. May higit na malaking biyaya pa bang magugunita kaysa rito, na ang indibidwal, sa pagtingin sa loob ng kaniyang sarili, ay matatagpuan na sa pamamagitan ng nagpapatibay na biyaya ng Diyos siya ay naging sanhi ng kapayapaan at mabuting kalagayan, ng kaligayahan at kapakinabangan ng kaniyang mga kapwa-tao? Hindi, saksi ang iisang tunay na Diyos, wala nang lubos pang kaligayahan, wala nang higit pang kaluguran."[20]**

**"Lubhang napakagaling, lubhang kagalang-galang ang tao kung siya ay magbabangon upang isakatuparan ang kaniyang mga tungkulin; lubhang kahabag-habag at kalait-lait, kung ipipikit niya ang kaniyang mga mata sa ikagagaling ng lipunan at sinasayang ang kaniyang mahalagang buhay sa pagsunod sa kaniyang makasariling kapakanan at pansariling mga kapakinabangan."[21]**

**"Huwag maging abala sa sarili ninyong mga alalahanin; tulutang ipako ninyo ang inyong mga kaisipan sa yaong magpapabuti sa mga kapalaran ng sangkatauhan at pagbabanalin ang mga puso at mga kaluluwa ng tao."[22]**

**"Silang mga tao ng Diyos ay walang hangarin liban sa muling pagbubuhay sa daigdig, na gawing marangal ang pamumuhay nito, at muling palakasin ang mga sambayanan nito."[23]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa mga sipi sa itaas:

   a. Ang layunin para sa paghakbang natin mula sa ganap na kawalan patungo sa umiiral na daigdig ay upang magawa nating ______________________________ ____________ at ______________________________________________________ ________________________ .

   b. Ang karangalan at pagtatangi ng indibidwal ay binubuo nito, na ______________ ____________________________________________________________________ ___________________________________________________ .

   c. Wala nang higit na malaking biyaya ang magugunita kaysa ang indibidwal, sa pagtingin sa loob ng kaniyang sarili, ay matatagpuang sa pamamagitan ng ____________________________________________ siya ay naging ____________ ____________________________________________________________________ __________________________ .

   d. Lubhang kagalang-galang ang tao kung siya ay magbabangon upang ____________ __________________________ ; lubhang kahabag-habag at kalait-lait, kung ipipikit niya ang kaniyang mga mata sa __________________________________________ ________________ at __________________________________________________ ____________________________________________________________________ _________________ .

e. Dapat ay hindi tayo maging abala sa ________________________ , sa halip ay dapat nating ipako ang ating mga kaisipan sa yaong ________________________ ______________________________________________________________________ ____________________________ .

f. Silang mga tao ng Diyos ay walang hangarin liban sa __________________ _________________ , na __________________________ , at ________________ ___________________ .

2. Ang pagkakaroon ng larawang-isip ng napakalaking mga pagkakataong nakabukas sa sangkatauhan sa yugtong ito ng pag-unlad, kung kailan ang pagkakaisa nito sa iisang pamilya ay isang tunay na posibilidad, ay humuhubog at idinadako ang kamalayan ng layunin ng isang indibidwal. Maipapaliwanag ba ninyo kung paano? _____________ ________________________________________________________________________ ________________________________________________________________________

3. Ang kamalayan ng layunin ng isang indibidwal ay pinalalakas ng kaalamang ang sangkatauhan ay nasa isang napakahabang landas ng ebolusyon patungo sa isang kabihasnang Dibino. Maipapaliwanag ba ninyo kung bakit? ____________________ ________________________________________________________________________ ________________________________________________________________________ ________________________________________________________________________

## BAHAGI 13

Tulad ng iminumungkahi ng mga pagsasanay sa nakaraang bahagi, ang isang pag-unawa sa katangian ng pagbabago sa indibidwal at sa lipunan na inilalahad sa mga kasulatan ay saligan ng kamalayan ng layunin na dapat ay taglay ng mga kabataan. Upang makamtan ang malahiyas na mga katangian "na natatago sa loob ng minahan ng kanilang tunay at kaloob-loobang mga sarili" at upang makatulong sa paglilikha ng isang pandaigdig na kabihasnang masagana sa materyal at espiritwal, kailangan nilang mapahalagahan ang napakalaking sukat ng pagbabagong hinihingi ni Bahá'u'lláh. Mangyari pa, pinag-uusapan ng mga tao sa lahat ng lugar ang pangangailangan ng pagbabago sa kasalukuyan. Ang dapat nating matanto ay ang pagbabagong natatadhanang maganap sa indibidwal at sa lipunan sa ilalim ng tuwirang impluwensiya ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay higit na malaki pa kaysa anumang inaakalang posible ng mga tao.

Sikapin nating makakuha ng isang sulyap sa napakalaking sukat ng pagbabagong magaganap sa antas ng indibidwal sa pagninilay-nilay sa ilang sipi. Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin:

**"Ang isang lahi ng mga tao, na walang-kahalintulad ang ugali, ay ibabangon, at sa mga paa ng pagkawalay ay yayapakan ang lahat ng nasa langit at ng nasa lupa,**

**at ihahagis ang manggas ng kabanalan sa lahat ng nilikha mula sa tubig at luwad."[24]**

At sa isang sipi ay sinasabi Niya:

**"Sabihin: Hindi kabilang sa mga tao ni Bahá ang siyang sumusunod sa kaniyang mga hangaring makamundo, o ipinapako ang kaniyang puso sa mga bagay-bagay ng lupa. Siya ang Aking tunay na tagasunod, na kapag dumating siya sa isang lambak ng purong ginto, ay dadaanan ito nang nakawalay tulad ng ulap, at hindi babalik ni hindi hihinto nang saglit. Ang gayong tao ay tiyak na mula sa Akin. Mula sa kaniyang damit ay malalanghap ng Kalipunan sa kaitaasan ang halimuyak ng kabanalan."[25]**

At sa isa pang sipi ay sinasabi Niya:

**"Ang mga kasamahan ng Diyos, sa araw na ito, ay ang tumpok na kailangang maging pampaalsa sa mga sambayanan ng daigdig. Kailangan nilang ipakita ang gayong pagkamapagkakatiwalaan, ang gayong pagkamakatotohanan at pagtitiyaga, ang gayong mga gawa at pag-uugali na ang buong sangkatauhan ay makikinabang mula sa kanilang halimabawa."[26]**

At karagdagan Niyang ipinaliliwanag:

**"Sa mismong hininga ng gayong mga kaluluwang dalisay at banal ay itinago ang natutulog pang mga kakayahan na napakalawak ang saklaw. Napakatindi nitong natutulong pang mga kakayahan na may impluwensiya ang mga ito sa lahat ng nilikhang bagay."[27]**

Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá:

**"O kayong mga kaibigan ng Diyos! Gumawa kayo ng isang malaking pagsisikap upang ang lahat ng mga sambayanan at mga kamag-anakan ng daigdig, kahit ang mga kaaway, ay ilalagay ang kanilang pagtitiwala, pananalig, at pag-asa as inyo. Kung gumawa ang isang kaluluwa ng isang daang libong pagkakamali, gayumpaman ay maaari siyang umasa sa kapatawaran at hindi manlumo o magdalamhati. Ganoon ang ugali at asal ng mga tao ni Bahá. Ganoon ang saligan ng landas ng katayugan. Tulutang umayon ang inyong ugali at gawi sa mga payo ni 'Abdu'l-Bahá."[28]**

Ang karingalan ng mga katangiang tatangi sa bagong tao na ito, tulad ng inilalarawan sa mga kasulatan, ay nakasisilaw, at tayo ay nagagapi ng mga sulyap na nakikita natin sa mga kapangyarihan at mga kakayahan nitong "bagong lahi ng mga tao". Sa pagbasa ng gayong mga sipi, maaari tayong magkagantimbisa sa iba't ibang paraan. Maaari nating isipin na ang pamantayang itinatakda ng mga kasulatan ay labis-labis na malayo sa ating maaabot na walang-saysay ang pagsikapang isabuhay ito, at bunga niyon ay masasadlak tayo sa pagiging ordinaryo o pangkaraniwan lamang; sa ganoong kalagayan, hinahayaan nating maniwala tayong sapat na ang umiwas lamang sa masamang kilos. Subalit, kapag ang isang tao ay nagtataglay ng malakas na kamalayan ng layunin, ang mga sipi tulad ng mga nasa itaas ay pinagmumulan ng patuloy na paghimok at inuudyukan tayong magsumikap nang higit pa.

Subalit pinagpala rin tayo na may isa pang pinagmumulan ng inspirasyon sa katauhan ni ‘Abdu’l-Bahá, ang ganap na Huwaran ng mga katuruan ng Kaniyang Ama. Bagaman taglay ang kamalayang si ‘Abdu’l-Bahá ay kumikilos sa sarili Niyang larangan at walang tao kailanman ang maaaring umasa na mararating ang Kaniyang dakilang kalagayan, gayumpaman ay nakikita natin sa Kaniya ang pagsasakatuparan ng bawat pamantayang Bahá’í at sinisikap nating lumapit sa pamantayan ng pagkilos na hinahalimbawa Niya. Maaaring makatulong sa inyo at sa mga kaibigang nag-aaral ng kursong ito na pumili ng mga parirala mula sa mga sipi sa itaas at isipin ang mga pangyayari mula sa buhay ni ‘Abdu’l-Baha na naglalarawan sa mga katangiang binabanggit sa bawat isa. Halimbawa, kapag sinisikap nating gunitain ang paglakad gamit ang “mga paa ng pagkawalay”, naiisip natin ang mga kuwento mula sa Kaniyang buhay na ipinakikilala sa atin kung ano ang ibig sabihin ng pagdaan sa daigdig na ito nang nakawalay mula sa lahat ng nilikhang bagay. Kapag iniisip natin “ang halimuyak ng kabanalan” alam natin na mula sa Kaniyang “damit” ay malalanghap ng “Kalipunan sa kaitaasan” ang kabanguhan nito, at naaalaala natin ang mga kuwentong nagpapakilala sa Kaniyang lubos na kabanalan.

## BAHAGI 14

Ngayon ay pag-isipan natin ang proseso ng napakalalim na pagbabago na kailangang maganap sa antas ng lipunan. Sinasabi ni Bahá’u’lláh:

> **“Saksi ang Aking Sarili! Lumalapit ang araw kung kailan inilulon na Namin ang daigdig at ang lahat ng naroroon, at inilatag ang bagong kaayusan bilang kapalit nito.”**[29]

Idinagdag pa Niya na:

> **“Ang paninimbang ng daigdig ay nagulo sa pamamagitan ng nakayayanig na impluwensiya nitong pinakadakila, nitong bagong Kaayusang Pandaigdig. Ang maayos na pamumuhay ng sangkatauhan ay bigla at marahas na nabago sa pamamagitan nitong walang-kaparis, nitong kahanga-hangang Sistema—na ang katulad nito ay hindi pa kailanman nasaksihan ng mata ng tao.”**[30]

At sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“. . . ang katarungan at pagkamatwid ay papalibot sa daigdig; ang pagkamuhi at poot ay mapapawi; ang anumang sanhi ng hidwaan ng mga sambayanan, mga lahi, at mga bansa ay mawawala at yaong tumitiyak sa pagkakaisa, pagkakasundo, at pag-uunawaan ay itataguyod. Ang pabaya ay magigising mula sa kanilang pagkahimbing; ang bulag ay makakikita; ang bingi ay makaririnig; ang pipi ay makapagsasalita; ang may-karamdaman ay magagamot; ang patay ay mabubuhay; ang digmaan ay magbibigay-daan sa kapayapaan. Ang poot ay babaguhin upang maging pag-ibig; ang mga pinakaugat na sanhi ng pagtatalo at pag-aaway ay iwawaksi; ang sangkatauhan ay tatamasa ng tunay na kasiyahan; ang daigdig na ito ay magmimistulang salamin ng makalangit na Kaharian; ang lupa sa ibaba ay magiging trono ng kaharian sa itaas.”**[31]

Sa isa pang pagkakataon ay ipinaliwanag Niya:

**"Yaong nababagay sa mga pangangailangan ng tao sa panahon ng maagang kasaysayan ng lahi ay hindi makatutugon ni hindi makasasapat sa mga pangangailangan nitong araw at panahon ng pagkabago at pagsasakatuparan. Ang sangkatauhan ay lumabas na mula sa dati nitong mga antas ng pagtatakda at paunang pagsasanay. Ang tao ay kailangan nang magtaglay ngayon ng bagong mga kabutihan at mga kapangyarihan, bagong mga moralidad, bagong mga kakayahan. Ang bagong mga biyaya, mga kaloob at mga kaganapan ay naghihintay at bumababa na sa kaniya."**[32]

At hinihimok Niya tayo:

**". . . kailangan nating magsumikap nang puso't kaluluwa upang itong karimlan ng walang-katiyakang daigdig ay mapawi, upang ang mga liwanag ng Kaharian ay sumikat sa lahat ng mga sugpungang-guhit, ang daigdig ng sangkatauhan ay matanglawan, ang larawan ng Diyos ay maging hayag sa mga salaming-tao, ang batas ng Diyos ay maitatag nang matibay at ang lahat ng mga rehiyon ng daigdig ay magtamasa ng kapayapaan, kaginhawahan, at katiwasayan sa ilalim ng makatarungang pangangalaga ng Diyos."**[33]

Tulad rin sa kaso ng indibidwal, mahirap para sa atin ang gunitain ang buong karingalan ng kabihasnang natatadhanang maitatag. Sa katunayan, halos hindi posibleng ilarawan ang mga katangian nito. Subalit hindi tayo dapat magapi ng napakalaking sukat ng pagbabagong kinakailangan na aakalain nating magaganap ito nang parang magic, nang walang pagsisikap mula sa atin. Ang ating mga mata ay dapat manatiling nakapako sa Kaayusang Pandaigdig ni Bahá'u'lláh, at dapat nating matanto na kahit ang pinakamaliit na gawain ay makatutulong sa pagtatatag nito. Upang nilay-nilayin nang higit pa ang saklaw ng pagbabago na magaganap sa lipunan, punuan ang mga patlang sa bawat pangungusap sa iba, gamit ang isa sa sumusunod na mga salita o parirala:

> mapapawi, mawawala, magbibigay-daan, inilatag, matanglawan, maitatag, babaguhin upang maging, iwawaksi, inilulon, mapawi, tatamasa, papalibot, itataguyod, magtamasa, magmimistulang salamin, sumikat

a. Lumalapit ang araw kung kailan __________________ ang daigdig at ang lahat ng naroroon.

b. Lumalapit ang araw kung kailan ang bagong kaayusan ay __________________ bilang kapalit nito.

c. Ang katarungan at pagkamatwid ay __________________ sa daigdig.

d. Ang pagkamuhi at poot ay __________________ .

e. Ang anumang sanhi ng hidwaan ng mga sambayanan, mga lahi, at mga bansa ay ________________ .

f. Yaong tumitiyak sa pagkakaisa, pagkakasundo, at pag-uunawaan ay ____________________ .

g. Ang digmaan ay __________________ sa kapayapaan.

h. Ang poot ay _______________________________________________ pag-ibig.

i. Ang mga pinakaugat na sanhi ng pagtatalo at pag-aaway ay _________________ .

j. Ang sangkatauhan ay _____________________ ng tunay na kasiyahan.

k. Ang daigdig na ito ay __________________________________ ng makalangit na Kaharian.

l. Upang ang karimlan ng walang-katiyakang daigdig ay __________________ .

m. Upang ang mga liwanag ng Kaharian ay __________________ sa lahat ng mga sugpungang-guhit.

n. Ang daigdig ng sangkatauhan ay ___________________ .

o. Ang batas ng Diyos ay __________________ nang matibay.

p. Ang lahat ng mga rehiyon ng daigdig ay ________________ ng kapayapaan, kaginhawahan, at katiwasayan sa ilalim ng makatarungang pangangalaga ng Diyos.

## BAHAGI 15

Ang mga sipi at mga pagsasanay sa dalawang nakaraang bahagi ay nagbigay sa atin ng malalim na pag-unawa sa napakalawak na pagbabagong magaganap sa indibidwal at sa lipunan bunga ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Upang mapag-isipan nang higit pa ang napakalaking saklaw ng pagbabagong ginunita Niya, basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Ang bawat isa ay nagpapahayag ng kapuri-puring katangian ng indibidwal o ng lipunan, tulad ng katarungan, karampatan, o masuyong kabaitan. Subalit ang mga sipi sa nakaraang mga bahagi ay hindi nag-iiwan ng pag-aalinlangan na tinatawagan ni Bahá'u'lláh ang sangkatauhan sa higit na mataas na pamantayan ng pagkilos ng indibidwal at nang sama-sama. Sikaping baguhin ang bawat pangungusap nang sa gayon ay higit na malapit nitong nailalarawan ang pamantayang itinakda ng Kaniyang Rebelasyon. Ang isang halimbawa para sa unang pangungusap ay ibinigay bilang tulong sa inyo.

a. Kailangang pigilan ang sariling mga damdamin ng inggit at hindi malamon niyon.

b. Kailangan nating burahin mula sa ating mga puso ang kaliit-liitang bahid ng inggit at dapat madama ang matapat na kaligayahan sa mga tagumpay ng iba.

a. Sapat na ang maging magalang sa bawat makaharap natin, maging kaibigan man o di-kilala.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Dapat tayong magpasalamat sa materyal na yaman na ipinagkaloob ng Diyos sa atin at laging magbigay sa kawanggawa kapag may humihingi.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Dapat nating sikaping huwag pumasok sa salungatan sa mga iba.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Ipinahihiwatig ng moral na pamumuhay ay wala tayong pinipinsala.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Upang mamuhay sa kapayapaan, dapat matuto tayong magparaya sa mga tao mula sa iba't ibang kultura, pinanggalingan, at relihiyon.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Dapat matutong ipaglaban ng mga tao ang kanilang mga karapatan.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Dapat ilaan ng mga pamahalaan ang kinakailangang yaman para sa pagbuo ng pinakamahusay na programa para sa mga paaralang nagsasanay sa mga kaisipan ng mga mamumuno sa hinaharap.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

a. Ang mga piitan ay dapat maging moderno upang makapagpabago ng mga kriminal.

b. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ngayon ay nilay-nilayin ang mga pangungusap na isinulat ninyo kaugnay ng mga sipi sa ibaba. Ang una ay nakatutulong sa atin upang pag-isipan ang antas ng kadalisayan mula sa makalupang mga hangarin na dapat maabot ng ating mga puso:

**"O Anak ng Lupa! Alamin, tunay na tunay, na ang pusong inaaligiran pa rin ng kahit na pinakamunting bakas ng pangigimbulo ay hindi kailanman makatatamo ng Aking walang-hanggang kapangyarihan, ni makalalanghap ng matatamis na lasa ng kabanalang inihihinga mula sa Aking kaharian ng kabanalan."**[34]

Tungkol sa paraan ng pagtrato natin sa isa't isa, ang sumusunod na sipi ay naghahain ng ilang malalim na pag-unawa:

**"Nararapat na lubhang masidhi ang espiritu ng pag-ibig at mapagmahal na kagandahang-loob, na makatatagpo ang hindi kakilala ng isang kaibigan para sa kaniyang sarili, ang kaaway ng isang tunay na kapatid, na walang-anumang hidwaan ang namamagitan sa kanila."**[35]

Ang sipi na ito ay nagbibigay-liwanag sa wastong saloobin tungo sa pagbibigay:

**"O Anak ng Alabok! Sabihin sa mayaman ang pagbubuntung-hininga ng mahirap sa hatinggabi, sapagkat baka ang kapabayaan ay umakay sa kanila sa landas ng pagkawasak, at mapagkaitan silang Puno ng Kayamanan. Ang magbigay at maging bukas-palad ay mga katangian Ko; makabubuti sa kaniyang palamutihan ang kaniyang sarili ng Aking mga kapurihan."**[36]

Tungkol sa katangian ng ating mga ugnayan sa mga iba, mababasa natin:

**"Ikaw ay maging isang tagatawag tungo sa pag-ibig, at ikaw ay maging mabait sa buong sangkatauhan. Iyong mahalin ang mga anak ng tao, at makibahagi sa kanilang mga kalungkutan. Ikaw ay maging kabilang nila na itinataguyod ang kapayapaan. Ihandog ang iyong pakikipagkaibigan, maging karapat-dapat sa pagtitiwala. Ikaw ay maging balsamo para sa bawat sugat, ikaw ay maging lunas para sa bawat may-karamdaman. Usalin ang mga bersikulo ng patnubay. Maging abala sa pagsama sa iyong Panginoon, at bumangon upang gabayan ang mga tao sa katumpakan. Kalagan ang iyong dila at magturo, at tulutang ang iyong mukha ay magliwanag sa apoy ng pag-ibig sa Diyos. Ikaw ay huwag magpahinga nang kahit isang saglit, iyong sikaping huwag magkaroon ng maginhawang hininga. Sa gayon ikaw ay maaaring maging isang tanda at sagisag ng pag-ibig sa Diyos, at isang bandila ng Kaniyang biyaya."**[37]

At sa paksa ng moral na kilos, pinapayuhan tayong:

**"Ang mga araw na ipinapalagay na sapat na ang pagsamba nang walang kasamang gawa ay lumipas na. Dumating na ang panahon na ang pinakadalisay na layunin na kinakatigan lamang ng mga gawaing walang-batik ang kadalisayan ang makaaakyat sa trono ng Pinakamataas at maaaring matanggap Niya."**[38]

Kaugnay naman ng pakikitungo sa mga tao mula sa ibang mga pinanggalingan, ang sipi na ito ay nagbibigay sa atin ng malalim na pag-unawa:

**"Makisama sa lahat ng mga sambayanan, mga angkan, at mga relihiyon sa daigdig nang may sukdulang pagkamakatotohanan, pagkamatwid, katapatan, kagandahang-loob, naghahangad ng kabutihan, at pakikipagkaibigan, upang ang buong daigdig ng sangkatauhan ay lubos na malipos ng banal na kaligayahan sa pagpapala ni Bahá, upang ang kamangmangan, awayan, poot, at matinding sama ng loob ay maglaho sa daigdig at ang karimlan ng paghihiwalay sa pagitan ng mga tao at mga kaanak ng daigdig ay magbigay-daan sa Liwanag ng Pagkakaisa. Kung ang ibang mga sambayanan at mga bansa ay hindi maging matapat sa inyo ipakita ang inyong katapatan sa kanila, kung sila ay maging di-makatarungan sa inyo magpakita kayo ng katarungan sa kanila, kung sila ay lumayo sa inyo akitin ninyo sila sa inyong sarili, kung magpakita sila ng pagkapoot maging magiliw sa kanila, kung lasunin nila ang inyong mga buhay, patamisin ang kanilang mga kaluluwa, kung sugatan nila kayo, maging panlunas sa kanilang mga pagdaramdam. Ganiyan ang mga katangian ng matatapat. Ganiyan ang mga katangian ng makatotohanan."**[39]

Ang sipi sa ibaba ay nakatutulong sa atin upang unawain kung paano nagkakaroon ng epekto sa mga ugnayang panlipunan ang kaisahan ng sangkatauhan:

**"Inaasahan kong ang bawat isa sa inyo ay magiging makatarungan, at itutungo ang inyong mga kaisipan sa pagkakaisa ng sangkatauhan; na hindi ninyo kailanman pipinsalain ang inyong mga kapitbahay ni hindi kayo magsasalita ng masama tungkol kaninuman; na inyong igagalang ang mga karapatan ng lahat ng mga tao, at higit ninyong pahahalagahan ang mga kapakanan ng iba kaysa sa inyong sarili."**[40]

Kaugnay naman ng pagkakataong makatamo ng edukasyon, hinaharap ng sumusunod na sipi ang paksang ito:

**"Ipinahayag ni Bahá'u'lláh na yamang ang kamangmangan at ang kakulangan ng edukasyon ay mga balakid na naghihiwalay sa mga tao, ang lahat ay dapat tumanggap ng pagsasanay at edukasyon. Sa pamamagitan ng ganitong patakaran ang kakulangan ng pag-unawa sa isa't isa ay malulunasan at ang kaisahan ng sangkatauhan ay mapauunlad at maisusulong. Ang edukasyon ng lahat ay isang pangkalahatang batas."**[41]

Tungkol sa pagpapatupad ng katarungan, nababasa natin ang sumusunod:

**"Gayumpaman, lubusang sinasanay ng banal na kabihasnan ang bawat miyembro ng lipunan na wala, liban sa kaunting-kaunti lamang, ang mangangahas na gumawa ng krimen. Sa gayon ay malaki ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpigil sa krimen sa pamamagitan ng mga paraang marahas at mapaghiganti, at ng**

**gayong pagsasanay sa mga tao, at pagtaglay nila ng pag-unawa, at ng pagiging espiritwal nila, na habang walang takot sa parusa o ganting darating, ay iiwasan nila ang lahat ng gawaing kriminal. Sa katunayan ay titingnan nila ang mismong paggawa ng krimen bilang isang malaking kahihiyan at ito mismo ang pinakamalupit na parusa."**[42]

Pagkatapos nilay-nilayin ang mga sipi sa itaas, maaaring nanaisin ninyong balikan ang mga pangungusap na isinulat ninyo at pag-isipan kung paano ninyo palalawakin pa ang mga iyon.

## BAHAGI 16

Pinag-usapan na natin ang dalawang layuning moral na ibinubunsod ang mga indibidwal upang akuin ang tungkulin para sa sarili nilang paglaki sa espiritwal at intelektuwal at sa pagtulong sa mabuting kalagayan ng lipunan. Nakita natin kung paano itong kamalayan sa layunin, na napakahalaga para sa mga kabataan sa kasalukuyan, ay pinalalakas ng pag-unawa sa likas na katangian at napakalaking saklaw ng pagbabago ng indibidwal at ng lipunan na ginugunita sa mga kasulatan. Kailangan din nating matanto na itong dalawang proseso ay malapit na nauugnay. Ang paglilinang ng sariling natatagong kakayahan at ang paggawa para sa mabuting kalagayan ng lipunan ay hindi maaaring maipaghiwalay, sapagkat ang mga pamantayang moral at asal ng isang tao ay humuhubog sa kaniyang kapaligiran at gayundin ay matinding apektado nito. Sinasabi ng isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian:

**"Hindi natin maihihiwalay ang puso ng tao mula sa kapaligirang nasa labas natin at sabihin na kapag ang isa sa mga ito ay nagbago na ang lahat ay bubuti. Ang tao ay likas na bahagi ng daigdig. Ang kaniyang panloobb na buhay ay humuhubog sa kapaligiran at siya mismo ay malalim na apektado nito. Ang isa ay nagkakabisa sa kabila at ang bawat namamalaging pagbabago sa buhay ng tao ay bunga nitong nagtutugunang mga kilos."**[43]

Batay sa sipi sa itaas, ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

______ Ang indibidwal ay magbabago lamang kapag ang lipunan ay lubusan nang nagbago.

______ Ang mga sakit ng lipunan ay mawawala lamang kapag ang indibidwal na mga miyembro nito ay naging espiritwal na.

______ Kapag ipinatupad na ang makatarungang mga batas, ang lipunan ay magiging malaya na mula sa paniniil, maging anupaman ang paraan ng pagkilos ng mga indibidwal.

______ Ang lipunan ay magiging malaya sa paniniil kapag sinisikap ng bawat indibidwal na maging makatarungan.

______ Ang lahat ng mga miyembro ng lipunan ay maaaring maging makatarungan kahit pa ang sistemang legal na isinasagawa roon ay hindi makatarungan.

______ Ang kilos ng isang indibidwal ay may impluwensiya sa kapaligirang panlipunan.

_____ Ang makatarungang lipunan ay magiging bunga ng mga pagsisikap na lumikha ng mga estruktura at turuan ang mga indibidwal na maging makatarungan at hanapin ang katotohanan.

_____ Hindi matatakasan ng sinuman ang mga epekto ng kaniyang kapaligirang panlipunan.

_____ Ang mga tao, sa tulong ng kanilang mga kapangyarihang espiritwal, ay magagawang mapaglabanan ang negatibong mga epekto ng kapaligirang panlipunan.

_____ Ang pagkiling ay mawawala kapag tinatanggap na ng lahat ang kaisahan ng sangkatauhan.

_____ Ang pagkiling ay mawawala lamang kapag alisin ng lipunan ang bawat bahid ng diskriminasyon sa mga batas at mga institusyon nito.

_____ Ang bawat anyo ng pagkiling ay maaaring maiwaksi sa pamamagitan ng pagsasabatas ng makatarungang mga batas at ng pagsasanay ng mga kaluluwa upang saliksikin ang realidad at makipag-ugnayan sa lahat sa diwa ng pagmamahalan at mabuting samahan.

_____ Kapag naniniwala na ang lahat na iisa lamang ang sangkatauhan, tayo ay magkakaroon na ng pagkakaisa.

_____ Ang pagtatatag ng pagkakaisa sa daigdig ay mangangailangan ng pagbabago ng indibidwal at ng estruktura ng lipunan.

## BAHAGI 17

Muli tayong ibinabalik ng mga ideyang inilahad sa nakaraang bahagi sa paksa ng paglilingkod, sapagkat sa larangan ng paglilingkod ay ipinauunlad natin ang ating natatagong mga kakayahan at nagdudulot ng pagbabago sa lipunan. Na ang pakikilahok sa isang proseso ng pagbabago ay nagpapahiwatig ng isang buhay na nakatalaga sa paglilingkod ay hindi nangangailangan ng mahabang paliwanag. Maaaring ang nangangailangan ng higit na malalim na pag-iisip ay ang ugnayan sa pagitan ng paglilingkod at ang intelektuwal at espiritwal na pag-unlad ng indibidwal. Nasa ibaba ang isang talaan ng mga gawain. Para sa layunin ng tanging pagsasanay na ito, pumili ng isa o dalawang katangian at saloobin na waring higit na mahalaga para sa bawat gawain at sikaping ilarawan kung paano nakatutulong ang mga ito sa kakayahang isagawa ito ng indibidwal.

a. Pagdaraos ng regular na pagtitipon upang manalangin sa isang kapitbahayan o nayon: ____________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

b. Pakikilahok sa isang nagpapatuloy na programa ng pagdalaw sa mga tahanan ng mga kaibigan at kapitbahay upang talakayin ang mga temang espiritwal hango sa mga katuruan ng Pananampalataya at upang palakasin pa ang mga bigkis ng mabuting samahan: ______________________________________

c. Pagdaraos ng regular na mga klase para sa edukasyong espiritwal ng mga bata sa isang nayon o kapitbahayan: ____________________

d. Pagtulong sa mga pagsisikap ng isang grupo ng mga junior youth, sa loob ng isang mahabang panahon, nang kaakibat ang animator na gumagabay sa mga gawain nito: ____________________

e. Regular na pagdalaw sa mga magulang ng mga batang nakikilahok sa mga programa ng edukasyon na itinataguyod ng institute, at isinasama sila sa usapan tungkol sa mga temang may pangunahing kahalagahan sa pag-unlad ng kanilang mga anak: ____________________

Ang pagsasanay sa itaas ay nakatulong sa atin upang pag-isipan kung paano nakatutulong ang espiritwal na mga katangian at saloobin para sa kakayahan ng isang indibidwal upang isagawa ang mga gawain ng paglilingkod. Subalit gayundin ay totoo na sa pagbibigay ng paglilingkod, napauunlad at napalalakas din ang gayong mga katangian. Nasa ibaba ang ilang katangiang espiritwal na sinisikap nating lahat na matamo. Para sa bawat grupo, pumili ng isa sa mga gawain sa itaas at ilarawan ang mga paraan na sa inyong palagay ay makatutulong ito sa pagpapaunlad ng mga katangian habang isinasagawa ito.

a. Pagkamakatotohanan, pagkamapagkakatiwalaan, at katarungan: ____________________

b. Pagtitimpi at kabaitan: ____________________

c. Kabanalan, katapatan, at kaningningan: ____________________

d. Lakas-loob, tiwala sa Diyos, at pagpapakumbaba: ________________________

e. Pagtanggap at pagsasailalim sa Kalooban ng Diyos: ______________________

## BAHAGI 18

Ang paglilingkod ay napakalapit na nauugnay sa kalagayan ng ating sarili. Kapag tayo ay pinakikilos ng isang diwa ng paglilingkod na walang pag-iimbot, ang bawat ugnayan natin, ang bawat kilos na gawin natin—sa ating propesyonal na buhay, sa ating ugnayan sa mga iba, bilang miyembro ng ating pamayanan—ay naiimpluwensiyan nito. Subalit kahit anong paglilingkod ang ating ibigay, lagi nating batid ang katotohanang umiiral ang isang planong may estruktura para sa pagpapalaganap ng mensahe ni Bahá'u'lláh sa mga sambayanan ng daigdig, isang mensaheng ipinapahayag ang kaisahan ng sangkatauhan, nananawagan para sa pagkakaisa nito, at ibinibigay ang mga batas at mga simulain, mga katuruang espiritwal at panlipunan, na iyon lamang ang makapagtatatag ng tularan para sa lipunan ng hinaharap na lubusang naiiba sa alinmang nakita na sa nakaraan. Binalangkas ni 'Abdu'l-Bahá mismo, nilalayon ng planong ito ang walang iba kundi ang espiritwal na muling pagkabuhay ng daigdig, at habang ito ay patuloy na namumukadkad sa magkakaibang yugto, at ang higit at higit pang mga tao ay nakikilahok sa pagpapatupad nito, "ang isang nakikitang kapalit sa dati nang pag-aaway ng lipunan ay lumilitaw na". Dito—sa Banal na Plano—ay dapat nating italaga ang ating mga sarili. Ito ay tinutukoy ng Guardian bilang "ang pinakamakapangyarihang Plano na kailanman ay binuo sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan ng Pinakadakilang Pangalan". Ito ay "sumusulong," sinabi niya sa atin,

> **"nagtatamo ng buwelo sa paglipas ng bawat araw, winawasak ang mga hadlang sa lahat ng klima at sa magkakaibang mga sambaynan at lahi, di-mapigilang pinalalawak ang saklaw ng nakabubuting mga kilos nito, at inihahayag ang higit pang kapani-paniwalang mga palatandaan ng likas nitong kapangyarihan habang sumusulong ito patungo sa espiritwal na pagsakop sa buong planeta."**[44]

Sa pamamagitan ng Banal na Plano, ang espiritu ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay lalaganap sa lahat ng bahagi ng daigdig, at babaguhin ang indibidwal at sama-samang pamumuhay. Higit pa rito ay pinagtitibay ni Shoghi Effendi na ang

**"huli at pangkaraniwang yugto sa ebolusyon ng planong binuo ng Diyos mismo para sa sangkatauhan, sa bahagi nito, ay mapatutunayang isang hudyat para sa pagsilang ng isang kabihasnang pandaigdig, walang-kahalintulad sa kaniyang saklaw, katangian at bisa, sa kasaysayan ng sangkatauhan—isang kabihasnang ipagbubunyi ng susunod na mga salinlahi sa nagkakaisang tinig, bilang ang pinakamagandang bunga ng Ginintuang Panahon ng Dispensasyon ni Bahá'u'lláh . . ."**[45]

Ang bawat yugto sa pamumukadkad ng Banal na Plano ay natatangi sa paglunsad ng Pinuno ng Pananampalataya ng isa sa pandaigdig na mga Plano. Ang bawat Plano ay may tanging mga pangangailangan at nagpupundar sa natamong mga tagumpay at natutunang mga aral sa nakaraang plano. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na isinasagawa sa sunod-sunod na mga Plano, "ang iba't ibang mga simulain, mga konsepto, at mga estratehiya na may pangkalahatang kahalagahan" sa gawaing pinagkakaabalahan natin ay nabuo upang maging "isang balangkas ng pagkilos". Ang balangkas na ito ay ang nagbibigay hugis sa ating sama-samang pagkilos at tinitiyak na tayo ay hindi pabago-bago sa ating ginagawa. Kayo ay magkakaroon ng pagkakataong suriin pa sa kasunod na mga kurso ang katangian nitong balangkas na dumadaan sa ebolusyon. Sa ngayon, ang mahalagang matanto ay dahil sa pag-iral nito ay nagiging posible para sa "isang lumalawak na nucleus ng mga indibidwal" sa lokal na antas na lumikha ng pagkilos ng isang populasyon "tungo sa layunin ng isang bagong Kaayusang Pandaigdig". Kaugnay nito, ipinaliliwanag ng isang mensaheng isinulat ng Universal House of Justice sa mga kalahok ng serye ng mga kumperensiya para sa mga kabataan na ginanap sa buong daigdig noong 2013 na:

**"Pagkalipas ng maraming dekada, ang sumasaklaw sa daigdig na mga pagsisikap nitong kalat-kalat na pamayanan upang matamo ang higit na nakasasapat na pag-unawa sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh at upang isagawa ang mga simulain na idinadambana nito, ay nagwakas sa paglitaw ng isang mabisang balangkas ng pagkilos, na pinabuti sa pamamagitan ng karanasan. Mapalad kayo na bihasa na kayo sa mga paraan at mga kaparaanan na napakahusay nang naitatag ngayon. Sa pamamagitan ng pagtitiyaga sa pagpapatupad ng mga ito, nakita na ng marami sa inyo para sa inyong mga sarili ang mga palatandaan ng kapangyarihan ng mga banal na turo upang paunlarin ang lipunan. Sa kumperensiya na inyong dinadaluhan, kayo ay inaanyayahang pag-isipan ang tulong na maaaring ibigay ng sinumang kabataan na nagnanais tumugon sa panawagan ni Bahá'u'lláh at tumulong sa pagpapalaya ng kapangyarihang iyon."**[46]

Sinasabi sa mensahe ring iyon na:

**"Ang mga posibilidad na inihaharap ng sama-samang pagkilos ay lalong nakikita sa gawain ng pagtatatag ng pamayanan, isang proseso na bumibilis ang buwelo sa maraming cluster at sa mga kapitbahayan at mga nayon sa buong daigdig na naging mga sentro ng masikhay na paggawa. Ang mga kabataan ay madalas na nangunguna sa gawain sa ganitong mga tagpo—hindi lamang ang mga kabataang Bahá'í, kundi pati na rin ang mga kahalintulad ang pag-iisip na nakikita ang mabuting mga bunga na sinimulan ng mga Bahá'í at nauunawaan ang pinagbabatayan nitong larawang-isip ng pagkakaisa at espiritwal na pagbabago. Sa gayong mga lugar, ang mahigpit na pangangailangang ibahagi ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh sa mga puso na handang tumanggap at ang saliksikin ang mga ipinahihiwatig ng Kaniyang mensahe para sa kasalukuyang daigdig ay matinding**

**nadarama. Sa pagkakataong ang napakalaking bahagi ng lipunan ay nanghihikayat tungo sa pagwawalang-kibo o, higit na mas pa, ay hinihimok ang kaugaliang nakasasama sa sarili at sa iba, isang hayag na pagkakaiba ang ibinibigay noong mga pinahuhusay ang kakayahan ng isang populasyon upang linangin at panatilihin ang isang paraan ng pamumuhay na nakapagpapayaman sa pamumuhay ng pamayanan."[47]**

At sa pamamagitan ng ganitong mga salita sa isa pang mensahe, itinataas ng House of Justice ang pananaw ng mga kabataang Bahá'í at ng mga nais makiisa sa kanila sa pag-akyat sa mga rurok ng isang buhay ng paglilingkod:

**"Sa bawat salinlahi ng bata pang mga mananampalataya ay dumarating ang pagkakataong magbigay ng tulong sa kapalaran ng sangkatauhan, na namumukod-tangi sa panahon ng kanilang buhay. Para sa kasalukuyang salinlahi, ang panahon ay dumating na upang magnilay-nilay, italaga ang sarili, patibayin ang kanilang loob para sa isang buhay ng paglilingkod na mula rito ang mga pagpapala ay masaganang dadaloy. Sa aming mga panalangin sa Banal na Bungad, isinasamo namin sa Napakatandang Kagandahan, na mula sa naguluhan at natarantang sangkatauhan, ay gagawin Niyang dalisay ang mga kaluluwa na pinagkalooban ng malinaw na pananaw: mga kabataan na ang dangal at pagkamatwid ay hindi panghihinain ng laging pag-ungkat sa mga pagkakamali ng iba at yaong hindi makakilos dahil sa anumang pagkukula ng kanilang mga sarili; mga kabataan na titingin sa Master at 'aakayin yaong mga hindi nakasali sa pangkat ng matalik na mga kaibigan'; mga kabataan na ang kamalayan sa mga pagkukulang sa lipunan ay magbubunsod sa kanila upang gumawa para sa pagbabago nito, hindi ang ilalayo ang mga sarili nila mula rito; mga kabataan na anuman ang maging kapalit, ay tatangging palampasin ang kawalan ng katarungan sa napakaraming anyo nito, at sa halip, ay magsisikap upang 'ang liwanag ng katarungan ay magsabog ng ningning nito sa buong daigdig.'"[48]**

Ang mga sipi sa itaas ay hindi mag-iiwan ng alinlangan sa inyong isipan sa mahigpit na pangangailangang manguna ang mga kabataan sa yaong mga naglilingkod sa Banal na Plano. Upang wakasan ang bahaging ito, makatutulong sa inyo ang nilay-nilayin ang sumusunod na mensaheng isinulat ng Universal House of Justice sa serye ng mga pagtitipon ng mga kabataan na idinaos noong 2000 sa kahabaan ng Latin America:

**"Habang isinasabalikat nitong salinlahi ng mga kabataan ang mga tungkulin ng pagsasagawa ng mga gawain ng lipunan, makahaharap nito ang tanawin ng nakatutulirong kaibahan. Sa isang dako, marapat na maipagmalaki ng rehiyon ang napakahusay na mga tagumpay sa larangang intelektuwal, panteknolohiya, at pang-ekonomiya. Sa kabilang dako, nabigo itong bawasan ang laganap na kahirapan o ang iwasan ang tumataas na pagbaha ng karahasan na nagbabantang ilubog ang lahat ng mga sambayanan nito. Bakit—at kailangang itanong nang malinaw ang katanungang ito—bakit naging inutil ang lipunang ito, sa kabila ng napakalaki nitong kayamanan, upang maiwaksi ang mga kawalan ng katarungan na winawasak ang pagkahabi nito?**

**"Ang sagot sa katanungang ito, tulad ng masaganang pinatutunayan ng mga dekada ng magulong kasaysayan, ay hindi matatagpuan sa damdaming pampolitika, sa magkasalungat na mga kuro-kuro ng pansariling kapakanan ng**

**mga antas sa lipunan, o sa mga pormulang teknikal. Ang hinihingi ay isang espiritwal na muling pagkabuhay, bilang paunang pangangailangan para sa matagumpay na paglalapat ng mga instrumentong pampolitika, pang-ekonomiya, at panteknolohiya. Subalit kinakailangan ng katalista (o sangkap na magsisimula sa proseso) Makatitiyak kayo, na sa kabila ng inyong maliit na bilang, kayo ang mga lagusan na maaaring pagdaanan ng gayong katalista.”**[49]

1. Itinatanong nitong huling mensahe kung bakit ang isang lipunan na may gayong yaman sa intelektuwal, teknolohiya, at ekonomiya ay nabigong iwaksi ang mga kawalan ng katarungan na winawasak ito, at sinasabing ang kasagutan ay hindi matatagpuan sa damdaming pampolitika, sa magkasalungat na mga kuro-kuro ng pansariling kapakanan ng mga antas sa lipunan, o sa mga pormulang teknikal. Isipin ang lipunan kung saan kayo ay nabubuhay, at magbigay ng halimbawa ng bawat isa sa sumusunod:

   a. Damdaming pampolitika na nagtatangi sa lipunan: ________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   b. Ilang paghahayag ng magkasalungat na mga kuro-kuro ng pansariling kapakanan ng mga antas sa lipunan: ________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   c. Isang pormulang teknikal na sinunod ng lipunang iyon: ____________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Sang-ayon sa Universal House of Justice, ano ang paunang pangangailangan para sa matagumpay na paglapat ng mga instrumentong pampolitika, pang-ekonomiya, at panteknolohiya bilang mga pagsisikap na iwaksi ang gayong mga sakit ng lipunan?

   ________________________________________________________________

3. Ano ang sinasabi ng House of Justice sa atin na kinakailangan upang maganap ang espiritwal na muling pagkabuhay ng lipunan? ________________________________

   ________________________________________________________________

4. Ano ang sinasabi ng House of Justice na bumubuo ng lagusan na maaaring dumaan doon ang mensahe ni Bahá’u’lláh para sa sangkatauhan? ________________________

   ________________________________________________________________

Ngayon, habang isinasaisip ang mga kaisipan sa itaas, talakayin sa mga kaibigang nag-aaral ng kursong ito, kung paano ang pakikilahok sa Banal na Plano ay nagbibigay-daan upang

magawa ng mga kabataan ang maging mga lagusan para sa espiritwal na muling pagkabuhay ng lipunan.

## BAHAGI 19

Tiyak na ang talakayan sa dulo ng nakaraang bahagi ay naging sanhi ng inyong higit pang pag-iisip tungkol sa napakahalagang ginagampanan ng mga kabataan sa patuloy na pagsulong ng Kapakanan. Sa sipi sa ibaba mula sa *Nagdaraan ang Diyos*, ibinibigay ni Shoghi Effendi ang isang larawan ng naunang mga bayani ng Pananampalataya, na ang kanilang magiting na mga gawa ay nagbibigay ng inspirasyon sa sangkatauhan sa kahabaan ng mga panahon. Yamang ang karamihan sa kanila ay bata pa, nararapat lamang na nilay-nilayin ang mga salitang ginamit ng Guardian sa paglalarawan sa kanilang namumukod na mga katangian. Bago gawin iyon, maaaring makatulong sa inyo ang basahin muna ang sumusunod na talahuluganan:

| | |
|---|---|
| Tulad ng isang bulalakaw: | Isang maliwanag na landas na lumilitaw sa langit at mabilis dumaraan |
| Bagtasin: | Tumawid |
| Mapanglaw: | Madilim at malungkot |
| Satellite: | Isang bagay sa kalangitan na umiikot sa higit na malaking bagay |
| Galaxy: | Isang napakalaking grupo ng mga bituin |
| Suminag: | Magbigay ng liwanag |
| Nagbababaga: | Namumula dahil sa matinding init; napakaliwanag |
| Bagong-silang: | Kailan lamang nagkabuhay; nagsisimula |
| Paligsahan: | Pagtutunggali para sa tagumpay |
| Nagbukas ng landas: | Ang mga nauna |
| Intriga: | Lihim na balak |
| Kaimbihan: | Pagkabalakyot; kasamaan |
| Napakalawak: | Malaki ang nasasakupan; nakagagapi |
| Kabanalan: | Pamimitagan sa Diyos at katapatan sa tungkuling panrelihiyon |
| Kaalaban: | Katindihan ng damdamin |
| Malaleon: | Tulad ng leon |
| Pagkakait: | Pagtanggi; pagsuko |
| Pagtitika: | Matibay na adhikain |
| Tulad ng batong granite: | Hindi bumibigay ang katatagan at pagtitiis |
| Kagila-gilalas: | Nakagugulat ang kadakilaan |

Pagsamba: Masidhing paggalang at pamimitagan

Nakalilito: Nakatataranta; hindi maunawaan

Isinulat ng Guardian:

> **"Minamasdan natin, habang sinusuri natin ang mga pangyayari sa unang tagpo ng isang maringal na dula, ang katauhan ng Pinunong Bayani, ang Báb, na lumitaw tulad ng isang bulalakaw sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng Shíráz, binabagtas ang madilim na himpapawid ng Persiya mula sa timog hanggang sa hilaga, bumaba nang may kalunus-lunos na bilis, at namatay sa isang nagliliyab na kaluwalhatian. Nakikita natin ang mga sumusunod sa Kaniya, isang mabunying pangkat ng mga bayani na lango sa Diyos, na umakyat sa gayunding guhit-tagpuan, pinagliwanag ng gayunding nagbabagang liwanag, tinupok ang mga sarili nang may gayunding kabilisan, at ibinahagi sa kanilang pagkakataon ang karagdagang sigla sa patuloy na natitipong buwelo ng nagsisimulang Pananampalataya ng Diyos. . . .**

> **"Ang mga bayani, na ang mga gawa ay nagniningning sa kasaysayan ng mahigpit na espiritwal na pagtutunggaling ito, kung saan magkasabay na nasasangkot ang sambayanan, klero, hari at pamahalaan, ay ang mga piniling disipulo ng Báb, ang mga Titik ng Nabubuhay, at ang kanilang mga kasamahan, ang mga nagbukas ng landas ng Bagong Araw, na sa malubhang pakana, kamangmangan, kaimbihan, kalupitan, pamahiin at kaduwagan, ay inilaban ang isang espiritu na dakila, hindi mapapatay at nakapupukaw ng pamimitagan, isang kaalaman na kagulat-gulat ang kalaliman, isang pananalita na malawak ang saklaw ng lakas nito, isang pamimitagan na hindi malalampasan ang alab, isang katapangan na parang leon sa kabangisan nito, isang pagpapakasakit sa sarili na parang santo sa kadalisayan, isang pagtitika na tulad ng batong granite sa katigasan nito, isang pananaw na kagila-gilalas ang saklaw nito, isang pagsamba sa Propeta at sa Kaniyang mga Imám na nakatataranta sa kanilang mga kalaban, isang lakas ng paghimok na pinangangambahan ng kanilang mga katunggali, isang huwaran ng pananalig at isang pamantayan ng ugali na humamon at lubos na pinagbago ang mga buhay ng kanilang mga kababayan."[50]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang mga Titik ng Nabubuhay at ang kanilang mga kasamahan ay nasa ________ ____________________ na pagtutunggali.

   b. Magkasabay na nasasangkot sa pagtutunggaling ito ang ____________________ , ____________ , _____________ at _________________________ .

   c. Ang naunang mga bayani ng Pananampalataya ay inilaban sa malubhang pakana, kamangmangan, kaimbihan, kalupitan, pamahiin at kaduwagan ang

      – isang espiritu na ____________________ , _________________________ at _________________________ ,

      – isang kaalaman na ____________________________________________ ,

– isang pananalita na ________________________________________ ,

– isang pamimitagan na ____________________________________ ,

– isang katapangan na ___________________________________________ ,

– isang pagpapakasakit na _______________________________________ ,

– isang pagtitika na ____________________________________________ ,

– isang pananaw na ______________________________________________ ,

– isang pagsamba sa Propeta at sa Kaniyang mga Imám na ________________ ____________________________________ ,

– isang lakas ng paghimok na ____________________________________ ,

– isang huwaran ng pananalig at isang pamantayan ng ugali na _____________ ____________________________________________________________ _____________________ .

2. Sa anong dahilan pinasok ng naunang mga bayani ng Pananampalataya ang espiritwal na pagtutunggaling inilarawan ng Guardian sa sipi sa itaas? __________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

3. Ang mga kabataan ba ng kasalukuyang panahon na nakikilahok sa pagsasagawa ng Banal na Plano, tulad rin ng mga nauna sa kanila, ay nasa isang espiritwal na pagtutunggalian din? __________________________________________________

4. Paano nahahawig ang kanilang pagtutunggali roon sa isinagawa ng naunang mga bayani ng Pananampalataya? ____________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

5. Paano matitiyak ng kasalukuyang mga kabataang, tulad ng kanilang mga kapatid sa Panahon ng mga Bayani ng Pananampalataya, ay magagawa nilang magtagumpay sa espiritwal na pagtutunggalian na isinasagawa nila? __________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

Bago tumungo sa kasunod na bahagi, maaaring nanaisin ninyong nilay-nilayin ang sumusunod na sipi mula sa isang mensahe na isinulat ng Universal House of Justice:

**"Nang bumangon ang dakilang katauhan ng Báb, na ang edad ay dalawampu't lima lamang, upang ihatid ang Kaniyang nakapagbabagong mensahe sa daigdig, marami sa mga tumanggap at nagpalaganap ng Kaniyang mga turo ay bata pa, mas bata pa sa Báb mismo. Ang kanilang kagitingan, na pinapanatiling buhay sa buong singkad ang nakasisilaw na katindihan nito sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway* ay tatanglawan ang talaan ng kasaysayan ng tao sa loob ng darating na mga dantaon. Sa gayon ay nagsimula ang isang halimbawa kung saan ang bawat salinlahi ng kabataan, kumukuha ng inspirasyon mula sa gayunding banal na nagbubunsod na lakas upang muling hubugin ang daigdig, ay sinunggaban ang pagkakataon na makatulong sa pinakabagong yugto ng namumukadkad na proseso na magpapabago sa buhay ng sangkatauhan. Ito ay isang halimbawa na hindi nagkaroon ng patid mula sa panahon ng Báb hanggang sa kasalukuyang oras."[51]**

## BAHAGI 20

Sa sunod-sunod na pag-inog ng krisis at tagumpay, ang mga kabataan ng bawat salinlahi ay sumunod sa landas na ginuhit ng mga nagbukas ng bukang-liwayway at patuloy na nangunguna sa gawaing Bahá'í, nagsusumikap upang ihatid ang mensahe ni Bahá'u'lláh sa sangkatauhan. Isinulat ng Universal House of Justice na:

**"Mula sa pinakasimula ng Panahong Bahá'í, ginampanan ng mga kabataan ang isang napakahalagang bahagi sa pagpapalaganap ng Rebelasyon ng Diyos. Ang Báb mismo ay labindalawang taong gulang lamang nang ipahayag Niya ang Kaniyang Misyon, samantalang ang marami sa mga Titik ng Nabubuhay ay mas bata pa. Ang Master, sa napakamurang gulang, ay tinawagan nang isabalikat ang mabigat na mga tungkulin sa paglilingkod sa Kaniyang Ama sa Iraq at sa Turkey, at inialay ng Kaniyang Kapatid, ang Pinakadalisay na Sanga, ang kaniyang buhay sa Diyos sa Pinakamatinding Piitan sa edad ng dalawampu't dalawa upang ang mga tagapaglingkod ng Diyos 'ay magkabuhay, at ang lahat ng mga nananahan sa lupa ay magkaisa'. Si Shoghi Effendi ay isang mag-aaral sa Oxford nang tawagan siya sa trono ng kaniyang pagiging guardian, at ang marami sa mga Knights of Bahá'u'lláh, na umani ng di-maglalahong katanyagan noong Ten Year Crusade, ay mga kabataan."[52]**

Sa isang mensaheng isinulat noong 1984, pinarangalan ng House of Justice ang mga bayani ng mas bagong nakaraan:

**"Isipin, halimbawa, ang mga pangyayari sa Shíráz noong nakaraang tag-init nang winakasan ng lubid ng tagabitay ang buhay ng anim na bata pang mga babae, na ang kanilang mga edad ay nasa pagitan ng 18 hanggang 25 taong gulang. Hinarap ng lahat ang mga pagtatangkang udyukan silang talikdan ang kanilang pananalig; ang lahat ay hindi pumayag na itatwa ang kanilang Minamahal. Tingnan din ang mga kuwento ng kataka-takang katatagan na muli't muling ipinakita ng mga bata at mga kabataan na sumailalim sa pag-uusig at paglalait**

**ng mga guro at mga mullah at pinagtabuyan mula sa paaralan dahil sa pagtataguyod sa kanilang paniniwala. Kailangan ding banggitin na sa ilalim ng mga pagbabawal na buong-kalupitang ipinataw sa kanilang pamaynan, ang mga kabataan ay nakapagbigay ng bukod-tanging paglilingkod, iniaalay ang kanilang mga sigla sa paggabay ng mga institusyong Bahá'í sa buong bansa. Walang maringal na salita ang makapagbibigay ng higit na nararapat na patunay sa kanilang espiritwal na pagtatalaga at katapatan kaysa sa mga dalisay na mga kilos na ito ng debosyon at walang-bahid ng pagkamakasarili. Halos wala nang ibang lugar sa daigdig ang humihingi mula sa mga Baháí ng ganoong kalaking kapalit sa pananalig. Ni wala ring mahahanap na higit pang handa, higit pang maningning na mga tumatangan ng kopa ng pagpapakasakit kaysa sa magiting na mga kabataang Bahá'í ng Iran. Kung gayon, hindi ba makatwiran lamang na asahan mula sa inyo, ang mga kabataan at bata pang mga nasa hustong gulang na nabubuhay sa ganitong namumukod-tanging mga panahon, sa pagsasaksi sa gayong makabagbag-damdaming mga halimbawa ng kagitingan mula sa inyong mga kapwa na Iranian, at taglay ang inyong kalayaang kumilos, ay sumugod, 'tulad ng hanging hindi napipigilan' sa larangan ng gawaing Bahá'í?"[53]**

Ang mga pagkakataong nilay-nilaying ang mahalagang mga pangyayari sa mga buhay ng magiting na mga kaluluwa sa buong daigdig ay makatutulong sa bawat salinlahi ng mga kabataan upang magtamo ng damdaming pagtataglay ng misyon. Ang malapit na bigkis sa bukod-tanging mga katauhang ito ay nabubuo mula sa pagkabata sa pamamagitan ng mga kuwentong isinasaysay sa lingguhang mga klase para sa mga bata at sa tahanan, subalit kinakailangan ng higit pang sadya na pagsisikap upang matugunan ang pangangailangang ito sa pagitan ng edad ng labindalawa hanggang labinlima, at mangyari pa, sa buong panahon ng pagiging kabataan. Ang maingat na piniling mga halimbawa, na ang ilan ay madula at ang iba ay hindi gaanong madula, ay maaaring magpakilala sa gayong mga katangiang tulad ng lakas-loob, determinasyon, kasigasigan, at walang pag-iimbot na kailangang sikaping tularan ng mga kabataan.

1. Tukuyin mula sa maagang kasaysayan ng Pananampalataya o mula sa mas bagong mga panahon ang ilang pangyayari, na sa inyong palagay ay dapat nilay-nilayin ng mga kabataan: ____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

2. Ibigay ang inyon dahilan kung bakit ang itong mga pangyayari ang inyong pinili: __

____________________

____________________

____________________

____________________

## BAHAGI 21

Mula sa ilang sipi sa itaas na ginamit bilang halimbawa, maaari nang makita na ang mga buhay ng naunang mga kampeon ng Pananampalataya at ng magiting na mga kaluluwang sumunod sa kanila ay natatangi ng isang kamalayan ng layunin. Gayundin ay malinaw na ang bawat isa sa kanila ay nagtataglay ng pag-unawa sa kahalagahan ng makasaysayang panahon kung kailan sila ay nabubuhay, at gayundin ng isang larawang-isip sa napakalaking saklaw ng pagbabago hinihinging gawin ng sangkatauhan. Na ang ganitong kamalayan ng layunin ay naihayag sa buhay na itinalaga sa pagpapalaganap ng mensaheng Dibino ay gayunding napakalinaw. Subalit, habang nililimi natin ang magiting na gawaing tinupad nila at ang sukdulang pagpapakasakit na ibinigay ng marami sa kanila, hindi tayo makapaniwala na itong mga katangian lamang ay nagtangi sa gayong banal na mga tao. Ano ang higit na nagtangi sa kanilang mga buhay? Anong matinding damdamin ang naghahari sa kanila, at anong nagbunsod sa kanila upang abutin ang gayong mga rurok ng paglilingkod na walang-bahid ng pagkamakasarili? Hindi ba iyon ay ang pag-ibig sa Diyos na napakalakas ng ningas sa kanilang mga puso? Hindi ba sila lango sa kagandahan ng kanilang Minamahal? May pag-asa ba tayong makatulong sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa kasunod na salinlahi ng mga kabataan kung hindi natin lilinangin sa kanila ang isang pagkaakit sa kagandahan, kung hindi natin aarugain ang kanilang likas na hangaring makibahagi sa mahinay na dumadaloy na mga sapa ng tunay na kaalaman, kung hindi natin sila tutulungang paunlarin ang isang matalik na ugnayan sa kanilang Manlilikha? Wakasan natin ang yunit na ito sa pagtubog ng ating mga sarili sa sumusunod na mga salita:

> **"Sapagkat kapag ang tunay na mangingibig at tapat na kaibigan ay sumasapit sa kinaroroonan ng Minamahal, ang nagniningning na kagandahan Niya na Minamahal at ang apoy sa puso ng nagmamahal ay magpapasilab ng isang lagablab na tutupok sa lahat ng lambong at balot. Oo, ang lahat na nasa kaniya, mula puso hanggang balat, ay magliliyab, nang sa ganoon ay walang matitira liban sa Kaibigan."[54]**

> **"O mga Kaibigan! Huwag talikdan ang walang-kamatayang kagandahan dahil lamang sa isang kagandahang may-kamatayan, at huwag iukol ang inyong mga pagmamahal sa may-kamatayang daigdig ng alabok na ito."[55]**

> **"Iyong alamin na ang tunay na marunong ay siyang tumanggap sa Aking Rebelasyon, at uminom mula sa Karagatan ng Aking kaalaman, at pumailanlang sa himpapawid ng Aking pag-ibig, at itinapon ang lahat liban sa Akin, at nangapit nang mahigpit doon sa ipinadala mula sa Kaharian ng Aking kamangha-manghang pananalita. Siya, sa katunayan, ay katulad ng mata sa sangkatauhan, at katulad ng espiritu ng buhay sa katawan ng buong sangnilikha. Luwalhatiin ang Lubos na Mahabagin na Siyang nagbigay ng liwanag sa kaniya, at tinulutan siyang magbangon at maglingkod sa Kaniyang dakila at makapangyarihang Kapakanan. Tunay na ang gayong tao ay pinagpapala ng Kalipunan sa kaitaasan, at ng mga nananahan sa Tabernakulo ng Karingalan, yaong mga uminom mula sa Aking selyadong Alak sa Aking Pangalan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Malakas."[56]**

> **"O hukbo ng Diyos! Sa tuwing inyong makikita ang isang tao na nakatuon ang kaniyang buong pansin sa Kapakanan ng Diyos; na ang kaniyang tanging layunin ay ito, ang gawing magkabisa ang Salita ng Diyos, na sa araw at gabi, taglay ang**

**dalisay na hangarin, ay naglilingkod sa Kapakanan; na mula sa kaniyang asal ay walang mababatid na kaliit-liitang bahid ng yabang o sariling motibo—na sa halip ay gumagalang abala sa kaparangan ng pag-ibig sa Diyos, at umiinom lamang mula sa kopa ng kaalaman ng Diyos, at lubos na dumog sa pagkalat ng matamis na mga samyo ng Diyos, at nabighani ng banal na mag bersikulo ng Kaharian ng Diyos—inyong alamin nang may katiyakan na itataguyod at palalakasin ng langit ang indibidwal na ito; na tulad ng tala sa umaga, siya ay sisikat magpakailanman sa mga kalangitan ng walang-hanggang biyaya. Subalit kung siya ay magpapakita ng kaliit-liitang bahid ng makasariling mga pagnanasa at pagmamahala sa sarili, ang kaniyang mga pagsisikap ay mauuwi sa wala at siya ay masisira at maiiwanang walang pag-asa sa wakas."[57]**

**"Iyong alamin sa katunayan na ang kamay ng dibinong Kalinga ay umakit sa iyo patungo sa Trono ng Kaharian, at ang dibinong magandang balita ay nagdulot ng gayong tuwa at ligaya sa iyo, na iyong inalis at itinaas ang lambong mula sa Mukha ng Dibinong Kagandahan, nasilayan ang Maningning na Mukha sa pamamagitan ng iyong panloob na paningin, at nabatid ang mga hiwaga ng kadalisayan at kabanalan sa dibinong Kapakanan na ito!**

**"Ngayon, nang nag-uumapaw ang puso sa pag-ibig sa Diyos, sumamo sa Diyos nang buong ligaya, at pasalamatan ang Diyos sa patnubay na ito at sa mataas na kaloob na ito. At iyong alamin, nang buong katunayan, na ang nangungunang mga kaloob ng iyong Panginoon ay maaabutan ka mula sa lahat ng dako kapag ang iyong mga paa ay naging matatag sa Landas."[58]**

**"O aking Diyos! O aking Diyos! Ito na Iyong tagapaglingkod ay sumulong patungo sa Iyo, buong sigasig na gumahala sa disyerto ng Iyong pag-ibig, nananalunton sa landas ng paglilingkod sa Iyo, inaasam ang Iyong pagtatangkilik, umaasa sa Iyong pagpapala, nananangan sa Iyong kaharian, at nilango ng alak ng Iyong kaloob. O aking Diyos! Dagdagan pa ang kaalaban ng kaniyang pagmamahal sa Iyo, ang katapatan ng kaniyang pagpuri sa Iyo, at ang karubduban ng kaniyang pag-ibig sa Iyo.**

**"Tunay na Ikaw ang Pinakamapagbigay, ang Panginoon ng masaganang pagpapala! Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Mapagpatawad, ang Mahabagin."[59]**

## MGA REPERENSIYA

1. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Bahá’í Prayers and Tablets for the Young* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1978), blg. 38, p. 30.

2. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í: Kalipunan ng mga Dalangin na Ipinahayag nina Bahá’u’lláh, ang Báb, at ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2023), mp. 90–91.

3. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), blg. 225.9, mp. 455-56.

4. ‘Abdu’l-Bahá, sinipi sa liham ng ika-11 ng Abril 1985 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa isan indibidwal, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986: The Third Epoch of the Formative Age* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1996), blg. 426.3a, p. 665.

5. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í,* p. 92.

6. Bahá’u’lláh, sinipi sa mensahe ng Riḍván 1982 para sa mga Bahá’í ng daigdig, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986*, blg. 321.5a, p. 538.

7. Mula sa mensahe ng ika-25 ng Mayo 1975 na isinulat ng Universal House of Justice sa lahat ng mga National Spiritual Assembly, ibid., blg. 162.34, p. 310.

8. Mula sa mensahe ng ika-1 ng Hulyo 2013 na isinulat sa mga kalahok ng paparating na 114 youth conference sa buong daigdig, inilathala sa *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), blg. 27.3, p. 176.

9. Mula sa mensahe ng ika-10 ng Hunyo 1966 na isinulat sa mga kabataang Bahá’í sa bawat lupain, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986*, blg. 37.2, p. 92.

10. Mula sa liham ng ika-23 ng Pebrero 1995 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa piniling mga National Spiritual Assembly.

11. Mula sa mensahe ng ika-29 ng Disyembre 2015 na isinulat sa Kumperensiya ng Continental Boards of Counselors, inilathala sa *Framework for Action*, blg. 35.39, p. 226.

12. Mula sa liham ng ika-23 ng Abril 2013 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa isang National Spiritual Assembly, ibid., blg. 52.3, p. 296.

13. Mula sa liham ng ika-19 ng Abril 2013 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice sa isang maliit na grupo ng mga indibidwal, ibid., blg. 51.9, p. 293.

14. Mula sa mensahe ng ika-12 ng Disyembre 2011 na isinulat ng Universal House of Justice para sa lahat ng mga National Spiritual Assembly, ibid., blg. 20.21, p. 138.

15. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2005), CXXXVII, par. 4, p. 338.

16. Mula sa liham ng ika-8 ng Disyembre 1923 na isinulat ni Shoghi Effendi sa isang pamayanang Bahá'í, sa "Trustworthiness: A Cardinal Bahá'í Virtue", tinipon ng Research Department ng Universal House of Justice, inilathala sa *The Compilation of Compilations* (Maryborough: Bahá'í Publications Australia, 1991), tomo 2, blg. 2075, p. 345.

17. *'Abdu'l-Bahá in London: Addresses and Notes of Conversations* (London: Bahá'í Publishing Trust, 1987), p. 66.

18. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh,* XXIX, par. 1, p. 78.

19. Bahá'u'lláh, in "Trustworthiness", published in *The Compilation of Compilations,* vol. 2, no. 2032, p. 332.

20. 'Abdu'l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2007), par. 5, p. 5.

21. Ibid., par. 6, p. 6.

22. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh,* XLIII, par. 4, p. 105.

23. Ibid., CXXVI, par. 2, p. 306.

24. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006), par. 48, p. 47.

25. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, LX, par. 3, p. 133.

26. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice,* par. 39, p. 34.

27. Ibid., par. 39, mp. 34–35.

28. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), vol. 2, p. 436. (awtorisadong salin sa Ingles)

29. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh,* CXLIII, par. 3, p. 354.

30. Ibid., LXX, par. 1, p. 154.

31. 'Abdu'l-Bahá, *Ilang Katanungang Sinagot* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), blg. 10.8, mp. 65-66.

32. *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 4, p. 618.

33. Mula sa talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-29 ng Agosto 1912, ibid., par. 4, p. 405.

34. Bahá’u’lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2017), Persiyano blg. 6, p. 41.

35. *Habilin at Testamento ni ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2022), p. 25.

36. *Ang Natatagong mga Salita,* Persiyano bg. 49, mp. 72-73.

37. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 10.2, mp. 42–43.

38. Ang Báb, sinipi sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway: Ang Salaysay ni Nabíl Tungkol sa mga Unang Panahon ng Rebelasyong Bahá’í* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2018), p. 92.

39. *Habilin at Testamento ni ‘Abdu’l-Bahá,* mp. 25–26.

40. Mula sa isang talumpati noong ika-17 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), blg. 49.17, mp. 244−45.

41. Mula sa talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-1 ng Setyembre 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 7, p. 417.

42. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, blg. 105, mp. 211-12.

43. Mula sa liham ng ika-17 ng Pebrero 1933 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, sa *Social Action: A Compilation Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2020), blg. 90, p. 44.

44. Mula sa mensahe ng April 1955 na isinulat ni Shoghi Effendi, inilathala sa *Messages to the Bahá’í World, 1950–1957* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1971, 1999 printing), p. 76.

45. Mula sa liham ng ika-4 ng Mayo 1953 na isinulat ni Shoghi Effendi, sa ibid., p. 155.

46. Mula sa mensahe ng ika-1 ng Hulyo 2013 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga kalahok ng paparating na 114 youth conference sa buong daigdig, inilathala sa *Framework for Action*, blg. 27.2, p. 175.

47. Ibid., blg. 27.6, p. 177.

48. Mula sa mensahe ng ika-8 ng Pebrero 2013 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga Bahá’í ng daigdig, ibid., blg. 22.4, p. 147.

49. Mula sa mensahe ng ika-8 ng Enero 2000 na isinulat sa mga kabataang nagtipon sa youth congress sa Paraguay, inilathala sa *Turning Point: Selected Messages of the*

*Universal House of Justice and Supplementary Material, 1996–2006* (West Palm Beach: Palabra Publications, 2006), blg. 20.3–4, mp. 123–24.

50. Shoghi Effendi, *Nagdaraan ang Diyos* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2019), mp. 3–5.

51. Mula sa mensahe ng ika-1 ng Hulyo 2013 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga kalahok ng paparating na 114 youth conference sa buong daigdig, inilathala sa *Framework for Action*, blg. 27.1, p. 175.

52. Mula sa mensahe ng ika-10 ng Hunyo 1966 na isinulat sa mga kabataang Bahá'í sa bawat lupain, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986*, blg. 37.1, p. 92.

53. Mula sa mensahe ng ika-3 ng Enero 1984 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga kabataang Bahá'í ng daigdig, sa ibid., blg. 386, p. 616.

54. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá'u'lláh* (Haifa: Bahá'í World Centre, 2018), blg. 2.76 p. 46.

55. *Ang Natatagong mga Salita,* Persiyano blg. 14, p. 26.

56. *Mga Tableta ni Bahá'u'lláh na Ipinahayag Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), blg. 14.4, mp. 236–37.

57. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá,* blg. 35.7, mp. 115–16.

58. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1909, 1930 printing), vol. 1, p. 182.

59. 'Abdu'l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá'í,* p. 59.



# Isang Panahon ng Pangako

## Layunin

Upang suriin ang napakalaking mga kakayahang natatago pa lamang sa mga kabataang nasa pagitan ng labindalawa at labinlimang taong gulang at upang mabatid ang kahalagahan ng pagbibigay sa kanila ng isang kapaligirang nakatutulong sa pagtamo nila ng espiritwal na lakas

## BAHAGI 1

Sa naunang yunit, tinalakay natin ang ilan sa katangiang dapat magtangi sa mga kabataan. Ang layunin ng yunit na ito ay upang nilay-nilayin ang napakalaking mga kakayahang natatago pa lamang na taglay ng mga junior youth at ang mga puwersang humuhubog sa kanilang mga buhay. Ang mga konseptong susuriin ninyo rito ay patuloy na pinagtibay sa loob ng deka-dekadang karanasan. Ang natatanging mga pangangailangan ng mga nasa pagitan ng labindalawa at labinlimang taong gulang ay matagal nang nakilala ng pamayanang Bahá'í. Mula sa unang mga pagsisikap na turuan ang mga miyembro nitong grupo ng mga magkaedad at ang sumunod na mga pagsisikap matutunan kung paano pinalalaya ang kanilang kakayahan at lagyan ng lagusan ang dumadaluyong nilang mga sigla, ang programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth na ating sinusuri sa aklat na ito ay unti-unting lumitaw. Maaaring bihasa na kayo sa programa, mula sa sarili ninyong pakikilahok dito noong kayo ay mas bata pa, mula sa pakikipagtulungan sa isa sa inyong mga kaibigang isinasagawa ito sa grupo ng mga junior youth, o mula sa inyong pagdalaw, kasama ng mga iba pa, sa mga magulang sa inyong nayon o kapitbahayan upang talakayin ang mga pamamaraan at mga tema nito. Ang mga araling pinag-aaralan ninyo ngayon ay naglalayong tulungan kayo upang mailaan ninyo sa simula ang tatlong taon, o maaaring mahigit pa, dito sa kapuri-puring larangan ng paglilingkod, na magbibigay-daan upang matulungan ninyo ang ilang miyembro ng grupo ng magkakaedad na hitik na hitik sa pangako sa pagbabagtas nila sa isang maselan na yugto ng kanilang mga buhay.

Tungkol sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth, isinulat ng Universal House of Justice na:

> **"Ang mabilis na paglaganap ng programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth ay isa pang paghahayag sa pagsulong ng kultura ng pamayanang Bahá'í. Habang ang mga kalakarang pandaigdig ay naglalarawan sa grupong ito ng mga magkaedad bilang punong-puno ng problema, naliligaw sa mga silakbo ng magulong mga pagbabago ng katawan at ng mga damdamin, hindi madaling talaban ng mga damdamin at abala lamang sa sarili, ang pamayanang Bahá'í—sa pananalitang ginagamit nito at sa mga paraang ginagawa nito—ay walang-alinlangang nagtutungo sa kasalungat na direksiyon, na sa halip ay nakikita sa mga junior youth ang pagtatalaga sa kabutihan ng iba na walang-bahid ng pagkamakasarili, ang matalas na kamalayan sa pagkamakatarungan, ang kasabikang matuto tungkol sa sanlibutan at ang hangaring makatulong sa paglikha ng higit na mabuting daigdig. Ang sunod-sunod na salaysay, kung saan ipinahahayag ng mga junior youth mula sa iba't ibang bansa sa buong daigdig ang kanilang mga kaisipan bilang mga kalahok ng programa, ay sumasaksi sa katumpakan ng ganitong larawang-isip. Naroon ang lahat ng palatandaang ang programa ay nakahahalina sa kanilang lumalawak na kabatiran upang saliksikin ang realidad sa paraang nakatutulong sa kanila upang suriin ang mga puwersang nakabubuo at nakasisira na umiiral sa lipunan, at upang makilala ang impluwensiya ng mga puwersang ito sa kanilang mga kaisipan at mga kilos, hinahasa ang kanilang espiritwal na pag-unawa, pinahuhusay ang kanilang mga kakayahang makapagpahayag, at pinatitibay ang mga balangkas na moral na gagamitin nila sa kanilang buong buhay. Sa edad kung kailan nagagamit na nila ang namumukadkad na mga kapangyarihang pangkaisipan, espiritwal at pisikal, ibinibigay sa kanila ang mga kagamitang kinakailangan upang mapaglabanan ang mga puwersang nagtatangkang nakawin mula sa kanila ang kanilang tunay**

**na pagkatao bilang marangal na nilikha at upang gumawa para sa ikabubuti ng lahat.”[1]**

Marami sa mga konsepto at mga ideyang binanggit ng House of Justice sa sipi sa itaas ay ang mismong tinututukan ng pag-aaral sa yunit na ito, at habang sumusulong kayo sa yunit, ang mga ito ay magiging higit pang malinaw sa inyong isipan. Para sa ngayon, maaaring nanaisin ninyong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Paano inilalarawan ng kalakarang pandaigdig ang grupo ng mga magkaedad na kinabibilangan ng mga junior youth? ________________________________________

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Sa halip ano ang nakikita ng pamayanang Bahá’í sa mga kabilang sa grupo nitong mga magkaedad? ________________________________________________

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

3. Sa paghalina sa lumalawak na kabatiran ng mga junior youth upang saliksikin ang realidad, anong naitutulong sa kanila ng programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas? ______________________________________________

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

4. Ano ang nagagawa ng mga junior youth sa tulong ng mga kagamitang nakukuha nila mula sa programa ? ______________________________________________

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

5. Sa inyong palagay, bakit ang mga kabataang nasa pagitan ng edad ng labindalawa hanggang labinlima ay kumakatawan sa gayong bukod-tanging grupo? ___________

   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

6. Kaugnay ng mga nabanggit na sa itaas, at habang isinasaisip ang ilang junior youth na kilala na ninyo, maaari ba ninyong tukuyin ang ilan sa natatanging pangangailangan nitong mas batang salinlahi? ______________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

7. Ano ang nag-uudyok sa inyong pumasok sa tanging larangang ito ng paglilingkod? _

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 2

Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na sumasapit ang isang indibidwal sa simula ng kaganapang-isip sa edad ng labinlima, kung kailan ang mga batas kaugnay ng dalanging katungkulang isagawa at ng pag-aayuno ay ipinatutupad na sa kaniya. Mula sa ganitong pananaw, ang mga taon na kagyat na nauuna sa edad na iyon ay nagtataglay ng bukod-tanging kahalagahan. Sa loob ng iilang taong iyon ay nagaganap ang pag-iiba ng kalagayan mula sa pagiging bata tungo sa pagiging kabataan. Ang bigla at mabilis na mga pagbabagong nauugnay sa ganitong pag-iiba ng kalagayan—pisikal, intelektuwal, at emosyonal—ay nagkakaroon ng impluwensiya sa asal sa ilang mga paraan.

Pagsapit sa edad ng labindalawa, nagsisimula nang lumitaw ang ilang palatandaan ng pag-iiba ng kalagayan. Marami sa kabataan ay pisikal na lalaki sa loob ng kasunod na tatlo o apat na taon nang higit pa kaysa sa alinmang ibang yugto ng kanilang mga buhay. Sila ay tatangkad at bibigat ang timbang at mararanasan ang mga pagbabago sa hormones. Magiging mas malalim ang tinig ng mga lalaki, at ang mga babae ay magsisimulang maghugis dalaga. Kapuwa sila papasok sa yugto ng pagbibinata o pagdadalaga, at magtataglay ng mga pisikal na kakayahang magkaanak.

Ang mga pagbabagong pisikal at emosyonal na nararanasan ng isang tao sa yugtong ito ay magkakaugnay. Ang kasiglahan sa paglitaw ng bagong mga kapangyarihan at ang kasabikang gamitin ang mga iyon ay nasasabayan ng pagkaasiwa, pagiging balat-sibuyas, at pagkabalisa. Ang mga damdaming ito ay maaaring magbunga ng pabago-bagong asal. Siya ay maaaring maging waring mahiyain, subalit may mga pagkakataong mahilig makisalamuha; maaaring sabihing nais niyang mag-isa lamang subalit gusto namang pinapansin; maaaring lubos na malakas ang loob sa ilang pagkakataon at sa iba naman ay masyadong matatakutin. Ang lumalaking pag-aalala sa sariling mga talento at mga kakayahan ay unti-unting naihahayag ang sarili nito, at gayundin ay ang higit na mataas na kamalayan sa kinalalagyan ng sarili sa daigdig, lalo na sa ugnayan ng sarili sa kapwa-kaedad at sa mga nasa hustong gulang. Kung paano ang pagtingin ng iba sa sariling hitsura at kung paano sila tumutugon sa sariling mga ideya ay nagtataglay ng kahalagahan.

Higit pa rito, sa loob ng iilang taon bago tayo umabot sa edad ng labinlima, ang saligang mga konsepto tungkol sa indibidwal at sama-samang pamumuhay ay nabubuo sa ating mga isipan. Ang ating kapangyarihang sumuri ay nagiging higit na malakas, at maaaring nagsisimula tayong magtanong kung ganoon nga ba ang marami sa itinuro sa atin at makita ang mga magkakasalungat sa daigdig sa palibot natin na dati ay hindi nating napapansin. Hindi na tayo handang maging sunud-sunuran lamang sa mga pamantayang itinatakda ng mga matanda. Lagi na lang tayong naghahanap ng mga kasagutan sa mga katanungan, na madalas ay batay sa pilosopiya ang uri, sa panahong ito ng pagbabago, at ang isang bagong kamalayan ay mabilis na nabubuo.

Upang ang mga kabataan ay matulungan sa mabungang paggamit ng kanilang mga kapangyarihang umuusbong, napakahalagang iwasan ang pagtrato sa kanila sa mga paraang pinahahaba, sa isang dako, ang kanilang kamusmusan, at sa kabilang dako naman, ay hinihimok silang gayahin ang isang anyo ng kaganapang-isip na napakababaw sa marami nitong aspekto—isang kagawaing, sa kasawiang-palad, ay nag-uugat na sa higit at higit pang maraming lipunan. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Paglipas ng isang panahon ay pumapasok siya sa yugto ng pagiging kabataan, kung saan ang kaniyang dating mga kalagayan at mga pangangailangan ay napapalitan ng bagong mga pangangailangang naaangkop sa pagsulong sa kaniyang antas. Ang kaniyang mga kakayahan sa pagmamasid ay pinalalawak at pinalalalim; ang kaniyang mga kakayahan sa talino ay sinasanay at ginigising; ang mga hangganan at ang kapaligiran ng pagkabata ay hindi na pumipigil sa kaniyang mga lakas at mga tagumpay.”**[2]

Upang mapahusay pa ang inyong pag-unawa sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga taon ng pagkamusmos at ng panahon ng kabataan, talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

1. Ano ang ibig sabihin na ang mga kakayahan ng pagmamasid ay pinalalawak at pinalalalim? Maaari ba ninyong ipaliwang ang inyong sagot sa pamamagitan ng ilang halimbawa? ____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

2. Paano naiiba ang mga kakayahan sa talino ng isang junior youth doon sa isang musmos? ____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

3. Ano ang ilan sa hangganan ng kamusmusan na hindi na nakapipigil sa mga sigla ng isang junior youth? ____________________

## BAHAGI 3

Dapat tumanggap ang bawat indibidwal ng uri ng edukasyon at pag-aaruga sa mga taon na agad na nauuna sa edad ng labinlima na magbibigay-daan upang lumitaw ang mga katangiang likas sa panahon ng kabataan. Ang pangangailangan para sa ganoong edukasyon ay nagiging lalong malinaw kapag nauunawaang sa pagsapit sa edad ng labinlima, marami sa paraan ng pag-iisip at pag-uugali ng isang indibidwal ay matibay nang naitatag. Tulad ng ipinaliwanag ng 'Abdu'l-Bahá,

> **"Napakahirap turuan ang indibidwal at gawing pino ang kaniyang ugali kapag lumipas na ang panahon ng pagbibinata o pagdadalaga. Sa panahong iyon, tulad ng ipinakikita ng karanasan, kahit na ang lahat ng pagsisikap ay gagawin upang baguhin ang alinmang gawi niya, lahat na ito ay bigo. Maaaring siya ay magbago nang bahagya ngayon; subalit paglipas ng ilang araw siya ay nakalilimot, at muling bumabalik sa kaniyang kinaugaliang kalagayan at kinasanayang mga paraan."**[3]

Bihasa kayo sa salitang "pagbibinata" o "pagdadalaga", na madalas ay ginagamit upang tukuyin ang mga kabataan mula sa edad ng labindalawa hanggang sa edad ng labinwalo. Kung minsa ginagamit ang pariralang "maagang yugto ng pagbibinata o pagdadalaga" upang tukuyin ang nasa edad na karaniwan nating tinatawag na "junior youth". Hindi tayo labis na partikular kaugnay nito at kapuwa ginagamit ang mga salitang ito upang tukuyin ang mga kabataan sa pagitan ng edad ng labindalawa hanggang labinlima. Upang pag-isipan ang kahalagahan ng edukasyon sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga, ipasiya kung alin sa sumusunod na mga pahayag ay totoo:

_____ Kahit pa hindi nagkaroon ng wastong edukasyon sa panahon ng kamusmusan, ang naaangkop na pag-aaruga sa panahon ng pagbibinata at pagdadalaga ay makatutulong upang iwasto ang anumang hindi kanais-nais na mga paraan ng pagkilos sa nakamtan na.

_____ Tanging ang mga indibidwal lamang na tumanggap ng edukasyong espiritwal at moral sa panahon ng kamusmusan ay maaaring paunlarin ang lahat ng kanilang natatago pang mga kakayahan.

_____ Kapag walang wastong pag-aaruga sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga, ang isang indibidwal ay maaari pa ring mapariwara, kahit na siya ay tumanggap ng edukasyong moral at espiritwal sa kabuuan ng kaniyang kamusmusan.

_____ Sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga ay sinisimulan ng mga indibidwal na iayon ang kanilang mga buhay sa mga puwersang nagsusulong sa lipunan

o hinahayaan ang kanilang mga sarili na matangay ng mga puwersa ng pagwasak sa lipunan.

## BAHAGI 4

Ang tumataas na kamalayan sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga ay maaaring idako sa isa mula sa dalawang layunin: tungo sa pagsasailalim sa Kalooban ng Diyos at sa mapagpakasakit na paglilingkod sa sangkatauhan o tungo sa pagkabihag sa piitan ng sarili at silakbo ng damdamin. Nililinaw ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Ang sariling katangian ng bawat nilikhang bagay ay nababatay sa banal na karunungan, sapagkat walang kapintasan sa nilalang ng Diyos. Gayumpaman, ang personalidad ay walang sangkap ng pagkapermanente. Ito ay isang bahagyang nagbabagong katangian sa tao na maaaring bumaling sa alinmang direksiyon. Sapagkat kung nakamtan niya ang kapuri-puring mga katangian, pilalakas ng mga ito ang sariling katangian ng tao at pinupukaw ang Kaniyang natatagong mga lakas; subalit kung magtamo siya ng mga kapintasan, ang kagandahan at kasimplihan ng sariling katangian ay mawawala sa kaniya at ang mga katangiang ibinigay ng Diyos ay masasakal ng masamang kapaligiran ng sarili.”[4]**

Nabubuhay tayo sa isang panahon kung kailan ang isang kultura ng agresibong materyalismo ay nanunuot sa bawat bahagi ng buhay? Ang labis na pagkahumaling sa sarili, na inihahabi sa laganap na kulturang ito ay naghaharap sa atin ng napakaraming hamon habang sinisikap nating tulungan ang mga junior youth sa paglilinang ng kanilang mga kakayahan, sapagkat kahit ang matapat na mga pagsisikap na tulungan ang ang mga kabataan upang palabasin ang kanilang natatagong mga kakayahan at ituon ang kanilang mga lakas tungo sa ikabubuti ng lahat ay maaaring mapinsala ng masamang impluwensiya ng isang pananaw na daigdig na makasarili sa mismong kaibuturan nito. Ang suliranin ay masalimuot. Ang kasalukuyang sistema ng daigdig ay tunay ngang ipinagkakait sa napakalaking bilang ng mga tao na may katatagan ng loob na kinakailangan upang mamuhay nang may layunin; samakatwid ang pananalig sa sariling moral na lakas ay isang suliraning kailangang harapin. Pinalalabo nito ang mataas na layunin ng tao; samakatwid, ang pagsasakatuparan ng sariling mga hangaring marangal ay isang lehitimong pinagkakaabalahan. Ginagawa nitong malimot ng napakarami ang buhay ng kaluluwa; samakatwid, ang pagtutuklas ng sariling tunay na mga kakayahang natatatago pa ay nararapat bigyang-pansin. Subalit ang mga programang nagbibigay-daan sa “sarili” ay hindi naman tiyak na nakalulunas sa sitwasyon. Ang madalas na nangyayari, sa ngalan ng pagsasakatuparan ng sarili, pagtutuklas ng sarili, at pagpapahalaga sa sarili, ang gayong mga programa ay naghahain ng pananaw sa indibidwal na kathang-isip lamang at pinalalakas ang pagkamakasarili. Ang hamon sa atin ay ang pag-aruga sa mga kahiligang espiritwal sa mga kabataan, upang ang kanilang malambot na mga puso ay mapukaw ng pagkahalina sa Pinakadakilang Kagandahan at maitungo sa mataas na mga adhikain ng walang pag-iimbot na paglilingkod sa sangkatauhan. Ang ating mga pagsisikap na pangalagaan ang mga pangangailangan sa edukasyon sa yugtong ito na humuhubog sa kanilang mga buhay ay dapat na hinahadlangan ang mapilit na sarili mula sa paggigiit ng sarili nito. Upang saliksikin pa ang likas na katangian ng hamon na ito, hinihiling sa inyo, sa kasunod na ilang bahagi, na magnilay-nilay sa ilan sa sipi mula sa mga kasulatan na tinutukoy ang sarili. Subalit, bago roon, maaaring makatulong sa inyong grupo ang talakayin ang kahulugan ng pariralang “mapilit na

sarili sa paggigiit ng sarili nito". Paano maaring tiyakin na ang paglilingkod ay hindi nagiging larangan kung saan nangingibabaw ang sarili?

## BAHAGI 5

Ang unang pangkat ng mga sipi sa ibaba ay nauugnay sa mga aspekto ng "sarili" na kalugud-lugod sa Diyos at dapat paunlarin:

> **"O Aking mga tagapaglingkod! Kung mababatid lamang ninyo ang mga kamanghaan ng Aking kasaganaan at biyaya na niloob Kong ipagkatiwala sa inyong mga kaluluwa, sa katotohanan ay aalisin ninyo mula sa inyong mga sarili ang pangangapit sa lahat ng nilikhang bagay, at magtatamo ng tunay na kaalaman sa inyong mga sarili—isang kaalamang kapareho ng pagkaunawa sa Aking mismong Sarili. Matatagpuan ninyong malaya ang inyong mga sarili mula sa lahat liban sa Akin, at makikita, sa pamamagitan ng inyong panloob at panlabas na mata, at kasinlinaw ng kahayagan ng Aking nagniningning na Pangalan, ang mga karagatan ng Aking masuyong kabaitan at biyaya ay dumadaluyong sa loob ninyo."[5]**

> **"Malayo, malayo sa Iyong kaluwalhatian ang maipagpapatibay ng taong mortal hinggil sa Iyo, o maipapalagay tungkol sa Iyo, o sa papuring magagamit niya sa pagluluwalhati sa Iyo! Ang anumang tungkuling iniatas Mo sa Iyong mga tagapaglingkod na purihin nang sukdulan ang Iyong kamahalan at kaluwalhatian ay palatandaan lamang ng Iyong biyaya sa kanila, nang sa ganoon ay matulutan silang pumailanlang sa kalagayang ipinagkaloob sa kanilang kaloob-loobang sarili, ang kalagayan ng kaalaman ng kani-kanilang mga sarili."[6]**

> **"Ang unang Taráz at ang unang maliwanag na karingalang namitak mula sa guhit-tagpuan ng Inang Aklat ay yaong dapat makilala ng tao ang kaniyang sarili at malaman kung ano ang mag-aakay sa kataasan o sa kababaan, sa kaluwalhatian o sa pagkaaba, sa kayamanan o sa karukhaan."[7]**

> **"O Anak ng Espiritu! Ika'y nilikha Kong mayaman, bakit mo ibinaba ang iyong sarili sa karalitaan? Ika'y ginawa Kong marangal, ano at pinaging hamak ang iyong sarili? Mula sa diwa ng kaalaman ika'y binigyan Ko ng buhay, bakit humahanap ka ng kaliwanagan sa iba bukod sa Akin? Mula sa luad ng pag-ibig ay hinubog Ko ikaw, paano at nag-aabala ang iyong sarili sa iba? Ituon ang iyong paningin sa iyong sarili, nang makita mong Ako ay nakatindig sa loob mo, malakas, makapangyarihan, at nabubuhay sa sarili."[8]**

Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa mga sipi sa itaas:

a. Kung mababatid lamang natin ang mga kamanghaan ng Kaniyang kasaganaan at biyaya na niloob ng Diyos na ipagkatiwala sa ating mga kaluluwa, ating _______ _____________________________________________ , at ating _______________ __________________________________________________________ .

b. Matatagpuan natin ang ating mga sarili ____________________________________ ____________ , at makikita natin sa pamamagitan ng ating panloob at panlabas na mata, ______________________________________________________________ ________________________________________________________________ ______________________________________________________________ .

c. Ang anumang tungkuling iniatas sa atin na purihin ang kamahalan at kaluwalhatian ng Diyos ay palatandaan lamang ng Kaniyang biyaya sa atin, nang sa ganoon ay matulutan tayong ___________________________________________________ _______________________________________________________________ _______________________________________________________________ _______________________________ .

d. Dapat nating makilala ang ating mga sarili at malaman kung ano ang mag-aakay sa _______________________ o sa ____________________ , _____________ o _______________________ , ________________ o _________________ .

e. Nilikha tayong ___________ at ginawa tayong ________________ . Mula sa diwa ng ________________________ binigyan tayo ng Diyos ng buhay, at mula sa luad ng ___________ ay _______________ Niya tayo. Hinihiling Niyang ituon natin ang ating paningin sa ating mga sarili, nang _____________________________ _______________________________________________________________ .

Tinutukoy ng lahat ng sipi sa itaas ang ating tunay na sarili at ang kahalagahan ng pag-unawa sa likas na katangian nito. Mangyari pa, dapat nating mabatid na ang kaalaman tungkol sa pagiging marangal ng ating mga sarili ay hindi nagbubunga ng pagyayabang kundi ay ng pagpapakumbaba sa harap ng Diyos at ng Kaniyang mga tagapaglingkod. Talakayin sa inyong grupo kung paano tayo tinutulungan ng ating kaalaman ukol sa ating tunay na likas na katangian sa ating pagpupunyagi laban sa ego (o pagkamakasarili).

## BAHAGI 6

Ang pangalawang pangkat ng mga sipi ay nagbababala sa atin laban sa pagpapasasa sa sarili:

**"Ang bawat kaluluwang hindi ganap ay makasarili at iniisip lamang ang sariling kabutihan."[9]**

**"Subalit kung siya ay magpapakita ng kaliit-liitang bahid ng makasariling mga pagnanasa at pagmamahal sa sarili, ang kaniyang mga pagsisikap ay mauuwi sa wala at siya ay masisira at maiiwanang walang pag-asa sa wakas."[10]**

**"Tanging hinahangad mo ang kaligtasan mula sa kayabangan. Ang katangiang ito, na iyon ay ang kapalaluan, ay ang sumira sa maraming mahalagang tao sa daigdig. Kung ang isang tao ay nagtataglay ng lahat ng kapuri-puring mga katangian subalit ay mayabang, sa gayon ang lahat nitong mga kabutihan at mabuting mga katangian ay mawawala, at sa wakas ay magiging pinakamasamang mga kapintasan."**[11]

**"Ang kawalan ng pag-asa, dito at sa kabilang buhay, ay ang lahat ng iyong matatamo mula sa pagpapasasa sa sarili; ang kasuklam-suklam at ang pagdaralita ay lahat ng iyong aanihin mula sa pagiging panatiko, mula sa paniniwala sa hangal at sa walang-isip."**[12]

**"Sa araw na ito ang lahat ng sambayanan sa daigdig ay nagpapasasa sa sariling kapakanan at ibinubuhos ang sukdulang pagsisikap at tinatangkang itaguyod ang sariling materyal na kapakanan. Sinasamba nila ang kanilang mga sarili at hindi ang banal na realidad, ni hindi ang daigdig ng sangkatauhan."**[13]

**"Ang mga pagsubok na ito, tulad ng iyong isinulat, ay naglilinis lamang ng mga batik ng sarili mula sa salamin ng puso, hanggang sa magawa ng Araw ng Katotohanan na pasikatin doon ang mga sinag nito, sapagkat walang lambong ang higit na nakatatabing kaysa sa sarili, at gaanuman kanipis ng lambong na iyon, sa wakas ito ay ganap na sasarhan ang tao, at ipagkakait sa kaniya ang kanilang bahagi ng biyayang magpakailanman."**[14]

**"Masdan kung paanong sumisikat ang araw sa buong sangnilikha, subalit ang mga bahaging dalisay at makintab lamang ang nagagawang pasinagin ang luwalhati at liwanag nito. Ang kaluluwang mapanglaw ay walang bahagi ng rebelasyon ng maluwalhating karingalan ng realidad; at ang lupa ng sarili, na hindi magawang gamitin ang liwanag na iyon, ay hindi nagdudulot ng paglaki."**[15]

**"Napakaimbi ng kaluluwang nakatatagpo ng kaluguran sa karimlang ito, abala sa sarili, bihag ng sarili at ng simbuyo ng damdamin, nakalublob sa burak ng materyal na daigdig!"**[16]

Ang pagiging "makasarili", ang "pagmamahal sa sarili", ang "pagsamba sa sarili", ang "kayabangan", ang "pagpapasasa sa sariling kapakanan", at ang pagiging "bihag ng sarili at ng simbuyo ng damdamin" ay nagbubunga ng kapaligirang iyon kung saan nasasakal ang mga katangian ng ating pagkakakilanlan na ipinagkaloob ng Diyos. Alinsunod sa mga sipi sa itaas, ilarawan sa ilang pangungusap kung paano pinipigilan ng pagiging abala sa sarili ang paglaki ng espiritwal at ng pag-unlad ng moral at pinahihina ang pagiging mabisa ng paglilingkod.

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

BAHAGI 7

Ang pangatlong pangkat ng mga sipi ay kumakatawan sa isang maliit na bahagi ng maraming payo na matatagpuan sa mga kasulatan tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ang mapilit na sarili:

> **"Sa araw na ito ang mga pagpapatibay ng Kaharian ng Abhá ay nasa kanilang mga iwinawaksi ang kanilang mga sarili, nililimot ang sarili nilang mga kuro-kuro, itinatapon ang mga personalidad, at iniisip ang mabuting kalagayan ng mga iba. Ang sinumang winala ang kaniyang sarili ay natagpuan ang sanlibutan at ang mga nananahan doon. Ang sinumang abala sa kaniyang sarili ay gumagala sa disyerto ng kapabayaan at pagsisisi. Ang liyabe-maestra ng paghahari sa sarili ay ang paglimot sa sarili. Ang daan patungo sa palasyo ng buhay ay dumaraan sa landas ng pagtalikod sa sarili."[17]**

> **"Pinagkalooban Niya tayo ng kapangyarihang unawain ang mga realidad ng mga bagay; subalit kailangan nating talikuran ang ating mga sarili, kailangan nating magtaglay ng dalisay na mga espiritu, dalisay na mga layunin, at sikapin nang buong puso't kaluluwa habang nasa makalupang daigdig upang makamtan ang kaluwalhatiang walang-hanggan."[18]**

> **"Samakatwid ang mga lambong ng malademonyong sarili ay kinakailangang matupok ng apoy ng pag-ibig, nang sa gayon ang espiritu ay maging dalisay at maging pino, at sa gayon ay mabatid ang katayuan Niya na kung hindi dahil sa Kaniya ang daigdig ay hindi sana nilikha."[19]**

> **"Isaisantabi ang pag-aalala sa sarili, at sikapin lamang na maging masunurin at mapagpakumbaba sa Kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang tayo magiging mamamayan ng Kaharian ng Diyos, at makapagtamo ng buhay na walang-hanggan."[20]**

> **"Gawin ang lahat ng inyong makakaya upang lubos na magsawa sa sarili, at bigkisin ang inyong mga sarili sa Mukha ng mga Karingalan; at kapag kayo ay nakaabot na sa gayong mga tugatog ng paglilingkod, inyong matatagpuang natitipon sa ilalim ng inyong anino, ang lahat ng nilikhang bagay. Ito ang walang-hanggang biyaya; ito ang pinakamataas na paghahari; ito ang buhay na walang kamatayan. Ang lahat ng iba liban dito sa wakas ay pawang kapahamakan at malaking kawalan."[21]**

> **"Kung gayon, O kaibigan, isuko ang iyong sarili upang iyong matagpuan Siya na Walang-halintulad, pumailanlang sa naglalahong daigdig na ito upang iyong matagpuan ang iyong pugad sa tahanan ng langit. Maging tulad ng wala, kung**

**nais mong pagningasin ang apoy ng pag-iral at maging karapat-dapat sa landas ng pag-ibig."**[22]

**"Isaisantabi natin ang lahat ng pagsasaalang-alang sa sarili; ipikit natin ang ating mga mata sa lahat ng nasa lupa, huwag nating ipaalam ang ating mga pagdurusa ni umangal sa mga kasalanan sa atin. Sa halip ay limutin natin ang ating mga sarili, at sa pag-inom ng alak ng makalangit na biyaya, isigaw natin ang ating kaligayahan, at lunurin ang ating mga sarili sa kagandahan ng Ganap na Maluwalhati."**[23]

**"O mga tao ng daigdig! Huwag sundin ang mga udyok ng sarili, sapagkat mapilit na nananawagan ito sa kasamaan at kalibugan; kundi, sundin Siya na Nagmamay-ari ng lahat ng nilalang na bagay, Siya na nag-uutos sa inyo na magpakita ng kabanalan, at ihayag ang takot sa Diyos."**[24]

Ang mga saloobing iminumungkahi ng mga sipi sa itaas ay lubos na naiiba sa pag-iidolo sa sarili at sa pagkahumaling sa pagbibigay-kasiyahan sa sarili na siyang katangian ng napakaraming lipunan sa kasalukuyan. Mula sa mga siping ito, tukuyin ang ilan sa saloobin na dapat nating linangin kaugnay ng sarili. Ang dalawang halimbawa ay ibinibigay bilang tulong sa inyo.

- Dapat tayong matuto na iwaksi ang ating mga sarili, limutin ang sarili nating mga kuro-kuro, itapon ang mga personalidad, at isipin ang mabuting kalagayan ng mga iba.
- Dapat tayong matuto na talikuran ang ating mga sarili. ____________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________
- Dapat tayong matuto ____________________________________
  ________________________________________

Talakayin sa inyong grupo kung paano nakatutulong ang mga saloobing tinukoy ninyo tungo sa paglilinang ng isang marangal na tao at sa pagkakaloob ng lakas sa mga gawain ng paglilingkod.

## BAHAGI 8

Sa wakas ay ipinapaalaala sa atin ng sumusunod na mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá ang nagtutugunang ugnayan sa pagitan ng pagpapakasakit ng sarili at ng kakayahang makatulong sa pagbabago ng lipunan:

> **“Ang bunton ng mga tao ay abala sa sarili at makamundong hangarin, nakatubog sa karagatan ng daigdig sa ibaba at mga bihag ng daigdig ng kalikasan, maliban lamang sa mga kaluluwang iyon na malaya sa mga tanikala at mga gapos sa paa ng materyal na daigdig, at tulad ng mga ibong mabibilis ang lipad, pumapailanlang sila rito sa kahariang walang-hangganan. Sila ay gising at nagmamatyag, iniiwasan nila ang karimlan ng daigdig ng kalikasan, ang pinakamataas nilang hangarin ay nakatuon sa paghango sa sangkatauhan mula sa pagpupunyagi upang mabuhay lamang, tungo sa pagsikat ng pagiging espiritwal at ng pag-ibig sa kaharian sa kaitaasan, ang pagpapairal ng sukdulang kabaitan sa pagitan ng mga tao, ang pagsasakatuparan ng isang matalik at malapit na ugnayan sa pagitan ng mga relihiyon at ang pagsasagawa ng huwaran ng pagpapakasakit ng sarili. Sa gayon ang daigdig ng sangkatauhan ay mababago upang maging Kaharian ng Diyos.”[25]**

> **“O hukbo ng Diyos! Sa kasalukuyan, sa daigdig na ito, ang bawat sambayanan ay gumagalang ligaw sa sarili nitong disyerto, pumaparoon at pumaparito sang-ayon sa mga udyok ng mga hinagap at mga biglang maisip nito, sinusunod ang sarili nitong kapritso. Mula sa lahat ng mga dagsa-dagsang masa ng daigdig, tanging itong pamayanan lamang ng Pinakadakilang Pangalan ay malaya at hiwalay sa mga pakana ng tao at walang makasariling layunin na itinataguyod. Tanging ito lamang, sa kanilang lahat, itong mga tao ang bumangon na ang mga layunin ay dalisay mula sa sarili, sinusunod ang mga Turo ng Diyos, lubhang sabik na gumagawa at nagsusumikap tungo sa iisang layunin: ang baguhin itong alabok sa ibaba na maging mataas na kalangitan, ang gawin itong daigdig na ito na maging salamin ng Kaharian, ang baguhin ang daigdig na ito na maging ibang daigdig, at gawin ang buong sangkatauhan na gamitin ang mga paraan ng pagkamatwid at ang isang bagong pamamaraan ng pamumuhay.”[26]**

> **“O kayong mga minamahal ng Diyos! Dito, sa Dispensasyong Bahá’í, ang Kapakanan ng Diyos ay espiritung walang halo. Ang Kaniyang Kapakanan ay hindi bahagi ng materyal na daigdig. Hindi ito dumating para sa pag-aaway o digmaan, ni para sa mga gawain ng kalokohan o ng nakahihiya; hindi ito para sa pakikipag-away sa ibang mga Pananampalataya, ni para sa pagtatalo ng mga bansa. Ang tanging hukbo nito ay ang pag-ibig sa Diyos, ang tanging ligaya nito ay ang malinaw na alak ng Kaniyang kaalaman, ang tanging digmaan nito ay ang pagpapaliwanag ng Katotohanan; ang tanging krusada nito ay laban sa mapilit na sarili, ang masamang mga udyok ng puso ng tao. Ang tagumpay nito ay**

**magpasakop at sumuko, at ang maging walang-bahid ng pagkamakasarili ay ang kaluwalhatian nito magpakailanman."**[27]

Inilalarawan ng mga sipi sa itaas ang ilang katangiang nagtatangi sa yaong mga itinuturing ni 'Abdu'l-Bahá na kasama sa "hukbo ng Diyos", na tinutukoy Niya bilang "mga minamahal ng Diyos", yaong mga "malaya sa mga tanikala at mga gapos sa paa ng materyal na daigdig". Nilay-nilayin ang mga katangiang ito habang binubuo ninyo ang mga pangungusap sa ibaba.

a. Ang bunton ng mga tao ay abala sa ______________________________ , nakatubog sa ________________________________________________________ at mga bihag ng _______________________________________ .

b. Ang mga kaluluwang iyon na malaya sa mga tanikala at mga gapos sa paa ng materyal na daigidg, at tulad ng mga ibong mabibilis ang lipad na pumapailanlang sa kahariang walang-hangganan, ay _______________ at __________________ ; iniiwasan nila ang ___________________________________________________ ________________________________________ , at ang pinakamataas nilang hangarin ay nakatuon sa ________________________________________________ _________________________________________ , _________________________ __________________________ at ______________________________________ , ang pagpapairal ng __________________________________________________ , ang pagsasakatuparan ng ____________________________________________ _________________________________________________ at ang pagsasagawa ng _________________________________________________ .

c. Sa kasalukuyan, sa daigdig na ito, ang bawat sambayanan ay _________________ ________________________________________ , pumaparoon _______________ __________________________________________________________________ ________________________________________ , sinusunod ________________ _____________________ .

d. Tanging itong pamayanan lamang ng Pinakadakilang Pangalan ay _____________ _______________________________________ at walang _____________________ ____________________________ . Tanging ito lamang, sa kanilang lahat, itong mga tao ang bumangon na _____________________________________________ , sinusunod ___________________________ , lubhang sabik na _______________ ____________________________________________________ : ang baguhin itong ___________________________ na maging ______________________________ , ang gawin itong __________________________ na maging __________________ _____________ , ang baguhin ang ___________________________ na maging

________________________ , at gawin ang buong sangkatauhan na ___________
________________________________
____________________________________________________________ .

e. Ang Kapakanan ng Diyos ay espiritung __________________ . Ito ay hindi bahagi ng _____________________________ . Ang tanging hukbo nito ay ang ________ _________________ , ang tanging ligaya nito ay ang _______________________ _________________________ , ang tanging digmaan nito ay ang _____________ __________________________________ ; ang tanging krusada nito ay ________ __________________________________ , ______________________________ ________________________________ . Ang tagumpay nito ay ______________ __________________ , at ang maging __________________________________ ____________________ .

## BAHAGI 9

Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na mga sipi hango sa mga dalanging ipinahayag ni Bahá'u'lláh:

> **"Pukawin sa kanila, O aking Panginoon ang kamalayan ng sarili nilang kawalan ng lakas sa harap Niya na Siyang Kapahayagan ng Iyong Sarili, at turuan silang makilala ang karukhaan ng sarili nilang pagkatao sa harap ng napakaraming palatandaan ng Iyong pagsasapat sa sarili at mga kayamanan, nang upang magsitipon sila palibot sa Iyong Kapakanan, at mangapit sa laylayan ng Iyong kahabagan, at humawak sa kordon ng mabuting kaluguran ng Iyong kalooban."[28]**

> **"Hubaran, kung gayon, ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, ng mga damit ng sarili at pagnanasa, o ipagkaloob na maitaas ang mga mata ng Iyong mga tao sa gayong mga rurok na wala silang makikita sa kanilang mga pagnanasa liban sa paghihip ng mahinay na mga hangin ng Iyong kaluwalhatiang walang-maliw, at makikilala sa kanilang mga sarili ang walang iba liban sa pagkahayag ng Iyong angking mahabaging Sarili, upang ang daigdig at ang lahat ng naroroon ay madalisay mula sa anumang naiiba sa Iyo, O naghahayag ng anuman liban sa Iyong Sarili."[29]**

## BAHAGI 10

Habang tumitindi ang inyong hilig sa pag-aruga sa junior youth, magiging bihasa kayo sa maraming teoryang sinisikap ilarawan ang pagbibinata at pagdadalaga. Ang isang salita na paulit-ulit ninyong makatatagpo ay ang "krisis"—kaugnay ng pagkakakilanlan, mga damdamin, ugnayan sa mga magulang, pakikitungo sa awtoridad, at iba pa. Kailangan ninyong suriin nang maingat ang mga teoryang ito, nang sa ganoon ay hindi ninyo akalain na ang kalagayan ng krisis ay isang di-maiiwasang kalagayan ng bawat junior youth. Kailangan ba

talaga sa buhay ng bawat nagbibinata at nagdadalaga na ang pangunahing katangian nito ay mga kaguluhan ng isa o iba pang uri? Ang mga junior youth ba sa kahabaan ng kasaysayan ay dumanas ng gayong kaguluhan at pagkatuliro at sila ba ay dumaraan sa gayong mga krisis sa bawat kultura at lipunan sa kasalukuyan?

Sa pagsisikap sagutin ang ganitong mga katanungan, dapat ninyong mabatid na ang karamihan ng malawakang pag-aaral sa mga kabataan ay isinasagawa sa loob ng mga balangkas kung saan ay labis na binibigyan-diin ang sarili, ang kasiyahan, ang pagbabagong ukol sa biyolohiya, ang kamalayang seksuwal, at ang materyal na mga tagumpay—propesyon, kita, at kalagayan sa lipunan. Madalas na makitid ang pagtutok nito sa antas sa lipunan, lahi, at kasarian, at hindi pinapansin ang mga katangiang ipinagkaloob ng Diyos na likas na naroroon sa kaluluwa ng bawat tao. Mangyari pa, ang ilan sa malalim na pag-unawang matatamo ninyo mula sa mga pag-aaral na ito ay makatutulong habang sinisikap ninyong maunawaan ang mga katangian nitong grupo ng mga magkaedad. Subalit ay kaduda-duda kung ang mga pagsisikap na ibinunga ng gayong mga pag-aaral ay makagagawa ng mahigit pa sa pagbibihasa ng mga kabataan sa mga kalakaran ng lipunang materyalistiko, isang lipunan kung saan, alam natin, ang pananaw nito ay pinipinsala ang mga kakayahang espiritwal. Sa kabaliktaran, sa konsepto ukol sa junior youth na inyong tinatanggap ang hinihingi ay ang pagpapayabong ng pagkakakilanlang espiritwal ng mga indibidwal na gagawin nila ang "isulong ang patuloy na umuunlad na kabihasnan" at sila ay magiging mga "tagapagtatag ng pagkakaisa" at mga "kampeon ng katarungan".

Ang mahalagang tandaan kaugnay nito ay napakalaki ng epekto sa mga kabataan ng paraan ng pagtingin ng mga iba sa kanila. Sa gayon, ang mapanglaw na pananaw sa panahon ng pagbibinata at pagdadalaga na laganap sa lipunan ay nakatutulong upang likhain ang mga kalagayan para sa pagpapalaganap ng hindi kanais-nais na mga paraan ng pag-uugali. Halimbawa, isipin ang pahayag mula kay Sigmund Freud na ang panahon ng pagbibinata at pagdadalaga ay isang pansamantalang kabaliwan o ang mungkahi ni Anna Freud na ang pagiging normal na panahon ng pagbibinata at pagdadalaga sa mismong sarili nito ay hindi normal. Hindi ba ang ganitong mga pahayag ay nagiging mga lambong upang hindi makita ng mga tao ang tunay na kakayahan ng mga junior youth? Anong ebidensiya ang pinagbatayan ng mga siyentipikong ito upang magbigay ng gayong masaklaw na mga pahayag? Mangyari pa, mayroon namang ilang dalubhasa sa edukasyon na mas maganda ang sinasabi tungkol sa panahon ng pagbibinata at pagdadalaga, subalit ang kanilang mga pananaw ay hindi nangingibabaw sa diskurso ukol sa paksang ito. Ang mga larawang-isip na nananatili sa mga kaisipan ng kapuwa mga magulang at mga guro ay ang pagiging rebelde, kawalan ng katwiran, at walang kabuluhan. Maaari nating itanong, sa isang lipunan kung saan ang gayong mga pananaw ay nanalaytay sa mga ugat nito, paano nito magagawang tulungan ang mga nagbibinata at nagdadalaga na maging gayong uri ng kabataan na inilalarawan sa unang yunit ng aklat na ito?

## BAHAGI 11

Kaugnay ng talakayan sa itaas, nais naming imungkahi na inyong gamitin ang ganitong pananaw: sa tuwing ang alinmang pangkat ng mga junior youth ay nagkakaroon ng hindi kanais-nais na pag-uugali—na higit pa natural na ibinubunga ng magkasunod na yugto ng krisis at tagumpay na katangian ng proseso ng normal na paglago—ang mga dahilan nito ay dapat hanapin sa loob ng kapaligirang panlipunan, maaaring sa garapal na pagsasalungatan na

natutuklasan ng murang mga kaisipan sa mga buhay ng mga matatanda na dati ay buong-buo ang kanilang pagtitiwala, o maaaring sa kawalan ng kakayahan ng mga matatanda upang kilalanin ang pagiging makatwiran ng isang indibidwal na sinisikap nang iwan ang mga kaugalian ng pagiging bata.

Sa ganitong pananaw, mangyari pa, hindi ipinaglalaban na ganap na wala nang pagiging pabigla-bigla o pagkarebelde sa pag-uugali ng isang nagbibinata o nagdadalaga. Ang iminumungkahi ay ang kapaligirang panlipunan, lalo na ang pagkilos ng mga matatanda, ay malaki ang idinudulot sa maraming hindi kanais-nais na pag-uugaling karaniwan nang iniuugnay sa panahong ito. Upang saliksikin pa ang mga ipinahihiwatig ng aming sinasabi, maaaring nanaisin ninyong talakayin sa inyong grupo ang kawastuhan ang sumusunod na mga pahayag at bumuo ng iba pang mga pahayag na higit pang nagpapaliwanag sa ideya:

- Ang mga junior youth ay nagrerebelde laban sa mga matatanda na sinasabihan silang sumunod sa mga pamantayang sila mismo ay hindi sinusunod.

- Waring nagrerebelde ang mga junior youth kapag ang payo ay ibinibigay sa paraan ng pagsermon.

- Sila ay nagiging mababaw kapag ang daigdig ay walang inihaharap sa kanila liban sa mababaw na mga gawaing nakahahadlang sa pag-unlad ng kanilang mga kakayahang intelektuwal.

- Hindi nila iginagalang ang disiplina kapag ipinapataw sa kanila ng mga matatanda ang mahigpit na mga patakaran, lalo na kung sila ay lumaki sa layaw o hinayaang hindi pinipigilan noong sila ay mga musmos.

- Sila ay waring pabigla-bigla kapag ang mga matatanda sa palibot nila ay hindi marunong tumulong sa kanila sa pag-iisip ng mga ibubunga ng kanilang mga pasiya.

- Sila ay nagiging palalo kapag itinuturo sa kanila ang kahalagahan ng sarili sa halip ng paglilingkod sa lipunan nang walang pag-iimbot.

- Sila ay nagiging mabisyo o pasasa sa sarili kapag tinutukso sila ng walang-puknat na propaganda na pagbigyan ang kanilang mga pagnanasang pisikal.

__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________

## BAHAGI 12

Tinalakay ng Universal House of Justice ang "kaluwagan at kabuktutan" ng isang "lipunang mapapagpalayaw" at ang pangangailangang mag-ingat ng mga kabataan mula sa impluwensiya nito:

> **". . . ang Kapakanan ng Diyos ay magtatamo ng napakalaking kapakinabangan kapag mapapansing ang mga Bahá'í, at lalo na ang mga kabataang Bahá'í, ay namumukod mula sa kaluwagan at kabuktutan ng lipunang mapagpalayaw, na ang matayog na mga pamantayan ng asal na sinisikap nilang itaguyod ay matibay na nakaugat sa mga simulaing espiritwal, at nagkakaloob sa kanila ng lakas-loob, paggalang sa sarili, at tunay na kaligayahan. Sa kabilang dako, napakalaking pinsala lamang ang maidudulot sa Kapakanan kung ang mga tagasunod nito ay lalamunin lamang ng kalakaran sa kasalukuyan."[30]**

Sa sumusunod na sipi, inihahain ng Guardian sa atin ang napakalalim na pag-unawa sa likas na katangian ng gayong lipunan at ang impluwensiyang idinudulot nito sa ating lahat:

> **"Sa katunayan, ang pangunahing dahilan sa mga kasamaang laganap na ngayon sa lipunan ay ang kakulangan ng pagiging espiritwal. Ganoon na lamang ang pag-ubos ng lakas at hilig ng sangkatauhan sa materyalistikong kabihasnan ng ating panahon na karaniwang hindi na nadarama ng mga tao ang pangangailangang iangat ang kanilang mga sarili mula sa mga puwersa at mga kalagayan ng kanilang araw-araw na materyal na buhay. Wala nang sapat na paghahangad para sa mga bagay na espiritwal upang mapagkaiba ang mga iyon mula sa mga pangangailangan at mga hinihingi ng ating pisikal na buhay."[31]**

May ilang palatandaan ng kapahamakang moral na tinutukoy ng Guardian sa paglalarawan niya sa mapanirang mga puwersa na umiiral sa kasalukuyang lipunan. Kabilang sa mga kalagayang binibigyan-diin niya sa kaniyang mga komunikasyon ay ang iresponsableng saloobin tungo sa pag-aasaaw at ang ibinubunga nitong paghihiwalay at diborsiyo; ang paghina ng pagkakaisa ng pamilya at ang patuloy na pagpapalayaw ng mga magulang; ang matinding paghahabol sa makalupang mga kapalaluan, kayamanan, at mga kaluguran; ang pagkahulog sa maluhong pagpapasasa sa sarili; ang paghina sa moralidad ng sining at ng musika; ang pagbaba sa pamantayan ng literatura at ng pamahayagan; at ang pagkamuhi sa ibang lahi at ang kayabangan ukol sa sariling bansa. Samantalang walang hindi tinatalaban ng impluwensiya nitong mga kasamaan, ang mga ito ay nagkakaroon ng tanging epekto sa mga nagbibinata at nagdadalaga. Isipin, halimbawa, ang ilang idinudulot ng paghihiwalay o diborsiyo. Tiyak na labis na nalulungkot ang maliliit na bata kapag naghihiwalay ang kanilang mga magulang, at nananabik sila sa kaligtasan at kasigurohan ng isang tahanang nagkakaisa. Subalit ang mga indibidwal na nagbibinata o nagdadalaga ay nagagapi ng gayong mga damdaming tulad ng pagiging makasalanan, galit, hiya, at paghamak kapag nawawasak ang pagsasama ng kanilang mga magulang. Samantalang batid nilang ang kanilang mga magulang ang may pananagutan dito, hindi nila maiwasang sisihin ang kanilang mga sarili dahil sa kapahamakan ng kanilang pamilya. Ang mga binhi ng pagdududa tungo sa pag-aasawa at pamumuhay ng pamilya ay

naitatanim sa kanilang mga isipan, at ang kanilang kawalan ng pag-asa ay pinagtitibay ng paglaganap ng paghihiwalay at diborsiyo na nakikita nila sa lipunang nakapalibot sa kanila.

1. Maaaring makatulong sa inyo ang nilay-nilayin ang paraan kung paano ang ilang kalagayang panlipunan na tinukoy sa itaas ay hinuhubog ang kabatiran ng mga nagbibinata o nagdadalaga ukol sa realidad, ang paraan ng pag-iisip nila tungkol sa kanilang mga sarili, ang kanilang mga pananaw sa buhay, ang kanilang mga damdamin at mga emosyon, ang kanilang kakayahang pagkaibahin ang tama sa mali, ang kanilang pakikitungo sa mga iba, at ang kanilang tiwala sa mga institusyon ng lipunan. Ang iba't ibang kalagayang binanggit ay nakalagay sa ibaba, at ang ilang puwang ay inilaan para sa inyo upang isulat ang inyong mga pananaw.

   a. Kaluwagan at kabuktutan ng lipunang mapagpalayaw: ____________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   b. Ang paghina ng pagkakaisa ng pamilya at ang patuloy na pagpapalayaw ng mga magulang: ________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   c. Ang matinding paghahabol sa makalupang mga kapalaluan, kayamanan, at mga kaluguran: ________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

d. Ang paghina sa moralidad ng sining at ng musika, at ang pagbaba sa pamantayan ng literatura at ng pamahayagan: ________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

e. Ang pagkamuhi sa ibang lahi at ang kayabangan ukol sa sariling bansa: ________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

2. Anong mga damdamin ang pumupuspos sa inyong puso at isipan habang kayo ay nagninilay-nilay sa lumalalang mga kalagayang panlipunan na may epekto sa mga buhay ng mga junior youth? Sa anong paraan pinalalakas ng kamalayang ito ang inyong mga pagsisikap na tulungan silang paunlarin ang mga kakayahang likas na naroroon na sa kanilang tunay na pagkatao?

## BAHAGI 13

Sa pagtawag ng pansin sa mga palatandaan ng isang gumuguhong daigdig ay hindi naman itinatatwa ang kahalagahan ng mga puwersang nakabubuti na umiiral din sa lipunan sa kasalukuyang panahon. Ang kinakailangang gawin ay ang ibigay sa mga junior youth ang isang kapaligiran kung saan ang kanilang mga kapangyarihang espiritwal ay maaaring arugain, at tinitiyak sa ganitong paraan na sila ay nagtatamo ng mga impluwensiya mula sa angkop na mga puwersang panlipunan. Mangyari pa, ang mga pagsisikap na lubusan silang ihiwalay mula sa nakapipinsalang mga kalagayan ng lipunan ay mabibigo. Sa halip ay kailangan silang tulungan sa pagsukat at pagsuri sa epekto sa kanilang mga iniisip at mga nadarama mula sa daigdig na nakapalibot sa kanila. Kaugnay nito, kailangang bigyan ng tanging pansin ang paksa ng propaganda, sapagkat, sa karamihan ng mga lipunan, ang propaganda ay higit at higit pang humuhubog sa mga pinahahalagahan, mga saloobin, at mga pananw ng mga junior youth. Ang isang maikling pagsuri sa ilang katangian ng advertising o mga patalastas ay makasasapat na upang ilarawan ang puntong ito.

Ang mga puwersa ng materyalismo na namamahala sa propaganda ay binibigyan ng maling kahulugan ang realidad. Ang mga larawang ginagamit sa advertising, halimbawa, ng isang perpekto subalit hindi makakamtang pisikal na hitsura ay pinaglalaruan ang mga damdamin ng mga nagbibinata o nagdadalaga sa panahong tumataas ang kanilang kamalayan sa sarili. Inilalarawan ng sunod-sunod na mensahe na ang pangunahing gawain ng babae ay ang akitin ang lalaki. Higit pa rito, ang kagawiang bigyang-kahulugan ang pagiging lalaki batay sa pisikal na lakas ay binibigyan ng labis na kahalagahan, na madalas ay hanggang sa punto na pinalalampas ang karahasan at pakikipagsapalaran at hinihimok ang kapilyuhang seksuwal at panliligaw. Anumang itinuturing bilang kahinaan ay walang-awang itinatatwa, at ang agresibong asal ay masistemang pinalalaganap. Kawili-wiling ang isang tanging anyo ng pagiging matigas ay ipinalalabas na nakaaakit, sa layuning tularan ito ng mga babae.

Walang-alinlangang ang pangunahing layunin ng karamihan ng advertising na natuon sa mga kabataan ay ang lumikha ng isang kulturang pandaigdig na mananabik silang salihan. Sa ganitong kultura, matututo silang magsalita ng magkaparehong wika, kikilos sa magkaparehong paraan, at higit sa lahat, ay gagamitin ang walang-katapusang hanay ng mga produkto. Higit na mahalaga pa, isasali sila sa isang madetalyeng paraan ng pagpapahalaga na magtatakda sa kanilang mga paraan ng pagkonsumo sa buong kahabaan ng kanilang mga buhay. Kapansin-pansing ang mismong salitang "teenager" ay inimbento ilang dekada noong nakaraan upang samantalahin ang malaking pagkakataong mapagbentahan itong bahagi ng lipunan.

Upang lubusang mapakinabangan ang mga hangarin na nagigising, sa kulturang ipinalalaganap ng advertising ay inilalagay ang seksuwalidad sa mismong sentro ng buhay ng isang kabataan. Ang mga produktong tulad ng soft drinks na wala namang kaugnayan sa seksuwalidad ay ginagamit upang pukawin sa isipan ng mga kabataan ang mga ilusyon ng romantikong mga relasyon. Ang mga damdamin ng personal na pagkukulang at ang mga agam-agam ng di-pagtanggap dahil sa mabahong amoy ng katawan, kapintasan ng kutis, o ng pananamit na wala sa uso ay nililinang upang maipakilala ang mga produktong kosmetik at bagong mga estilo na nangangakong magkaloob ng panghalinang seksuwal at kalayaan mula sa kahihiyan. Kahit ang mga kotse ay inilalarawan ng mga terminong tulad ng "hot", "pogi", "ang sarap hawakan"—na ang lahat ay may seksuwal na pahiwatig. Habang bumababa ang mga pamantayang moral nitong nakaraang ilang dekada, ang malaswang nilalaman ng advertising ay naging higit at higit pang garapal. Waring ang ilang aspekto ng konsumerismo ay unti-unti nang nagiging anyo ng gawaing seksuwal sa mismong sarili ng mga ito.

Ang ginagampanan ng mga "brand" o tatak sa lumalawak na pandaigdigang "teen market" ay nangangailangan ng tanging pagbanggit. Ang mga pag-aaral kung saan ay sinasaliksik kung paano sasamantalahin ang potensiyal ng market na ito ay iminumungkahi nang walang-kahihiyan na ang pagsamba sa mga "brand icon" ay isang malakas na elemento ng konsumerismo. Lumilitaw na ang mga brand ay nagbibigay ng isang angkla o mapaghahawakan sa walang-katiyakang daigdig ng pagbibinata o pagdadalaga. Higit pa roon, ang mga ito ay madalas na nakikita bilang mga pasaporte sa pandaigdigang kultura ng kabataan na ginagawang labis na nakahihikayat ng advertising. Ang kulturang itinataguyod nitong mga paraan ng pagbebenta, mangyari pa, ay nagbubulag-bulagan sa pagtaas ng kahirapan sa mga bansa; ang ipinakikita nito ay ang mga larawan ng kasaganaang tinatamasa ng maliit na bahagi ng populasyon ng daigdig upang mapaniwala ang mga kabataan mula sa lahat ng pinanggagalingan na ang mga produktong pangkonsumo ay ang pinagmumulan ng walang-hanggang kaligayahan.

Sa ilang pag-aaral ng "teen market", ang mga kabataan ay inilalagay sa mga kategorya sang-ayon sa mga katangiang malamang na magbubunsod sa kanila sa pagkonsumo ng tanging mga uri ng mga produkto—mga kategoryang nagbibigay ng pagkakataong higit na mabisa silang maakit ng advertising. Sa isang tanging pag-aaral, halimbawa, sila ay hinati sa anim na grupo: ang mga "Resigned" na inaakalang hindi na magbabago ang kanilang kapalaran at sinusubukan na lamang makaraos nang walang gaanong pagsisikap; ang mga "Thrills-and-Chills", na naghahanap ng kasayahan at habang walang mga alalahaning panlipunan at pampolitika, ay handang sumali sa pagsamba ng mga brand icon; ang mga "Bootstrapper", na bagaman halos katulad ng grupong sinusundan nito, ay nagtataglay rin ng pagkukusa at kakayahan sa dibdibang trabaho at nakikita ang mga produkto at mga serbisyo bilang paraan upang makasulong at manguna sa kompetensiya; ang mga "Quiet Achievers" na mga *conformist* (o di-sumasalungat sa kalakaran) na umiiwas sa pampolitika at panlipunang pagrebelde at nananatiling malapit sa kanilang mga pamilya at mapanuri kapag bumibili at isinasaalang-alang ang kalidad at mga kapakinabangan ng isang produkto; ang mga "Upholder" na gayundin ay mga conformist subalit hindi palaisip at pinupuno ang kanilang mga isipan ng mga estadistika ng mga sports at mga pangalan ng mga team at mga player, at sa gayon ay wala na halos pagkakataong isipin ang mga isyung pampolitika at pang-ekonomiya; at sa huli ay ang mga "World Saver" na hinahangad magkagawa ng positibong pagbabago sa daigdig at ang kanilang kahalagahan ay matatagpuan sa pagkakataong inihahain nila sa mga marketer na baguhin ang mga kapakanang panlipunan na maging mga bagay na maibebenta.

Waring ang lahat ng bagay ay maaaring sumailalim sa branding at konsumerismo. Lalo na sa napakabilis magbagong larangan ng *social media*, ang bawat aspekto ng buhay ng isang tao ay maaaring maging bagay na pangkonsumo. Ang mga platform na pinalalabas na nilikha upang gawing higit na mabuting lugar ang daigdig sa pamamagitan ng "sharing", "friendship", at "networking", sa katunayan ay naging mga paraan upang palawakin at palalimin pa ang kanilang mga naaabot. Subalit, gaanuman nakababahala ang maikling pagsusuri na inihaharap dito, hindi nito nilalayong magbatikos sa gawain ng advertising. Ang layunin nito ay upang pahusayin pa ang inyong kakayahang kilatisan nang mapanuri ang propaganda—sa pangangalakal, politika, etnika, kultura—nang sa gayon ay makatulong kayo sa mga junior youth sa pagtukoy ng mga epekto nito sa kanilang mga kaisipan at asal. Ang sumusunod na mga pagsasanay ay maaaring makatulong pa sa inyo sa pagninilay-nilay sa masalimuot na bagay na ito:

1. Ang advertising ay gumagamit ng lengguwahe at mga larawang-isip upang baguhin ang anyo ng pangkaraniwang mga produkto upang maging mga pinagmumulan ng kasiglahan. Ang mga sagisag ay ginagamit upang bigyan ang mga bagay at mga pangyayari ng labis-labis na kahalagahan kaysa nararapat sa mga iyon. Bilang halimbawa, ang isang inumin ay hindi maaaring ilarawan batay sa kung ano ito—isang bagay na pamatid-uhaw—kundi ay ipinakikilala bilang tagapag-una ng kaligayahan at katuparan. Ang mga sagisag na ginagamit ng fashion industry ay ginagawang mapanghalina ang pananamit at mga pampaganda. Ang mga sagisag ng kasiglahan ng bata ay ginagamit upang maibenta ang kendi. Ang mga sagisag ng abentura at ng palaro ay tumutulong sa pagtaguyod ng alak. May maiisip pa ba kayong ilang tanging mga advertisement at mga pariralang ginagamit ng mga ito upang gawin ang isang bagay na maging iba pang bagay na hindi naman maaaring maging ganoon?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Ang ilusyon ng kaligayahang nililikha sa pamamagitan ng pagbili ng alinmang produkto ay kailangang manatili lamang sa loob ng maikling panahon, kundi ay magiging masaya na sana tayo sa kung anumang pag-aari natin. Samakatwid, kailangan gawin ng advertising ang patuloy na paggising sa pagnanasa at tiyaking hindi tayo kailanman masiyahan at maging kontento na. Paano ito ginagawa?

3. Nabanggit natin na kung minsan kahit ang mga kapakanang panlipunan ay ginagawang mga bagay na pangkonsumo. Makapagbibigay ba kayo ng ilang halimbawa?

4. Sa kasalukuyang kapaligirang likha ng media, sa kasawiang-palad ang matayog na mga hangarin ay ginagamit para sa mga layuning pangkalakal. Ang mga salita at mga parirala na gumigising sa atin ng mga damdaming marangal ay ginagamit sa pag-advertise ng mga produkto, at ang iba't ibang bahagi ng espiritwal na pamana sa sangkatauhan ay pinakikitunguhan bilang mga produktong mabibili. Makapagbibigay ba kayo ng ilang halimbawa?

5. Isipin ang mga social media platform ng ginagamit ng mga junior youth sa inyong rehiyon. Ano ang nagiging epekto ng kanilang pakikilahok sa ganoong mga platform sa uri ng mga pagkakaibigan na binubuo nila, sa kanilang pananaw sa kanilang sarili, at sa kanilang mga pag-asa at mga pangarap? Kaugnay nito, pag-isipan ang katumpakan ng sumusunod na pahayag: Sa pamamagitan ng kanilang pakikilahok sa social media,

hindi namamalayan ng mga junior youth na itinuturing at inihaharap nila ang kanilang mga sarili bilang mga produkto.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 14

Kailangang magbigay rito ng isang pag-iingat. Gaanuman nakasasama sa mga kabataan ang mga epekto ng kasalukuyang lipunan, isang pagkakamali ang labis itong bigyang-pansin sa inyong mga pagsisikap. Napakadaling ugaliin ang pakikitungo sa junior youth bilang napakaselan at kailangang palaging pinangangalagaan mula sa mga kasamaan ng kanilang kapaligiran. Ang ganoong pakikitungo ay hindi kailanman hahantong sa pagtamo nila ng espiritwal na lakas. Ang dapat tutukan ng inyong mga pagsisikap ay ang pagkakatupad sa kanilang natatago kakayahan upang kumilos bilang pursigidong mga tagapagpaganap ng pagbabagong panlipunan at tumulong sa pagpapabuti ng lipunan. Kahit sa kasalukuyang magulong daigdig, maraming halimbawa ng mga junior youth mula sa bawat kultura na napagtagumpayan ang masamang mga kalagayan ng kapaligiran kung saan sila ay nabubuhay at naipapakita nang walang pagbabago-bago ang gayong mga katangiang tulad ng kasiglahan sa paglilingkod, kasigasigang matuto, matalas na kamalayan sa katarungan, at malakas na pagkahilig sa *altruism* (o malasakit sa kalagayan ng iba na walang-bahid ng pagkamakasarili).

Tinutukoy ng ilang dalubhasa sa edukasyon ang likas na mga kapangyarihang intelektuwal at espiritwal na inihahayag ang mga sarili sa pagbibinata o pagdadalaga na yugto ng pagtatawid-kalagayan. Binibigyan-diin ng ilan, halimbawa, ang pagkahilig na ipinakikita ng junior youth sa mga palaisipang nasa larangan ng teorya. Binibigyan-diin ng isang dalubhasa sa edukasyon ang maaari nilang gampanan sa pagbabagong panlipunan, na tinagurian ang bawat salinlahi ng mga nagbibinata at nagdadalaga bilang “isang napakahalagang muling-tagapagpabago sa proseso ng ebolusyon,” na maaaring “ihandog ang kanilang mga katapatan at sigla kapuwa sa pangangalaga roon sa waring patuloy na sumasang-ayon sa katotohanan at ang maging lubusang tagapagbago ng yaong nawalan na ng kahalagahang nagbibigay-buhay.” Inihahalintulad ng isa pang palaisip ang mga nasa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga bilang “mga sisidlang organiko, buong-buo na subalit patuloy na lumalaki,” at taglay ang kakayahang tumanggap gamit ang kanilang buong “pagkatao”. Binibigyan-pansin niya ang kanilang kakayahang makapagsimula ng pagbabago at sinasabing dapat samantalahin ng edukasyon ang iba’t ibang anyo ng kabatiran at gayundin ng katindihan na maaaring idulot ng kabataan sa anumang karanasan, at sinasabing ang gayong katindihan, “kasama ang integridad ng sarili,” ay maaaring gawin ang lipunan na maging “isang organismong nabubuhay, lumalago, talagang mapagmahal, busog sa kaligayahan at napakasigla, sa halip na isang konseptong panteorya na walang kainit-init, mekanikal, at walang-katuturan.” “Iyon ang hiwaga ng pagbabago,” ay ang kaniyang mga salita, “at iyon ang natatagong kakayahan ng pagbibinata at pagdadalaga.”

Itong ilang tinukoy, kasama ng pagsusuring isinagawa sa nakaraang ilang bahagi, ay nagpapakilala kung anong pag-iingat ang kinakailangan ninyong gamitin sa pagsasawika ng

isang konsepto ukol sa pagbibinata at pagdadalaga, Samantalang tiyak na susuriin ninyo nang maingat ang iba't ibang pananaw sa paksang ito sa darating na mga taon, ang sarili ninyong pag-unawa sa kahalagahan nitong napakaselan na panahon sa buhay ng tao ay huhubugin nang malaki ng mga sipi mula sa mga kasulatan na sinipi na sa yunit na ito at sa nakaraang yunit. At walang-alinlangang ang inyong mga paniniwala ay pagtitibayin ng inyong sariling karanasan sa pakikipagtulungan sa mga junior youth.

## BAHAGI 15

Ang pangkat ng mga tekstong binuo ng Ruhi Institute para sa pag-aaral ng mga junior youth, tulad ng mga aklat sa pangunahing serye, ay maaring lumitaw na waring napakasimple lamang sa unang tingin, lalo na ang ilang nauuna. Ang pagiging simple ay nasa mga salitang ginagamit at sa mga pagsasanay. Ang mga konseptong tinatalakay ay kapuwa masalimuot at napakalalim. Ang daloy ng kaisipang nananalaytay sa mga aralin, na hindi pang-isip-bata, ay hahamon sa mga junior youth na nag-aaral ng mga ito na nilay-nilayin nang malalim ang mga paksa. Upang mapahalagahan ninyo ang kanilang kakayahang gawin ito, ihinahain namin sa inyo rito at sa dalawang kasunod na bahagi, ang ilang pananaw na ibinahagi ng mga junior youth mismo, na apektado ng karahasan, sa isa o iba pang paraan. Napakaraming larawan ng marahas na asal ang ipinakikita sa media ng gayong mga nagbibinata at nagdadalaga, na nararapat lamang na pakinggan natin ang ilan sa kanilang karanasang hindi naikukuwento kabiguan at pag-asa

Ang unang kuwento ay mga salita ng isang lalaking labintatlong taong gulang—itago natin siya sa pangalang Peter—na nakita na ang mga epekto ng karahasan at digmaan mula nang siya ay walong taong gulang. Nang umabot siya sa labintatlong taong gulang, nagsimula siya sa pagtataguyod ng kapayapaan sa mga paaralan at mga kapisanan ng mga kabataan, at tinanggap ang mga ibinunga niyon, na kasama na roon ang malupit na pangungutya ng kaniyang mga kaedad:

> *Hindi ako naligalig nito. Naniniwala ang pamilya kong mahalagang magmalasakit sa pamayanan at gawin ang anumang makakaya namin upang makatulong. Kahit na labintatlong gulang pa lang ako, nakikita ko nang ang pinakamalaking problemang hinaharap namin ay ang karahasan at ang digmaan. Higit sa lahat ang kailangan ay kapayapaan. Kahit na mahirap para sa isang bata ang sikaping gumawa ng kapayapaan, ngunit sa pagsisikap lamang nagaganap ang anumang bagay. . . .*
>
> *Napakarami ng kasinungalingan ang sinabi sa aking bansa sa loob ng napakaraming taon na hindi na alam ng mga tao kung ano o sino ang dapat paniwalaan. Hindi nila mapagkatiwalaan ang mga diyaryo, ang radyo o telebisyon, ang mga politika, ang armadong mga grupo—subalit kapag naririnig nilang nagsasalita ang mga bata tungkol sa karahasan at ang epekto nito sa amin at ang hangarin namin para sa kapayapaan, kahit paano alam nilang ang naririnig nila ay katotohanan. . . .*
>
> *Sinasabi ng ilan na ipinaglalaban nila ang mga mahirap, subalit ang mga mahirap ang nagdurusa nang higit pa kaysa sa iba sa digmaan. Sa palagay ko ang ibang mga tao ay nakikipaglaban din para sa paghihiganti, o para sa kapangyarihan, o*

*dahil sa palagay nila wala na silang ibang magagawa. Ang ilang bata ay sumasali sa mga armadong grupo dahil mahirap ang kanilang mga pamilya at wala silang makitang ibang paraan upang makaahon doon.*

Si Peter at ang kaniyang pamilya, na pinagbantaan habang nagaganap ang kaguluhang bayan, ay napilitang lumikas mula sa kanilang tahanan. Ang ama niya ay nagparoo't parito sa kaniyang opisina at sa nilipatan nilang bayan, subalit hindi nagpatuloy ang medyo mas matiwasay na kalagayan. Ang aktibong pagsuporta ng kaniyang ama sa mga proseso ng kapayapaan sa wakas ay humantong sa pagpaslang sa kaniya:

*Akala ko naunawaan ko ang tungkol sa digmaan noong nakatira pa ako sa lugar na nagkakagulo. May mga labanan sa mga kalsada sa gabi. Madalas akong magising ng putukan ng mga baril. Sa pagpasok ko sa eskuwela sa umaga, nakikita ko ang ebidensiya—ang dugo sa mga lansangan, ang mga gusaling uka-uka ng mga bala. At nakikita ang mga biktima sa morge, na hindi kalayuan sa opisina ng aking ama.*

*Buong lakas-loob kong pinag-uusapan ito, na parang alam ko na kung ano ang ibig sabihin ng digmaan—ngunit nang patayin ang aking ama, ako ay nadurog hindi lamang sa pighati, kundi dahil sa panahong iyon naunawaan ko na ang digmaan. Nalaman ko kung ano ang damdamin ng gustong makipaglaban. Natanto kong kahit na ano pang tindi ng hangarin mo para sa kapayapaan, ikaw ay humahakbang patungo sa karahasan kapag ang digmaan ay tumama sa iyo nang personal. Ito ang gayunding patibong na sumilo sa napakaraming tao sa aking bansa. . . .*

*Walang nanatiling pareho pagkaraan noon. Ang bahay ay parang isang patay na lugar. Ang mga kalsadang kabisado ko ay parang naiiba lahat. Walang bagay at walang lugar ang waring ligtas. Naisip kong ang lahat ng aking pagsisikap para sa kapayapaan ay walang kabuluhan dahil hindi nito nailigtas ang aking ama. Ang nakatatakot na karahasang sumasaklaw sa aming bayan sa wakas ay tumama sa kaibuturan ng aking pamilya—at wala akong nagawa upang pigilin iyon. Sinisisi ko ang aking sarili. Itinanong ko sa aking sarili, "Ano ang aking nagawa na dapat mamatay ang ama ko sa gayong napakarahas na paraan?"*

Ang pamilya ay patuloy na tumatanggap ng mga banta, at si Peter ay bumili ng baril upang pangalagaan ang kaniyang mga minamahal. Isang gabi, mga sampung araw pagkatapos patayin ang kaniyang ama, ang mga miyembro ng pamilya ni Peter ay magkasama sa isang silid sa itaas na palapag ng kanilang tahanan. Sa pagbaba ni Peter sa kusina, may nakita siyang armadong tao sa loob ng kanilang hardin na nakatingin sa mga bintana ng pangalawang palapag:

*Alam kong maaari kong kunin ang aking baril at patayin ang lalaking ito. . . . Iyon ay pagganti sa pagpatay sa ama ko. Maililigtas ko ang aking pamilya. At halos walang sisisi sa akin sa buong bansa sa pagbaril ko sa kaniya. . . Subalit kahit totoo ang lahat ng ito, wala akong ginawa. . . . Ang gusto ng ama ko ay magsumikap ako para sa kapayapaan. Paano ko magagawang maging marahas ngayon? Ang tanging paraan upang maipakita ko ang paggalang at pag-ibig sa aking ama, ang tanging paraan upang mailigtas ko ang aking pamilya, ay sa pagsisikap para sa kapayapaan. Ang pagpatay sa lalaking iyon ay hindi magbibigay ng kapayapaan sa akin, o sa aking pamilya, o sa aking bansa. Sa katunayan, kapag pinatay ko siya, mawawala sa akin ang lahat. Wala na akong pagkakaiba sa kaniya.*

Tahimik na binantayan ni Peter ang lalaking nanghimasok, na pagkaraan ng ilang sandali at nang walang maliwanag na dahilan, ay tumalikod at umalis. Di-nagtagal pagkaraan ng pangyayaring iyon, itinapon ni Peter ang kaniyang baril at nangakong hindi na kailanman bibili pa uli ng gayon.

Bago basahin ang sumusunod na kuwento, maaaring nanaisin ninyong tukuyin ang ilang katangiang nagbubukod kay Peter at magbigay ng ilang salita tungkol sa kaniyang kakayahang magnilay-nilay sa malalim na mga paksa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 16

Si Mary—isa ring pangalang di-tunay—ay lumaki sa isang kapaligiran kung saan ay laging nagbabanta ang labanan: sa maagang edad ay natuklasan na niya ang ibinubunga ng hindi pagsang-ayon sa isang grupo ng mga kaibigan:

> *Noong labing-isang taong gulang ako, naranasan ko na hindi ako kinikibo dahil sa ayaw kong kumampi sa alinmang panig ng pagtatalo. Pinagbintanggan ng isang grupo ng aking mga kaibigan ang isang babae sa aming klase na nagnakaw raw siya at nagkaroon ng malaking gulo. Alin sa dalawa, dapat kakampi ka ng babaeng ito, o laban ka sa kaniya, at ang lahat ng aking mga kaibigan ay laban sa kaniya. Akala ng lahat na kakampi rin ako sa kanila, subalit wala namang ebidensiya na siya nga ay magnanakaw. Hindi ako makatiyak. Pero ayaw ko rin naman kontrahin ang aking mga kaibigan, kaya wala na lang akong sinabi. Nagalit ang lahat, at sa loob ng isang buong taon, walang kumausap sa akin.*

Nakipagkaibigan si Mary sa isang binata, at kahit na tinutukso siya ng kaniyang mga kaibigan tungkol sa binatang ito, napamahal siya kay Mary. Madalas silang magkasamang naglalakad nang malayo at nag-uusap tungkol sa kanilang kinabukasan, hanggang sa isang araw ay nakita siya ni Mary na naglilinis ng isang baril, na hindi niya akalaing mayroon pala siyang ganoon:

> *Nang pumasok ako, ngumiti siya, sa parang wala naman siyang ginagawang naiiba. Dati ko nang kinamumuhian ang karahasan, ang mga baril, at ang digmaan. Sinikap niyang magbigay ng mga dahilan, tulad ng ginagawa ng ganoong mga tao, subalit agad kong sinabi sa kaniya na tapos na ang lahat sa pagitan namin. "Hindi ko gusto ang ganitong klaseng buhay para sa akin o para sa aking mga anak," sinabi ko. Napakabata ko pa noon na parang biro na lang ito ngayon, pero sa panahong iyon parang nawawasak na ang daigdig ko.*

Pagkaraan ng pangyayaring ito ay nagsimulang bumaba ang mga grado ni Mary sa paaralan, at nabahala ang kaniyang ina. Dahil doon kinausap ni Mary ang isa sa kaniyang mga guro:

*Sinabi ko ang lahat tungkol sa aking kaibigan, ang baril, ang hindi pakikipag-usap ng akin mga kaibigan, ang pagtutukso ng mga babae, ang panliliit ko, at ang aking pusong nadurog. Hindi niya ako pinagtawanan, ni hindi rin niya ipinadama sa akin na ako ay napabata at katawa-tawa. . . .*

*"Kailangan mong maunawaan," sinabi niya sa akin, "na hawak mo sa sarili mong mga kamay ang iyong kinabukasan. Ang iyong kinabukasan ay hindi pag-aari ng kahit sinumang iba, hindi sa iyong mga magulang, at lalo nang hindi sa lalaking ito. Ito ay iyo lamang at maaari mo itong gawing anumang nais mo."*

Sa edad ng labing-apat, si Mary ay naging student leader na sa kaniyang paaralan, itinataguyod ang kapayapaan sa kaniyang mga kaedad at sa nakababatang mga mag-aaral. Narito ang ilan sa kaisipan niya sa mga panahong iyon:

*Alam naming ang pagwawakas sa kahirapan ay makatutulong upang magwakas ang digmaan, subalit wala kaming magagawa tungkol doon. Alam naming ang pagbawas sa kawalan ng hanapbuhay ay makatutulong din, subalit wala rin kaming magagawa tungkol doon. Hindi namin mapipigilan ang mga bala at mga tabak. Hindi namin mahihinto ang karahasan. Subalit naniniwala kaming maaari kaming magsimula sa pagtatatag ng kapayapaan sa pagitan ng aming mga sarili. . .*

*Alam kong maaaring maging mapanganib ang magpunyagi para sa kapayapaan, at mabilis akong makaramdam ng anumang naiiba sa karaniwan. Kung minsan dahil sa takot pa lamang na baka may masamang mangyari, lalo na sa pamilya ko, umiiyak na ako at parang gusto ko nang tumakas Subalit inaasahan ako ng ibang mga bata, at sa isang diwa, sa pakiwari ko ang isisilang kong mga anak ay umaasa rin sa akin. Hindi ko puwedeng talikuran ito, kahit na ano pa ang takot ko. Puwede lang akong mag-ingat at sikaping maging ligtas.*

Ano ang ilan sa namumukod na katangian ni Mary?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 17

Narito ang kuwento ng tatlo pang kabataan, na ipinapahayag ng bawat isa ang pinakamarangal na mga kaisipan at pinakamasuyong mga damdamin. Ang una ay nasa mga salita ng isang babaeng labing-anim na taong gulang, na naranasan niya sa edad ng labindalawa ang pagkawala ng isang matalik na kaibigang nasangkot sa away ng mga gang at namatay nang masaksak. Hindi niya malimot ang kaniyang kaibigan at ipinasiya niyang italaga ang kaniyang sarili sa pagtataguyod ng kapayapaan. Sa kalaunan ay nagsimula siyang tulungan ang mga batang apektado ng karahasan:

> *Ang mga musmos na kasimbata ng walo at siyam na taong gulang ay sumasali sa mga gang dahil akala nilang astig iyon o dahil akala nilang ang gang ang magliligtas sa kanila sa lansangan. Sa maraming kaso ay gusto lang nilang makatakas mula sa karahasan sa tahanan, subalit lalo pang malala ang natagpuan nila sa lansangan.*
>
> *Kailangan kong sumakay ng bus patungo sa . . . , subalit alam ng karamihan ng mga driver ng bus ang sinisikap kong gawin. Sinisingil lamang nila ang kaya kong ibayad at madalas ay pinasasakay ako nang libre. Ang kalsada patungo sa . . . ay umiikot nang paahon, nilalampasan ang mga dampang napakalapit sa mga banging matarik. Ang mga dalisdis ay maraming uka, na mula roon ay kinukuha ang mga bato na ginagamit sa mga proyekto ng konstruksiyon. Ang ganoong trabaha ay napakahirap, nakakakuba, at maliit lamang ang suweldo, subalit maraming bata mula sa mga pamilyang lumikas ang nagtatrabaho sa mga lugar na ito. Ang mga pamilya nila ay lubhang baon na sa hirap na hindi na pumapasok sa eskuwela ang mga bata at sa halip ay ginagawa ang kahit ano upang kumita ng pera.*
>
> *Mula sa kalsada ay lumalakad ako sa madulas na putik na abot sa bukong-bukong, tumatawid ng gawa-gawang tulay sa mabaho at maruming ilog. Ang paaralan ay binubuo ng kalahating dosenang sira-sirang silid na dikit-dikit sa ilalim ng bubong na yero. Ang mga desk na kahoy ay giray-giray. Nagkalat ang basura sa paligid ng mga silid-aralan. Walang kuryente. Ang isang silid-aralan ay may lagusan lamang ng liwanag buhat sa bubong at walang ibang bintana. Ang sahig ay lupa lamang. Napakaingay ng ulan sa bubong na kailangang sumigaw upang marinig ka, at tumutulo sa lahat ng dako. Ang isang silid-aralan ay may palamuti ng mga iginuhit ng mga bata, ng magagandang mga bahay na napakalayo ng pagkakaiba sa sarili nilang mga kapaligiran. Maaaring ang mga iginuhit na ito ay mga larawan ng mga tahanang dati nilang tirahan o baka iyon ang hinahangad nila sa hinaharap. . . .*
>
> *Marami sa magulang ay malungkot ang mga mukha. Matapang silang magsalita sa kanilang mga anak, minumura sila. Subalit sa mga workshop kung minsan ay nagsisimula silang magbago. Sa palagay ng ilan ay dapat nilang pagbuhatan ng kamay ang kanilang mga anak upang sila ay magpakaayos, subalit pagkatapos ay natatanto nilang ang ganoong pananakit ay maaaring itaboy ang bata sa lansangan.*

Ang sumusunod na parapo ay naghaharap ng mga kaisipan ng isang batang babae na lumayas sa tahanan sa edad ng labing-isa, naadik sa droga, nailigtas ng matiyagang tulong ng isang kaibigan at sa wakas ay sumali sa isang kilusan ng mga kabataang nakatalaga sa kapayapaan:

*Napakahirap ipaliwanag kung ano talaga ang aming buhay. Takot akong aminin na kahit na ano pang pagsisikap mo para sa kapayapaan, maaari ka pa rin muling mahila sa karahasan. . . . Lagi kong hinahangad na makatakas sa ganitong buhay. Mahirap aminin subalit sa ngayon ay napapalayo na naman ako mula sa kilusang pangkapayapaan. Nagsisinungaling ako sa aking sarili at nagkukunwari sa aking mga kaibigan na ayos lang ang lahat. Hindi ito totoo. Kung minsan ako naha-high. Gabi-gabi ay may away sa bahay. Kung hindi ako ang sinisigawan nila, ang aking ina at padrasto ay nagsisigawan. Hindi ko matagalan iyon, kaya tumatakas ako sa lansangan, at napakaraming naroroon na makapipinsala sa isang kabataan. . . . Magkasabay kong tinatahak ang dalawang landas at gusto ko pa ring tahakin ang landas ng kapayapaan sa lahat ng panahon. Sa palagay ko ang aking pagsisikap at at kung paano ako nag-survive ay may halaga rin . . . . Naniniwala akong mas maraming gagawin ang mga kabataan para sa kapayapaan kung mas maraming matanda ang handang makipagtulungan, makinig sa mga natutunan namin at makipagtulungan sa amin. Kung may kapayapaan kami sa tahanan, iyon sana ay magandang simula.*

Itong huling salaysay ay naglalarawan sa karanasan ng isang lalaking labinlimang taong gulang na ang kuya ay dinukot ng isang grupo ng mga rebelde. Pagkalipas ng ilang panahon, ang kaniyang pamilya ay nakatanggap ng balita mula sa kaniya habang siya ay bihag pa rin, at ipinahintulot ang pakikipagsulatan sa kaniya:

*Pinadalhan ko siya ng mga tula, upang bigyan siya ng inspirasyong manatilang malakas ang loob at lipos ng pag-asa. Sinasabi ko sa kaniyang pinakikinggan ko ang kaniyang payo at nag-aaral nang mabuti. Tuwang-tuwa ako nang sumulat siya kamaikailan at sinabing "Masaya akong mahusay ang iyong pag-aaral. . . . Iyan ang aking pagkakamali. Nagsisisi akong hindi ako naging puspusan sa pag-aaral. . . . Halimbawa ay hindi ko talaga gusto ang pagbabasa . . . subalit dito ay nabasa ko na ang mahigit sa tatlumpung aklat na magkaiba-iba ang paksa at marami pang ibang babasahin. Kinukuha ko pa nga ang diksiyonaryo upang tingnan ang kakaibang mga salita na hindi ko alam. . . . Dati ay hindi ko ito gagawin sa sarili kong pagkukusa. . . . "*

*Kahit na waring ligtas siya, nag-aalala pa rin ako. Kung makakausap ko lamang ang mga taong bumihag sa aking kuya, sasabihin kong maawa naman sila at isipin ang pagdurusang idinulot nila.*

*Sa palagay ko ang pagpapatawad ay napakahalaga upang makamtan natin ang kapayapaan. Ang digmaan ay hindi maaaring magwakas kung walang kapatawaran. Lalong mahalaga para mga taong katulad naming nakaranas ng pagdurusa na magpatawad.*

*Sa palagay ko ito ang aking pinagsisikapan—nagsusumikap ako para sa kapatawaran.*

Talakayin sa inyong grupo ang ilan sa katangiang ipinakikita ng mga kabataan sa bahaging ito, at isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan.

## BAHAGI 18

Sa wakas, ang anumang pagsusuri sa likas na katangian ng pagbibinata o pagdadalaga, gaanuman kaikli nito, ay hindi maaaring kaligtaan ang buhay ni Rúḥu'lláh, ang batang bayani ng Pananampalataya, na sa edad ng labindalawa, ay maligayang uminom mula sa kopa ng pagmamartir. Sa murang edad ng pitong gulang, si Rúḥu'lláh ay nagtamo ng pribilehiyong sumama sa kaniyang ama, ang Hand of the Casue of God Varqá, at sa kaniyang kuya sa peregrinasyon sa Banal na Lupain. Dumanas ng espiritwal na pagyabong si Rúḥu'lláh sa banal na kapaligirang iyon at nagpainit sa araw ng kinaroroonan ni Bahá'u'lláh. Isang araw, ayon sa kasaysayan, tinanong ni Bahá'u'lláh kay Rúḥu'lláh, "Anong ginawa mo nitong araw?"

"Tinuturuan ako [ng isang guro]" ay ang tugon.

"Anong paksa ang pinag-aaralan mo?" itinanong pa ni Bahá'u'lláh.

"Tungkol sa pagbabalik [ng mga propeta]" tumugon si Rúḥu'lláh.

"Ipaliwanag mo nga kung ano ang ibig sabihin nito?" hiniling ni Bahá'u'lláh.

"Ang ibig sabihin ng 'pagbabalik' ay ang pagbabalik ng mga realidad at mga katangian," tumugon siya.

"Ito ang mismong mga salita ng iyong guro," sabi ni Bahá'u'lláh. "Ipaliwanag mo sa sarili mong mga salita kung ano ang naunawaan mo sa paksa."

Tumugon si Rúḥu'lláh dito ng: "Ito ay tulad ng pagputo ng bulaklak mula sa halaman sa taong ito. Ang bulaklak ng kasunod na taon ay katulad rin nito ang hitsura, pero ito ay hindi iyon."

Natuwa si Bahá'u'lláh sa matalinong sagot ni Rúḥu'lláh, na madalas siyang tukuyin bilang si Jináb-i-Muballigh (ang kagalang-galang na tagapagturong Bahá'í).

May iba pang mga kuwentong naglalantad sa dakilang mga katangian ni Rúḥu'lláh. Tiyak na totoong, upang magawa niyang maabot ang mga rurok ng pagpapakasakit sa murang gulang ng labindalawa, hindi siya isang pangkaraniwang bata lamang.

> Mula sa kopa ng biyayang dibino tulutan akong makainom
> At alisin ang aking kasalanan at kahinaan;

Dahil malaki man ang aking mga kasalanan,
Higit pang malaki ang awa ng aking Panginoon.

Maligayang pagdating sa may-tangan ng kopa sa dibinong piging!
Halika, panariwain ang aking kaluluwa at gawin
Akong marapat na ialay
Sa landas ng Pinakamamahal.

Ang mga junior youth sa grupong bubuuin ninyo di-magtatagal ay hindi mamumuhay nang tulad ni Rúḥu'lláh. Subalit ang mga siping narito at sa naunang ilang bahagi ay nagbibigay ng isang palatandaan ng marangal na katangiang maihahayag ng isang tao mula pa sa murang gulang. Muli nating nagugunita ang pahayag na ibinigay sa maagang bahagi ng yunit na ito na ang tumataas na kamalayan sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga ay maaaring idako sa isa mula sa dalawang layunin—tungo sa pagsasailalim sa Kalooban ng Diyos at sa mapagpakasakit na paglilingkod sa sangkatauhan o tungo sa pagkabihag sa piitan ng sarili at silakbo ng damdamin. Sa talakayan niyon sa ilang kasunod na bahagi, sinalikik natin ang likas na katangian ng pagbibinata o pagdadalaga, ang natatagong lakas ng junior youth, at ang mga epekto ng kapaligiran sa kanilang mga buhay. Maaaring napapanahong huminto rito nang sandali upang isulat ninyo ang ilang parapo ukol sa itinuturing ninyo ngayon bilang likas na mga kakayahang taglay ng mga junior youth at kung ano ang kailangang gawin upang ang kanilang mga kapangyarihang espiritwal at intelektuwal ay yumabong.

## BAHAGI 19

Yamang sinaliksik sa malaking bahagi ng yunit na ito ang natatagong mga kakayahan ng mga nasa maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, ngayon ay dapat naman tayong magbigay ng ilang salita tungol sa inyong pakikilahok sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth. Ang isa sa pinakamatinding pagnanasa ng mga nasa edad na ito ay ang maging bahagi ng isang grupo ng mga magkakaedad. Nakapagpapalakas ng loob sa mga kabataan ang humingi ng payo mula sa mga kaibigang inuunawa at dinadamayan sila. Ito ay isang lehitimong pangangailangan, at bilang tugon doon ang programa ay binuo at umiinog sa konsepto ng isang "junior youth group", na ang mga miyembro nito ay nagtitipon nang regular at masistemang ginagabayan upang kumilos at matuto. Ang namamayaning kapaligiran ng mga pagtitipon, samantalang maligaya, mapagkaibigan, at matalik, ay hindi dapat maging mababaw at mapaglaro. Sa halip, ito ay dapat makatulong sa pagpapahusay sa mga katangian at mga saloobing iyon na kinakailangan ng isang buhay ng paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan. Sa ganoong tagpo, ang mga miyembro ng grupo, na walang pangangambang mapagalitan o mapagtawanan, ay malayang maipapahayag ang kanilang mga kaisipan at hanapin ang mga kasagutan sa masusing mga katanungang gumagambala sa kanilang mga isipan. Natututo silang makinig, magsalita, magnilay-nilay, magsuri, gumawa ng mga pasiya, at isagawa ang mga ito.

Sa bawat grupo ay kinakailangan ang isang mas matanda, na bilang isang tunay na kaibigan sa mga kabataan, ay matutulungan sila sa paglilinang ng kanilang mga kakayahan. Ang mga gumagawa ng tungkuling ito ay tinatawag na mga "animator". Ang pagkakaroon ng isang animator ay nakatutulong sa mga miyembro ng grupo na manatiling laging may pag-asa at naniniwalang magagawa nilang pangalagaan ang kanilang mga sarili laban sa mga puwersa ng kabulukang moral na umiiral sa lipunan, at gayundin ay makatutulong sa pagpapabuti nito. Bagama't ang paglilingkod sa ganitong paraan ay hindi natatanging karapatan lamang ng alinmang tiyak na edad, ang mga kabataan na nasa gulang ng labimpito at pataas ay karaniwang nagiging napakahusay na mga animator sapagkat madali para sa kanila ang pakitunguhan ang mga junior youth bilang mga kapantay, at hindi bilang mga musmos, hinihimok silang magtanong, humanap ng kalinawan, at isagawa ang pagsasaliksik sa realidad. Sa sipi sa ibaba, ipinapahayag ni 'Abdu'l-Bahá ang Kaniyang pag-asa na ang mga kaluluwa ng mga kabataan ay maaruga:

**“Umaasa si ‘Abdu’l-Bahá na ang batang mga kaluluwang iyon sa silid-aralan ng higit na malalim na kaalaman ay aarugain ng isang magsasanay sa kanilang magmahal. Tulutang silang lahat, sa lahat ng sinasaklaw ng espiritu, ay matutunan nang mahusay ang natatagong mga hiwaga; nang gayong kahusay na sa Kaharian ng Ganap na Maluwalhati, ang bawat isa sa kanila, tulad ng isang ruwisenyor na pinagkalooban ng kakayahang magsalita, ay isisigaw ang mga lihim ng Makalangit na Kaharian, at tulad ng nananabik na mangingibig ay ibubuhos ang kaniyang mahigpit na pangangailangan at ganap na pangungulila sa Minamahal.”[32]**

Ang isang grupo ng junior youth ay hindi klase para sa mga bata. Taglay nito ang ilang katangian ng isang study circle, subalit ang pangunahing ginagampanan nito ay maging isang kapaligiran ng pagsuporta sa isa’t isa ng mga miyembro nito, kung saan maaari nilang paunlarin ang kabatirang espiritwal at mga paraan ng pag-iisip at pagkilos na magtatangi sa kanila sa buong buhay nila. Yamang nakilahok na kayo sa iba’t ibang kurso ng Ruhi Institute, may sarili kayong karanasan sa pagiging miyembro ng isang study circle at marahil ay nakapagturo ng ilang klase para sa mga bata pagkatapos ninyong pinag-aralan ang pangatlong kurso. Tingnan ang listahan ng mga katangian sa ibaba. Para sa bawat isa, talakayin kasama ng inyong mga kapwa-mag-aaral sa kursong ito ang mga inaasahan ninyong mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng klase para sa mga bata, ng grupo ng junior youth, at ng study circle.

- Ang katangian ng gawain
- Ang ugnayan ng mga kalahok
- Ang kapaligiran ng mga pagtitipon
- Ang ginagampanan ng nagsasagawa ng gawain ng paglilingkod—yaon ay, ang guro, ang animator, o ang tutor

## BAHAGI 20

Habang itinatalaga ninyo ang inyong mga sarili sa larangan ng paglilingkod na ito, di-magtatagal ay matutuklasan ninyong ang bisa ng inyong mga pagsisikap ay nababatay nang malaki sa kalidad ng ugnayan na binubuo ninyo sa mga miyembro ng grupo ng junior youth na tinutulungan ninyong mabuo. Mangyari pa, magiging handa kayong makinig sa kanila, magbigay ng payo sa kanila, at kapag kinakailangan, aluin sila. Ang inyong matibay na paniniwala sa kanilang integridad, at ang paggalang at tunay na pagmamahal ninyo para sa bawat isa sa kanila, ay ang hihimok sa kanilang magsumikap para sa kahusayan. Kakailanganin ninyong ipakita ang inyong pagtatalaga sa kanilang mabuting kalagayan at pagsulong, nang walang-anumang bahid ng paternalismo, pagmamataas sa sarili, o mapagdominang pagpigil—mga saloobing hindi nagbibigay ng puwang sa pagyabong ng mga junior youth. At kailangan ninyong gamitin ang bawat pagkakataon upang palakasin ang saligan ng tunay na pananalig sa kanilang mga puso at isipan at ikintal sa kanila ang pag-asa sa magandang kinabukasan. Hinihimok tayo ni ‘Abdu’l-Bahá na:

**“Una sa lahat, maging handang ipagpakasakit ang inyong mga buhay para sa isa’t isa, na unahin ang ikabubuti ng lahat sa sarili ninyong ikabubuti. Lumikha ng mga ugnayang hindi mayayanig ng anuman; bumuo ng isang kalipunang hindi mabubuwag ng anuman; magtaglay ng isang isipang hindi kailanmang humihinto**

**sa pag-angkin ng mga kayamanang hindi masisira ng anuman. Kung hindi umiiral ang pag-ibig, ano na lamang ang matitira sa realidad? Ang apoy ng pag-ibig sa Diyos ay ang gumagawa sa tao na maging higit pa sa hayop. Palakasin itong puwersang nakahihigit, na sa pamamagitan nito ang lahat ng pagsulong sa daigdig ay natatamo."**[33]

Talakayin kung paano pinahihina ng sumusunod na mga saloobin ang mga miyembro ng isang junior youth group, at kung anong mga kaisipan, mga damdamin, at asal ang makatutulong upang maiwasan ng isang animator ang gayong mga hilig.

Paternalismo: ____________________________________________

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Pagmamataas sa sarili: ____________________________________________

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Mapagdominang pagpigil: ____________________________________________

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

## BAHAGI 21

Ang inyong ugnayan sa alinmang grupo ng mga junior youth ay apektado rin nang malaki ng inyong halimbawa. Ang impluwensiya ng halimbawa sa buhay ng isang kabataan ay hindi maaaring pahalagahan nang labis. Kung gayon, ang ating sariling mga pagsisikap na dalisayin ang ating mga puso ay nagtataglay ng karagdagang kahalagahan kaunay nito. Ang "lantarang materyalismo", "ang pangangapit sa makalupang mga bagay na bumabalot sa mga

kaluluwa ng tao", "ang mga takot at pangangamba na gumagambala sa kanilang mga isipan", "ang kaluguran at mga pagkagumon na umuubos sa kanilang panahon, ang mga pagkiling at mga galit na nagpapadilim sa kanilang pananaw, ang kawalan ng sigla at katamarang nagpaparalisa sa kanilang mga kakayahang espiritwal" ay "kabilang sa pinakamatinding mga balakid", na sang-ayon sa Guardian, ang "humahadlang sa landas ng bawat nais maging mandirigma sa paglilingkod kay Baha'u'llah". Ipinaaalaala niya sa atin na ang ating kakayahang paglabanan ang gayong mga puwersa ay mababatay sa antas na tayo mismo ay nalilinis mula sa "mga dumi na ito," malaya sa "mababaw na mga pinagkakaabalahan at mga pangangambang kumikibkib," pinalaya sa "mga pagkiling at mga galit na ito," "pinawi ang sarili," at "pinuspos ng nakagagaling at nakatutustos na kapangyarihan ng Diyos".

Ano ang ilan sa ipinahihiwatig ng mga paalaala ng Guardian para sa sarili ninyong mga pagsisikap na makatulong sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 22

Bilang tunay na kaibigan ng mga junior youth at gayundin bilang kanilang mahusay na tagapayo, napakahalagang alalayan ninyo sila sa mga panahon ng kaligayahan at sa mga yugto ng suliranin. Lagi silang mangangailangan ng paghimok, upang magawa nilang akyatin ang higit at higit pang mataas na mga rurok ng kahusayan. Kapag kayo ay tumututok sa kanilang mga tagumpay, sa halip nang sa kanilang mga pagkukulang at pagkakamali, kayo ay makatutulong sa kanila. Kayo ay magbibigay ng paghimok, subalit hindi sa paraang magiging mayabang sila. Tututukan ninyo ang mga tagumpay, gayumpaman ay hindi kayo matatakot maghain ng payo kapag nakikita ninyong sila ay nasa mga kalagayang maaaring makapinsala sa kanilang moral na integridad.

Upang mapag-isipan ang katangian ng inyong pakikipagkaibigan sa grupo, basahin ang sumusunod na halaw mula sa isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian. Bagaman inilalarawan nito ang ugnayan ng mga institusyon ng Pananampalataya sa indibidwal, nauugnay ito sa inyong mga pagsisikap bilang animator ng isang junior youth group:

> **"Ang mga mananampalataya, sa karaniwan, ay bata pa sa Kapakanan, at kung makagawa sila ng mga pagkakamali iyon ay lubhang hindi kasinghalaga na baka madurog ang kanilang espiritu dahil sa lagi silang pinagsasabihan—gawin ito at huwag gawin iyon!"**[34]

Talakayin kung bakit maaaring madurog ang espiritu ng bata pang tao sa paulit-ulit na pagpapaalaala sa kaniyang mga pagkakamali at sa laging pinagsasabihan kung ano ang dapat at hindi dapat gawin. Isulat dito ang ilan sa inyong kaisipan.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang paghimok ay hindi kapareho ng walang-pinipiling pagpuri; kailangan itong maging matapat at walang pagbabalatkayo, kung hindi ito ay hahantong sa kapalaluan o sa kawalan ng pagtiwala. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng paghimok ni ‘Abdu’l-Bahá sa mga mananampalataya sa kanilang mga pagsisikap na maglingkod sa Kapakanan.

> **“Tunay na nagpapasalamat ako sa Diyos sa pagtulong sa iyong makapaglingkod sa Kaniyang Kapakanan sa Kaniyang dakilang ubasan.”[35]**

> **“Tunay na pinasasalamatan ko ang aking kataas-taasang Panginoon sa pagpili sa iyo upang manawagan sa Kaniyang Pangalan sa sambayanan, sa pag-akit sa iyo tungo sa kagandahan ng Lubusang Maluwalhati, at sa pagpapalakas sa iyo upang gawing matagumpay ang Kaniyang Kapakanan.”[36]**

> **“Tunay na nilinis ka ng Diyos mula sa mga kasalanan nang itubog Ka niya sa karagatan ng Kaniyang habag at pinainom mula sa kopa ng pananaig at ng dalisay na alak ng pagkilala. Mahusay! Mahusay! Sapagkat nanabik kang isuko ang iyong kalooban sa kalooban ng Diyos at minithing palakasin ang iyong pag-ibig sa Diyos, ang palawakin ang iyong kaalaman sa Kaniya, at ang manatiling matatag sa Kaniyan landas.”[37]**

> **“O Aking espiritwal na mga minamahal! Purihin ang Diyos, inyong hinawi ang mga lambong at nakilala ang madamaying Minamahal, at nagmadaling nilisan ang tahanang ito patungo sa kahariang walang lugar. Inyong itinayo ang inyong mga tolda sa daigdig ng Diyos, at upang luwalhatiin Siya itinaas ninyo ang matamis na mga tinig at umawit ng mga himig na tumitimo sa puso. Mahusay! Sanlibong mahusay! Sapagkat inyong nakita ang Liwanag na ginawang hayag, at sa inyong mga sarili na muling isinilang ay inyong itinaas ang sigaw ng ‘Pinagpala ang Panginoon, ang pinakamahusay sa lahat ng manlilikha!’”[38]**

> **“O kayong mga matapat, kayong mga nananabik, kayong mga waring hinihila ng batubalani, kayong mga nagsipagbangon upang maglingkod sa Kapakanan ng Diyos, upang dakilain ang Kaniyang Salita at ikalat ang Kaniyang matamis na mga samyo sa malayo at malawak. Aking binasa ang inyong napakahusay na liham, maganda ang estilo, matatas ang mga salita, malalim ang kahulugan, at pinuri Ko ang Diyos at pinasalamatan Siya sa pagtulong sa inyo at tinulutan kayong maglingkod sa Kaniya sa Kaniyang napakalawak na ubasan.”[39]**

**“Ang iyong liham ay tulad ng isang mabangong bungkos ng bulaklak na pinasasamyo ang kabanguhan ng pananalig at katiyakan. Mahusay! Mahusay! Ibinaling mo ang iyong mukha tungo sa di-nakikitang Kaharian! Magaling! Magaling! Naakit ka sa Kagandahan ng Lubos na Makapangyarihan! Kahanga-hanga! Kahanga-hanga! Napakasuwerte mo at nakamtan mo ityong sukdulang biyaya!”[40]**

Pinasisigla ng paraan ng pagpuri ni ‘Abdu’l-Bahá sa mga kaibigan, ilarawan sa ilang pangungusap kung paano ninyo hihimukin ang mga miyembro ng grupo na di-magtatagal ay inyong tutulungan.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 23

Sa wakas, kailangan ninyong tandaan na ang inyong mga pagsisikap na makapagtatag ng malalim na mga ugnayan ng mapagmahal na pagkakaibigan sa mga miyembro ng junior youth group at na himukin silang magsumikap para sa kahusayan ay magbubunga sa antas na lilikha kayo ng isang maligayang kapaligiran.

**“Ang tuwa ay nagbibigay sa atin ng mga bagwis! Sa mga oras ng tuwa, ang ating lakas ay lalong mahalaga, ang ating isipan ay lalong matalas, at ang ating pang-unawa ay hindi gaaanong maulap. May mabuti-buti tayong kakayahang makibaka sa mundo at kumita ng ating kaukulang kahalagahan.”[41]**

Upang lumikha ng maligayang kapaligiran, kailangan ninyong madama ang kaligayahan. Isipin ang ilan sa junior youth na kakilala ninyo na maaaring maging bahagi ng grupo na di-magtataga ay inaasam ninyong mabuo. Anong mga kaisipan tungkol sa kanila ang inyong naiisip na nagdudulot sa inyo ng kaligayahan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ano ang ilan sa praktikal na hakbang na maaari ninyong gawin upang magkaroon ng kaligayahan ang mga pagtitipon ng gayong grupo, samantalang hindi naman nagiging mapaglaro ang mga iyon?

Habang tinatandaan ang mga kaisipang ito, basahin ang sipi sa ibaba mula sa isang liham na isinulat na ngalan ng Universal House of Justice**:**

> **"Ang panloob na kaligayahan na hinahanap ng bawat indibidwal, di-katulad ng isang naglalahong emosyon, ay hindi nababatay sa panlabas na mga impluwensiya; ito ay isang kalagayan, na nililikha ng katiyakan at namamalayang kaalaman, inaaruga ng isang dalisay na puso, na nagagawang makilala kung alin ang pangmatagalan at kung alin ang mababaw lamang."[42]**

Wakasan natin ang ating pag-aaral sa yunit na ito sa pagninilay-nilay sa sumusunod na mga salita ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang pinakamalaking kaoob sa tao ay ang pangkalahatang pag-ibig—ang batubalaning iyon na ginagawang maging walang-maliw ang buhay. Inaakit nito ang mga realidad at pinalalaganap sa buhay ang walang-katapusang kaligayahan. Kapag ang pag-ibig na ito ay manuot sa puso ng tao, ang lahat ng puwersa ng sanlibutan ay magkakaroon ng katuparan sa kaniya, sapagkat iyon ay isang kapangyarihang dibino na naghahatid a kaniya sa isang dibinong katayuan at siya ay hindi maaaring sumulong hangga't hindi siya natatanglawan niyon. Magsumikap upang palakasin ang kapangyarihan ng pag-ibig sa realidad, upang gawing mga sentro ng pag-akit ang inyong mga puso, at upang lumikha na bagong mga huwaran at mga ugnayan."[43]**

## MGA REPERENSIYA

1. Mula sa mensahe ng Riḍván 2010 na isinulat sa mga Bahá'í ng daigdig, inilathala sa *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), blg. 14.16, p. 82.

2. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-17 ng Nobyembre 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 3, p. 617.

3. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 21), blg. 111.7, p. 219.

4. *Abdul Baha on Divine Philosophy* (Boston: The Tudor Press, 1918), mp. 131–32.

5. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CLIII, par. 6, p. 370

6. Ibid., I, par. 5, p. 3.

7. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), blg. 4.7, p. 41.

8. Bahá'u'lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), Arabe blg. 13, mp. 7–8.

9. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, blg. 34.2, mp. 110-11.

10. Ibid., blg. 35.7, mp. 115-16.

11. '*Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1909, 1930 printing), tomo 1, p. 136. (awtorisaong salin sa Ingles)

12. 'Abdu'l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2007, 2017 printing), par. 186, p. 136.

13. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, blg. 68.3, mp. 166–67.

14. Ibid., blg. 155.4, p. 290.

15. Mula sa isang talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-26 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 3, p. 205.

16. Mula sa isang talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-11 ng Hunyo 1912, ibid., par. 4, p. 258.

17. 'Abdu'l-Bahá, sa *Bahai Scriptures: Selections from the Utterances of Baha'u'llah and Abdul Baha* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1928), blg. 992, p. 548.

18. Mula sa isang talumpating ibinigay ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-11 ng Hunyo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 6, p. 261.

19. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá’u’lláh* (Haifa: Bahá’í World Centre, 2018), blg. 2.22, p. 21.

20. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-28 ng Oktubre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), blg. 15.12, mp. 69-70.

21. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 36.5, mp. 123-24.

22. *The Call of the Divine Beloved,* blg. 2.19, p. 19.

23. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 195.5, p. 375.

24. Bahá’u’lláh, *Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat* (Manila: Bahá’í Publishing Trust, 2003), par. 64, mp. 53.

25. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 223.1, p. 449.

26. Ibid., blg. 35.4, mp. 113-14.

27. Ibid., blg. 206.9, mp. 407-08.

28. *Mga Dalangin at mga Pagninilay-nilay ni Bahá’u’lláh* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), XXXVI, par. 4, mp. 55-56.

29. Ibid., CLXXXIV, par. 2, mp. 402-03.

30. Mula sa isang liham ng ika-23 ng Nobyembre 1983 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa isang indibiwal, inilathala sa *Lights of Guidance: A Bahá’í Reference File,* (New Delhi: Bahá’í Publishing Trust, 1988, 2010 printing), no. 1206, pp. 359–60.

31. Mula sa isang liham ng ika-8 ng Disyembre 1935 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *Dasal at Mapanalanging Pamumuhay: Isang Kalipunan ng mga Halaw mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh, ng Báb, at ni ‘Abdu’l-Bahá at ng mga Liham ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice*, inihanda ng Research Department ng Universal House of Justice (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2019), blg. 71, mp. 51, 53.

32. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 107.1, p. 220.

33. *Abdul Baha on Divine Philosophy,* p. 112.

34. Mula sa isang liham ng ika-30 ng Hunyo 1957 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang National Spiritual Assembly, sa “The National Spiritual Assembly”, inilathala sa *The Compilation of Compilations* (Maryborough: Bahá’í Publications Australia, 1991), tomo 2, blg. 1502, p. 128.

35. *Tablets of Abdul-Baha Abbas,* tomo 1, p. 11. (awtorisadong salin sa Ingles)

36. Ibid., p. 18. (awtorisadong salin sa Ingles)

37. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), tomo 2, mp. 266–67. (awtorisadong salin sa Ingles)

38. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá,* blg. 236.4, mp. 508-09.

39. Ibid., blg. 199.1, p. 382.

40. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1916, 1930 printing), tomo 3, p. 530. (awtorisadong salin sa Ingles)

41. Mula sa isang talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-22 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris,* blg. 35.2, p. 162.

42. Mula sa liham ng ika-19 ng Abril 2013 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa isang maliit na grupo ng mga indibidwal, inilathala sa *Framework for Action*, blg. 51.7, p. 292.

43. *Abdul Baha on Divine Philosophy,* pp. 111–12.



# Paglilingkod bilang Animator

## Layunin

Upang nilay-nilayin ang mga konseptong humuhubog
sa programa ng pabibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth

## BAHAGI 1

Sa pangalawang yunit ng aklat na ito tinalakay natin ang kahalagahan ng kapaligirang panlipunan sa buhay ng isang kabataan sa panahon ng maagang yugto ng pagbibinata o pagdadalaga. Sa gayon, ang programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth ay binuo palibot sa konsepto ng isang "junior youth group". Ang isang junior youth group, tulad ng nabanggit na natin, ay hindi isang klase para sa mga bata. Taglay nito ang ilang katangian ng study circle, subalit ang pangunahing ginagampanan nito ay upang maging isang kapaligiran ng pagsuporta ng mga miyembro sa isa't isa, kung saan magagawa nilang paunlarin ang kabatirang espiritwal at mga paraan ng pag-iisip at pagkilos na tatangi sa kanila sa kahabaan ng kanilang mga buhay.

Ang isang junior youth group ay nagtitipon nang regular, nang minsan man lamang tuwing linggo, at dumadalo sa ilang *camp* na taon-taong idinaraos sa loob ng tatlong taon. Ang panahong ginugugol ng mga miyembro nang magkasama ay nakatuon sa pag-aaral ng mga araling tanging binuo para sa yaong mga nasa pagitan ng edad ng labindalawa at labinlimang taong gulang. Gayundin ang mga kabataan ay nagsasanggunian, nagpaplano, at nagsasagawa ng mga proyekto ng paglilingkod sa pamayanan, naglalaro ng sports, at isinasagawa ang mga gawaing pangkalinangan tulad ng drama at mga likhang-kamay, na naaangkop sa kanilang mismong kapaligiran. Sa mga camp, na natatagal ng ilang araw ang bawat isa, isinasagawa nila ang masinsinang pag-aaral bilang isang grupo at nakikilahok sa sama-samang mga gawain sa iba pang mga grupo mula sa kanilang kapitbahayan o nayon na kasali rin sa programa. Sa yunit na ito, susuriin natin ang iba't ibang aspekto ng programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas na dapat ninyong malaman nang husto.

## BAHAGI 2

Pag-isipan muna natin ang mga miyembro ng grupo. Sa isang pamayanan, kapag nagustuhan ng mga junior youth ang programa, kadalasan ay maaaring bumuo ng isang grupo ng sampu hanggang labinlimang miyembro. Habang ang edad ng karamian ay nasa labindalawa hanggang labintatlo, ang ilan sa kabataan ay maaaring malapit na sa labindalawa at ang mga iba ay labing-apat na. Iminumungkahi ng karanasan na pinamabisa ang programa kapag ang mga miyembro nito, maging anupaman ang edad nila, ay nananatiling magkasama sa loob ng tatlong-taong yugto at tinatapos ito bilang isang grupo. Sa yugtong iyon, maaaring magpatuloy ang mga nagnanais nito sa kasunod na yugto ng proseso ng edukasyon, sa pag-aaral sa pangunahing serye ng mga kurso ng institute at sa pagtahak sa mga landas ng paglilingkod na ibinubukas nito sa kanila.

Sa ilang lugar, ang mga kabataang sumasali sa isang grupo ay nakilahok na noong nakaraan sa klase ng Bahá'í para sa mga bata, subalit dapat tandaang sa maraming kalagayan, ang mga kabataang papasok sa programa ay walang naunang ugnayan sa Pananampalataya. Kung gayon, bukod pa sa magkakaibang edad, madalas ay may ilang pagkakaiba kaugnay ng pinanggalingan at karanasan. Walang grupo ang laging magkapareho, at laging nahaharap ang mga animator sa hamon ng pagtugon sa magkakaibang mga hilig ng mga kabataan. Kailangan ng malaking antas ng kakayahang makibagay at ng pagiging mapanlikha kaugnay nito, at kailangang handa kayong harapin ang hamon na ito sa tuwing nagtitipon kayo at ng grupo. Halimbawa, paano ninyo haharapin ang sumusunod na mga sitwasyon?

- Ang ilang miyembro ng junior youth group na inyong tinutulungan ay nahihirapan sa pag-unawa ng kanilang binabasa.

- Napapahiya ang mas batang mga miyembro ng grupo kapag sinusubukan ninyong tulungan sila nang hiwalay sa grupo.

- Hindi sapat na mapanghamon para sa isa o dalawang miyembro na mas matanda ang ilan sa gawain ng grupo.

- Ang ilang miyembro ng grupo ay umaayaw sa pakikilahok sa isang gawain.

- Ipinakikita ng ilang miyembro ng grupo ang kakayahang gawin ang mga aralin nang higit na mabilis kaysa sa iba.

- Asiwa ang mga babae at mga lalaki sa grupo na makilahok sa ilang gawain nang sama-sama.

- Ang ilang miyembro ay walang sapat na mapagkukunan upang makapag-ambag, halimbawa, sa isang iskursiyon ng grupo.

- Ang isa o dalawang miyembro ay hindi regular sa kanilang pagdalo.

- Ang isang miyembro ay gumagawa ng di-marapat na mga biro sa mga pagtitipon.

- Isinasama ng ilang miyembro ng grupo ang kanilang bunsong mga kapatid sa mga pagtitipon.

- Hindi nakikilahok sa talakayan ng grupo ang isa o dalawang miyembro.

Talakayin ito at ang kahalintulad na mga sitwasyon sa inyong grupo. Mangyari pa, habang kayo ay nagtatamo ng karanasan sa larangang ito ng paglilingkod, muli't muli ninyong susuriin ang gayong mga hamon sa tuwi-tuwinang mga pagtitipon upang magnilay-nilay kasama ang inyong mga kapwa-animator, at magtatamo kayo ng bagong mga pag-unawa.

## BAHAGI 3

Ang mga tekstong nasa kaibuturan ng programa—na maaaring nabasa na ninyo ang ilan, sang-ayon sa iminumungkahi sa inyo sa Aklat 2—ay isinaayos sang-ayon sa antas ng kahirapan, kapuwa kaugnay ng lengguwaheng ginagamit at ng mga konseptong sinusuri. Nahahati ang mga ito sa dalawang kategorya. Sinusuri ng mga nasa unang kategorya ang mga tema mula sa Bahá'í na pananaw, subalit hindi sa paraan ng panrelihiyong pagdoktrina. Sa ganitong diwa, ang mga ito ay maaaring taguriang "Bahá'í-inspired". Ang mga ito ay bumubuo ng malaking bahagi ng programa. Kasama sa kabilang kategorya ang mas maliit na bilang ng mga teksto, na nagbibigay ng malinaw na bahaging Bahá'í. Susuriin natin ang bahaging Bahá'í na iyon sa kasunod na bahagi, at dito ay tututok tayo sa katangian ng mga tekstong Bahá'í-inspired.

Sa karaniwan, ang ganitong uri ng mga aralin ay nililikha sa paniniwalang mula sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay naroroon ang di-mabilang na mga perlas ng karunungang dapat ialok sa interesadong mga indibidwal, kahit hindi pa nila nakikilala ang Kaniyang Katayuan. Bihasa na kayo sa konseptong ito, dahil sa pangalawang yunit ng Aklat 2, "Mga Usapang Nagpapasigla", pinag-aralan ninyo ang mga sipi batay sa mga talumpati at mga Tableta ni 'Abdu'l-Bahá upang paunlarin ang kakayahang isama ang espiritwal na kaalaman at malalim na pag-unawang natamo mula roon sa inyong pang-araw-araw na mga pakikipag-usap.

Tulad ng inyong nalalaman mula sa sarili ninyong karanasan, sa pagtalakay sa mga iba ng mga temang sinasaliksik sa yunit na iyon, kung minsan ay maaari ninyong banggitin ang pinanggalingan ng inyong inspirasyon sa isang natural na paraan, bagaman may mga pagkakataong mamarapatin ninyong hindi gawin iyon—ito ay sang-ayon sa hinihingi ng bawat sitwasyon. Ang gayunding simulain ay sinusunod sa kaso ng mga araling Bahá'í-inspired. Kaugnay nito ay sinasabi sa isang liham na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice na:

> **"Ang isa sa pangunahing tuntuning namamahala sa Bahá'í na panlipunan at pangkabuhayang pag-unlad ay nararapat ibahagi ng mga kaibigan nang masagana at walang kondisyon ang mga Katuruan ni Bahá'u'lláh sa sangkatauhan, nang sa ganoon ay magawa ng mga tao sa lahat ng dako na ilapat ang mga iyon sa mahigpit na mga suliraning panlipunan at pabutihin ang kanilang indibidwal at sama-samang mga buhay, kapuwa sa mga bahaging materyal at espiritwal. Ang pag-uugnay sa Salita ng Diyos ay hindi dapat nababatay sa pagtanggap kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa araw na ito. Higit pa rito, angkop din ang umiwas sa tahasang pagbanggit sa Pinagmulan ng inspirasyon na pinagbabatayan ng programa ng edukasyong binuo batay sa Kaniyang mga Katuruan, kung ito ay hinihingi ng pagkakataon.**

**Kaugnay nito, may isang hanay ng mga mapagpipilian na maaaring isaalang-alang ng mga kaibigan habang lumilikha ng mga araling pang-edukasyon kung saan ginagamit ang mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya."**[1]

At sinasabi sa isa pang liham na isinulat sa ngalan ng House of Justice na:

**"Sinabihan kaming ipaabot sa inyo na walang pangangailangang tukuyin ang may-akda kapag ginagamit ang isang sipi mula sa mga kasulatang Bahá'í sa Bahá'í-inspired na mga curriculum material kapag waring may dunong sa hindi paggawa niyon."**[2]

Sa gayon, bagaman ang lahat ng mga araling Bahá'í-inspired ay binuo sa ilalim ng tuwirang impluwensiya ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ang katangian ng bawat pangkat ng mga aralin at ang paggagamitan nito ay ang nagtatakda sa antas ng tahasang pagbanggit sa Pananampalataya. Sa ilan, naaangkop na isama ang ilang sipi mula sa Sagradong mga Kasulatan. Sa mga iba, maaaring ipaliwanag ang mga katuruang Bahá'í nang walang mga sipi. Sa alinmang kaso, ang mga reperensiya sa orihinal na pinagmulan ay maaari o hindi isama. Mahalagang maunawaan, gayumpaman, na kahit sa mga kasong walang malinaw na pagbanggit sa Pananampalataya, nagiging malinaw mula sa konteksto ng karanasang pagtuturo-pagkatuto na ang aralin ay tunay ngang nagbuhat sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.

Ang mga araling Bahá'í-inspired na sinusuri natin dito ay naghahango ng malaki sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos, kapuwa sa pamamagitan ng tuwirang pagsipi mula sa mga kasulatan at sa pamamagitan ng paghabi ng mga katuruan ng Pananampalataya sa paglalahad ng mga temang intelektuwal, moral, at espiritwal. Ang mga teksto mismo ay hindi nagbibigay ng mga reperensiya, at karaniwang iniiwan sa pasiya ng animator, batay sa kalagayan ng grupo at ng mga hilig at interes nito, kung babanggitin ang mga pinagmulan ng mga sipi, at kung naaangkop iyon, sa aling yugto gagawin iyon. Nasa ibaba ang isang halaw mula sa isang aralin ng *Mga Simoy ng Pagpapatibay*, na karaniwang unang aklat na pinag-aaralan ng mga junior youth group. Basahin ito at talakayin ang mga katanungang kasunod nito.

Si Chishimba ay isang kaklase at isang matalik na kaibigan ni Godwin. Madalas siyang bumibisita sa mga Mulenga, at ngayong gabi siya'y kasama sa hapunan. Ang usapan sa lamesa ay palipat-lipat sa iba't ibang paksa. Gusto ni Musonda na mapag-usapan na ang tungkol sa pagpapatibay, at siya'y hindi makahintay. Sa wakas, nagkaroon ng ilang sandaling tahimik. "Kami ni rose ay nag-uusap tungkol sa pagpapatibay," nagsalita si Musonda.

"Ayan na naman ang aking maliit na kapatid," sabi ni Godwin, kasama ang kaniyang pagtikhim. Ngunit, sa gulat niya, naging interesado si Chishimba.

"Ano ang ibig sabihin ng salitang iyan sa iyo?" tinanong niya si Musonda.

Nasorpresa rin, si Musonda ay tumingin kay Rose, umaasang siya ang sasagot.

“Pagpapatibay . . . Pinagtitibay tayo ng Diyos at tinutulungan tayo sa anumang ating ginagawa,” sabi ni Rose.

Ilang sandaling hindi nagsalita si Chishimba. May kalungkutan sa kaniyang mga mata. “Ilang buwan na ang nakalipas,” dahan-dahan siyang nagsimulang magsalita, “nawalan ng trabaho ang aking ama. Siya’y matapat at mapagkakatiwalaan, at alam ng lahat ito. Sa loob ng labing-walong taon siya’y nagtrabaho bilang isang guwardiya sa isang kompanya, at bigla lamang siyang tinanggal sa trabaho. Alam nating lahat ang dahilan. Kung pinayagan nila na siya’y magpatuloy sa kaniyang trabaho nang dalawa pang taon, siya’y makapagreretiro na sa kompanya at mapipilitan ito na bigyan siya ng pensiyon. Wala kaming labis na naimpok. Bagama’t tumutulong sa amin ang matanda kong kapatid, tila hindi na ako makapagpapatuloy ng pag-aaral sa susunod na taon, kasi wala akong maibabayad para sa upa ng kuwarto at aking pagkain. Gusto ko talaga makapag-aral. Nagtataka ako kung bakit hindi ako tinutulungan ng Diyos.”

Lahat ngayo’y lumingon kay G. Mulenga, umaasang siya ang sasagot sa tanong.

Ngumiti si G. Mulenga at nagsalita, “Na pagtitibayin tayo ng Diyos kapag tayo’y gumagawa ng isang pagsisikap, hindi ibig sabihin nito na magiging madali na ang buhay. Mapupuno ang inyong buhay ng paghihirap, at ang masama pa, marami sa ito ay dulot ng kawalan ng katarungan. Subalit kailangang magtrabaho kayo nang mabuti, at kahit na hindi nangyayari ang gusto ninyo sa ngayon, makatitiyak kayo sa pagpapatibay ng Diyos. Lalo na kayong pagtitibayain sa inyong pagpupunyagi upang maiwaksi ang kawalan ng katarungan.” Tumingin siya kay Chishimba at nagsabi, “Ang pamilya mo’y nagkakaisa at masipag. Ang puso ko’y nagsasabi sa akin na ang kalagayan mo’y magkakaroon ng pagbabago. Makatatapos ka rin sa iyong pag-aaral. Maniwala ka sa aking sinasabi.”

Sa mga Bahagi 20 at 21 titingnan natin ang *Mga Simoy ng Pagpapatibay* nang detalyado, subalit sa ngayon ay maaaring nanaisin ninyong talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

1. Ano ang pangunahing konseptong espiritwal na hinaharap ng usapan sa itaas?

2. Ang konsepto ay inihaharap ba sa paraang mauunawaan ng junior youth?

3. Sa pangalawang yunit ng aklat, pinag-isipan natin ang mga panganib ng labis na pagbibigay-diin sa “sarili”. Paano naiiba ang proseso ng edukasyon na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsisikap at pag-aakit sa pagpapatibay ng Diyos mula sa isang prosesong umiinog sa mga palagay ukol sa katuparan ng sarili, pagtuklas sa sarili, at amor propio na inilarawan sa yunit na iyon?

4. Ang lahat ng junior youth, maging anupaman ang kanilang pinanggalingan, kabilang na roon ang mga mula sa mga pamilyang Bahá’í, ay nakikinabang ba mula sa pag-aaral ng ganoong uri ng mga araling Bahá’í-inspired na sinusuri dito? Bakit?

## BAHAGI 4

Ang mga teksto sa pangalawang kategorya ay nagbibigay ng nilalaman para sa pagpapatuloy ng edukasyong espiritwal na tinanggap sa Bahá’í na mga klase para sa mga bata. Tuwirang tinatalakay ng mga ito ang saligang mga paniniwalang Bahá’í at pinag-uusapan ang paraan kung paano isinasalin sa gawa ang mga paniniwalang ito kaugnay ng pamumuhay ng pamayanan. Ang katayuan ni Bahá’u’lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa panahong ito, ang lubos na tiwala sa pagsasakatuparan sa wakas ng Kaniyang layunin para sa sangkatauhan, ang kasiguruhan sa walang-hanggang kalayaan at kaligayahang natatamo natin sa pamamagitan ng pagsunod sa Kaniyang mga batas, at ang katiyakan sa kapangyarihan ng Kaniyang Kasunduan—ang mga ito ay kabilang sa mga paniniwalang humuhubog sa paraan ng paglalahad ng mga tema sa mga teksto.

Sa pag-iisip sa kategoryang ito ng mga aralin, makatutulong sa inyo ang sumusunod na sipi na isinulat sa ngalan ng Guardian:

> **“. . . ang mga panganib na hinaharap ng modernong mga kabataan ay patuloy na nagiging malala, at kinakailangan ang agarang lunas. Subalit, tulad ng malinaw na ipinakikita ng karanasan, ang lunas sa talagang malungkot at nakatutulirong sitwasyon na ito ay hindi matatagpuan sa relihiyong kinaugalian at ng simbahan. Ang doktrina ng Simbahan ay tinalikdan na nang tuluyan. Ang makapipigil sa mga kabataan at makapagliligtas sa kanila mula sa mga patibong ng garapalang materyalismo ng panahon ay ang kapangyarihan ng isang Pananampalatayang tunay, nakatutulong at nabubuhay, tulad ng ipinakilala ni Bahá’u’lláh sa daigdig. Ang relihiyon, tulad rin noong nakaraan, ay ang tanging pag-asa pa rin ng daigdig, subalit hindi yaong anyo ng relihiyon na walang-saysay na sinisikap ipangaral ng ating mga pinuno ng simbahan. Kapag naihiwalay sa tunay na relihiyon, ang moralidad ay nawawalan ng bisa at hindi na ginagabayan at pinipigilan ang indibidwal at panlipunang pamumuhay ng tao. Subalit kapag ang tunay na relihiyon ay pinagsasama sa tunay na etika, sa pagkagayon ang moral na pagsulong ay nagiging posible at hindi lamang isang huwaran.”[3]**

Nililinaw ng sipi sa itaas na di-tulad ng humihinang impluwensiya ng kinaugaliang relihiyon, ang kapangyarihan ng isang nabubuhay na Pananampalataya ay makapagliligtas sa mga kabataan mula sa “mga patibong ng garapalang materyalismo” na laganap sa kasalukuyang lipunan. Ang kapangyarihang ito ay dapat nakikita kapuwa sa nilalaman ng pinag-aaralan ng mga kabataan at sa paraan ng pagtulong sa kanilang paunlarin ang kanilang mga kakayahang

espiritwal. Upang mapag-isipan pa ang mga kuro-kurong ito, tingnan natin ang isang bahagi mula sa *Espiritu ng Pananalig*—na isa sa mga tekstong kasama sa kategoryang sinusuri dito.

Tinatalakay ng *Espiritu ng Pananalig* ang mga temang nauugnay sa pilosopiya ang katangian, sapagkat ang mga kabataan sa ganitong edad ay laging binubuno ang saligang mga katanungan ng buhay, mga katanungang kailangangan masagot nang wasto upang maiwasan ang pagkatuliro at kahit ang kawalan ng pananalig sa kalaunan. Nasa katuruang Bahá'í matatagpuan ang mga kasagutan sa maraming palaisipang nakatutuliro sa isipan ng tao: ang tunay na likas na katangian ng tao, ang mabuti at masama, ang malayang kalooban at ang tadhana, ang ebolusyon at ang paglitaw ng espiritu ng tao, ang talino ng tao, ang espiritu ng pananalig. Ginagamit ng teksto ang malalim na mga pag-unawang halaw sa mga kasulatan, lalo na mula sa tumatarok na mga paliwanag ni 'Abdu'l-Bahá sa *Ilang Katanungang Sinagot,* upang makapagbigay ng liwanag sa mga temang ito. Tinatalakay nito ang bawat tema sa pamamagitan ng usapan ng isang grupo ng mga junior youth, na nagaganap sa kanilang regular na lingguhang mga pagtitipon at sa kalaunan nang magsama-sama sila sa Sabado't Linggo sa isang lugar para sa camping. Ang sumusunod na bahagi ay hango sa isang aralin kung saan pinag-uusapan ng mga kabataan ang paksa ng kapalaran sa animator ng kanilang grupo, si Natalia Petrovna:

"Tingnan natin kung ano na ang naunawaan natin hanggang ngayon," sabi ni Natalia Petrovna. "Tayo ay mayroong malayang kalooban upang gumawa ng mabuti o masama at kailangan nating gamitin ang ating pagkukulang upang mamuhay nang marangal. Subalit ang magtaglay ng malayang kalooban ay hindi nangangahulugan na mapipigilan natin ang lahat ng bagay. May mga bagay na mangyayari sa atin na hindi natin kayang pigilan. Ngayon ay nais kong itanong sa inyo ang tungkol sa isa pang ideya. Ano ang inyong nauunawaan sa salitang 'kapalaran'?"

"Sa palagay ko ang kapalaran ay isang bagay na hindi natin kayang baguhin kahit anupaman," sabi ni Igor.

"Maganda ang sagot na iyan. May makapagbibigay ba ng ilang halimbawa?" tanong ni Natalia.

"Hindi natin napipili ang ating mga magulang," sabi ni Nadya.

"Hindi natin napipili kung saan tayo isisilang," sabi ni Anton.

"Laging sinasabi ng aking mga magulang na kapalaran ko ang maging isang napakahusay na piyanista," sabi ni Vadik.

"Subalit hindi mo kailangang gawin iyon. Maaari mong piliin na maging iba," sabi ni Marina.

"Tama iyon. Ang kapalaran ay hindi ganoon kadali," sabi ni Natalia. "May isang magandang paghahalintulad kung paano gumagana ang kapalaran. May nakakita na ba sa inyo kung paano hinhabi ang isang alpombra (*carpet)*?"

Blangko ang mga mukha ng lahat, kaya nagpatuloy si Natalia: "May isang kuwadro. Sa kuwadro na ito, inuunat ang mga hibla ng sinulid mula sa isang dulo hanggang sa kabila. Ang manghahabi ay gumagamit ng magkakaibang kulay ng sinulid upang ihabi sa nakaunat na mga sinulid na ito at gumawa ng isang debuho. Narinig ng isang sinaunang mananampalataya na sabihin ni 'Abdu'l-Bahá na tayo ay katulad ng mga manghahabi. Ibinigay na sa atin ang kuwadro na may nakaunat na sinulid. Ibinigay rin sa atin ang mga sinulid na panghabi, na inyong masasabi ay mga talento at mga kapangyarihan na taglay natin nang tayo ay isilang. Ito ang ating kapalaran. Subalit tayo ang pumipili sa debuho na ihahabi sa kuwadro na iyon. May kalayaan tayo sa ating mga kilos. Ang bawat isang kilos ay bumubuo ng isang maliit na bahagi ng debuho. Ang natapos na debuho ay kung ano ang kalalabasan ng buhay natin sa ating pagtanda. Sa pamamagitan ng malayang kalooban at ng pagkukusa ay pinauunlad natin ang mga kapangyarihan at mga talento na ipinagkaloob ng Diyos sa atin.

---

**Mga pagninilay-nilay:**

Pinagkalooban tayo ng Diyos ng magkakaibang mga kakayahan. Ang isa ay maaaring mahusay sa biology, samantalang ang isa pa ay may talento sa musika. Subalit tayong lahat ay pinagkalooban ng lahat ng kinakailangan upang maging marangal na mga nilikha. Hindi tama, kung gayon, ang isisi sa kapalaran ang ating mga kahinaan. Kapag ginagawa natin iyon, humihinto tayo sa pagsisikap na gawing higit na mabuti ang ating mga sarili. Sa bawat kalagayan sa ibaba, piliin ang kaisipan na makatutulong sa indibidwal upang baguhin ang kaniyang sitwasyon:

a. Ang isa ay nagkasasakit dahil madalas siyang kumakain ng di-masustansiyang pagkain. Iniisip niya:

   ______Kapalaran ko ang maging mahina at sakitin.

   ______Dapat kong tigilan ang paggawa ng dahilan at baguhin ang aking ugali sa pagkain.

b. Ang isa ay hindi nag-aral, kaya mababa ang nakuha sa exam. Iniisip niya:

______Maaaring hindi ako ang pinakamahusay na mag-aaral, subalit sa pamamagitan ng pagsisikap, huhusay rin ako.

______Hindi ko kapalaran ang magtagumpay sa pag-aaral.

c. Ang isa ay naglalasing tuwing may hinaharap na suliranin. Kapag hindi siya lasing, iniisip niya:

______Pinipilit ako ng buhay na maglasing.

______Kakayahin ko ang mga problema sa buhay ko; hindi ko kailangan ang alak.

d. Ang isa ay may ugaling mamintas sa kaniyang mga kaibigan. Kaya iniiwasan nila siya:

______Walang gustong makipagkaibigan sa akin.

______Dapat kong ihinto ang pamimintas at tingnan ang mabuti sa aking mga kaibigan.

e. May isang nandaya sa eksamin at nahuli. Iniisip niya:

______Ito ang aking suwerte. Ang mga iba ay nandadaya pero kailanman ay hindi nahuhuli.

______Paano ko naman nagawa iyon? Nararapat sa akin ang madamtan ng damit ng katapatan.

---

"Ang sinasabi ba natin ay walang may kapalaran na maging kriminal?" tanong ni Ivan.

"Talagang wala," tugon ni Natalia Petrovna. "Sa paghahalintulad na kagagamit ko pa lamang, ang bawat isa ay maaaring maghabi ng magandang mga debuho sa paggamit ng kuwadro at mga sinulid na ibinigay sa kanila. Bagaman magkakaiba, tayong lahat ay may kakayahang lumaki na maging mabuti."

Sang-ayon si Ivan sa lahat ng nasabi na. Gayumpaman, may isang bagay na nakagugulo sa kaniya, ngunit hindi niya matiyak kung ano iyon. Bigla na lamang niyang narinig ang kaniyang sarili na sinabi ang: "Ngunit masyadong mahirap naman lahat iyan."

Walang nakaunawa nang lubos na kahulugan ni Ivan.

“Ano ang masyadong mahirap?” tanong ni Natalia.

“Ang lagi na lang magsikap nang maigi sa lahat ng panahon upang maging malakas, upang maging mabuti,” tugon ni Ivan.

“Tama ka, Ivan,” sabi ni Natalia habang pinag-iisipan ang tugon ni Ivan. “Ngunit tandaan na tinutulungan ka ng Diyos sa lahat ng panahon. Hindi Niya tayo iniiwan na mag-isa kahit kailan. Ito ay tulad ng barkong naglalayag; ang kapangyarihan upang kumilos ay nanggagaling sa hangin at hindi mula sa barko mismo. Subalit ang kapitan ang kailangang humuli sa hangin sa kaniyang mga layag at itimon ang barko sa patutunguhan nito. Ang lahat ng kapangyarihan ay nagbubuhat sa Diyos. Kapag wala ang tulong Niya, tayo ay walang kakayahan. Kapag titingnan lamang natin ang ating mga sarili, ang nakikita lamang natin ay kahinaan. Subalit kapag bumabaling tayo sa Diyos at sumasamo sa Kaniyang tulong at kandili, natatagpuan natin an lakas upang gawin an nakalulugod sa Kaniya.”

Pagkatapos ang grupo ay nagparis-paris upang isaulo ang sumusunod na mga sipi:

> **“Ang walang-kahambing na Manlilikha ay lumikha sa lahat ng tao mula sa iisa at parehong sangkap, at dinakila ang kanilang realidad nang higit na mataas sa lahat ng ibang nilikha Niya. Ang tagumpay o kabiguan, ang pakinabang o pagkalugi, kung gayon, ay nababatay sa sariling mga pagsiskap ng tao. Habang higit siyang nagsusumikap, higit ang kaniyang magiging pag-unlad. ”**
>
> **“O aking Diyos! O aking Diyos! Nakikita Mo ako sa aking kababaan at kahinaan, na abala sa pinakadakilang gawain, nagtitikang itaas ang Iyong salita sa mga karamihan at ikalat ang Iyong mga turo sa Iyong mga sambayanan. Paano ako magtatagumpay kung hindi Mo ako tatangkilikin sa hininga ng Espiritu Santo, tutulungan akong magtagumpay sa pamamagitan ng mga hukbo ng Iyong maluwalhating kaharian, at pauulanin sa akin ang Iyong mga pagpapatibay, na iyon lamang ang makapagpapabago ng niknik upang maging isang agila, ng isang patak ng tubig upang maging mga ilog at mga dagat, at ng isang atomo upang maging mga liwanag at mga araw? O aking Panginoon! Tulungan ako ng Iyong matagumpay at mabisang lakas, nang sa gayon ay mabigkas ng dila ko ang Iyong**

**mga papuri at mga katangian sa lahat ng mga tao at mag-umapaw ang kaluluwa ko sa alak ng Iyong pag-ibig at kaalaman.**

**"Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan at ang Gumagawa ng anumang ninanais Mo."**

Bagaman magkakaroon kayo ng pagkakataong pag-aralan ang buong teksto ng *Espiritu ng Pananalig* sa Bahagi 22, makabubuti ang huminto sandali sa yugtong ito at suriin ang nilalaman ng sinipi sa itaas sa pamamagitan ng pagtalakay ng sumusunod na mga punto:

1. Paano inihaharap ng aralin ang konsepto ng kapalaran? Ito ba ay nagdodoktrina?

2. Paano inihaharap ang konsepto sa paraang pagdodoktrina?

3. Ang aralin ba ay may angkop na pagbibigay-diin sa pagtulong sa mga junior youth upang suriin ang mga konseptong espiritwal, o mahigpit ba ang paghaharap nito?

4. Paano nakatutulong ang aralin upang makita nila ang mga ipinahihiwatig ng mga kasulatan tungkol sa kapalaran at malayang saloobin sa sarili nilang mga buhay?

5. Nakikita ba sa kuwento ang paggalang sa magkakaibang mga pananaw at damdaming ipinakikita ng bata pang mga katauhan na sinisikap maunawaan ang mga konsepto? Kung oo, paano ba ito ipinakikita?

6. Ano ang mangyayari kapag ang mga miyembro ng junior youth group ay hindi pinahihintulutang ipahayag nang malaya ang kanilang mga kuro-kuro kaugnay nito?

7. Paano tinutulungan ni Natalia Petrovna ang kaniyang bata pang mga kaibigan upang umunlad ang malinaw na pag-iisip?

8. Ang mga katanungang tinatalakay ng mga kabataan sa kuwento ay mahalaga ba para sa lahat ng mga junior youth, maging anupaman ang kanilang pinanggalingan?

## BAHAGI 5

Ang maagang yugto ng pagbibinata o pagdadalaga ay isang panahon sa buhay ng tao kung kailan ang ating kakayahang makakita nang higit pa sa panlabas na anyo lamang ay lubhang lumalakas; hinahanap natin ang higit na malalim na pag-unawa sa mga nakikita natin at nararanasan natin. Ipinahihiwatig nitong nangangailangan ang mga junior youth ng espiritwal na pag-unawa; kailangan silang matulungan sa pagkilala ng mga puwersang espiritwal, upang makita ang espiritwal na realidad ng bawat sitwasyon, at upang tukuyin ang nauugnay na mga simulaing espiritwal. Binabanggit ng mga kasulatan ng Pananampalataya ang gayong mga kakayahang tulad ng "panloob na pananaw", "panloob na paningin", at ang "mata ng kaluluwa". Sa gayon, halimbawa, pinapayuhan ni 'Abdu'l-Bahá ang Tarbíyat School sa Ṭihrán:

**"Tulutang gawin nila ang pinakamalaking pagsulong sa pinakamaikling panahon, tulutang imulat nila ang kanilang mga mata at tuklasin ang panloob na mga realidad ng lahat ng bagay, maging mahusay sa bawat sining at kahusayan, at matutong unawain ang panloob na mga realidad ng lahat ng mga bagay sa mismong sarili ng mga ito—na ang kakayahang ito ay isa sa malinaw na nakikitang bunga ng paglilingkod sa Banal na Bungad."[4]**

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá na ang espiritwal na pang-unawa ay isa sa mga kapangyarihang nag-iiba sa tao mula sa hayop:

**"Malinaw at maliwanag na habang ang tao ay nagtataglay ng mga kapangyarihang katulad ng hayop, siya ay naiiba sa hayop sa intelektuwal na kakayahan, sa espiritwal na pang-unawa, sa pagtatamo ng mga birtud, sa kapasidad na tumanggap ng mga kaloob ng Dibinidad, ng dakilang biyaya at mga pagsinag ng makalangit na awa. Ito ang palamuti ng tao, ang kaniyang karangalan at kadakilaan. Ang sangkatauhan ay dapat magsikap patungo sa pinakamataas na katayuang ito."[5]**

At tinutukoy Niya ang ating panloob na paningin at panloob na pandinig bilang mga biyayang espiritwal:

**"Binigyan Niya tayo ng mga regalong materyal at mga biyayang espiritwal, ng panlabas na paningin upang makita ang mga liwanag ng araw at panloob na paningin upang mabatid natin ang luwalhati ng Diyos. Hinugis Niya ang panlabas na tainga upang tamasahin ang mga himig ng tunog at ang panloob na pandinig upang marinig natin ang tinig ng Maylalang sa atin."[6]**

Sa isa pang pagkakataon ay ipinaaalaala Niya sa atin na lubhang mahalaga na buksan natin ang ating panloob na paningin:

**"Ang ating espiritwal na pang-unawa, ang ating panloob na paningin ay kinakailangang mabuksan, nang sa gayon ay makita natin ang mga palatandaan at mga bakas ng espiritu ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang lahat ng bagay ay maaaring magsiwalat sa atin ng liwanag ng Espiritu."[7]**

At sa sipi na ito, inilalarawan sa atin ni 'Abdu'l-Bahá ang isang pagkakataon kung kailan pinahusay ng espiritwal na pang-unawa ang kabatiran:

**"Ang paggunita sa pagkalipol ay isang salik sa kapahamakan ng tao, isang sanhi ng kariwaraan at kababaan ng tao, isang pinagmumulan ng takot at kaimbihan ng tao. Ito ay nakadaragdag sa pagkakalat at paghihina ng kaisipan ng tao, samantalang ang pagkakabatid sa pag-iral at pagpapatuloy ay itinataas ang tao sa kadakilaan ng mga mithiin, itinatatag ang mga pundasyon ng pagsulong ng tao at pinasigla ang pag-unlad ng makalangit na mga birtud; samakatwid, nararapat na talikuran ng tao ang mga kaisipan ng kawalan ng buhay at ng kamatayan, na ganap na haka-haka, at makita ang kaniyang sarili na patuloy na nabubuhay, walang-hanggan sa banal na layunin ng pagkalikha sa kaniya. Dapat niyang talikuran ang mga kuro-kurong naghahamak sa kaluluwa ng tao nang sa gayon sa araw-araw at sa oras-oras ay sumulong siya nang pataas tungo sa espiritwal na pang-unawa sa pagpapatuloy ng realidad ng tao."[8]**

Makapagbibigay ba kayo ng ilang salita tungkol sa kung paano ang espiritwal na pang-unawa ay nagbibigay ng bagong mga bahagi sa kabatiran ng tao na hindi naaabot sa pamamagitan ng paggamit lamang ng mga kakayahan ng isipan?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## BAHAGI 6

Yamang sinaliksik na natin ang pangangailangan para sa espiritwal na pag-unawa, kailangan na nating itanong sa ating mga sarili kung paano ito pinauunlad. Ang tanong na ito, mangyari pa, ay hindi tumatanggap ng simpleng sagot lamang, at maaari lamang nating isaalang-alang dito ang ilang magkakaugnay na mga kuro-kuro.

Maliwanag na ang espiritwal na pag-unawa ay isang katangian ng dalisay na puso. Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na:

> **"Habang nagiging mas dalisay at konsagrado ang puso ng tao, mas lumalapit ito sa Diyos, at ang liwanag ng Araw ng Realidad ay nahahayag sa loob nito. Pinagniningning ng liwanag na ito ang mga puso sa apoy ng pag-ibig sa Diyos, nagbubukas sa kanila ng mga pinto ng kaalaman, at nag-aalis ng mga pinid sa dibinong mga hiwaga upang maging posible ang espiritwal na mga katuklasan."[9]**

Na napakahalaga ng kaalaman sa Diyos para sa pag-unlad ng espiritwal na pag-unawa ay maliwanag din:

> **"Sapagkat ang pag-unawa sa realidad ng mga bagay ay nagkakaloob ng materyal na kapakinabangan sa umiiral na daigdig at nagdudulot ng pagsulong ng panlabas na kabihasnan, subalit ang kaalaman sa Diyos ay ang sanhi ng espiritwal na pagsulong at pagkaakit, ng tunay na kakayahang makakita at ng malalim na pag-unawa, ng kadakilaan ng sangkatauhan, ng paglitaw ng banal na kabihasnan, ng pagwawasto sa moral, at ng kaliwanagan ng budhi." [10]**

At malinaw na hindi maaaring mawala ang pag-ibig sa Diyos upang mapalakas ang panloob na paningin:

> **"O aking kaibigan! Magpasalamat ka sa Diyos yamang tinanglawan ang iyong paningin ng maningning na mga sinag mula sa Araw ng Katotohanan, at binuhay at bininyagan ka ng tubig ng buhay at ng apoy ng pag-ibig sa Diyos."[11]**

**"Ang pag-ibig sa Diyos ay sinasabing tulad ng apoy, sapagkat tinutupok nito ang mga lambong, at tulad ng tubig, sapagkat ito ang pinagmumulan ng buhay. Sa maikling salita, ang pag-ibig sa Diyos ay ang kaibuturang realidad ng mga kabutihan sa daigdig ng sangkatauhan. Sa pamamagitan nito, ang likas na katangian ng tao ay dinadalisay. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos, ang tao ay naliligtas sa mga kapintasan ng pantaong daigdig. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos, ang tao ay sumusulong sa kaharian ng mga kabutihan. Ang pag-ibig sa Diyos ay ang sanhi ng pagliliwanag ng daigdig."**[12]

Maaaring makatulong ang mga pagsasanay na ito sa inyong pagninilay-nilay sa kahalagahan ng mga payo sa itaas.

1. Sumulat ng ilang pangungusap na naglalarawan kung paano pinahuhusay ng bawat isang sumusunod ang espiritwal na pag-unawa:

   a. Kadalisayan ng puso: ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   b. Kaalaman sa Diyos: ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   c. Pag-ibig sa Diyos: ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

2. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

   _____ Sa pamamagitan ng pangangatwiran lamang, nang walang tulong mula sa mga katuruan ng Diyos, magagawa nating makilala ang tama mula sa mali.

   _____ Ang pagkilala sa mga Kahayagan ng Diyos at ang pagsunod sa Kanilang mga katuruan ang nagbibigay sa atin ng kakayahang mabatid ang katotohanan.

   _____ Ang kadalisayan ng puso ay ginagawa ang tao na maging walang-malay sa kamunduhan.

   _____ Habang higit na dalisay ang puso, higit nitong naisasalamin nang matapat ang mga katangiang dibino, na ang liwanag nito ang nagbibigay-daan upang mabatid ang panlood na realidad ng mga bagay.

   _____ Ang apoy ng pag-ibig sa Diyo ay tumutupok sa lambong ng sarili, nang sa gayon ay nagagawa ng panloob na paningin na makita ang katotohanan.

_____ Ang kapangyarihan ng pag-ibig sa Diyos ay tumutulong sa ating pagsusumikap nang malinaw ang pananaw upang makasunod sa Kaniyang Kalooban at tumupad sa Kaniyang layunin.

_____ Ang takot sa pagkalipol ay nagpapahina sa ating mga kakayahang intelektuwal at espiritwal, at kung gayon ang ating espiritwal na pag-unawa ay humuhusay kapag nakasisiguro tayong nagpapatuloy ang ating pag-iral.

_____ Ang walang pag-iimbot na paglilingkod sa Bungad ng Dibino ay makatutulong sa atin upang makita ang panloob na realidad ng mga bagay.

_____ Sa pamamagitan ng panloob na paningin, nakikita natin ang banal na mga pagpapatibay.

## BAHAGI 7

Ang huling sipi sa nakaraang bahagi ay tumutukoy sa isang saligang konsepto na may tanging kahalagahan sa ating pagsasaliksik—yaon ay, na napakaraming lambong ang pumipigil sa panloob na mata upang makita ang realidad ng mga bagay. Ang pagpapaunlad ng kabatirang espiritwal ay nangangailangan ng pag-alis ng gayong mga lambong. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang mga kaloob ng Diyos na hayag sa lahat ng umiiral na buhay magkaminsan ay natatago ng namamagitan na mga lambong sa paningin ng isipan at ng katawan, na ginagawa ang tao na maging bulag sa espiritwal at walang kakayahan, ngunit kapag ang mga tabing na iyon ay inalis at ang mga lambong ay napunit, kung gayon ang mga dakilang tanda ng Diyos ay makikita, at masasaksihan niya ang walang-hanggang liwanag na bumabalot sa mundo. Ang mga kaloob ng Diyos ay lahat at laging hayag. Ang mga pangako ng langit ay laging naroroon. Ang mga pagpapala ng Diyos ay nakapaligid sa lahat, ngunit kung ang may-kamalayang mata ng kaluluwa ng tao ay mananatiling nalalambungan at nagdidilim, mabubulid siyang itatwa itong pangkalahatang mga palatandaan at mananatiling pinagkaitan nitong mga paghahayag ng dibinong biyaya. Samakatwid, dapat tayong magsikap nang buong puso at kaluluwa upang ang lambong na tumatakip sa mata ng panloob na paningin ay maalis, upang makita natin ang mga kahayagan ng mga palatandaan ng Diyos, mabatid ang Kaniyang mahiwagang mga biyaya at matanto ang materyal na mga pagpapala kung ihahambing sa espiritwal na mga biyaya ay parang wala."**[13]

> **"Ang bawat kaluluwa ay dapat magsumikap upang ang mga lambong na pumipinid sa mga mata ng tao ay matanggal at agad na makikita ang araw at sa gayon ang puso at paningin ay matatanglawan nito."**[14]

Ang literal na pagpapakahulugan, ang walang-katuturang mga hinagap, ang bulag na paggaya, ang sarili, ang pagsunod sa simbuyo ng damdamin at ng pagnanasa, ang kasakiman at inggit, ang pagkiling—ang mga ito ay kabilang sa mga lambong na nababanggit sa mga kasulatan. Gayundin, ang mga pandama ng ating mga katawan ay maaaring maging mga lambong.

> **"Ang panalangin ko para sa inyo ay ang inyong mga kapangyarihang espiritwal at mga hangarin ay maanong maragdagan sa araw-araw, at maanong hindi na ninyo**

**ipahintulot na sa inyong mga mata ay maikubli ng inyong mga pangdamang materyal ang mga kaluwalhatian ng Makalangit na Tanglaw."[15]**

**"Ang isa sa mga lambong ay ang literal na pagpapakahulugan. Upang maarok ang panloob na mga kahulugan kinakailangan ng napakalaking pagsisikap."[16]**

**"O espiritwal na kabataan! Iyong purihin ang Diyos na iyong natagpuan ang iyong daan papasok sa Kaharian ng mga Karingalan, at pinunit ang lambong ng walang-kabuluhang mga hinagap, at ginawang lantad sa iyo ang kaibuturan ng panloob na hiwaga."[17]**

**"Buong-alab akong sumasamo sa Diyos na alisin ang lambong mula sa iyong panloob na mata; na ihayag sa iyo ang Kaniyang pinakamatinding mga palatandaan; at na gawin kang isang bandila ng pamamatnubay, lubos na nakawalay sa lahat liban sa Kaniya, nagniningas sa apoy ng pag-ibig sa Kaniya, abala sa paggunita sa Kaniya, at batid ang mga realidad ng lahat ng bagay, nang upang ikaw ay makakita gamit ang sarili mong mga mata, makarinig gamit ang sarili mong mga tainga, at umiwas sa paggaya sa alinman sa iyong mga ninuno. Tumingin nang may malalim na pag-unawa sa Kapakanan ng iyong Panginoon, sapagkat ang mga tao ay nababalot ng mga lambong ng karimlan."[18]**

**". . . sapagkat walang lambong ang higit na nakatatabing kaysa sa sarili, at gaanuman kanipis ng lambong na iyon, sa wakas ito ay ganap na sasarhan ang tao, at ipagkakait sa kaniya ang kaniyang bahagi ng biyayang magpakailanman."[19]**

**"Subalit ang pagsunod sa simbuyo ng damdamin at ng pagnanasa ay babalutan ang mga mata ng isang libong lambong na bumubugso mula sa puso upang bulagin ang paningin at gayundin ang panloob na paningin."[20]**

**"O mga anak ng pang-unawa! Kung ang talukap, gayunmang napakanipis, ay nahahadlangan ang panlabas na mata ng tao na makita ang daigdig at ang lahat ng naroroon, isipin kung gayon kung ano ang mangyayari kung ang lambong ng pag-iimbot ay tumabon sa kaniyang panloob na mata. Sabihin: O mga tao! Ang karimlan ng kasakiman at inggit ay nagpalabo sa kaningningan ng kaluluwa, tulad ng mga ulap na humaharang sa liwanag ng araw." [21]**

**"Inaasahan kong kayo ay magtutuon ng inyong mga mata na walang lambong tungo sa Araw ng Katotohanan, titingin hindi sa mga bagay ng kalupaan . . . ; hayaang mabigyan kayo ng Araw ng Kaniyang lakas, nang sa gayon, mula sa inyong mga mata ang Kaniyang liwanag ay hindi malambungan ng ulap ng walang-batayang paniniwala. At kung magkagayon na, ang Araw ay walang ulap para sa inyo." [22]**

Sa unang sipi sa itaas, sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin na "ng mga kaloob ng Diyos ay lahat at laging hayag", "ang mga pangako ng langit ay laging naroroon", at "ang mga pagpapala ng Diyos ay nakapaligid sa lahat". Ipinaliliwanag pa Niya na "kung ang may kamalayang mata ng kaluluwa ng tao ay mananatiling nalalambungan at nagdidilim", siya ay mabubulid na itatwa ang dakilang mga palatandaan ng Diyos at mananatiling pinagkaitan nitong hayag na mga biyaya.

1. Ano sa inyong palagay ang ilan sa kaloob at pagpapala na tinutukoy ni ‘Abdu’l-Bahá?

2. Ngayon ay ilarawan kung paanong ang mga lambong na binabanggit sa ibaba ay ipinagkakait sa atin na makita ang mga kaloob at mga pagpapala na ito.

   a. Literal na pagpapakahulugan sa sagradong mga teksto:

   b. Walang-katuturang mga hinagap:

   c. Bulag na paggaya:

   d. Ang sarili:

   e. Pagsunod sa simbuyo ng damdamin at ng pagnanasa:

   f. Kasakiman at inggit:

   g. Pagkiling:

__________________________________________________

__________________________________________________

3. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

   ______ Ang ating panloob na mata ay nakakikita kahit pa hindi tinutulungan ng ating mga kakayahang pangkaisipan at ng pisikal na mga mata.

   ______ Ang ating mga pandamang pisikal at mga kakayahang pangkaisipan ay laging pumipigil sa atin mula sa pagbabatid sa espiritwal na realidad.

   ______ Ang pagdadasilay sa ating mga pandamang pisikal mula sa lahat ng hindi nauukol sa Diyos ay nakatutulong sa ating panloob na mga kakayahan sa pagbabatid ng katotohanan.

4. Sa wakas, nilay-nilayin itong pahayag mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá upang magtamo ng karagdagang malalim na pag-unawa sa katangian ng mga lambong na maaaring makapigil sa kabatirang espiritwal. Isaulo ito kung nais ninyo.

   **“Inyong alamin, sa katunayan, na maraming lambong na bumabalot sa Katotohanan: mapanglaw na mga lambong; pagkatapos ay pino at naaaninag na mga lambong; pagkatapos ay ang pagbalot ng Liwanag, na ang pagkakita roon ay nakasisilaw sa mga mata, tulad ng araw na nababalot lamang sa sarili nitong liwanag, at kapag tiningnan natin ito, nabubulag ang paningin at nasisilaw ang mga mata.**

   **“Isinasamo ko sa Diyos na alisin ang lahat ng mga lambong at gawing mabihasa sa liwanag ang lahat ng mga mata, nang sa gayon ang tao ay hindi na nalalambungan mula sa pagsasaksi sa Araw ng Katotohanan.”**[23]

## BAHAGI 8

Nasa ibaba ang isa sa mga aralin ng *Mumunting mga Liwanag ng Pag-asa*, na isa pang tekstong Bahá’í-inspired na pinag-aaralan ng mga junior youth. Isinasaysay nito ang kuwento ni Kibomi, isang batang lalaki na labindalawang taong gulang, na pagkatapos mawalan ng kaniyang mga magulang, ay naglakbay upang hanapin ang kaniyang kapatid na babae. Si Kibomi ay bahagi ng tribung Adumbu. Ang kaniyang mga magulang ay napatay ng mga miyembro ng tribung Kungu sa laganap na kaguluhang bayan. Ang aralin na nauna mismo sa araling ito ay naglalarawan sa pangyayaring nakatagpo niya ang isang matandang lalaki mula sa tribung Kungu na pinakitunguhan siya nang may malaking kabaitan. Dito ay nakatagpo niya ang isang pangkat ng mga kawal mula sa sarili niyang tribu.

Dahil nakakain na nang kaunti, si Kibomi ay lumakas at kumilos nang mabilis. Noong tumakbo siya mula sa kaniyang nayon, ang halos nadama lamang niya ay takot at galit. Ngayon ay nagsisimula na niyang mabawi ang mabuting pagtingin

niya sa mga tao na dati pa niyang nadarama. Ang matandang lalaki ay isang Kungu, ngunit siya'y mabait at may dunong. Ibinahagi niya ang kaniyang pagkain. Ang mga salita na kaniyang sinambit ay napakaganda at punong-puno ng pag-asa: "Kailangan nating pumili." "Tayo'y nilikha upang magmahal, hindi upang mamuhi."

Patuloy na sinundan ni Kibomi ang ilog patungo sa Nangata. Matapos ang sandaling paglalakad, nakarinig siya ng mga boses at agad siyang nagtago sa likod ng malaking puno. Isang grupo ng batang kalalakihan ang paparating. Sila'y nag-uusap sa wikang Adumbu. Masaya si Kibomi na marinig ang kaniyang wika at marahan siyang lumabas mula a likod ng puno. Ang mga kalalakihan ay nakasuot ng uniporme. Sila'y mga sundalo ng rebeldeng hukbo ng Adumbu. Ang ilan sa kanila ay batang-bata pa, at ang isa ay tila kasing-edad ni Kibomi. Agad na huminto ang mga sundalo nang makita siya at itinaas ang kanilang mga baril. "Sandali lang!" sabi ni Kibomi. "Ako'y Adumbu tulad ninyo!"

"Ano ang ginagawa mo rito nang mag-isa?" ang yamot na tanong ng kanilang pinuno.

"Nilusob ng Kungu ang aming nayon at pinatay ang aking mga magulang. Kinailangan kong tumakas," sagot ni Kibomi.

"Halika at sumali sa amin kung gayon," sabi ng pinuno. "Kailangan nating turuan ng leksiyon ang mga Kungu. Pagbayarin natin sila sa ginawa sa iyong pamilya."

Si Kibomi ay natutukso. Nag-isip siya sandali at tatanggapin na ang alok. Ang sundalong bata ay lumapit at iniabot ang kaniyang kamay. Tumingin si Kibomi sa kaniyang mga mata at nagambala sa nakitang kawalan ng pag-asa sa mga mata nito. Siya'y nag-alinlangan. "Ako'y sasali sa susunod na panahon," sabi niya habang nanginginig ang boses. "Sa ngayon, kailangan kong umalis at hanapin ang aking kapatid na babae."

Habang paalis na ang mga sundalo, ang isa ay lumingon at sinabi, "Tandaan! Ang pagganti ang siya lamang paraan." Hindi sumagot si Kibomi.

**Mga tanong**

1. Ano ang nadama ni Kibomi nang lisanin niya ang kaniyang nayon?
2. Bakit nagbago ang kaniyang damdamin matapos makita ang matandang lalaki?

3. Bakit nagtago sa likod ng puno si Kibomi?
4. Sino ang mga batang lalaking nakasuot ng uniporme na nakita niya?
5. Ano ang sinabi ng pinuno kay Kibomi na gawin?
6. Ano ang nakita ni Kibomi sa mga mata ng sundalong bata?

**Mga gawain**

1. Nakita ni Kibomi ang kawalan ng pag-asa sa mga mata ng batang lalaki, na tulad rin niyang takot at galit, ay pinili ang lumaban at pumatay. Lahat tayo'y may mga sandali ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa. Sa gayong mga pagkakataon, hindi natin dapat piliin ang madilim na mga landas kundi hanapin ang liwanag na nagbabalik ng pag-asa. Basahin ang sumusunod na dasal at magnilay sa mga salita nito:

   **"Siya ang Madamayin, ang Lubos na Mapagpala! O Diyos, aking Diyos! Nakikita Mo ako, nakikilala Mo ako; Ikaw ang aking Kanlungan at ang aking Takbuhan. Wala akong hinanap at wala akong hahanapin liban sa Iyo; walang landas akong nilakaran o lalakaran pa kundi ang landas ng Iyong pag-ibig. Sa madilim na gabi ng kawalang pag-asa, ang aking mata ay umaasam at lipos ng pag-asang bumabaling sa umaga ng Iyong walang-hanggang pagtatangkilik at sa oras ng bukang-liwayway, ang aking nanlulupaypay na kaluluwa ay nananariwa at lumalakas sa paggunita sa Iyong kagandahan at kaganapan."**

   Ngayon ay sikaping isaulo ang dasal.

2. Sa bawat sumusunod na kalagayan, magpasiya kung alin sa mga kaisipan at gawa ang magdudulot ng kawalan ng pag-asa at alin an magbabalik ng pag-asa:

| a. Ikaw ay mahina sa isa sa mga paksa sa pagsusulit. | *Pag-asa* | *Kawalan ng Pag-asa* |
|---|---|---|
| – Ikaw ay huminto sa pag-aaral at ginugugol halos lahat ng oras sa paglalaro. | ☐ | ☐ |
| – Sinasabi mo sa iyong sarili na ikaw ay mangmang. | ☐ | ☐ |
| – Hiniling mo sa ibang mag-aaral na tulungan ka. | ☐ | ☐ |

| | | |
|---|---|---|
| – Ikaw ay nagtiyaga at nagsikap subukin unawain ang paksa. | ☐ | ☐ |
| – Sinisisi mo ang iyong guro dahil sa hindi pagbibigay ng mas maraming tulong sa iyo. | ☐ | ☐ |
| b. Ikaw ay malungkot at mag-isa, wari mo'y wala kang kaibigan. | *Pag-asa* | *Kawalan ng Pag-asa* |
| – Nagsasarili ka at madalas kang malungkot. | ☐ | ☐ |
| – Binabawasan mo ang panahon ng pag-iisip sa iyong sarili at higit kang nag-aalala sa ibang tao. | ☐ | ☐ |
| – Madalas mong iniisip ang pagkakamali ng iba. | ☐ | ☐ |
| – Hinahanap mo ang kabutihan ng ibang tao. | ☐ | ☐ |
| – Gumagawa ka ng unang hakbang na kausapin at makipagkaibigan sa iba. | ☐ | ☐ |
| c. Nakikita mo ang inggitan at pag-aaway sa ilan sa iyong mga kaanak. | *Pag-asa* | *Kawalan ng Pag-asa* |
| – Ikaw rin ay nainggit at nakipag-away sa kanila. | ☐ | ☐ |
| – Sisikapin mong maging mapagbigay tungo sa kanila. | ☐ | ☐ |
| – Ikaw ay magdadasal na magkaisa ang iyong mga kaanak. | ☐ | ☐ |
| – Tuturuan mo ang mga bata sa iyong pamilya tungkol sa pagmamahalan at pagbibigayan. | ☐ | ☐ |
| – Sinasabi mo sa iyong sarili na wala kang magagawa para mabago ang iyong mga kaanak. | ☐ | ☐ |
| d. May ginawa ang iyong kaibigan upang saktan ka. | *Pag-asa* | *Kawalan ng Pag-asa* |
| – Ikaw ay nagpasiyang gumanti at saktan ang iyong kaibigan. | ☐ | ☐ |
| – Pinatawad mo ang iyong kaibigan. | ☐ | ☐ |

- Nagpasiya ka na huwag manakit ng sinuman katulad noong ginawa sa iyo. ☐ ☐
- Tuturuan mo ang mga bata sa iyong pamilya tungkol sa pagmamahalan at pagbibigayan. ☐ ☐
- Sasabihin mo sa iba na masama ang iyong kaibigan. ☐ ☐
- Ititigil mo ang inyong pagkakaibigan. ☐ ☐

Banggitin ang ilan sa katotohanang espiritwal na maaaring matuklasan ng mga junior youth sa araling ito. Paano inihaharap ang mga tema ng pag-asa at kawalan ng pag-asa, na inihahalintulad sa liwanag at karimlan? Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang kuwento at ang kasamang mga gawain sa paghasa sa espiritwal na pag-unawa ng mga junior youth?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## BAHAGI 9

"Pag-asa" at "pagpapatibay" ay dalawang halimbawa ng maraming tema na kailangang harapin ng isang programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth. Ang maingat na pagtalakay sa gayong mga tema ay maaaring magpalakas sa espiritwal na pag-unawa at makatulong sa pagpapalawak ng kamalayan. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"May tanging mga haliging itinatag bilang di-maguguhong mga saligan ng Pananampalataya ng Diyos. Ang pinakamatibay sa mga ito ay ang pagkatuto at ang paggamit ng kaisipan, ang pagpapalawak ng kamalayan, at ang malalim na**

**pag-unawa sa mga realidad ng sanlibutan at ng natatagong mga hiwaga ng Diyos na Ganap na Makapangyarihan."[24]**

Maaaring mabuhay ang isang tao taglay ang iba't ibang antas ng kamalayan. Ang mabatid ang dibinong kalooban at layunin, ang makilala ang mga puwersang nagkakaroon ng impluwensiya sa atin at sa ating mga pamayanan, at ang magsumikap na italaga ang ating mga kapangyarihang pangkaisipan at espiritwal tungo sa pagtatatag ng isang bagong daigdig—ang mga ito ay nagpapahiwatig ng isang higit na mataas na antas ng kamalayan kaysa sa yaong nakatutok sa materyal na mga alalahanin. Isa sa pangunahing mga hamon ng isang animator ng junior youth group ay ang pagtulong sa mga miyembro nito upang umabot sa higit at higit pang mataas na mga antas ng kamalayan. Upang magawa nila ito, kailangang maunawaan ng mga kabataan ang mga konseptong nauugnay sa mga temang pinakamahalaga sa isang espiritwal na buhay. Gayundin ay kailangan nilang palakihin ang kanilang kakayahang magnilay-nilay at magsuri sa gayong mga konsepto at isagawa ang mga ito sa kanilang realidad. Karagdagan sa pag-asa at pagpapatibay, ano ang ilang tema at nauugnay na mga konsepto na dapat gawing pakay ng pagninilay-nilay ng mga junior youth?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 10

Sa nakaraang ilang bahagi, sinuri natin ang paksa ng espiritwal na pag-unawa at ang ilang katangiang nauugnay rito—kadalisayan ng puso, kaalaman sa Diyos, at pag-ibig sa Diyos. Pinag-isipan din natin ang mga "lambong" na maaaring humadlang sa atin makakita gamit ang ating "panloob na mga mata" at isinaalang-alang kung paanong ang pag-unawa sa tanging mga konsepto ay makatutulong upang palakasin ang ating espiritwal na pag-unawa at palawakin ang ating kamalayan.

Sa panahon ng pagbibinata at pagdadalaga, ang mga kapangyarihang likas na taglay ng kaluluwa ng tao ay higit pang inihahayag ang sarili nito. Kabilang sa mga ito, ang mga kapangyarihang pag-iisip at pagpapahayag ay may tanging kahalagahan, at ang pag-aruga sa mga ito gayundin ay napakahalaga para sa pagpapalawak ng kamalayan. May isang napakalapit na ugnayan sa pagitan ng wika at ng pag-iisip. Ang kapangyarihang mag-isip ay naihahayag sa pamamagitan ng pananalita, at ang pagpapahusay sa kapangyarihang magsalita ay lubhang kinakailangan para sa paglilinang ng pag-unawa. Ang pagpapayabong ng mga kakayahan ng pagpapahayag at ang pagpapalalim ng sariling pag-unawa sa realidad ay magkaagapay.

Kinakailangan ng pag-unawa, sa huli, ng paglilimi at pagninilay-nilay, mga gawaing di-maipaghihiwalay sa wika. Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

> **"O mga tao ni Bahá! Ang pinagmumulan ng masining na mga likhang kamay, mga agham at mga sining ay ang kakayahan ng pagninilay-nilay. Gawin ninyo ang lahat ng pagsisikap upang lumitaw mula rito sa minimithing minahan ang gayong mga perlas ng karunungan at pananalita na magtataguyod sa mabuting kalagayan at pagkakasundo ng lahat ng mga kaanak ng daigdig."**[25]

Ang pag-unawa ng tao at ang mga kapangyarihan ng pagpapahayag, mangyari pa, ay nangangailangan ng tanglaw mula sa Dibinong pananalita. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh:

> **"Siya ay dumating para sa inyong kaligtasan, at ipinasan ang mga paghihirap nang magawa ninyong umakyat, sa pamamagitan ng hagdanan ng pananalita, sa rurok ng pag-unawa."**[26]

Ang pagpapahusay sa mga kapangyarihan ng pagpapahayag ay nangangailangan ng mahigit pa sa pagtatamo lamang ng wala sa loob na mga kakayahan ng pagbabasa, pagsusulat, at pananalita. Kinakailangan nito ang ilang kahusayan: ang magbasa nang may mahusay na pag-unawa, ang ilarawan ang mga ideya nang malinaw at matatas, at nang sabihin ang mga konsepto nang may makatwirang antas ng katumpakan. Sa paggamit ng mga kahusayang ito, natututo ang mga junior youth na ilapat ang nauugnay na mga konseptong pang-agham, moral, at espiritwal sa pagsuri ng daigdig sa palibot nila at sa pagbuo ng sariling matibay na mga paniniwala kung saan maitatatag sa hinaharap ang kanilang panlipunang ideyolohiya.

Ipinaliliwanag ni 'Abdu'l-Bahá na "ang karamihan ng populasyon ay walang nalalaman tungkol sa napakahalagang mga kaparaanan na maaaring bumuo sa agarang lunas sa matagal nang mga sakit ng lipunan". "Sa kasalukuyan," sinabi rin Niya, "dahil hindi nakasasapat ang kanilang pinag-aralan, ang karamihan ng populasyon ay nagkukulang sa mismong bokabularyo upang maipaliwanag kung ano ang ninanais nila." Pinagpala talaga, kung gayon, yaong mga, sa maagang yugto ng pagiging kabataan, ay nagagawa nang paunlarin ang mga kapangyarihan ng pagpapahayag, at yamang batid ang dibinong lunas sa palagiang mga karamdaman ng sangkatauhan, ay pinpuspos ang kanilang mga isipan ng makalangit na mga kaisipan, at pinalalaki sa ganitong paraan ang kanilang pang-unawa at pinalalawak at kanilang kamalayan.

Sa aralin sa ibaba mula sa *Paggamit sa Kapangyarihan ng Salita,* isang tekstong Bahá'í na madalas pinag-aaralan ng mga junior youth na nakasulong na sa ilang naunang mga teksto, pinag-uusapan ng isang grupo ng mga kabataan ang konsepto ng "salita". Pag-aralan ang aralin at sikaping makita kung paano nito pinalalaki ang pang-unawa at itinataas ang kamalayan.

---

Ang isa sa pinakamasayang gawaing isinakatuparan ng grupo ng mga kabataan ng Alegrías sa unang mga buwan ng pagkakabuo nito ay ang proyekto ng pagtatanim ng mga puno. Nang nakapagtanim na ang mga kabataan ng limampung puno ng prutas sa lupang nakapaligid sa kanilang paaralan, inanyayahan nila ang kanilang mga magulang, mga kaibigan, at mga kapitbahay

sa isang seremonya kung saan si Elisa ay nagbigay ng isang maikling talumpati tungkol sa kahalagahan ng pagpapabuti ng kapaligiran. Pinahalagahan ng pamayanan ang proyektong ito sapagkat ang mga punong itinanim ay mamumunga at magpapaganda sa nayon.

Sa sumunod na araw pagkatapos ng seremonya, bago lisanin ang Alegrías, nagpatawag si Elisa ng isang bukod-tanging pagpupulong kasama ang mga kabataan. “Ngayong araw na ito ay nais kong pag-usapan natin ang isang paksang magiging sentro ng ating mga talakayan sa darating na mga buwan,” sinabi niya nang buong kasiglahan. “Upang simulan ito, hayaan ninyong tanungin ko kayo: Sa inyong palagay, bakit tayo nilikha ng Diyos?”

Agad na sumagot si Mariela, “Nilikha tayo ng Diyos dahil mahal Niya tayo. ‘Inibig Ko ang paglikha sa iyo, kung kaya nilikha kita.’ Natutunan ko ang siping ito noong ako’y bata pa at kailanma’y hindi ko ito nalimutan.”

“Napakagaling,” sagot ni Elisa. “Nilikha tayo ng Diyos dahil mahal Niya tayo. Nilikha tayo ng Diyos mula sa Kaniyang walang-hanggang pagmamahal sa atin. At dahil sa pag-ibig na ito, ipinagkaloob Niya sa bawat isa sa atin ang Kaniyang pinakakamangha-manghang mga handog. Isa sa mga pinakadakilang handog sa atin ay ang kakayahang gamitin ang ‘salita’. Walang ibang nabubuhay na nilalang ang nabigyan ng kakayahang bumigkas ng mga salita, bumasa ng mga salita, sumulat ng mga salita, at maunawaan ang mga ito. Sa pamamagitan ng mga salita, nakikipag-usap tayo sa isa’t isa at naipababatid natin sa isa’t isa kung ano ang ating iniisip at nadarama. Higit sa lahat, nasa sa mga salita ipinapahayag ang mga banal na katuruan. Ating nauunawaan ang mga katuruang ito sa pakikinig at pagbabasa sa Salita ng Diyos na inilahad ng Kaniyang Kahayagan. Kung kaya ang temang nasa isip ko para sa ating mga talakayan ay ang kapangyarihan ng salita.”

“Narinig kong ang salita ay higit na makapangyarihan kaysa sa espada,” sabi ni Carlota.

“Totoo ‘yan,” dagdag ni Antonio. “Subalit upang magkaroon ng kapangyarihan ang mga salita, kailangang kaagapay ng mga ito ang gawa. Kung hindi, ang mga salita ay hungkag at madaling liparin ng hangin. Isa sa paborito kong sipi ay nagsasabing tayo’y nararapat na mag-ingat, na baka tayo’y lumakad sa mga pamamaraan nila na ang mga salita ay kaiba sa kanilang mga gawa.”

“Oo,” dagdag ni Ana Maria. “Masasabi mo sa isang tao na siya’y iyong matalik na kaibigan, ngunit kung hindi mo naman siya tinutulungan kapag kailangan ka niya, marahil ay hindi ka talaga ganoong mabuting kaibigan.”

Ang sinabi ni Ana Maria ay pinukaw ang imahinasyon ng lahat, at bawat isa ay nagsimulang magbigay ng mga halimbawa kapuwa ng hungkag na mga salita at mga salitang sinasamahan ng gawa.

Sa wakas nagsalita si Elisa, “Mabuti! Kayong lahat ay kumbinsidong ang mga salitang may kaagapay na mga gawa ay lubos na makapangyarihan. Ang mga salita ay may kamangha-manghang kapangyarihan—magagawa ng mga ito ang baguhin ang daigdig. Kung kaya kayo, na gustong magtatag ng isang mas mabuting daigdig, ay dapat na matutong mabuti kung paano gumamit ng mga salita. Ibig sabihin nito ang pag-iisip sa salita, pag-uunawa sa salita, pagbibigkas sa salita, pagpapalaganap sa salita, at pagsasagawa ng mga salita.

Ilang sandaling nanatiling tahimik ang mga kabataan, nagninilay-nilay sa sinabi ni Elisa. Biglang nagkaroon ng ideya si Diego. Sa tuwa niya, lumundag siya sa harapan ng grupo at sinabing, “Ngayo’y alam ko na kung paano natin makakamit ang materyal at espiritwal na pag-unlad: sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salitang sinamahan ng dalisay na mga gawa.”

Katahimikan. Walang sinuman ang nakaimik. Nanatiling nakatayo roon si Diego, hindi mapakali. Hindi alam kung uupo ba siya o mananatiling nakatayo. Tumingin siya kay Elisa upang magpasaklolo. Tumayo si Elisa nang marahan, lumapit sa kaniya at hinawakan ang kaniyang kamay. “Natuklasan mo ang isang napakalalim na katotohanan,” sinabi niya kay Diego. “Sa paglipas ng panahon, iyong matututunan kung gaano ito kahalaga.”

**MGA PAGSASANAY**

1. Gamitin ang sumusunod na mga salita sa pagbuo ng mga pangungusap sa ibaba:

   samahan, imahinasyon, ipahayag, mga gawa, makapagpahayag
   bumuti, ipinagkaloob, lumikha, kapaligiran, paligid,
   handog, inilahad, nahimok, malalim

   a. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salita tayo’y may kakayahang ________________________________ ang ating mga sarili.

b. Ayaw ni Julia na ang kaniyang nakababatang kapatid na lalaki ay pumunta sa tindahan nang mag-isa, kung kaya nagpasiya siyang ________________ siya.

c. Nasiyahan ang doktor nang makitang ang kalusugan ng batang babae ay nagsimulang ____________________ .

d. Pagkatapos ng maraming beses na pakiusap a kaniya, sa wakas ay siya ni Luis Enrique na magsalita sa pagpupulong.

e. Binigyan tayo ng Diyos ng ____________________ ng buhay, at nararapat na hindi natin ito sayangin.

f. Tuwing nangangako si Juan Carlos, sinisikap niyang mabuti na tuparin ito. Ang kaniyang mga salita ay palaging sinusundan ng ____________ .

g. Dahil sa pagmamahal Niya sa atin, ang Diyos ay nagbigay sa atin ng maraming handog. Ang kakayahang gamitin ang salita ay isa sa mga pinakadakilang regalo na ______________________________ Niya sa atin.

h. Ang maikling kuwento ay isinulat mula sa _______________________ ng maykatha.

i. Upang ________________ sa iba, nararapat din tayong matutong makinig.

j. Si Cecilia ay nag-alala sa _________________________ at nagpasiyang magbigay sa sentro ng pamayanan ng isang kurso tungkol sa kalinisan.

k. Tuwing may gagawing proyekto, nagagawa ni Diego na maging masigasig ang lahat para dito. Siya ay may kakayahang ___________________ ng kasigasigan.

l. Labis na pagod si Roberto pagkatapos ng maghapong pagtatrabaho kung kaya siya'y nakatulog at walang makagising sa kaniya. ________________ ang tulog ni Roberto.

m. Kailanma'y ayaw sabihin ng aking lola kaninuman kung ilang taon na siya, ngunit nang siya'y umabot sa 100 ______________________ niya sa wakas ang kaniyang edad.

n. Nagtanim ng halamanan si Anna paikot sa kaniyang tahanan, kung kaya ay may magagandang bulaklak ng iba't ibang kulay at hugis ang nasa ___________________ nito.

2. Sumulat ng isang pangungusap gamit ang bawat parirala sa ibaba.

mga dalisay na gawa: ________________________________________

________________________________________________________

pagpapabuti ng kapaligiran: __________________________________

________________________________________________________

nang may buong kasigasigan: _________________________________

________________________________________________________

pagsasagawa ng mga salita: __________________________________

________________________________________________________

pagninilay-nilay sa kung ano ang sinabi: _________________________

________________________________________________________

3. Ang mga salita ay may kapangyarihang humantong sa kabutihan o kasamaan, at depende sa mga salitang ginagamit natin, tayo ay maaaring makapagbigay sa iba ng mabuting payo o masamang payo. Sa ibaba, lagyan ng "G" ang unahan ng bawat pahayag kung ito'y mabuting payo, at "B" kung masamang payo.

_______ Dapat tayong magkaisa at hindi kailanman mag-away-away.

_______ Kung kailangan mo, kunin mo. Ano ngayon kung magalit ang mayari.

_______ Huwag manirang-puri sa kapwa.

_______ Lahat tayo ay sinusumpong ng katamaran minsan; kung dumating man sa iyo ang araw na iyon, mas makabubuting walang gagawin na anumang bagay.

_______ Huwag ipagpaliban sa kinabukasan ang magagawa mo ngayong araw.

_______ Hindi mahalaga kung lagi kang huli sa pagdating sa mga pagpupulong.

_______ Gaanuman kaliit ang gawain, nararapat na gawin ito nang buong husay.

_______Okey lang ang pagsasabi ng maliit na kasinungalingan paminsan-minsan.

_______Huwag gumawa ng anuman para kaninuman; walang mapapala rito.

_______Ang tanging layunin ng buhay ay upang maging masaya

_______Araw-araw dapat tayong magsumikap na pagbutihin ang ating mga sarili.

_______Ang trabaho ay isang parusa.

_______Bakit dapat nating sundin ang batas; alam nating lahat kung anong pinakamabuti para sa ating mga sarili.

_______Ang layunin natin sa mundong ito ay ang kilalanin at sambahin ang Diyos.

_______Sinasamba natin ang Diyos tuwing ginagampanan natin ang ating mga trabaho sa diwa ng paglilingkod.

_______Dapat nating alalahanin lamang ang sarili nating mga buhay at huwag nang mabahala sa mga suliranin ng ibang tao.

_______Ang mga magulang mo ay matatanda na; anong alam nila sa buhay ng panahong ito!

_______Ang pag-inom ng kaunting alak ay hindi nakapipinsala kaninuman.

_______Ang buhay ay maikli. Bakit mo papatayin ang iyong sarili sa katatrabaho?

1. Sinisikap ng aralin na palawakin ang kamalayan ng mga junior youth sa pagtulong sa kanilang magnilay-nilay sa konsepto ng "salita". Paano nito nagagawa ito? ________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

2. Pagkatapos suriin ang aralin sa itaas, anong uri ng mga ugnayan ang iyong nababatid sa pagitan ng kapangyarihan ng kaisipan at ang kapangyarihan ng pananalita? _____
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

## BAHAGI 11

Kailangang paunlarin ng junior youth ang kakayahang bumasa nang mahusay at maunawaan nang mabuti ang kanilang binasa. Sa karamihan ng bahagi ng daigdig, may hanay ng magkakaiba-ibang literatura para sa edad na ito, mula sa akademikong mga aklat hanggang sa mga komiks. Bagama't ang maraming elemento nitong malaking kabuuan ng literatura ay nakatutulong sa mahusay na pag-unlad ng mga junior youth, ang epekto nito ay hindi maihahambing sa impluwensiyang idinudulot ng mga katotohanang matatagpuan sa mga kasulatan sa kaluluwa ng isang kabataan. Alam natin na sa Dispensasyong ito, pinagkalooban ni Bahá'u'lláh ang bawat salita ng panibagong bisa:

> **"Sa pamamagitan ng pagkilos ng Aming Panulat ng kaluwalhatian, alinsunod sa utos ng lubos na makapangyarihang Nagtatadhana, inihinga Namin ang isang panibagong buhay sa bawat katawan ng tao, at pinagkalooban ang bawat salita ng panibangong bisa. Ang lahat ng nilikhang bagay ay nagpapahayag sa mga katibayan nitong muling pagkabuhay sa buong daigdig."**[27]

Maging anupaman ang mga tema o mga konseptong tinatalakay sa mga araling ginagamit upang paunlarin ang mga kapangyarihan ng pagpapahayag ng mga junior youth, ang kahulugang ibinabahagi ay dapat naglalarawan nang malapit sa mga kasulatan ng Pananampalataya. Ang ating pag-unawa sa konsepto ng katarungan, halimbawa, kapag natatanglawan ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh, ay makatatagos sa mga kalaliman ng kahulugan na hindi madaling maabot ng isang daigdig na nawalan na ng ugnayan sa espiritwal na realidad. Ang pagtuklas sa mga hiyas ng karunungang nilalaman ng mga kasulatan, sa tulong ng mga araling pang-edukasyon na ipinauunawa nang mapanlikha, ay nagbibigay-liwanag sa mga kaisipan ng mga junior youth at lumilikha ng kaligayahan sa kanilang mga puso. Ipinaliliwanag ni 'Abdu'l-Baha:

> **"Maliwanagan nawa ang inyong mga kaluluwa ng liwanag ng mga Salita ng Diyos, at maging mga imbakan nawa kayo ng mga kahiwagaan ng Diyos, sapagkat walang kaginhawahan ang hihigit pa at walang kaligayahan ang mas matamis pa kaysa sa espiritwal na pag-unawa sa mga katuruang dibino. Kung naiintindihan ng isang tao ang tunay na kahulugan ng mga berso ng isang makata tulad ng kay**

**Shakespeare, siya ay nalulugod at nagagalak. Gaano kalaki pa ang kaniyang kagalakan at kasiyahan kapag naunawaan niya ang realidad ng Banal na mga Kasulatan at nalalaman ang mga kahiwagaan ng Kaharian!"[28]**

Ang mga halaw sa ibaba ay kinuha mula sa aklat na *Paggamit sa Kapangyarihan ng Salita*. Ang tema ng "pag-unlad" ay nananalaytay sa kabuuan ng teksto. Sinisikap ng aralin na tulungan ang murang mga isipan sa pagtamo ng pag-unawa sa konsepto ng pag-unlad na naaayon sa mga katuruan ng Pananampalataya. Hinihiling sa inyo na sikaping tukuyin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng kahulugan ng pag-unlad, tulad halimbawa sa ibinabahagi ng *mass media* sa kasalukuyan at ang kahulugan nito ayon sa ibinabahagi sa sumusunod na mga halaw:

Ilang panahon ang nagdaan, ang mga tao sa nayon ay nakatanggap ng isang pagdalaw mula sa isang iginagalang na guro na nagsabi sa kanila, "Ang Alegrías ay maaari nating makamit ang kaunlaran kapuwa sa materyal at espiritwal." Sa simula, hindi gaanong naunawaan ni Diego kung ano ang kahulugan ng "materyal at espiritwal na kaunlaran", ngunit nakibahagi siya sa kaluguran ng kaniyang buong pamayanan. Mula noon, marami siyang natutunan tungkol sa bagay na ito. Nagkaroon siya ng kabatiran, na bagama't maliit sa pangangatawan, siya'y hindi na musmos at siya'y may kakayahang tulungan ang kaniyang nayon na makamit ang ninanais na kaunlaran sa materyal at espiritwal.

Isa sa mga ganitong pag-uusap na napagpasiyahan ni Diego na tanungin ang lahat kung ano ang kaisipan nila tungkol sa materyal at espiritwal na pag-unlad. Si Mariela, na laging may magandang bagay na nasasabi, ay dagliang sumagot: "Alam ko kung ano ang kahulugan ng materyal na pag-unlad. Nangangahulugan ito na tayo'y mga maralita at kailangan natin ang maraming pera upang makamit ang mga bagay na makapagpapaligaya sa atin."

Ang pagsagot ni Mariela ay nakapagpasigla sa lahat, at ang bawat isa ay nagsimulang magbahagi ng kani-kaniyang palagay. Humigit-kumulang ito ang kanilang mga sinabi:

Antonio: "Hindi ako naniniwala na upang maging maligaya ay kailangang maging mayaman ka. Marami akong kilalang taong maralita na maligaya."

Carlota: “Ang aking kapatid na lalaki ay nakabakasyon mula sa
pamantasan, at sinasabi niyang inimbento lamang ng mayayaman ang ideya ng ‘maligayang maralita’ upang mapanatili tayong kontentong nagtatrabaho para sa kanila.”

Ana Maria: “Maaaring totoo iyan, pero alam kong ang kaligayahan ay nanggagaling sa kalooban at kailanman ay hindi nakasalalay sa dami ng mga pag-aari ng isang tao.”

Diego: “Ngunit tiyak na totoong hindi rin masaya ang maging maralita. Dapat nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang mapabuti ang ating mga buhay.”

Antonio: “Pero dapat din tayong maging masaya habang tayo’y nagsisikap gumawa nito. Gusto kong magtrabahong mabuti para sa aking
sarili at para sa aking pamayanan, ngunit gusto ko ring maging maligaya habang ginagawa ito. Dati-rati ay masaya akong laging kasama ang kapatid na lalaki ni Carlota, pero mula nang magsimula siyang
mag- salita tungkol sa mayaman at maralita ay hindi ko na siya nais mapakinggan. Ang puso niya ay puno ng galit.”

Roberto: “Batid kong ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa pagiging malapit sa Diyos at sa pagsunod sa Kaniyang mga batas.”

Carlota: “At dapat nating tandaan na ang pagsunod sa mga batas ng Diyos ay nangangahulugan din ng ating sama-samang paggawa sa pagtatatag ng isang mas mabuting daigdig kung saan ang mga tao ay hindi na magiging maralita.”

Pagkatapos ay biglang napagtanto ni Diego na ang napag-usapan lamang nila ay halos tungkol sa materyal na kaunlaran. “Anong nangyari sa espiritwal na kaunlaran” tanong niya. Ngunit ang lahat ay tila pagod na, at kanilang napagpasiyahang ipagpatuloy ang talakayan sa susunod na mga pagkakataon.

Ang mga kabataan ay natalaga ng maraming pagpupulong para sa pagtalakay ng materyal at espiritwal na pag-unlad. Pagkaraan ng isang buwan, bago dumalaw si Elisa, nagsagawa sila ng isang natatanging pagpupulong upang balikan ang

kanilang mga ipinasiya. Nang inilahad ng mga kabataan ang kanilang mga kaisipan kay Elisa, siya ay lubos na nasiyahan. Tinulungan sila ni Elisa na isaayos nang malinaw ang kanilang mga ipinasiya at isulat ang sumusunod na deklarasyon:

**Deklarasyon ng mga Kabataan**

Tayo ay hindi na mga musmos at nararapat nating pag-isipan nang mabuti ang tungkol sa ating kinabukasan. Ang daigdig na ating ginagalawan ay puno ng paghihirap at pagdurusa dahil sa kawalan ng pagkakaisa. Gusto nating magtatag ng isang bagong daigdig kung saan ang mga tao ay namumuhay nang may pagkakasundo at ang digmaan at karalitaan ay hindi na umiiral. Upang makapagtatag ng isang bagong daigdig, dapat tayong magsimula sa ating sariling pamayanan. Kung kaya tayo ngayon ay nag-uusap tungkol sa materyal at espiritwal na pag-unld para sa ating maliit na nayon, ang Alegrías. Upang umunlad sa materyal, dapat nating pagbutihin ang ating agrikultura, alagaang mabuti ang ating kalusugan, magkaroon ng maraming paaralan, at maging aktibo sa pangangalakal at industriya. Sa pamamagitan ng mga bunga ng ating mga pagsisikap, dapat nating gawing napakagandang lugar ang ating mga tahanan, ang ating nayon, at ang ating mga kapaligiran, kung saan tayong lahat ay nasisiyahan sa isang kapaligirang malinis at mabuti sa kalusugan.

Ang materyal na pag-unlad para sa lahat ng tao ay hindi maaaring makamit kung tayo ay hindi magkakaroon ng espiritwal na pag-unlad. Kung walang espiritwalidad, iilan lamang ang magiging mayaman habang ang karamihan ay patuloy na mamumuhay sa karalitaan. Upang makamit ang ating mga mithiin bilang isang pamayanan, dapat tayong magkaisa, kumilos nang may katarungan, makipagtulungan at maging magiliw sa isa't isa, at maging mapagbigay, matapat at mapagkakatiwalaan. Ang katarungan, pagiging bukas-palad, pagmamahal at kagandahang-loob, katapatan at pagiging mapagkakatiwalaan ay espiritwal na mga katangiang kakailanganin natin upang makamit ang kaunlaran kapuwa sa materyal at sa espiritwal.

Hindi lamang sa pagtatatag ng mas mabuting daigdig na kakailanganin natin ang espiritwal na mga katangian. Kakailanganin din natin ang mga ito para sa buhay ng ating kaluluwa, na hindi nagtatapos dito sa mundo. Ang kaunlaran sa materyal at espiritwal ay nangangahulugang bawat araw tayo

ay dapat nagpupunyaging maging napakahusay sa mga aspektong materyal at espiritwal ng ting mga buhay, na tayo'y nagtatrabaho nang buong sigasig upang maitatag ang isang daigdig na makatarungan at mapayapa, at upang maihanda natin ang ating mga sarili para sa walang-hanggang buhay ng kaligayahan at kagalakan.

Naglaan si Diego ng maraming oras sa pag-iisip tungkol sa kaniyang pananalita. Natural na ang paksang nais niyang talakayin ay, "Ang Materyal at Espiritwal na Pag-unlad ng Alegrías". Subalit hindi niya nais magbigay ng mabigat na pananalita tungkol dito, at ayaw rin niyang magsermon sa kaniyang mga kaibigan. Kung kaya naging ganito ang paraan ng pagpapahayag ng kaniyang mga kaisipan:

Ang maging bahagi ng grupo ng kabataan ng Alegrías ay napakahalaga sa akin. Ang mga kasapi nito ay ang aking pinakamatalik na mga kaibigan, at ang ilan sa pinakamasayang sandali ay kapag kasama ko sila. Sa palagay ko ay nagbago kaming lahat mula noong kami ay nasimulang magpulong at sama-samang gumawa ng mga bagay-bagay. Halos mga bata pa lamang kami noong kami ay nagsimula, at ang aming pagsasama-sama ay nakatulong sa aming makabuluhang pagpasok sa kasunod na antas ng aming buhay. Salamat sa aming mga gawain at mga talakayan, hindi kami papasok sa yugto ng pagiging kabataan sa isang kalagayang nalilito at walang pag-asa. Aming nabatid na kami ay may layunin sa buhay, at aming tutulungan ang isa't isa na makamit ang mithiin ng bawat isa. Sa palagay ko, kami ay mananatiling magkakaibigan magpakailanman.

Isa sa mga ideyang madalas naming pag-isipan mula noong nabuo ang aming grupo ay ang espiritwal at materyal na pag-unlad ng Alegrías. Sa palagay ko sa simula ay nais lang naming usisain ang kahulugan nito. Ngunit ngayon, para sa karamihan sa amin, ang kaunlaran ng ating pamayanan ay isang bagay na nais naming pagtuunan ng aming mga lakas. Aming inaasam na ang kasigasigang ito ay makahahawa at makaaapekto sa bawat isa sa nayon.

Salamat kay Elisa, na buong pagmamahal kaming ginabayan, batid namin ang ilang mahalagang bagay tungkol sa kaunlaran. Alam naming dapat kaming magkaisa, kung hindi ang lahat ng aming mga pagsisikap ay masasayang.

Alam naming dapat kaming magpunyag upang maging mahusay; ang bawat araw ay dapat maging higit na mabuti kaysa sa nakaraang araw. Alam din naming ang naliliwanagang mga salita at dalisay na mga gawa ay may kapangyarihang magdala ng pagbabago. Subalit bakit may gayong kapangyarihan ang mga salita? Ang isa sa pinakamahalagang dahilan ay dahil sa pamamagitan ng mga ito tayo ay makatutuklas, makatatamo, at makapagpapahayag ng kaalaman. Sa kaibuturan ng kaunlaran ay ang kaalaman.

Noong isang araw ay pinagmamasdan ko ang ilang baka na nanginginain sa damuhang malapit sa aming bahay. Naitanong ko sa aking sarili, “Nasa mga bakang ito ang lahat ng bagay na maaari nilang kailanganin. Ang lahat ng damo na posible nilang gustuhin ay naririyan para kainin nila. May isang sapa sa pastulan kung saan maaari silang uminom kailanman nila naisin. Maaari silang mahiga sa ilalim ng araw o sa lilim ng puno alinman ang gustuhin nila. Ano pa ang maaaring kailanganin nila? Ngunit napagtanto ko na iyon lamang ang mayroon sila. Wala silang kaalaman ni hindi nila nauunawaan kung ano ang kanilang ginagawa. Sila ay mga alipin ng kalikasan. Nagpasiya ako nang may katiyakan na ayaw kong mabuhay ng isang baka. Pagkatapos ay sinabi ko sa aking sarili, “Paano kung naging sobrang mayaman at makapangyarihan ako subalit nanatiling ignorante? Anong kabutihan ang maidudulot nito? Kahit pa magkaroon ako ng lahat ng yaman at kapangyarihan, ako ay magiging walang halaga pa rin gaya ng isang alipin—alipin sa sarili kong mga pagnanasa na magtutulak sa akin na gumawa ng mga bagay na hindi ko nauunawaan, isang alipin ng kasakiman, isang alipin ng ibang higit na mayaman at higit na makapangyarihan.” Kung kay tunay na ang kaalaman ay nasa kaibuturan ng kaunlaran. Ang kaalaman ay nagbibigay sa atin ng kalayaan.

Sa puwang sa ibaba, sumulat ng ilang parapong naglalarawan sa palagay ninyong dapat maunawaan ng mga junior youth tungkol sa tema ng pag-unlad.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 12

Sa mga kasulatan ng Pananampalataya, ang “pananalita” ay madalas na tinatakdaan ng gayong mga terminong tulad ng “kasinlinaw ng krystal”, “kapani-paniwala”, “tumatagos”, at “kahanga-hanga” at sinasabayan ng mga pariralang nagpapakilala sa pangangailangan ng “kainamang-sukat”, “karunungan”, at “pag-unawa”. Ang mga salitang nagtataglay ng ganitong mga katangian ay inaasahang magkaroon ng bukod-tanging bisa upang “tupukin ang lambong ng sarili at simbuyo ng damdamin” at “subhan ang apoy ng poot at pagkamuhi”. Higit pa rito, ang mga salita ay nagdudulot ng impluwensiya sang-ayon sa kalagayan at mga katangiang espiritwal ng bumibigkas sa mga ito.

> **“Sabihin: Ang pananalita ng tao ay isang diwang naghahangad na idulot ang impluwensiya nito at nangangailangan ng kainamang-sukat. Tungkol sa impluwensiya nito, ito ay nababatay sa kapinuhan, na ito naman ay nababatay sa mga pusong nakawalay at dalisay.”[29]**

> **“Bukod rito ang mga salita at ang pananalita ay dapat maging kapuwa makapukaw-damdamin at tumatagos sa puso. Gayumpaman, walang salita ang maaaring pagkalooban ng dalawang katangiang ito hanggang ito ay hindi lubos na sinasambit alang-alang sa Diyos at nang may ganap na pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng pagkakataon at ng mga tao.”[30]**

> **“Ako ay sumasamo sa Diyos na hagisan ng mga perlas ng Kaniyang biyaya ang inyong mga ulo; na pagningasin ang apoy ng Kaniyang pag-ibig sa inyong mga puso; na kalagan ang inyong mga dila upang bigkasin ang pinakamahusay na mga salita at ang lubos na kamangha-manghang mga hiwaga sa kalipunan ng mga matwid; na gawin kayong mga bulaklak ng Paraisong Abhá at mga anghel ng langit, nagkakaisa sa inyong mga pananaw at nagtutugma-tugma ang inyong mga kaisipan; at na gawing mahayag sa inyong mga mukha ang banal na mga palatandaan ng Kaniyang Kaharian habang napapalibutan ng lahat ng tao.”[31]**

> **“Kung iyong ninanais na ang iyong salita at pananalita ay tumagos sa mga pusong matigas na, alisin mula sa iyong sarili ang lahat ng pangangapit sa daigdig at ibaling ang iyong mukha sa Kaharian ng Diyos.”[32]**

1. Tukuyin mula sa mga sipi sa itaas, ang ilan sa katangiang espiritwal na nagkakaloob ng kapangyarihan sa pananalita ng tao: ________________________________________

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Sa inyong palagay, ang pagsuri ng mga konsepto sa mga tekstong pinag-aaralan ng mga junior youth sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas ay paano nakatutulong sa kanila upang paunlarin ang ganitong mga katangian? ______________________

   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

# BAHAGI 13

Sinasabi sa atin ng mga kasulatan na ang kapangyarihan ng pananalita ay dapat itinutuon tungo sa pagsasakatuparan ng matayog na mga layunin:

> **“Ngayon ang sandali upang linisin ang iyong sarili ng mga tubig ng pagkawalay na dumaloy mula sa Kataas-taasang Panulat, at ang nilay-nilayin, alang-alang lamang sa Diyos, ang mga bagay na iyon na, muli’t muling ipinababa o ipinahayag, at pagkatapos ay magsikap, sa abot ng iyong makakaya, na sugpuin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng karunungan at sa lakas ng iyong pananalita, ang apoy ng poot at pagkamuhi na nagbabaga sa mga puso ng mga sambayanan ng daigdig.”**[33]

> **“Ipinakikiusap ng tagapaglingkod na ito sa bawat kaluluwang taimtim at nagsusumikap na ibigay ang kaniyang sukdulang pagsisikap at magbangon upang isaayos ang mga kalagayan sa lahat ng dako at muling buhayin ang mga patay sa pamamagitan ng nakabubuhay na mga tubig ng karunungan at pananalita, alang-alang sa pagmamahal na itinatangi niya para sa Diyos, ang Iisa, ang Walang-kapantay, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Mapagbigay-biyaya.”**[34]

> **“Ang bawat salita ay pinagkalooban ng espiritu, kung gayon ang nagsasalita o ang nagpapaliwanag ay nararapat sabihin nang maingat ang kaniyang mga salita sa angkop na panahon at lugar, sapagkat ang impresyong ibinibigay ng bawat salita ay malinaw na nahahalata at nararamdaman. Sinabi ng Dakilang Nilalang: Ang isang salita ay maihahalintulad sa apoy, ang iba ay sa liwanag, at ang bisa ng dalawang ito ay nahahayag sa daigdig. Kung gayon, ang isang naliliwanagang tao na may karunungan ay nararapat munang bigkasin ang mga salita na kasimbanayad ng gatas, upang ang mga anak ng tao ay maalagaan at mabigyan ng magandang halimbawa niyon at nang matamo ang talagang layunin ng buhay ng tao, iyon ay ang katayuan ng tunay na pag-unawa at kadakilaan. At gayundin, sinabi Niya: Ang isang salita ay tulad ng panahon ng tagsibol na dahilan upang ang murang mga halaman sa hardin ng rosas ng kaalaman ay maging luntian at lumago, samantalang ang isa pang salita ay tulad ng nakamamatay na lason. Nararapat sa isang mahinahong tao na nagtataglay ng karunungan na magsalita nang may sukdulang kabaitan at kahinahunan upang ang katamisan ng kaniyang mga salita ay makahikayat sa lahat na makamtan yaong nararapat sa katayuan ng tao.”**[35]

1. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pahayag ay totoo. Ang kapangyarihan ng pagpapahayag ay dapat na nakatuon sa

   _____ pagwawagi sa pagtatalo.

   _____ pagpapaliwanag sa katotohanan sa paglalahad ng malinaw na mga katwiran.

   _____ pagpatay sa apoy ng poot at pagkamuhi sa mga puso ng tao.

   _____ pagmanipula sa mga iba.

   _____ pagtago sa katotohanan.

   _____ pagpapaliwanag sa mga hiwaga ng sanlibutan.

______ paglalarawan sa masalimuot na mga bagay.

______ paglilinaw ng hindi pagkakaunawaan at pagbubuo ng pagkakaisa sa larawang-isip.

______ pagpapakilala sa kahusayan ng sariling kuro-kuro.

______ pagtatamo ng papuri at paghanga.

______ pagsasaliksik sa realidad.

______ pagpapabuti sa kalagayan ng mga tao.

______ pagtatanggol sa mga karapatan ng mga inaapi.

2. Magsulat ng ilang pangungusap tungkol sa kung paano ang pagpapaunlad ng mga kapangyarihan ng pagpapahayag ay nakatutulong sa mga junior youth sa landas ng personal na pagbabago at gayundin sa mga pagsisikap na makatulong sa pagbabago ng lipunan

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 14

Sa pagtulong sa junior youth na paunlarin ang mga kapangyarihan ng pagpapahayag, kailanman ay hindi natin dapat limutin na ang Salita ng Diyos ang nagsasalin ng kapangyarihan sa pananalita ng tao at nagkakaloob ng tunay na pag-unawa sa puso at isipan ng tao. Hinihiling sa inyong huminto sandali rito at nilay-nilayin ang mga sipi sa ibaba.

> **"Ang Bituing-araw ng pananalita, na sumisikat nang maningning mula sa pamimitak ng banal na Rebelasyon, ay lubhang pinagliwanag ang mga Pergamino at mga Tableta na ang kaharian ng pananalita at ang marangal na kapangyarihan ng pag-unawa ay sumisikdo sa galak at lubos na kaligayahan at nagliliwanag sa karingalan ng Kaniyang liwanag . . . "[36]**

> **"Sabihin: Ginawa Naming umagos mula sa Aming trono ang mga ilog ng pananalitang Dibino, upang ang mura at mabangong mga damo ng karunungan at pag-unawa ay umusbong mula sa lupa ng inyong mga puso."[37]**

> **"Sa pamamagitan ng mga hininga ng Iyong pananalita ang kalangitan ng pag-unawa ay naganyakan, at sa pamamagitan ng mga katas ng Iyong panulat ang bawat nagugunaw na buto ay nabuhay."[38]**

> **"Malinaw at hayag, samakatwid, na ang unang kaloob ng Diyos ay ang Salita, at ang tagapagtuklas at tagapagtanggap nito ay ang kapangyarihan ng pang-unawa.**

**Itong Salita ay ang pangunahing guro sa paaralan ng buhay at ang tagapaghayag Niya na Siyang Lubos na Makapangyarihan. Ang lahat ng nakikita ay nakikita lamang sa pamamagitan ng liwanag ng karunungan nito. Ang lahat ng nahahayag ay palatandaan lamang ng kaalaman nito. Ang lahat ng mga pangalan ay pangalan lamang nito, at ang simula at wakas ng lahat ng bagay ay nababatay rito."**[39]

Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang pinakamarami sa mga sipi sa itaas na inyong magagawa.

## BAHAGI 15

Nabubuhay tayo sa isang panahon kung kailan ang hinaharap ng sangkatauhan ay ang pagkasaid sa moralidad. Ang mga pamantayang gumabay sa mga tao sa loob ng daan-daang mga taon ay patuloy na nawawalan ng bisa nito, at ang mga pinahahalagahan ng laganap na materyalismo at ng isang ideyolohiyang itinatag sa labis-labis na *relativism* (o pagpapalagay na lahat ng pamantayan ay depende sa pananaw ng bawat isang tao) at sa hindi narerendahang *individualism* (o pagkamakasarili) ay unti-unti nang pumapalit sa mga ito. Pag-isipan pa natin ang pangyayaring ito bago natin isaalang-alang ang mga epekto nito sa mga bata.

Posibleng makita sa paglakad ng kasaysayan sa loob ng nakaraang mga siglo ang unti-unting paglaya ng sangkatauhan mula sa napakaraming tanikala na matagal nang nagpahirap dito—mula sa dogmatismo, mula sa paniniil, mula sa pamahiin, upang banggitin lamang ang ilan. Bagaman marami pang kailangang gawin, ang mga pagkiling na malalim ang pagkakatanim ay napagtagumpayan, ang mga batas na mangangasiwa sa katarungan ay nilikha, at ang mga karapatan ng mga indibidwal at mga grupo ay kinilala. Sa kasawiang-palad, itong mahalagang pagsulong ng kasaysayan ay nililigalig ng mga pamamalabis, at patuloy pa itong lumalala. Ang higit pang nagiging tampok ay ang labis-labis na relativism at ang hindi narerendahang pagkamakasarili, at ang pag-iral ng mga pamantayang walang-pasubali ay isinasantabi. Ang magkaroon ng kalayaang taluntunin ang sariling personal na kinahihiligan ay itinuturing bilang pinakamataas na huwaran, at ang pagkakaiba ng tama sa mali ay lumalabo na bunga niyon. Ang mga paraan ng pag-uugali batay sa lubhang magkakaibang mga pangkat ng mga pinahahalagahan, sa patuloy na dumaraming mga lugar, ay itinuturing na magkakapantay ang halaga, at ang mga buklod na kinaugalian nang nagbibigkis sa mga miyembro ng isang pamayanan ay halos nawalan na ng lakas.

Sa ganitong kapaligiran, ang mga kabataan ay madalas na naiiwanang walang moral na paggabay at nahihirapan silang ipaghiwalay ang katotohanan mula sa kasinungalingan. Walang iba liban sa Salita ng Diyos ang maaaring gumising sa mga damdaming espiritwal na nagbibigay-daan upang mabatid ng tao ang gayong pagkakaiba. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin na ang Salita ng Diyos ay nagtatanglaw sa kaharian ng isipan at moralidad:

**". . . sa espiritwal na larangan ng katalinuhan at ideyalismo ay dapat may lunduyan ng pananglaw, at ang lunduyang iyon ay ang walang-hanggan at palaging nagniningning na Araw, ang Salita ng Diyos. Ang mga liwanag nito ay ang mga liwanag ng realidad na sumikat sa sangkatauhan, nag-iilaw sa kaharian ng kaisipan at moralidad, nagbibigay ng mga biyaya ng dibinong mundo sa tao."**[40]

Upang makagawa ng moral na mga pagpili, kailangan ng tao ng mahigit pa sa isang pangkat ng mga panuntunan; kailangang maitatag ang isang buong estrukturang moral sa kaisipan at puso ng isang kabataang nagtataglay ng isang malakas na layuning moral—isang estrukturang nag-uugnay ng mga konseptong espiritwal, mga paraan ng pag-uugali, at ang kabatiran sa mga ibubunga niyon, at matibay itong pinagbubuklod ng mga puwersa ng pagkukusa at lakas-loob. Ang gayong estrukturang moral ay waring malapit na nauugnay sa estruktura ng wika na gumagana sa isipan ng indibidwal. Ang wika na ito, tulad ng nabanggit na nakaraang mga bahagi, ay dapat maging sapat na mayaman upang matulutan ang mga kabataan na makilala ang mga puwersang panlipunan, pangkalinangan, at pang-ideyolohiya na humuhubog sa mga pinahahalagahan ng mga tao sa isang gumuguhong daigdig at upang maunawaan ang katangian ng mga puwersang espiritwal na kinakailangan upang baguhin ang mga iyon.

Ang napakalapit na ugnayan sa pagitan ng estruktura ng wika kung saan ay ipinapahayag ng isang tao ang kaisipan at ang estrukturang moral na namamahala sa kaniyang mga kaisipan at pag-uugali ay mayroong mahalagang mga ipinahihiwatig para sa paraan ng pagtuturo ng kapuwa wika at moralidad. Ang mga nilalaman ng mga araling ginagamit sa pagturo ng wika ay natural lamang na magiging magkakaiba ayon sa mga pinahahalagahan ng mga naghahanda sa mga iyon. Sa pagbabahagi nito ay maaari itong maging malinaw ang moral na aral, maging hindi malinaw ang moral na aral, o maaari pa ngang magdulot ng pinsalang espiritwal. Ang nilalaman din ng edukasyong moral ay maaari ding maging magkakaiba ayon sa konsepto ng moralidad na pinalalaganap. Maaaring makakita, halimbawa, ng mga tomo ng mga araling pang-edukasyon kung saan ang mga konseptong moral ay inihaharap bilang isang serye ng mga kabutihan, mga tungkulin, mga panuntunan, at mga katotohanang nilalayong pabutihin ang pag-uugali nang hindi binibigyan ng nararapat na pansin ang mga elemento ng wika at kaisipan na nagpapahusay sa kabatirang espiritwal at pinayayabong ang pagtatalaga sa pagbabago ng lipunan. Makakikita rin ng mga programa ng edukasyong moral na hinihingi lamang sa mga mag-aaral na talakayin ang kanilang mga kagustuhan at kahiligan, batay sa palagay na kapag nilinaw nila ang mga ito, matutuklasan nila kung sino sila at matatamo ang kanilang natatagong kakayahan. Ang pagtakda lamang sa edukasyong moral sa alinman sa dalawang paraan na ito ay hindi marapat. Ang programang nakatalaga sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth ay hindi maaaring umiwas sa mataas na pamantayang moral, ni hindi rin nito ipawalang-bahala ang malinaw na hinihingi ng gayong pamantayan mula sa indibidwal. Kaalinsabay niyon, tulad ng nabanggit na natin, ang gayong programa ay kailangang magbigay ng maraming talakayan sa mga konseptong espiritwal. Ngunit kailangan nitong humigit pa roon. Nang tiyakan, kailangan nitong bigyang pansin ang ginagampanan ng wika sa paglikha ng estrukturang moral, at pag-iisipan natin ang ginagampanan nito sa kasunod na dalawang bahagi.

## BAHAGI 16

Ang mga araling ginagamit sa programa ng edukasyon ukol sa pagbibigay ng espiritwal na edukasyon ay kailangang isulat sa wika na bukas at nagsasaliksik subalit ay nag-iingat laban sa uri ng relativism na naging sakit na ng edukasyong moral nitong nakaraang mga dekada.

Ang *Lumalakad sa Tuwid na Landas* ay isa pang tekstong Bahá'í-inspired na bumubuo sa programa ng junior youth. Binubuo ito ng dalawampung kuwento, na bawat isa ay nauugnay sa isang temang moral. Sa karamihan ng mga kultura, ang mga kuwento ay ginagamit upang

isalin ang karunungan mula sa isang salinlahi tungo sa kasunod. Sa teksto na ito, ng ilang kilalang mga kuwento ay binago ang pagkasulat upang alisin ang malabong mga mensahe na kinaugalian na nitong ibinabahagi. Kasama rin sa bawat aralin ang ilang pagsasanay upang pahusayin ang mga kakayahan at kasanayan sa wika na lubhang mahalaga para sa mahusay na pag-unlad ng estrukturang moral. Ang aralin ay nagsisimula sa isang pabula na maaaring alam na ninyo. Binago ang pagkasulat nito sa layuning pagyamanin ang isang paraan ng pag-iisip at pag-uugali na naaayon sa malinaw nitong mensaheng moral. Basahin ang aralin at talakayin kung paano ang mensaheng ipinaaabot ng kuwento ay umiiwas sa pagpapalaganap ng mga kaugalian sa kultura na mali.

*Ang marunong ay hindi naloloko ng labis na papuri.*
*Ang bawat isa, mangyari pa, ay nahihikayat ng papuri.*
*Subalit alalahanin natin na ang pag-aasam sa papuri ay*
*nagpapahina sa ating pagpapasiya.*

Minsan ay nakakita ang musang ng uwak na lumipad nang may kapirasong keso sa kaniyang tuka. “Kailangan kong makuha ang kesong iyon,” sabi ng musang sa kaniyang sarili at sinundan ang anino ng ibon hanggang sa ito ay dumapo sa sanga ng isang punongkahoy.

“Magandang araw, minamahal kong kaibigan,” sabi ng musang, ipinapakita ang kaniyang pinakamabuting kilos. “Napakaganda mo ngayong araw na ito. Ang iyong mga balahibo ay kumikinang at ang iyong mga mata ay nagniningning gaya ng mga hiyas. Tiyak, mayroon ka ring napakahusay na boses. Ah! Kung maaari lamang kitang marinig na umawit.”

Ang mga salitang ito ay tulad ng sariwang tubig na pumawi sa pagkauhaw ng uwak sa papuri. Kaya ay itinaas niya ang kaniyang ulo nang may pagmamalaki at nagsimulang maghandog ng awit para sa kaniyang nakabibighaning kaibigan.

Siyempre, sa sandaling ibinuka niya ang kaniyang tuka, ang kapirasong keso ay nahulog. Sinalo agad ito ng musang bago pa sumayad sa lupa at tumakbong palayo, samantalang ang hindi kalugud-lugod na tinig ng uwak ay lumutang sa hangin.

**PAG-UNAWA**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa ibaba ng mga buong pangungusap.

1. Ano ang nakita ng musang? ________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Ano ang tangay ng uwak sa kaniyang tuka?______________________________
______________________________________________________________________

3. Ano ang ginawa ng musang upang makuha ang keso?____________________
______________________________________________________________________

4. Tunay nga bang kalugud-lugod ang boses ng uwak? _____________________
______________________________________________________________________

5. Tapat ba ang papuri ng musang sa uwak? ________________________________
______________________________________________________________________

6. Ang kuwento ba ay nangyari sa lungsod, nayon, o gubat? ________________
______________________________________________________________________

### BOKABULARYO

Buuin ang bawat pangungusap sa ibaba gamit ang isa sa sumusunod na mga salita:

nahihikayat, pag-aasam, nakabibighani,
anino, papuri, nasiyahan, pagmamalaki,
kalugud-lugod, pagpapasiya, nagpahina

1. Sa palagay ng guro ang kaniyang mga mag-aaral ay masipag at lagi siyang puno ng ________________ sa kanila.

2. Ginugol ni Armando at ng kaniyang kapatid na lalaki ang ________________ na araw na magkasama, nagtatrabaho sa bukid at pinag-uusapan ang kanilang mga plano sa hinaharap.

3. Si Hong Mei ay mahilig maglakbay at may _______________ na makakita ng mga bagong lugar.

4. Maganda ang kaniyang boses, at __________________ siya ng kaniyang guro na mag-aral ng musika.

5. Nagpakita ng mahusay na ___________________________ ang magbubukid sa pagtatanim ng kaniyang mga binhi pagkatapos ng unang ulan

6. Si Chandu ay hindi ______________________ sa grado na kaniyang natanggap sa kaniyang pagsusulit, kaya nagpasiya siyang mag-aral pa nang mabuti.

7. Si Zhong Jiang ay may suliranin, pero dahil siya ay may _______________ , hindi niya hahayaan ang sinuman na tulungan siya.

8. Sa pagtatapos ng isang araw, ang mahabang __________ng puno ay lumilim sa hardin.

9. Ito ay isang __________________ na kuwento, at gusto itong pakinggan ng mga bata nang paulit-ulit.

10. Ang sakit ay lubhang __________________ sa kaniya, subalit di-nagtagal ay nagsimula na siyang magtrabaho ulit, .sa paniniwalang lalakas din siya sa paglipas ng panahon.

**TALAKAYAN**

Paano natin matitiyak na hindi tayo maloloko ng labis na papuri?

**PAGSASAULO**

**"Pangalagaan ang inyong mga sarili nang may lubos na pag-iingat, nang hindi kayo masilo sa bitag ng pandaraya at panloloko."**

Talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

1. Kapag hindi nag-iingat, ang kuwentong ito ay maaaring isaysay—sa katunayan, ay naisasaysay nga—sa isang paraang nagpapahiwatig ng paghanga sa waring kahusayan ng musang. Paano umiiwas ang bersiyon ng kuwento sa itaas mula sa pagbigay ng ganoong pahiwatig? ________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

2. Ano ang mensaheng moral ng kuwento? ______________________________________

________________________________________________________________________

3. Ano ang ilan sa konseptong nauugnay sa mensahe? ____________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

4. Gaano kabisa ang paggamit ng pabula tulad nito upang matulungan ang mga junior youth na maunawaan ang mga konseptong moral? ____________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

5. Anong mga kakayahan ang nililinang ng mga pagsasanay sa mga junior youth? ____

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

6. Kapag hindi isinasagawa sa paraang hindi nauugnay sa anuman bagkus ay isinasagawa nang kaugnay ng mensaheng moral na ibinabahagi ng kuwento—ang pagsasanay sa talakayan ay paano nakatutulong sa pag-unlad ng kapangyarihan ng pag-iisip at pagninilay-nilay? ________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

7. Paano nakatutulong sa pagpapalakas ng gayong mga kapangyarihan ang pagsasaulo ng sipi sa dulo ng aralin? ____________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## BAHAGI 17

Upang matulungan ang mga junior youth sa pagkilala ng mga simulaing moral na pinagbabatayan ng kanilang mga pinipili, mahalagang iharap sa kanila ang mga sitwasyon na malapit sa sarili nilang realidad. Subalit hindi ito nangangahulugang, sa ngalan ng pagiging malapit sa realidad ay tatawag ng pansin sa mga kahayagan ng mababang likas na katangian ng tao. Ang mga sitwasyong sinusuri, samantalang maaabot ng junior youth, ay hindi kailangang maging ang pinakapangkaraniwan sa isang nabubulok na lipunan kundi ay dapat maging mga halimbawa ng mga pamantayan ng pag-iisip at pag-uugali na magbibigay sa kanila ng inspirasyon upang magpunyagi para sa kahusayan. Upang makamtan ang layuning ito, ang mga araling ginagamit sa programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas ay kailangang

umiwas sa mga saloobin ng paternalismo at ng usaping isip-bata, sa isang dako, at sa lengguwahe ng pangarap sa mabuting ugali, sa kabilang dako. Pag-isipan ang sumusunod na aralin mula sa isa pang tekstong Bahá'í-inspired na pinamagatang *Natututo Tungkol sa Kahusayan*. Sa aralin, inilalarawan ni Gng. Chen ang konsepto ng kadalisayan sa kaniyang mga apo at tinutulungan sila, sa pamamagitan ng ilang pagsasanay, na magtamo ng higit pang ganap na pag-unawa sa kahalagahan nito.

Binanggit ni Gng. Chen na ang pangalawang kondisyon ng kahusayan ay ang malinis at banal na buhay, na nagpapahiwatig ng pagiging mabini, pagkadalisay, hinahon, pagiging disente, at kalinisan ng isip. Nagsimula siya sa paglalarawan ng kadalisayan, ang saligan na pinagtatatagan ng isang malinis na buhay:

"Isipin ang isang salamin. Kapag linisin mo rito ang lahat ng alabok, kumikinang dito ang liwanag. Sa gayunding paraan, kapag ang puso ay nilinis mula sa gayong mga kapintasan tulad ng inggit, pagkamuhi, at kapalaluan, ito ay nagiging dalisay at nagagawa nitong kuminang dito ang makalangit na liwanag. Sinabi ni Mencius na hindi nawawala sa isang marangal na tao ang kaniyang pusong musmos. Ito ay totoo, mangyari pa, subalit kailangan nating tandaan na ang puso ng bata ay dalisay mula sa pagiging inosente at kahinaan, at ang kadalisayan ng bata ay hindi pa nasusubok. Kayo ay nasa edad na ngayon na hindi na maituturing na mga musmos. Habang kayo ay tumatanda, kayo ay magiging marunong at malakas. Subalit ang bawat isa sa inyo ay kailangang maging mapagmatyag at ingatan nang husto na hindi mawala ang kadalisayan ng inyong puso. Hindi ninyo dapat pahintulutang madungisan ang salamin ng inyong puso ng mga dumi ng daigdig na ito. Subalit dapat ninyong gawin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katwiran at pananalig. Kayo ay maaari lamang manatiling dalisay sa pamamagitan ng pasisikap at ng paggamit ng kalooban."

Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Gng. Chen na ang konsepto ng kadalisayan ay madalas hindi nauunawaan nang wasto at hiniling sa kaniyang mga apo na mga kabataan na kilalanin mula sa talaan sa ibaba ang mga katangiang iyon na nagpapahiwatig ng kadalisayan at yaong maling nauugnay roon:

– Pagiging tunay
– Pagiging matapat
– Pagiging walang-muang
– Pagiging malaya sa pagbabalatkayo
– Pagkakaroon ng malinis na isipan

- Pagkakaroon ng malinis na katawan
- Pagiging tanga
- Pagiging malaya sa kapalaluan
- Pagiging panatiko
- Pagiging walang-alam
- Pagiging malaya sa paglilinlang
- Pagiging walang bahid ng pagkamakasarili
- Pagiging mahina
- Pagiging maramdamin
- Pagiging matalino
- Pagiging mabait
- Hindi hambog

Isinaulo ng mga kabataan ang mga sipi sa ibaba at tinalakay kasama ng kanilang lolo't lola ang mga tanong na kasunod nito:

**"Ang una Kong payo ay ito: Mag-angkin ng isang wagas, mabait, at maningning na puso, nang mapasaiyo ang isang matandang kapangyarihan, walang pagkasira at walang hanggan."**

**"Una sa paraan ng pamumuhay ng tao ay dapat ang kadalisayan, pagkatapos ay kasariwaan, kalinisan, at kalayaan ng espiritu. Una ay dapat munang linisin ang lugusan ng sapa, pagkatapos ay maaari nang padaluyin doon ang matamis na mga tubig ng ilog."**

1. Ang isang ipokrita ay isang nagkukunwaring matwid ngunit hindi siya ganoon. Alin ang mas masama, ang pagkakaroon ng maraming kahinaan o ang pagiging ipokrita?
2. Ano ang ilan sa dumi na kailangan nating linisin mula sa ating mga kaisipan?
3. Sino ang tunay na nakagagawa ng higit na malaki sa daigdig na ito, ang dalisay ang puso o ang hindi matapat?

Talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

1. Paano nakatutulong ang aralin sa pag-alis ng karaniwang mga maling akala tungkol sa konsepto ng kadalisayan? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ano ang ilan sa katangian ng lengguwaheng ginagamit ni Gng. Chen? __________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Paano nakatutulong ang aralin na ito upang magsumikap ang mga junior youth para sa kahusayang espiritwal?______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 18

Sa nakaraang dalawang bahagi, pinag-aralan natin, nang kahit bahagya lamang, ang ginagampanan ng wika sa paglikha ng estrukturang moral. Ang pagsuri natin sa dalawang aralin, na ang isa ay mula sa *Lumalakad sa Tuwid na Landas* at ang isa pa ay mula sa *Natututo Tungkol sa Kahusayan*, ay nakatulong sa atin upang makita kung paanong ang talakayan ng tanging mga tema at mga konsepto, at nang kasama ang mga pagsasanay na binuo upang pahusayin ang mga kakayahan at kasanayan sa wika, ay maaaring palakasin ang mga paraan ng pag-iisip na nakatutulong sa paggawa ng mahusay na mga pagpiling moral. Gaanuman kahalaga ang pagpapataas ng kahusayan sa lengguwahe sa ganitong paraan, dapat nating tandaan na estrukturang moral ng isang indibidwal ay nababatay sa maraming magkakaugnay na salik. Nang tiyakan, mahirap ipaghiwalay ang mga paraan ng pag-iisip na tinatalakay rito mula sa siyentipikong pag-iisip. Ang mga kabataan ay kailangang ihanda sa pagharap sa pagsasaliksik sa realidad sa isang siyentipikong paraan. Ang ilan sa tekstong pag-aaralan nila, kung gayon, ay papasok sa mga larangan ng matematika at agham—hindi upang ituro sa ang mga ito sa kanila bilang mga asignatura kundi ay upang palakasin ang uri ng pagkamakatwiran na nililinang ng mga ito. Sa mga kursong nagsasanga mula sa aklat na ito, na nilalayon para sa yaong mga nagnanais italaga ang kanilang mga sarili sa pagtulong sa mga junior youth sa loob ng mas mahabang panahon ng ilang taon, ang mga tekstong ito ay tatalakaying nang mas mahaba. Para sa ngayon, sapat na para sa inyo ang malaman lamang na may ganitong elemento sa proseso ng edukasyon na papasukin ng mga junior youth.

## BAHAGI 19

Ang pagpapaunlad ng espiritwal na kabatiran, ang pagpapahusay ng kapangyarihan ng pagpapahayag, at ang pagbubuo ng isang mahusay na estrukturang moral ay napakahalaga lahat sa proseso ng pagtataglay ng espiritwal na kapangyarihan. Sa kasawiang-palad, ang pagtataglay ng kapangyarihan ay madalas na naiuugnay sa mga pinahahalagahang salungat sa likas na katangiang espiritwal ng tao. Ang mga larawang madalas pumasok sa isipan kapag binabanggit ang konseptong ito ay yaong ng pagpigil, manipulasyon, pagdomina, pamumuno, pangingibabaw, at pagsisiil. Subalit ang inyong layunin ay ang tulungan ang mga junior youth upang gamitin ang ibang uri ng kapangyarihan. Ang kapangyarihang moral ay nagbubuhat sa pa-ibig, katarungan, kaalaman, pag-unawa, matalas na kabatiran, paglilingkod, at higit sa lahat, pagpapakumbaba. Sa katunayan, ang pagpapakumbaba ay isang kalagayang kinakailangan sa proseso ng pagbibigay-lakas na pinag-uusapan natin dito, sapagkat sa pamamagitan lamang ng tulong mula sa Kaitaasan ay magagawa ng isang niknik na maging agila, isang patak ng tubig na maging mga ilog at mga dagat, at isang atomo na maging mga liwanag at mga araw. Sa pagninilay-nilay sa mga halaw mula mga dalanging ipinahayag ni Bahá'u'lláh at ni 'Abdu'l-Bahá, kung saan ay isinasamo natin sa Diyos na pagkalooban tayo ng ilang katangian at kahusayan, ay nagkakaloob sa atin ng malalim na pag-unawa sa likas na katangian ng espiritwal at moral na pagbibigay-lakas:

> **"Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at ang Namumuno sa kapuwa lupa at langit, na tulutang ang lahat ng mahal Mo ay bawat isang maging kopa ng Iyong habag sa Iyong mga araw, nang upang mabuhay nila ang mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod. Bigyan din sila ng lakas, O aking Diyos, upang maging tulad ng ulang bumubuhos mula sa mga ulap ng Iyong biyaya, at tulad ng mga hanging humihihip ng mga halimuyak ng tagsibol ng Iyong nagmamahal na kabutihan, nang upang sa pamamagitan nila ang lupa ng mga puso ng Iyong mga nilalang ay madamtan ng kaluntian, at mamunga ng mga bagay na magbibigay ng kanilang kabanguhan sa lahat ng Iyong kinasasakupan, nang sa gayon ay malanghap ng bawat isa ang matamis na halimuyak ng Damit ng Iyong Rebelasyon."[41]**

> **"Bigyan kami ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang palaganapin sa ibayo ang Iyong mga palatandaan sa Iyong mga nilalang, at upang pangalagaan ang Iyong Pananampalataya sa Iyong kaharian."[42]**

> **"Bigyan ako ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang mapabilang ako sa kanilang mga nangapit sa Iyong mga batas at mga turo alang-alang lamang sa Iyo, at ipinako ang kanilang mga mata sa Iyong mukha."[43]**

> **"Bigyan kami ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang lisanin ang aming mga sarili at kumapit nang mahigpit sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili, ang pinakadakila, ang Pinakamataas."[44]**

> **"Sumasamo ako sa Iyo, sa pamamagitan Niya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga pangalan at ang Pook-Liwayway ng Iyong mga katangian, na italaga para sa akin yaong magtutulot na makabangon ako upang maglingkod sa Iyo at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan."[45]**

**"Tulutang ako ay maging isa sa Iyong mga babaeng tagapaglingkod na natamo ang Iyong mabuting kasiyahan. Tunay na Ikaw ang Magiliw, ang Mapagbigay!"[46]**

**"Pangalagaan ang mga batang ito, buong-giliw na tulungan silang magtamo ng edukasyon at nang sila ay makapaglingkod sa daigdig ng sangkatauhan."[47]**

**"Ipababa sa akin, kung gayon, O aking Minamahal, yaong magtutulot na ako ay maging matatag sa Iyong Kapakanan, upang ang mga pag-aalinlangan ng mga di-sumasampalataya ay hindi makahadlang sa akin mula sa pagtungo sa Iyo."[48]**

**"Tulutang makamtan ko, kung gayon, ang luklukan ng katotohanan sa Iyong kinaroroonan, pagkalooban ako ng tanda ng Iyong habag at tulutang makasama ako sa gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na hindi makadarama ng takot ni hindi maglulumbay."[49]**

**"O aking Diyos, tulungan Mo ang Iyong tagapaglingkod na itaguyod ang Salita, at pabulaanan ang kapalaluan at kasinungalingan, itatag ang katotohanan, ipalaganap ang mga banal na taludtod sa ibayong lugar, ipahayag ang mga kaluwalhatian, at gawin ang liwanag ng umaga na sumikat sa puso ng mga makatwiran."[50]**

**"Tulutang magawa nilang itangi ang kanilang mga sarili sa Iyong mga tao, nang upang magawa nilang dakilain ang Iyong salita at itaguyod ang Iyong Kapakanan."[51]**

## BAHAGI 20

Habang isinasaisip ang ating talakayan sa nakaraang ilang bahagi—ang ating pagsuri sa likas na katangian ng kabatirang espiritwal, na lubhang kinakailangan para sa pag-unawa ng realidad; ang ating pasasaliksik sa mga kapangyarihan ng pagpapahayag, na napakahalaga sa pagkamit ng matayog na mga layunin; ang ating pagsiyasat sa ugnayan sa pagitan ng lengguwahe at estrukturang moral, na kailangang-kailangan sa paggawa ng mga pagpili; at ang ating mga pagninilay-nilay sa proseso ng pagkamit ng moral na lakas—ngayon ay pag-isipan natin nang mas madetalye ang dalawa sa mga aklat na pinag-aaralan ng mga junior youth. Dito at sa kasunod na bahagi titingnan natin ang *Mga Simoy ng Pagpapatibay* at sa mga Bahagi 22 at 23 ay susuriin natin ang *Espiritu ng Pananalig*. Karaniwang kasama ang dalawang ito sa mga tekstong pinag-aaralan ng mga grupo sa unang taon ng programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas.

Ang tekstong Bahá'í-inspired na *Mga Simoy ng Pagpapatibay* ay nagsasaysay sa kuwento ni Musonda, isang batang babae na kaaabot pa lamang sa edad na labintatlo, at ang kaniyang mas matandang pinsan, si Rose, na dumalaw sa panahon ng bakasyon sa klase. Kasama ang kuya ni Musonda na si Godwin, at ang kaniyang kaibigang si Chishimba, pinag-iisipan ng mga babae ang tungkol sa kanilang kinabukasan at tinatalakay ang kanilang mga pag-asa at mga posibilidad. May ilang ideya na nanaisin ninyong suriin sa inyong grupo kaugnay ng aklat na ito. Subalit ay hinihimok kayong basahin muna ito nang buo at pagkatapos ay muli itong basahin nang mas maingat, at isagawa ang mga pagsasanay. Pagkatapos ninyong gawin ito, maaari na kayong magpatuloy sa sumusunod na pagbabalik-aral.

Tulad ng tiyak na napansin ninyo, ang temang nananalaytay sa teksto ay ang "pagpapatibay". Nasa ibaba ang mga parapo sa aklat kung saan hinaharap ang temang ito, maging sa pamamagitan ng pag-uusap ng pangunahing mga katauhan ng kuwento o sa pamamagitan ng mga pangyayaring nagpapakitang nagaganap ang dibinong pagpapatibay. Ang mga parapong ito, na ang bawat isa ay hango sa isa sa mga aralin, ay inihaharap dito ayon sa pagkakasunud-sunod nito sa aklat. Ilarawan sa mga puwang sa iba kung paano tinatalakay ang konsepto ng pagpapatibay sa bawat isa, at sa inyong palagay, kung paano lalawak ang pag-unawa ng mga junior youth tungkol dito habang dinadaanan nila ang mga aralin.

"Iniisip ko ang tungkol sa paglilingkod. Gusto kong gumawa ng anumang makatutulong sa ibang tao. Gusto kong maging isang nurse, kaya lamang kailangang mag-aral nang mabuti. Magastos din at sa palagay ko walang sapat na salapi ang aking mga magulang," ang paliwanag ni Musonda.

"Totoo, ngunit maaari mong subukan, Musonda," sabi ni Rose. "May isang salita, 'pagpapatibay' na natutunan ko, ilang linggo lamang ang nakalipas, sa isa sa aking klase. Sinasabi ng aking guro na tayo'y pinagtitibay ng Diyos at tinutulungan sa ating ginagawa. Gustong-gusto ko ang salitang ito ngayon. Nakatitiyak ako na tatanggap ka ng pagpapatibay ng Diyos kung iyong itutuon ang iyong puso na maging isang nurse."

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Nang gabing iyon, nang ang mga babae ay nakahiga na, si Musonda ay bumulong kay Rose, "Rose, binanggit mo ang salitang 'pagpapatibay'. Ang ibig sabihin ba nito ay kung mag-aaral ako nang mabuti sa paaralan magpapadala ang Diyos sa amin ng pera upang ako'y makapag-aral ng nursing?"

Bumaling si Rose at tumingin kay Musonda. "Siguro, hindi naman ganap na ganoon. Ang ibig kong sabihin, hindi ko alam. Kailangan nating subukan ang mga bagay, at tingnan kung alinmang mga pinto ang bubukas. Ngunit ang alam

ko talaga ay bawat isa sa atin ay binigyan ng Diyos ng mga talento. Kailangan tuklasin kung ano ang ating mga talento at pagkatapos ay pag-aralan ang paggamit ng mga ito," sagot ni Rose.

Si Chishimba ay isang kaklase at isang matalik na kaibigan ni Godwin. Madalas siyang bumibisita sa mga Mulenga, at ngayong gabi siya'y kasama sa hapunan. Ang usapan sa lamesa ay palipat-lipat sa iba't ibang paksa. Gusto ni Musonda na mapag-usapan na ang tungkol sa pagpapatibay, at siya'y hindi makahintay. Sa wakas, nagkaroon ng ilang sandaling tahimik. "Kami ni Rose ay nag-uusap tungkol sa pagpapatibay," nagsalita si Musonda.

"Ayan na naman ang aking maliit na kapatid," sabi ni Godwin, kasama ang kaniyang pagtikhim. Ngunit, sa gulat niya, naging interesado si Chishimba.

"Ano ang ibig sabihin ng salitang iyan sa iyo?" tinanong niya si Musonda.

Nasorpresa rin, si Musonda ay tumingin kay Rose, umaasang siya ang sasagot.

"Pagpapatibay . . . Pinagtitibay tayo ng Diyos at tinutulungan tayo sa anumang ginagawa natin," sabi ni Rose.

Ilang sandaling hindi nagsalita si Chishimba. May kalungkutan sa kaniyang mga mata. "Ilang buwan na ang nakalipas," dahan-dahan siyan nagsimulang magsalita, "nawalan ng trabaho ang aking ama. Siya'y matapat at mapagkakatiwalaan, at alam ito ng lahat. Sa loob ng labing-walong taon siya'y nagtrabaho bilang isang guwardiya sa isang kompanya, at bigla na lamang siyang tinanggal sa trabaho. Alam nating lahat ang dahilan. Kung pinayagan nila na siya'y magpatuloy sa kaniyang trabaho nang dalawa pang taon, siya'y makapagreretiro na sa kompanya at mapipilitan itong bigyan siya ng pensiyon. Wala kaming labis na naimpok. Bagama't tumutulong sa amin ang matanda kong

kapatid, tila hindi na ako makapagpapatuloy ng pag-aaral sa susunod na taon, kasi wala akong maibabayad sa upa ng kuwarto at aking pagkain. Gusto ko talagang makapag-aral. Nagtataka ako kung bakit hindi ako tinutulungan ng Diyos."

Lahat ngayo'y lumingon kay G. Mulenga, umaasang siya ang sasagot sa tanong.

Ngumiti si G. Mulenga at nagsalita, "Na pagtitibayin tayo ng Diyos kapag tayo'y gumagawa ng isang pagsisikap, hindi ibig sabihin nito na magiging madali na ang buhay. Mapupuno ang inyong mga buhay ng paghihirap, at ang masama pa, marami sa ito ay dulot ng kawalan ng katarungan. Subalit kailangang magtrabaho kayo nang mabuti, at kahit na hindi nangyayari ang gusto ninyo sa ngayon, makatitiyak kayo sa pagpapatibay ng Diyos. Lalo na kayong pagtitibayin sa inyong pagpupunyagi upang maiwaksi ang kawalan ng katarungan." Tumingin siya kay Chishimba at nagsabi, "Ang pamilya mo'y nagkakaisa at masipag. Ang puso ko'y nagsasabi sa akin na ang kalagayan mo'y magkakaroon ng pagbabago. Makatatapos ka rin sa iyong pag-aaral. Maniwala ka sa aking sinasabi."

Sa sumunod na Lunes ang dalawa ay sumama kay Gng. Phiri sa klinika. Sa pagdating ng oras na sisimulan ang klase para sa mga ina, dinala nina Musonda at Rose ang mga bata sa labas, at sila'y umupo kasama nila sa lilim ng isang punongkahoy. Kumanta sila ng mga awitin at naglaro nang sama-sama, at nagkuwento si Rose. Nang patapos na ang kuwento dumating ang mga ina upang kunin ang kanilang mga anak. Masaya silang lahat. Natuwa rin si Gng. Phiri at ang mga health worker at hiniling nila sa dalawa na bumalik sa susunod na linggo.

Habang pauwi sila, si Musonda ay nag-iisip nang malalim. Sa wakas winasak niya ang katahimikan at nagsalita siya kay Rose, “Sa palagay mo ba ang nangyari sa araw na ito ay may kinalaman sa ‘pagpapatibay’? Gusto mong maging guro at gusto kong maging nurse, at tingnan mo narito tayo sa isang klinika, nagtuturo at nag-aalaga ng mga bata.”

______________________________________________________________________________

Sa loob ng mga linggo mula nang dumating at nagkasama sila ni Rose, maraming bagay ang kanilang napag-usapan, at ang ulo ni Musonda ay puno ng mga ideya. Kaya, isang umaga, nagpasiya siyang pumunta sa kaniyang kinagigiliwang lugar. Habang nakahiga sa bato, muli niyang ginunita ang araw sa klinika. “Mabuti ang nakagawa ng kapaki-pakinabang na bagay,” inisip niya sa kaniyang sarili. Naalaala niya ang laging sinasabi ng kaniyang ama, na ang mga punongkahoy ay dapat magbunga. Pagkatapos ay inisip siya, “Paano ko kaya matitiyak na ang buhay ko ay magkakaroon ng mabuting mga bunga?” Kaagad niyang naisip ang salitang ‘pagpapatibay’.

Sa sandaling iyon may isang malakas na bugsô ng hangin. Hinipan nito ang ilang dahon at nagliparan ang mga ito. Nakita ni Musonda na kasama sa mga dahon ang isang maliit at dilaw na ibon. Nang tumigil ang hangin, lahat ng dahon ay nahulog sa tubig, subalit ang ibon ay patuloy pa ring lumilipad. Habang pinanunood ang ibon, isang kaisipan ang pumasok sa ulo ni Musonda. Itinulak ng hangin ang ibon, at ngayon ito’y lumilipad pataas nang pataas. Siguro iyon ang kahulugan ng pagpapatibay. Gumawa ng pagsisikap ang ibon upang makalipad at tinulungan ito ng hangin.

“Iniisip mo ba ang iyong kinabukasan, Godwin?” Tanong ni Musonda. “Ano ang gusto mong gawin?”

Tuloy lamang ang pagkalikot ni Godwin sa bisikleta. “Hindi ko alam. Gusto kong magkaroon ng pera. Gusto kong tulungan ang ating mga magulang at isang araw ay magkapamilya rin,” ang sagot niya.

“Ngunit naiisip mo ba ang tungkol sa iyong mga talento at kung paano gagamitin ang mga iyon?” tanong ni Musonda. “Malimit kaming mag-usap ni Rose tungkol diyan.”

“Alam ko, alam ko,” sabi niya habang pinupulot ang liyabe. “At *lagi* ninyong pinag-uusapan ang ‘pagpapatibay’ . . . ‘Tinutulungan tayo ng Diyos kapag gumagawa tayo ng isang pagsisikap.’”

“Pero totoo iyon, Godwin.” Patuloy na isinalaysay niya ang kuwento ng dilaw na ibon at ang hangin. Sinabi rin niya sa kaniya ang tungkol sa ginagawa nila ni Rose sa mga bata sa klinika.

Dumating ngayon si Chishimba. “Kumusta kayo?” ang bati niya. “Kumusta na ang bisikleta? Natuklasan mo na ba ang problema?” tanong niya.

“Ang problema’y nasa kambiyo. Inaayos ko pa,” sagot ni Godwin habang hinihigpitan niya ang isang tornilyo.

“Sabi ko na nga, maaayos mo ito!” sabi ni Chishimba, at tuloy tumingin siya kay Musonda. “Alam mo ba na ang iyong kapatid ay isang mekaniko?”

Lumabas si Rose ng bahay at narinig ang bahagi ng usapan. “Godwin,” sabi niya, “Iyan ang isa sa iyong mga talento! Magaling kang mag-ayos ng mga bagay-bagay. Maaari ka talagang maging isang mabuting mekaniko!”

“Hindi ibig sabihin na dahil lamang naayos ko ang isang bisikleta,” sabi ni Godwin, “na isang mekaniko na ako. Kailangan ko pa ng pagsasanay.”

Ngumiti ang tatlo at nagsabi, “Kaya, gumawa ka ng isang pagsisikap!” Tumawa silang lahat, pati na rin si Godwin.

“Godwin, ano kaya kung kausapin mo si G. Chiyesu, ang mekanikong may talyer malapit sa palengke? Baka puwede ka niyang turuan,” sabi ni Chishimba kasama ang tuwa sa kaniyang boses.

“Oo nga, maaaring iyan ang simula,” dagdag ni Rose.

“Ano?” tanong ni Godwin. “Hindi ako maaaring magpunta lamang doon at tanungin siya nang ganiyan. Hindi ko man lamang siya kilala.”

“Kilala ko siya. Ipakikilala kita sa kaniya. Bukas na bukas magkasama tayong pumunta roon,” sabi ni Chishimba.

Sa malaon, nang nag-iisa na lamang sila, sinabi ni Rose kay Musonda, “Bukas ay mauunawaan din ni Godwin ang kahulugan ng pagpapatibay.” Tumawa sila, ngunit nagpasiyang wala silang sasabihin sa mga lalaki.

Si G. Chiyesu, isang matanda na di-gaanong matangkad, ay nakaupo sa laban ng kaniyang talyer. Siya’y naglilinis ng mga piyesa ng isang maliit na makina at

humihiging ng isang himig habang gumagawa. Nang makita niya si Chishimba, nagliwanag ang kaniyang mukha, at siya'y tumayo upang makipagkamayan.

Ipinakilala ni Chishimba si Godwin at ipinaliwanag niya na si Godwin ay mahusay mag-ayos ng mga bagay-bagay. Ninenerbiyos si Godwin, ngunit nakuha rin niya ang lakas-loob na magsalita. Tumikhim siya at nagsabi, "G. Chiyesu, gusto ko po sanang maging isang mekaniko. Kaya iniisip ko na tumulong sa inyo sa inyong talyer upang sa ganoon ay maturuan din ninyo ako."

"Bueno, magagamit ko ang tulong," sagot ni G. Chiyesu. "Ngunit wala akong perang maibabayad sa iyo."

"Hindi bale po iyon. Gusto ko lang matuto," sabi ni Godwin. "Kailan po kaya ako makapag-umpisa?"

"Walang higit na maigi pang panahon kundi ngayon din!" ang sagot ni G. Chiyesu. "Puwede ka ba ngayong umaga? Itong mga piyesa ng makina ay kailangang malagyan ng langis, at pagkatapos ay bubuuin na natin ang makina."

"Ngayon po? Mag-uumpisa na ako ngayon din?" tanong ni Godwin kasama ang pagkagulat.

"Oo naman!" ang tawa ni G. Chiyesu. "Tupiin mo na ang manggas ng suot mo at magtrabaho ka na!"

Masiglang sinimulan ni Godwin ang bago niyang trabaho. Pagkalipas ng ilang minuto, tumayo si Chishimba upang umalis. Nagpaalam siya kay G. Chiyesu. Tumungo siya at ibinulong sa tainga ni Godwin ang salitang "pagpapatibay".

Nang pauwi siya, si Chishimba ay dumaan sa klinika at kaniyang nakita sina Rose at Musonda na tumutulong sa mga bata. Gustong usisahin ng mga babae ang nangyari. "Ano ba ang nangyari?" tanong nila.

"Gumawa ng pagsisikap si Godwin at nagbunga ito. Siya ngayo'y naroroon. Sa palagay ko gustong masubukan ni G. Chiyesu si Godwin," sagot ni Chishimba.

Isang umaga si Chishimba ay nagtungo sa palengke upang bumili ng isda para sa kaniyang ina. Ilang araw na niyang pinag-iisipan kung paano kumita ng pambayad sa paaralan. Inisip niyang magtanim ng maititinda, ngunit tapos na ang panahon ng pagtatanim. Inisip niyang magtinda ng uling sa tabing daan, ngunit maraming tao na ang gumagawa nito. "Subukan mong gawin yaong wala iba pang gumagawa," naalala niya ang sinabi ni Rose.

Nang siya'y dumating sa puwesto ni Gng. Musole upang bumili ng isda, nalaman niya na wala siya roon. "Nagpunta siya sa bayan para bumili ng isda," sabi ng babae sa katabing puwesto. "Dalawang beses siyang lumuluwas sa isang linggo." Alam din ni Chishimba na si G. Chiyesu ay lumuluwas din paminsan-minsan upang bumili ng mga piyesa ng sasakyan.

Ito'y nagbigay sa kaniya ng isang ideya. "Puwede siguro na ako na ang luluwas sa bayan para sa mga tao," inisip niya sa kaniyang sarili, "at dadalhin ko sa kanila ang kani-kanilang mga kailangan. Dahil sa hindi na nila kailangang lumuwas, hindi sila mawawalan ng kita sa araw na iyon."

Nang gabing iyon sa bahay, si Chishimba ay sumangguni sa kaniyang mga magulang, at kanilang nagustuhan ang ideya. Kaya sa sumunod na araw bumalik siya sa palengke at kinausap si Gng. Musole at si G. Chiyesu. "Kung sa akin na ninyo ibibigay ang karaniwang ibinabayad ninyong dalawa sa bus, maaari ko nang ibayad ang kalahati nito paluwas sa bayan at bibilhin ko ang kailangan ninyo. Ang kalahati ay iipunin ko para sa aking pag-aaral." Sumang-ayon naman sila na ito ay maaaring subukan at hiniling na bumalik siya sa loob ng dalawang araw. "Kung maganda ang kalalabasan nitong ideya mo," sabi ni G. Chiyesu, "nakakuha ka na ng trabaho para sa sarili mo."

Bago umuwi si Chishimba upang sabihin sa kaniyang mga magulang ang magandang balita, tumigil muna siya kina Godwin at sa kaniyang pamilya. Gustong-gusto niyang ikuwento sa kanila ang kaniyang plano. Pagkatapos nilang marinig ang kaniyang kuwento, binigyan ni Gng. Mulenga si Chishimba ng isa pang magandang balita. Ipinaliwanag niya na si G. Mulenga ay nagpunta sa Kabwe noong isang araw at kinausap ang kaniyang pinsan. Ang sabi ng pinsan ay masaya nilang tatanggapin si Chishimba na tumira sa kaniya at sa kaniyang pamilya, na may isang kilometro lang ang layo sa paaralan. “Bilang kapalit sa pagkain at tulugan,” sabi pa ni Gng. Mulenga, “maaari kang tumulong sa bukid.”

“Napakaganda po!” sabi ni Chishimba. “Salamat po sa inyo, Gng. Mulenga.”

“Chishimba,” pasok ni G. Mulenga, “Tila ikaw ay malapit nang kumita ng pera. Kailangan mong tiyakin na tipirin mo iyon para sa iyong pag-aaral, bagaman kung minsan ay napakahirap itong gawin. Huwag kang magpatukso na gastusin ito sa kung ano-anong bagay lamang.”

“Huwag kayong mag-alala, G. Mulenga,” ang sagot ni Chishimba, nang masayang-masaya ang kaniyang mukha. “Nangangako akong hindi ito mangyayari.” Habang siya’y kumakaway ng pamamaalam at lumingong upang umalis, siya’y tumingi nang saglit kina Rose at Musonda at nagsabi, “Nagbubukas na ang mga pinto!”

Nagwawakas na ang bakasyon. Panahon na upang umuwi si Rose at pumasok muli sa paaralan. Habang siya’y naghahandang umalis, siya at si Musonda ay nag-uusap.

“Gusto ko sanang huwag ka munang umalis,” sabi ni Musonda

“Ako rin,” sabi ni Rose. “Napakaganda ang nangyaring bakasyon. Hindi ako makapaniwala sa lahat ng mga nangyari.”

“Oo,” ang salita ni Musonda. “Tingnan mo si Godwin. Labis na niyang nagustuhan ang kaniyang trabaho na ang sinasabi niya ngayon ay kukuha raw siya ng *technical training* pagkatapos ng kaniyang pag-aaral. At ang ideya ni Chishimba ay naging maganda ang kinalabasan. Dumami sa bandang huli ang kaniyang naging mga kliyente na halos araw-arw na siyang lumuluwas.”

“At tingnan mo tayo,” sabi ni Rose. “Ang pagtulong natin sa klinika ay magandang karanasan. Lalo na akong naniniwala na gusto kong maging isang guro. Ang aming sangguniang-nayon ay nagsasaayos ng mga klase para sa mga bata sa iba’t ibang edad, at halos lahat ng bata ay dumadalo. Sa taon na ito, balak kong magboluntaryo na magturo ng isa sa mga klase.”

“At ako’y magsisikap na maipagpatuloy ang pagtulong sa klinika,” sabi ni Musonda. “Hindi na ako makakapunta tuwing Lunes dahil may pasok na ako, ngunit baka puwede akong makatulong sa hapon paminsan-minsan. Alam mo ba, Rose, noong unang araw na nag-uusap tayo tungkol sa pagpapatibay, hindi ko magunitang napakahalaga pala nito at ang pag-unawa nito ay magpapabago sa ating mga buhay.”

“Totoo iyan,” sumang-ayon si Rose. “Masdan kung paano tayong lahat ay nagbago dahil sa natuto tayong gumawa ng pagsisikap at umasa sa pagpapatibay.”

Nang pauwi na sila, nagpaalam si Musonda kung maaari siyang pumunta sa tabing ilog. Tumakbo siya tungo sa kaniyang kinagigiliwang lugar, umakyat sa ibabaw ng malaking bato at humiga nang nakatingin sa himpapawid. Maraming kaisipan ang dumaloy sa isipan niya. Inisip niya ang nangyaring bakasyon at kung ano ang idudulot ng darating na taon. Mahangin sa araw na iyon, at naalala niya ang ibong dilaw. "Anuman ang susubukan ko," bulong niya sa kaniyang sarili, "tutulungan ako ng Diyos." Nang siya ay bumangon upang umalis, humangin sa kaniyang likod at ito ay nagbigay sa kaniya ng lakas.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 21

Sa kadalasan, kapag bihasa sa nilalaman ng mga aklat—sa pagkakataong ito, sa *Mga Simoy ng Pagpapatibay*—at nagtataglay ng mahusay na pag-unawa sa kung paano nito sinisikap matupad ang mga layunin nito, ay magkakaloob sa inyo ng lakas-loob upang isagawa ang inyong mga tungkulin bilang animator ng isang junior youth group. Karagdagan dito, kailangan ninyong nilay-nilayin ang mga pamamaraang gagamitin ninyo upang matulungan ang grupo sa pag-aaral ng mga aklat at sa pag-uunawa sa pangunahing mga konseptong tinatalakay roon. Ang mga kasanayan at mga kakayahang kinakailangan ninyo para sa layuning ito, mangyari pa, ay unti-unting uunlad habang kayo ay nagtatamo ng karanasan, subalit ang sumusunod na mga pagsasanay, na tanging nauugnay sa *Mga Simoy ng Pagpapatibay* ay magkakaloob sa inyo ng maraming malalim na pag-unawa kaugnay nito:

1. Sinisikap ng mga babasahin sa aklat na panatilihin ang isang tanging antas ng kapayakan kaugnay ng estruktura ng pangungusap at ng daloy. Gayumpaman, kapag kinakailangan, ang mahirap na mga salita at mga parirala ay ginagamit din. Inilalabas ng mga aralin ang mga kahulugan ng gayong mga salita sa paggamit ng mga ito sa iba't ibang konteksto at sa pamamagitan ng mga pagsasanay. Sa paggamit ng mayaman na bokabularyo sa ganitong paraan, iniiwasan ng kuwento ang gawî ng pagiging pambata at mababaw. Ang kawalan ng katarungan, halimbawa, ay isang masalimuot na konsept,

bagaman ang salita ay madalas ginagamit sa pang-araw-araw na pananalita. Ang paraan ng pagpapakilala nito sa Aralin 6 at ang nauugnay na mga pagsasanay ay nakatutulong sa mga junior youth upang magtamo ng isang antas ng pag-unawa sa konsepto. Sa palagay ninyo ay mabisa ba ang ganitong paraan para sa mga kabataang nasa maagang yugto ng pagbibinata o pagdadalaga, o sa palagay ba ninyo ay kailangang "ibigay ang kahulugan" sa kanila?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ang mga aralin sa aklat na ito ay isinulat upang pag-aralan sa medyo mabilis na tulin, sa isang kapaligiran ng kaligayahan at mapagliming pagninilay-nilay. Inaasahang babasahin ng mga junior youth ang kuwento at gagawin ang mga pagsasanay, na binuo upang paunlarin ang kanilang mga kakayahan sa wika at palalakasin ang kanilang pag-unawa sa mga salita at mga konsepto, sa isang maliksing paraan subalit nang may kinakailangang pag-iingat. Ano ang mangyayari kapag sinubukan ninyong matamo ang higit pa sa takdang layunin ng bawat aralin sa pamamagitan ng labis na pagpapaliwag sa bawat punto nito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Hindi maikli ang kakayahan ng junior youth na magtutok ng pansin, na karaniwang inaakala. Samantalang pinananatili ang kakayahang tamasahin ang simpleng mga bagay ng buhay, nagagawa rin nilang pag-isipan nang malalim ang mga ideyang mapanghamon sa kanila. Kapag sa kapaligiran ng grupo ay namamayani ang tiwala at pagsuporta sa isa't isa—malaya sa pagkabahala na nililikha ng pagalingan at ng panggigipit na makamtan ang dati nang itinakdang mga bunga—ang pag-aaral ng mga aralin sa *Mga Simoy ng Pagpapatibay* ay magbubunga ng talakayan at pagninilay-nilay sa antas na naaangkop sa mga pangangailangan at mga kakayahan ng mga junior youth. Anong mga hakbang ang magagawa ninyo upang lumikha ng hinahangad na kapaligiran?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Sa pag-aaral ng aklat ay hindi ginagamit ang "araling-bahay". Ang mga pagsasanay ay gagawin sa mga pagtitipon ng grupo at tatalakayin sa tulong ng animator. Ano ang kapakinabangan ng paggamit ng ganitong paraan, sa halip na hahayaan ang mga junior youth na gawin ang mga pagsasanay sa bahay?

5. Kasama sa karamihan ng mga aralin sa aklat ang isang gawain kung saan hinihiling sa mga junior youth na sumulat ng ilang pangungusap, maging tungkol sa bahagi ng kuwento na pinag-aralan pa lamang nila, o tungkol sa isang tanging ideya at kung paano ito nauugnay sa sarili nilang mga buhay. Paano ninyo tutulungan ang mga junior youth sa pagsasagawa ng ganitong uri ng gawain, na tumutulong sa kanilang matuto kung paano nila ipapahayag nang malinaw ang kanilang mga sarili?

6. Ang mga Aralin 2, 5, 9, 10, 13, at 14 ng aklat ay nagwawakas lahat sa isang sipi mula sa mga kasulatan na hinihinging isaulo ng mga junior youth. Maaaring makatulong sa inyo ang tukuyin ang isa o dalawa sa mga ito upang suriin kung paano pinalalakas nitong huling gawain ang mga konseptong ibinabahagi sa mga aralin.

7. Karagdagan sa pangunahing tema, binabanggit ng aklat ang maraming konseptong moral at sinisikap palakasin ang kapuri-puring mga katangian at mga saloobin. Si Rose, halimbawa, ay ibinabahagi ang kaniyang pagkain sa isang bata sa bus. Si Godwin at Chishimba ay tumutulong sa isang babae na buhatin ang panggatong. Si Rose at Musonda ay nagtuturo sa mga bata habang ang kanilang mga ina ay dumadalo sa mga klase sa klinika tungkol sa nutrisyon. Ang laro ng putbol ay isang laro sa pagitan ng mga magkakaibigan kung saan ang "pagiging panalo" ay hindi ang pinakamahalagang layunin. Gaano kalaking pansin ang dapat ibigay sa mga punto na ito? Dapat bang tukuyin at suriin nang detalyado ang bawat isa sa mga ito? O sapat na bang hayaang natural na lumitaw ang mga ito sa talakayan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Ang kuwento ay nagaganap sa isang nayon sa Africa. Ang mga aklat na bumubuo sa isang bahagi ng programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth ay naglalarawan sa ilang tagpo ng kultura at lipunan sa iba't ibang kontinente. Nakadaragdag ito ng yaman sa programa. Maaaring imungkahi ng ilan na kailangang "iangkop ang mga aklat sa realidad ng mga kabataan sa bawat bansa", halimbawa, sa pagbabago ng mga pangalan ng mga katauhan sa kuwento. Subalit sa loob ng mga dantaon, ang mga tao ay nagbabasa ng mga aklat mula sa ibang mga kultura, nasiyahan sa mga ito at natuto mula sa mga ito. Mangyari pa, ginawa nila ito nang buong kamalayan. Paano ninyo ipababatid ang aspektong ito ng programa sa mga junior youth? Ano ang inyong mga kaisipan kaugnay ng paniniwala ng mga iba na ang mga bata at kabataan ay maaari lamang matuto mula sa mga araling isinulat sa konteksto ng sarili nilang kultura?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 22

Ang *Espiritu ng Pananalig*, tulad nang nabanggit na natin, ay isa sa mga tekstong nagbibigay ng nilalaman para sa pagpapatuloy ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata at kung saan ay may lantarang pagtukoy sa Pangunahing mga Katauhan ng Pananampalataya. Nabanggit na natin na ang pagbibinata at pagdadalaga ay isang yugto sa buhay kung kailan ang

indibidwal ay lubhang interesado sa pagsasaliksik sa mga katanungang ayon sa pilisopiya ang katangian, lalo na yaong mga nauugnay sa layunin at likas na katangian ng buhay ng tao. Ang *Espiritu ng Pananalig* ay nagsisimula sa pagtanong ng katanungang, "Ano ang ibig sabihin ng pagiging tao?" Sa pagsisikap na sagutin ang katanungang ito, sinusuri ng iba't ibang aralin ng aklat ang isang serye ng magkakaugnay na ideya: ang pagiging marangal ng tao; ang mataas at mababang likas na katangian ng tao; ang kawalan ng sariling pag-iral ng kasamaan; ang katangian ng malayang kalooban, pagkukusa, at kapalaran; ang kapangyarihan ng talino; ang siyentipikong pagsasaliksik; ang pisikal na ebolusyon; ang espiritu ng tao; at huli, ang espiritu ng pananalig.

Katulad rin ng kaso sa *Mga Simoy ng Pagpapatibay,* kailangan ninyong basahin nang buo ang buong aklat at pagkatapos ay basahin ito muli nang mas maingat, at sa pangalawang pagkakataon ay bigyan ng tanging pansin ang mga bahaging tinagurian ng "pagninilay-nilay". Pagkatapos ninyong gawin ito, dapat ninyong suriin kung paano sinisikap makamtan ng aklat ang layunin nito sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga katanungan:

1. Ang ilang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh ay sinisipi sa Aralin 1 na naglalaman ng mga larawang makatutulong sa mga junior youth na pag-isipan ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. Anong malalim na pag-unawa ang ibinibigay ng bawat larawan kaugnay nito? Paano pinalalakas ng bawat paninilay-nilay sa aralin ang pag-unawa sa paksa? ______________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Paano nagagawa ng mga junior youth na magtamo ng pagpapahalaga sa nilikha ng Diyos at sa pagiging marangal ng tao mula sa unang bahagi ng Aralin 2? _________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Paano nakatutulong ang unang pagninilay-nilay sa aralaning iyon upang makita nila kung paano ginagamit ang konsepto ng pagiging marangal sa sarili nilang mga buhay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Sa kasunod na bahagi ng aralin ay pinag-iisipan nila ang dahilan kung bakit ibinababago at hinahamak ng tao ang kanilang mga sarili. Ano ang dahilang iyon? _

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

5. Anong pag-unawa ang inaasahan mong matatamo ng mga junior youth mula rito sa maikling pag-aaral ng mataas at mababang likas na katangian ng tao? ____________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Ano ang natututunan ng mga junior youth tungkol sa pag-unlad ng kanilang mataas na likas na katangian mula sa pangalawang pagninilay-nilay sa aralin? ______________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

7. Paano nakatutulong ang kabatiran na ang mababang likas na katangian ng tao ay hindi masama upang ang mga junior youth ay makaiwas sa damdamin ng pagiging makasalanan sa tuwing sila ay nagkakamali? Anong mga halimbawa ang ginagamit upang tumulong sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa tema? _______________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Anong malalim na mga pag-unawa ang ibinibigay ng huling bahagi ng Aralin 2, lalo na ang dalawang huling pagninilay-nilay, ukol sa kung paano pinipigilan ang mga udyok ng mababang likas na katangian? _____________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

9. Paano inilalahad ang konsepto ng pagkukusa sa Aralin 3? Sa inyong palagay, ang sitwasyong inilalarawan ba sa simula ng aralin ay may kaugnayan sa buhay ng mga kabataan? ______________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

10. Ano ang natututunan ng mga junior youth sa Aralin 3 kaugnay ng ginagampanan ng malayang kalooban sa pagpapaunlad ng sarili nilang mataas na likas na katangian? _

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

11. Sa aling mga larangan ng kanilang buhay napapagtanto ng mga junior youth na magagamit nila ang malayang kalooban? Bakit mahalagang malaman nila ang mga hangganan ng kanilang malayang kalooban? ____________________

____________________

____________________

____________________

12. Ano pang karagdagang mga malalim na pag-unawa ang natatamo nila ukol sa paggana ng kanilang malayang kalooban mula sa pangalawang pagninilay-nilay sa aralin? __

____________________

____________________

____________________

13. Bakit mahalagang makita ng mga junior youth ang pagkakaiba ng pagpigil sa iba at pagkakaroon ng mabuting impluwensiya sa kanila? Sa inyong palagay, paano nakatutulong ang mga talakayang nalilikha ng pangatlong pagninilay-nilay sa mga pagsisikap ng mga junior youth na magkaroon ng mabuting impluwensiya sa kanilang kapaligiran? ____________________

____________________

____________________

____________________

14. Ano ang itinuturo ng Aralin 3 sa mga junior youth tungkol sa konsepto ng kapalaran?

____________________

____________________

____________________

____________________

15. Anong mga maling akala tungkol sa katangian ng kapalaran ang sinisikap iwasto ng aralin? ____________________

____________________

____________________

____________________

16. Gaano kabisa ang metapora ng barkong may layag sa pagtulong sa mga junior youth upang magtamo ng wastong pananaw sa kahalagahan ng sarili nilang mga pagsisikap at sa kapangyarihan ng banal na tulong sa kanilang mga buhay? ____________________

____________________

____________________

____________________

17. Sa anong paraan nakatutulong sa mga junior youth ang unang bahagi ng Aralin 4 upang matuklasan ang mga hangganan ng kalikasan? ____________________

18. Ano ang sinasabi ng aralin tungkol sa paraang ginagamit ng mga tao upang malampasan ang mga hangganang ito?

19. Inihaharap sa aralin ang katwiran na ang agham ay pag-aari ng sangkatauhan. Ano ang katwirang ito?

20. Sa sipi kaugnay ng agham na sinipi sa Aralin 4, ibinigay ang ganitong pahayag, "Nilikha o iniluklok ng Diyos sa tao itong pagmamahal sa realidad." Gaano kahalaga ba ang pag-aruga sa junior youth ng ganitong pagmamahal sa realidad?

21. Paano inilalarawan sa mga junior youth ang kapangyarihan ng pagmamasid?

22. Paano nakatutulong sa mga junior youth ang halimbawang ibinigay sa Aralin 4 upang mapahalagahan nila ang ginagampanan ng pagmamasid at pag-eeksperimento sa pagsulong ng agham?

23. Ipinahihiwatig ba ng aralin na maaari nilang gamitin ang kanilang kapangyarihan ng pagmamasid sa bawat aspekto ng buhay? Sa inyong palagay, bakit ang mga katanungan sa pangatlong pagninilay-nilay, na hinihimok silang gamitin ang kapangyarihang ito, ay nakatutok lahat sa mataas na katangiang likas sa tao?

24. Ipinahihiwatig ng mga halimbawang nasa pang-apat na pagninilay-nilay na hindi maaaring gamitin ang pag-eeksperimento sa lahat ng aspekto ng buhay. Paano nakatutulong ang mga ito upang maunawaan ng mga junior youth ang kahalagahan ng simulaing ito? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

25. Paano nakatutulong sa mga junior youth ang iba't ibang halimbawa sa mga Aralin 5 at 6 upang magtamo ng malalim na mga pag-unawa sa napakasalimuot na teorya ng ebolusyon ng species? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

26. Paano inilalarawan ang paglitaw ng espiritu ng tao sa ganitong proseso ng ebolusyon?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

27. Sa Aralin 6, sa kuwento ay binabasa ng animator, si Natalia Petrovna, ang dalawang sipi mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá sa grupo ng mga junior youth, at pagkatapos ay tinutulungan silang pag-aralan at unawain ang mga ito. Walang sinabi sa kuwento kung paano niya ginagawa iyon. Paano ninyo ipaliliwanag ang mga sipi?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

28. Ano ang katangiang pinagkakaiba ng espiritu ng tao ayon sa inilalarawan sa unang bahagi ng Aralin 7? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

29. Paano ipinakikilala ang kamalayan sa unang pagninilay-nilay ng araling iyon? May kaugnayan ba sa buhay ng mga junior ang dalawang pagsasanay sa pagninilay-nilay at ano ang kahalagahan nito? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

30. Paano magiging instrumento ng mataas na likas na katangian ang kapangyarihan ng isipan ng tao? Ang paghaharap ng mga pagkakaiba, tulad ng ginagawa sa pangalawang

pagninilay-nilay, isang paraang nakatutulong sa pagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggabay sa isipan ng tao? ________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

31. Ano ang espiritu ng pananalig? ____________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

32. Paano nakatutulong ang dalawang huling pagninilay-nilay ng Aralin 7 upang makita ng mga junior youth ang pagkilos ng espiritu ng pananalig sa kanilang mga buhay?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## BAHAGI 23

Sa kaibuturang ng tekstong *Espiritu ng Pananalig* ay ang simulain ng pagkakasundo sa pagitan ng agham at ng relihiyon. Ang mga ipinahihiwatig ng simulaing ito para sa buhay ng sangkatauhan ay napakalalim, at dapat sikapin nating lahat na magtamo ng malalim na pag-unawa sa pagkilos nito. Mangyari pa, may mga pananaw sa agham at sa relihiyon, na bagama't hindi tuwirang pinagsasalungat ang mga ito, ay malinaw na hindi tugma sa mga hinihingi ng isang ugnayan ng pagkakasundo sa pagitan ng mga ito—halimbawa, ang pahayag na anuman ang mga hiwagang inilalahad ng relihiyon sa kalaunan ay maipapaliwanag lahat ng agham habang sumusulong ito, o sa kabila naman, ang paniniwalang ang lahat ng mga katotohanan ng agham sa wakas ay maaaring tuklasin sa pagbasa ng banal na mga kasulatan sapagkat ito ay nagbuhat sa Diyos na Nakababatid ng Lahat. Samantalang hindi inuungkat ang maling mga akala na pinagbabatayan ng bawat pananaw, madali nating makita na sa dalawang pananaw na ito, ang isang pinagmumulan ng kaalaman ay ginagawang sumailalim sa kabila, na hindi naman maituturing bilang tunay na pagkakasundo. Subalit, kahit pa itinatatwa ang gayong mga pananaw, kailangan pa rin nating itanong sa ating mga sarili kung ano ang ating nagugunita sa pagpupunuan ng agham at relihiyon. Kaugnay nito, ang pahayag sa ibaba ay ibinibigay upang pag-isipan ninyo. Basahin ito at pagkatapos ay buuin ang mga pagsasanay na kasunod nito.

> *Ang isang posibilidad ay ang ikatwiran na ang mga katotohanang nadadambana sa agham at sa relihiyon ay tungkol sa dalawang larangan ng karanasan na magkahiwalay at hindi nagtatagpo. Pinag-aaralan ng agham ang materyal na sanlibutan, hindi lamang ang mga pagkilos ng kalikasan kundi gayundin ng ilang pangyayaring nauugnay sa mga pamayanan ng tao, mga institusyon, at mga ugnayan. Ang kaalamang nililikha nito ang nagiging batayan ng pagsulong ng teknolohiya, at ang teknolohiya ay maaaring gamitin para sa ikabubuti ng sangkatauhan o para sa kapahamakan nito. Gaanuman kalayo ang pagsulong ng mga agham panlipunan, limitado ang kakayahan ng agham mismo upang itakda ang*

*paggagamita ng mga produkto nito. Ang relihiyon, sa paghahambing, ay abala sa espiritwal na bahagi ng buhay ng tao. Ang layunin nito ay ang magbigay ng liwanag sa panloob na buhay ng indibidwal, ang umabot sa mga ugat ng pagganyak, at ang lumikha ng isang pamantayang moral na gagabay sa asal ng tao. Ang proseso ng pagsibilisa ay nababatay sa kapuwa sistema ng kaalaman; habang nananatili ang bawat isa sa larangan ng kahusayan nito, walang dahilan para magsalungatan ang mga ito.*

*Ang ganitong pananaw ng pagkakasundo ng agham at relihiyon ay tumpak naman, subalit halos sa larangan ng pagsasagawa. Sa wakas, sa ganitong pamamaraan, ang agham at relihiyon ay pinaghihiwalay at hinahayaang taluntunin ang sarili nilang mga landas, at ang nagkakaroon ng kahalagahan ay ang ugnayan sa pagitan ng teknolohiya at moralidad. Subalit ang gayong pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng agham at relihiyon ay mabilis na umaabot sa mga hangganan nito, sapagkat, sa katunayan, maraming bagay ang kapuwa nito sinisikap unawain at ipaliwanag. Samantalang ito ay di-gaanong nahahalata kaugnay ng kalikasan, ito ay malinaw sa pag-aaral sa tao at sa lipunan. Higit pa rito, maraming magkapareho sa paraan ng pagharap ng agham at ng relihiyon sa realidad. Halimbawa, pareho itong nananalig sa pag-iral ng kaayusan sa sangnilikha, at naniniwalang may antas ng kakayahan ang isipan ng tao upang unawain ang kaayusang ito. Ang mga paraan ng agham ay napatunayang lubos na mabisa sa pagtuklas ng mga pagkilos ng sanlibutan. Subalit kailangan ding gamitin ng relihiyon ang mga paraang ito sa pagsisikap nitong gabayan ang mga tao upang makatulong sila sa isang patuloy na umuunlad na kabihasnan. Ang agham at ang relihiyon ay hindi magkapareho, subalit sapat na marami itong pagkakatulad upang magawa nitong mag-usap, magkasundo, magkaroon ng impluwensiya sa isa't isa at magpunuan. Kung gayon ay makatwiran lamang na tingnan ang agham at relihiyon bilang dalawang nagpupunuang sistema ng kaalaman at pagsasagawa, na may mga bagay na magkapareho sa mga katanungang sinisikap nitong sagutin at sa mga pamamaraang ginagamit nito.*

1. Ang ugnayan sa pagitan ng agham at relihiyon na inilalarawan sa pahayag sa itaas ay gumugunita ng mga larangan ng kaalaman na kapuwa sinasaliksik ng agham at ng relihiyon. Kabilang sa mga ito ay ang mga paksang nauugnay sa mga kapangyarihan ng isipan ng tao, ang ebolusyon ng *species* ng tao, at ang intelektuwal at moral na pag-unlad. Talakayin kung paano iginagalang ng *Espiritu ng Pananalig* ang katumpakan ng agham samantalang tinutulutang tanglawan ang pag-unawa ng liwanag ng relihiyon.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ipinahihiwatig ng simulain ng pagkakasundo ng agham at relihiyon na kapag naaangkop, maaaring pagsama-samahin ang mga konseptong espiritwal at pang-agham sa mga babasahing pang-edukasyon, mangyari pa, sa isang paraang umiiwas sa

pagiging mababaw at walang-kaayusan. Ang ganoong pagbuo sa kaalaman ay nakatutulong sa pag-unawa at iwinawaksi ang hindi totoong mga *dichotomy* (o paghihiwalay ng dalawang bagay bilang magkasalungat). Suriin kung paano natatamo ng *Espiritu ng Pananalig* ang ganitong antas ng pagbuo. Maaari ninyong tukuyin nang tiyakan ang mga pagninilay-nilay sa mga Aralin 5 at 6.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Maaaring nanaisin ninyong muling tingnan ang *Espiritu ng Pananalig* upang suriin ang saklaw ng paglilinang nito ng tanging mga saloobing ipinagpapalagay na kinakailangan ng isang naghahanapng katotohanan at nagsasaliksik ng realidad. Ano ang ilan sa katangiang ito at paano nito sinusuri nang mabisa ang mga ito?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 24

Wawakasan natin dito ang talakayang sinumulan natin sa Bahagi 3 tungkol sa mga tekstong pinag-aaralan sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth. Ang detalyadong mga pagsusuring isinagawa natin sa *Mga Simoy ng Pagpapatibay* at ng *Espiritu ng Pananalig* ay nagbibigay ng isang pahiwatig sa antas ng pagkabihasa na kailangan ninyong makamtan para sa bawat isa sa mga teksto ng programa. Sa mga kursong nagsasanga mula sa Aklat 5, papasukin natin ang isang kahalintulad na talakayan ng ibang mga teksto, na makatutulong sa inyo kaugnay niyon; gayumpaman, bukod pa sa ganoong pag-aaral, dapat kayong maglaan ng kinakailangang oras para sa pagbasa ng mga teksto at pagsuri kung paano nito sinisikap na makamtan ang mga layunin nito. Ang tuwi-tuwinang mga pagtitipon upang magnilay-nilay kasama ang ibang mga naglilingkod bilang mga animator ay magkakaloob ng ilan sa pinakamabungang mga pagkakataon upang palalimin ninyo ang inyong pag-unawa sa mga nilalaman. Sa ganoong mga pagkakataon, kayo at ang inyong mga kapwa-animator ay makapagbabahagi mula sa marami ninyong pinagsamahang karanasan. Sapagkat, sa huling pagsusuri, sa paglikha lamang ng isang kapaligiran ng pagsuporta at pagtulong sa isa’t isa, kung saan ang pagtatalagang magtuto ay inihahayag sa pagiging handang alalayan ang mga iba sa

kanilang mga pagsisikap, doon lamang lubos na masasaliksik at sa dakong huli ay maisasakatuparan ang natatago pa sa mga teksto.

## BAHAGI 25

Nabanggit sa isang naunang bahagi ng yunit na ito na karagdagan sa pag-aaral ng mga teksto, ang mga junior youth ay nagsasagawa ng mga gawaing paglilingkod, sports, at iba't ibang uri ng sining at likhang-kamay, lalo na yaong tanging nauugnay sa kanilang kultura. Sa pangalawang yunit ng aklat na ito, nagkaroon kayo ng pagkakataong pag-isipan, sa isang antas, ang impluwensiya ng kapaligirang panlipunan sa mga kabataan, at ipinabatid sa inyo ang ilan sa masamang epekto nito. Subalit ang pagbibigay-diin doon sa lumalalang mga kalagayan ng lipunan ay hindi dapat maglingid sa katotohanan, na maraming elemento sa bawat kapaligiran na kapag ginamit nang wasto, ay maaaring makatulong sa pagpapahusay sa mga kapangyarihan ng pagpapahayag, ng kakayahang suriin ang mga proseso ng lipunan, at ng saloobing paglingkuran ang sangkatauhan. Ang sumusunod na lathalain sa pahayagan ay nagsasaysay ng isang kuwentong nagpapakilala kung paano magagamit ang media upang itaguyod ang mabuting kalagayan ng lipunan:

> Ang Tinig ng mga Walang-tinig
>
> Sa Kanlurang Africa, ang radyo ay nagsasalita pa rin para sa pamayanan.
>
> Nagsisiksikan habang nakapalibot sa isang mikropono sa maliit na studio ng himpilan ng radyo sa Nzérékoré, sa dakong kagubatan ng isang rehiyon sa Guinea, tinatalakay ng tatlong kabataan ang edukasyon ng mga batang babae.
>
> "Dapat mag-aral ang mga batang babae, sapagkat isang araw sila ay magiging mga ina, at kung silay ay nakapag-aral, matuturuan nila ang sarili nilang mga anak at higit na mahusay nilang maaalagaan ang mga ito," ang sabi ni Moriko Kaké. "Kapag pinag-aral mo ang isang batang babae, pinag-aral mo na rin ang isang buong bansa," ang mariin niyang idinagdag. Si Lancei Touré, ang 16-anyos na namamahala sa programa, ay tumatango sa pagsang-ayon, bagaman nais ng kaniyang mga magulang na huminto na siya sa pag-aaral at magtrabaho na sa bukid.
>
> Ang malinaw at mahusay na isinasaad na mga katwiran ng mga kabataan ay isinasahimpapawid nang *live* sa mga karatig nayon na malapit sa mga hangganan ng Liberia at Ivory Coast. Takipsilim na, at ang mga ilawang gaas at kumukuti-kutitap sa loob ng mga kubo na yari sa luwad. Ang mga taong-nayon ay nakauwi na mula sa bukid o mula sa palengke. Silang lahat ay nakikinig sa radyo habang nagluluto ng hapunan o naghahanda para sa gabi. . . .
>
> Sa mga bansang tulad ng Guinea—kung saan ang malaking bahagi ng populasyong nasa hustong gulang ay hindi marunong bumasa't sumulat, marami sa bata ay walang paaralang mapapasukan, at madalang lamang ang may kuryente—ang mga himpilan ng radyo sa kanayunan at pamayanan, na ginagamitan ng *generator*, ay waring isang lubid na pangsagip sa buhay.

> "Ang radyo ang iniinugan ng buhay rito," ang sabi ni Gnouma Camar, ang direktor ng mga programa sa kanayunang himpilan ng radyo sa Nzérékoré, na nagsasahimpapawid nang anim na araw tuwing linggo sa isa sa limang wikang panrehiyon at sa salitang Pranses, na may abot na saklaw na 100 km. Dalawa sa bawat tatlong pamilya sa rehiyon ay may radyo, at kapag ang radyo ay nagsasahimpapawid tuwing madaling araw at takipsilim, ang buong baryo ay nakikinig.
>
> "Ginagamit namin ang sarili nilang wika, alam namin ang kanilang mga tradisyon at mga kaugalian, ipinalalabas namin ang kanilang mga mensahe, inaanunsiyo ang mga bagong silang at ang mga yumao, tinatalakay ang mga paksa ng pagsasaka at ng agrikultura at ang mga suliranin ng pamayanan," ang idinagdag ni Camara. "Kami ang tinig ng pamayanan. Ang tinig ng mga walang-tinig." . . .
>
> "Nakikinig ako sa mga programa sapagkat ang mga bata ang nagtatanghal sa mga ito at sapagkat nagsasalita sa sarili kong wika," ang sabi ni Mamadou Malic, isang kabataang labinlimang taon, sa salitang Pular, isang wikang lokal. . . . "Kapag nagsisimula na ang mga programa, tinatawag ko ang lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae, at sama-sama kaming nakikinig. Marami akong natututunan sa ganoong paraan."
>
> "Ang mga magulang at mga pinuno ng pamayanan ay nakikinig din," sabi ni Camara. "Sa aming kultura, ang mga bata ay bihira lamang pakinggan, subalit ngayon ang mga matanda ay nagsisimula nang makinig. Pinapayuhan ng mga bata ang kanilang mga magulang tungkol sa pangunahing kalinisan, halimbawa. . . . Kapag sinasaktan ng isang ama ang kaniyang anak, ngayon ay sinasabi ng mga kapitbahay niya, 'Hindi ka ba nakikinig na radyo?'"

Ipinakikilala ng kuwentong ito ang isa lamang sa napakaraming paraan kung paano magagamit ang iba't ibang elemento ng kapaligirang panlipunan upang idako ang mga talento at mga kakayahan ng mga kabataan tungo sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Ang musika, media, at teknolohiya ay higit at higit pang nagkakaroon ng epekto sa mga buhay ng mga bata sa bawat bahagi ng daigdig. Bilang isang animator, kailangan ninyong manatiling nakababatid sa napakalakas na mga elementong ito at matutong tulungan ang mga junior youth na gamitin ang mga ito sa pamamagitan ng paglikha ng angkop na mga gawain. Isipin ang sarili ninyong kapaligirang panlipunan. Anong mga pagkakataon ang ibinubukas nito sa mga junior na gamitin ang mga sumusunod? Talakayin ang inyong mga ideya sa inyong grupo, at isulat ang ilan sa inyong kaisipan sa mga puwang sa ibaba.

Musika: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Media: ______________________________________________

______________________________________________

Teknolohiya: ______________________________

## BAHAGI 26

Upang ang mga junior youth ay mabigyan ng lakas na akuin ang pamamahala sa sarili nilang pag-unlad at tumulong sa pagsulong ng kanilang mga pamayanan, kailangang makilahok sila hindi lamang sa pagsasagawa ng makabuluhang mga gawain bilang isang grupo, kundi ay makibahagi rin sa pagbubuo ng mga ito. Karagdagan sa mga proyekto ng paglilingkod, at ng mga sining at likhang kamay, maaaring isama sa ganoong mga gawain, halimbawa, ang tanging mga pagtitipon upang ipagdiwang ang pagtatapos sa isa o iba pang teksto, kung saan ang mga junior youth ay maaaring magpalabas ng mga dula, umawit, tumula, at magbigay ng mga talumpati. Lagi ninyong kahihiligan ang talakayin sa iba pang mga animator kung paano kayo mangganyak ng inyong mga batang kaibigan na makibahagi sa pagbubuo at pagsasagawa ng mga gawaing nagsasanay sa kanilang mga kakayahang intelektuwal at espiritwal, tinutulungan silang ihayag sa totoong buhay ang ilan sa kanilang huwaran sa pamamagitan ng paglilingkod, at higit pang pinalalakas ang kanilang mga pagsisikap para sa kahusayan. Kabilang sa mga uri ng mga katanungang kailangan ninyong pag-isipan kasama ang inyong mga kapwa-animator ay: Paano ninyo tutulungan ang mga junior youth na bumuo at magsagawa ng isang proyekto ng paglilingkod at nilay-nilayin ang paraan ng pamumukadkad nito? Paano ninyo tutulungan ang mga junior youth na magsulat ng mga iskrip at magpalabas ng simpleng mga dula? Paano ninyo titiyaking ang mga larong pambata ay hindi inihaharap bilang kapalit sa mga sining at mga likhang-kamay at ang mga kabataan ay tinutulungang magtamo ng isang tunay na pagpapahalaga sa “mga sining, mga likhang-kamay, at mga agham” na “nagtataas sa daigdig ng nilalang, at nakatutulong sa pagdadakila nito”?

Bagaman hindi ito ang pagkakataon upang pumasok sa talakayan ukol sa gawaing pansining, mahalaga para sa inyo ang maunawaan na ang gayong gawain, bilang isang pagpapahayag ng kultura, ay nagtataglay ng mga pinahahalagahan. Batay sa sarili nitong likas na katangian, kung gayon, ay maaari itong magkaroon ng malaking impluwensiya sa proseso ng edukasyon. Bilang animator ng isang junior youth group, nanaisin ninyong mag-ingat kapag tinutulungan ang inyong batang mga kaibigan na tukuyin ang angkop ng mga gawaing pansining, mga gawaing hindi hahantong sa di-sinasadyang paggiit ng mga pinahahalagahan na sumasalungat, sa di-lantad na mga paraan, sa proseso ng edukasyon na pinagkakaabalahan nila.

## BAHAGI 27

Ipinakikilala ng nakaranasan na ang isang grupo ng mga junior youth na binubuo ng sampu hanggang labinlimang miyembro ay madalas na nagsisimulang mabuo sa pamamagitan ng ilangindibidwal na nagpapamalas ng kakayahang hikayatin ang kanilang mga kaibigan sa isang kapakanang marapat. Samantalang hinihikayat ng mga batang ito ang mga iba na sumali, regular na silang makikipagkita sa animaor. Ang mga miyembro ng isang grupo ay maaari ding mabuo sa tulong ng lumalaking *nucleus* ng mga kaibigang gumagawa sa isang kapitbahayan o nayon, lalo na ng mga kabataang nasa kalagitnaan o huling bahagi ng pagiging teenager na sumusulong na sa kanilang pag-aaral ng unang ilang kurso ng institute. Sa ilang bahagi ng daigdig, ang pag-anyaya ng mga batang miyembro ng isang nayon o kapitbahayan sa isang serye ng mga gawain bago sa pormal na pagbubuo ng mga grupo ay napatunayan ding isang mabisang paraan. Ang isa pang paraan ay ang ipakilala ang programa sa isang paaralan. Kapag ang paaralan ay nagpakita ng kahandaang tumanggap sa ideya, ang isa o mahigit pang mga pagtatanghal sa mga mag-aaral at mga guro ng kinauukulang mga grado ay madalas na nagbubunga ng pagbubuo ng ilang grupo ng mga junior youth. Sa gayon, ay maaari nilang isagawa ang programa bilang isang gawaing *extracurricular,* kahit sila ay magtipon man sa paaralan o hindi. Maging alin pa man, kinikilala ng paaralan ang mahalagang maitutulong ng programa sa mahusay na pag-unlad ng mga kakayahang moral at intelektuwal ng mga mag-aaral nito.

Isipin ang sarili ninyong mga kalagayan at ilarawan ang ilan sa paraang maaari ninyong isagawa, bilang isang naghahangad na maging animator, upang tumulong sa pagbubuo ng isang grupo ng mga junior youth.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## BAHAGI 28

Ang isang mahalagang pangangailangan upang mapanatili ang isang masiglang grupo ng junior youth ay ang pagbubuo ng isang ugnayan ng tiwala at pagkakaibigan sa mga magulang. Kailangang dumalaw ang mga animator sa mga magulang bago o di-matagal pagkatapos mabuo ang mga grupo at ipaliwanag sa kanila ang layunin ng programa. Kailangan nilang patuloy na dumalaw nang regular sa bawat tahanan at talakayin sa mga miyembro ng pamilya ang mga hangarin at natatagong pang mga kakayahan ng mga junior youth at ang mga konsepeto at mga pamamaraang nagbibigay-hugis sa programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas—mga temang binalangkas sa pangatlong yunit ng Aklat 2 subalit sinuri nang mas detalyado rito. Ang gayong mga pagdalaw ay maaari ding magbigay ng pagkakataong makipagsanggunian sa mga magulang tungkol sa mabuting kalagayan at pagsulong ng kanilang mga anak. Tulad ng iminumungkahi sa Aklat 2, madalas ay ipakikita ng mga animator sa mga

magulang ang isa o dalawang tekstong pinag-aaralan sa programa upang malaman nila kung ano ang natututunan ng kanilang mga anak. Bagaman kailangang linangin ng bawat animator ang ganoong mga bigkis ng pagkakaibigan sa mga magulang sa loob ng mahabang panahon ng maraming buwan, maaari din siyang samahan ng isang indibidwal na may higit na karanasan sa unang ilang mga pagdalaw.

Hinihimok kayong bumalik sa Bahagi 14 ng pangatlong yunit ng Aklat 2 upang ipaalaala sa inyong mga sarili ang mga konseptong bumubuo ng batayan ng nagpapatuloy na pakikipag-usap sa mga magulang ng mga batang nasa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas. Pagkatapos, kasama ang ibang mga kalahok sa kursong ito, talakayin ang karanasang natamo na sa inyong nayon o kapitbahayan sa pagdalaw ng mga pamilya ng mga junior youth. Anong karagdagang mga ideya mula sa pag-aaral ng aklat na ito ang maaaring pagyamanin ang mga usapan sa gayong mga pagdalaw?

## BAHAGI 29

Ang mga usapan na sinisimulan ng isang animator sa grupo ng mga junior youth sa pagsimula nito ay lalong mahalaga. Kinakailangang sa unang tatlo o apat na pagtitipon ng grupo ay pag-usapan nang lubusan ng mga miyembro ang layunin ng grupo at itakda ang ilang layuning nais nilang makamtan nang sama-sama bilang isang grupo. Dapat din silang umabot sa ilang pasiya tungkol sa uri ng mga gawaing nais nilang isagawa. Ang mga paksang tinatalakay sa ganitong mga pagtitipon ay maaaring maging iba sa bawat grupo. Subalit may ilang konsepto, tulad ng "kahusayan" at "paglilingkod", na kailangang bigyang-diin sa lahat ng gayong mga pagtitipon. Ang mga punto sa ibaba, kung gayon, ay maaaring makatulong sa inyo sa pagsasaayos sa unang mga pag-uusap ninyo sa mga miyembro ng mga grupo na tinulungan ninyong mabuo. Dapat ninyong masuring suriin ang bawat isa kasama ng iba pang mga kalahok sa kursong ito at isulat ang ilan sa inyong panimulang kaisipan kaugnay ng kung paano ninyo haharapin ang mga talakayan sa grupo ng mga junior youth na inaasahan ninyong di-magtatagal ay sasali.

- Natuklasan ng maraming animator na malaking tulong kapag hinihimok nila ang mga junior youth na ituring ang grupo bilang isang pagkakataon kung saan maaari silang mangarap para sa kahusayang espiritwal at intelektuwal. Ipinaliliwanag nilang upang magsumikap para sa kahusayang espiritwal, kailangan nating paunlarin ang mga katangiang bahagi ng ating mataas na pagkatao, tulad ng pag-ibig, pagiging mapagbigay, katapatan, at pagpapakumbaba. Upang magsumikap para sa kahusayang intelektuwal, kailangan nating magtamo ng kaalaman at mga kasanayang praktikal na makatutulong sa atin upang pabutihin ang ating mga buhay at ang buhay ng mga iba. Ang pagninilay-nilay sa mga siping tulad ng "Hayaang ang bawat umaga ay maging higit na mabuti kaysa sa gabi nito at ang bawat bukas na maging higit na mayaman kaysa sa kahapon nito" at ang pagsasaulo ng mga ito madalas ay mabisa sa pagpapahusay sa pag-unawa ng konsepto ng kahusayan.

  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________

- Pagkatapos magtamo ng isang antas ng kalinawan ukol sa layunin ng grupo, ang mga miyembro nito ay matutulungan ng animator upang magpasiya kung anong tiyak na mga gawain—kaugnay ng intelektuwal, atletismo, at kultura—na nais nilang isagawa sa pagsusumikap para sa kahusayan.

  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________

- Kaugnay ng kahusayang intelektuwal at espiritwal, ang paksa ng wika, na lubhang nauugnay sa mga paraan ng pag-iisip, ay kailangang talakayin nang maigi. Sa usapan sa mga junior youth tungkol sa paksang ito, kadalasan ay sapat nang ipaliwanag na upang makamtan ang patuloy na tumataas na mga antas ng kahusayan, kailangan nating paunlarin ang ating mga kapangyarihan ng pagpapahayag. Kailangan nating makabasa at maunawaan ang kahulugan ng ating binasa; kailangan nating matutunan kung paano ipahayag nang malinaw ang ating mga kaisipan. Kaugnay nito ay natuklasan ng mga animator na madalas ay epektibo ang pagpapakilala ng mga teksto na pag-aaralan ng mga junior youth, na ang ilan sa ito ay sinuri na ninyo, nang buo o ng ilang bahagi, na naunang mga bahagi ng yunit na ito.

- Ang pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga kasulatan ay kailangang bigyan ng nararapat na pagpapahalaga sa programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth. Ang paksa ng pagsasaulo, kung gayon, ay kailangang maging paksa ng pag-uusap ng isa sa unang mga pagtitipon ng grupo. Kailangang tulungan ng mga animator ang mga bata nilang kaibigan na mabatid ang walang-kahalintulad na kapangyarihan ng Salita ng Diyos at ang epekto nito sa kanilang mga buhay habang sila ay nagsusumikap para sa kahusayan. Sa pamamagitan ng ganoong talakayan, matatanto nila ang mga kapakinabangan ng pagsasaulo ng maraming sipi.

- Kapaki-pakinabang para sa mga animator ang bigyang-diin sa unang ilang pagtitipon na upang magawa ng grupo ang magsumikap para sa kahusayan, kailangang paunlarin ng mga miyembro nito ang malakas na mga bigkis ng pagkakaibigan at sa gayon ay magtamo higit at higit pang pagkakaisa. Madalas ay natutuklasan ng mga animator na kapaki-pakinabang ang tulungan ang mga junior youth na saliksikin ang mga tema ng pagkakaibigan, pagkakaisa, at pagkakasundo kaugnay ng mga sipi mula sa mga kasulatan, na maaari silang himukin na isaulo.

- Ang mga talakayan sa mga tema ng pagkakaibigan at pagkakaisa ay maaaring magbigay ng isang natural na pagkakataon para sa usapan tungkol sa kung paano makikipag-ugnay ang mga miyembro ng grupo sa isa't isa. Na sila ay maingat na makikinig sa isa't isa; na lagi nilang sisikaping unawain ang isa't isa, kahit na nahihirapang ipahayag ng isa sa kanila ang isang ideya; na kailanman ay hindi nila mamaliitin ang anumang nais ibahagi ng alinman sa kanila—ang mga ito ay mga halimbawa ng ilan sa maaari nilang mapagkaisahan bilang isang grupo mula sa ganoong usapan.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

- Ang paglilingkod ay isang lalong mahalagang paksa na kailangang talakayin sa isa sa unang mga pagtitipon ng grupo. Maaaring ipaalaala sa mga junior youth na bilang tao, tayong lahat ay umaasa sa isa't isa. Tayong lahat ay mga miyembro ng iisang pamilya ng tao at dapat nating sikaping gawin ang lahat ng ating makakaya upang pabutihin ang mga kalagayan ng ating mga pamayanan. Ang paggunita kung ano kaya ang kalagayan kapag wala tayong natatanggap na tulong mula sa mga nakapalibot sa atin ay nakatutulong kung minsan upang makita ng mga junior youth ang kahalagahan ng paglilingkod.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

- Ang pagtalakay sa paglilingkod ay kailangang lumampas pa sa indibidwal na pagsisikap na maglingkod sa iba at umabot sa pagtalakay kung ano ang magagawa ng mga junior youth bilang isang grupo. Mangyari pa, mahalagang ang kanilang unang mga pagsisikap ay maikli lamang ang itatagal, at madaling makamtan ang mga layunin. Sa ganitong paraan, sila ay magtatamo ng lakas-loob sa kanilang sama-samang kakayahan at matututong magtulungan, na iyon naman ay magbubukas sa kanila ng pagkakataong magsagawa ng mga proyekto ng paglilingkod na mas matagal ipinagpapatuloy. Mula pa sa simula, kailangang gabayan ng mga animator ang mga kabataan sa paglulunsad ng isang proseso kung saan pinag-iisipan nila ang buhay ng kanilang pamayanan at kung paano sila makatutulong sa pagpapabuti nito. Ang

pagbibigay ng mga katanungan na kailangan nilang sagutin sa pagbigay ng mga pahayag ayon sa kanilang mga naobserbahan sa pamayanan ay makatutulong sa kanila kaugnay nito. Sa gayon, maaari silang magsimula sa pamamagitan ng isang gawain ng paglilingkod na simple lamang tulad ng pagdalaw sa isang miyembro ng pamayanan na may sakit at sa kalaunan ay makapagsasagawa na ng isang proyekto—halimbawa, ng pagtanim ng mga puno—kung saan ay kailangan nilang makipagsanggunian sa angkop na mga institusyong lokal, humingi ng tulong mula sa mga kaibigan at mga magulang, at isaayos ang pangmatagalang mga pangangailangan. Natural lamang na sa unang ilang pagtitipon ng grupo ang ilan sa kasanayan at kahusayan at gayundin ang mga saloobin at mga katangian na kinakailangan para sa mabisang pagtutulungan ay tatalakayin.

- Ang malusog na libangan, lalo na ang sports, ay isa pang paksa na kailangang talakayin sa unang ilang pagtitipon ng isang grupo ng junior youth. Muli, karagdagan sa pagsuri ng mga konsepto at mga isyung nauugnay rito, nanaisin ng mga animator na tulungan ang grupo upang tukuyin kung anong mga gawaing panlibangan ang maaaring isagawa sa mga pagtitipon nito o sa tanging mga pagkakataon. Ang isang salita ng pag-iingat ay kailangang ibigay kaugnay nito: Ang matinding pisikal na pagkilos ay isang natural na pagpapahayag sa sigla na taglay ng junior youth. Nililinaw ng karanasan sa buong daigdig na kapag pinipili ang gawaing pansining lamang at walang sports nagsisimula ang isang proseso ng pagpipili, kung saan sa kalaunan ang ilang kabataan ay hindi na ginaganahang magpatuloy sa kanilang pakikilahok.

Kaugnay ng lahat ng mga punto na binanggit sa itaas, mahalagang mapagtanto na habang nagtatamo ng karanasan ang mga animator, mas mahusay silang nakatutulong sa mga junior youth sa pagbubuo at pagsasagawa ng mga gawaing nagpupunuan sa isa't isa—mga gawain na praktikal na pagpapahayag sa malalim na mga pag-unawang nakamtan nila sa

pamamagitan ng pag-aaral ng iba't ibang teksto at ng mataas na mga pamantayang sinisikap nilang itaguyod.

## BAHAGI 30

Mula sa ating mga talakayan sa unang dalawang yunit ng aklat na ito, na nasa larangan ng konsepto, ang inyong mga paghahanda upang maglingkod bilang isang animator ay dumako na, sa yunit na ito, sa ilang praktikal na bahagi. Habang kayo ay nagtatamo ng karanasan sa larangan ng paglilingkod na ito, ang mga pahina ng aklat na ito ay patuloy na maghahain sa inyo ng mga ideyang kailangang limiin. Natuklasan ng maraming animator na lalong nakatutulong ang mga punto sa nakaraang bahagi, at muli't muli nilang binabalikan ang mga iyon, gumagamit ng kuwaderno kung saan inililista nila ang kanilang mga karanasan at mga talakayan sa kanilang mga kapwa-animator. Sa kasalukuyan, iminumungkahing wakasan ninyo ang yunit na ito sa pagninilay-nilay sa mga ipinahihiwatig ng pagsisikap na sisimulan na ninyo ngayon. Ang mga salita ng Universal House of Justice, na isinulat para sa mga kabataan sa buong daigdig, ay naaangkop din sa lahat ng nagnanais tahakin ang landas ng paglilingkod na ito:

> **"Hindi nakapagtataka, na ang grupo ng inyong mga kaedad ang nagtatamo ng pinakamalaking karanasan sa pagtulong sa mga junior youth, at gayundin sa mga bata, sa kanilang moral at espiritwal na pag-unlad, nililinang sa kanila ang kakayahan para sa sama-samang paglilingkod at tunay na pagkakaibigan. Yamang batid ang daigdig na kailangang bagtasin nitong nakababatang mga kaluluwa, kasama na roon ang mga patibong at gayundin ang mga pagkakataon nito, agad ninyong nauunawaan ang kahalagahan ng espiritwal na pagpapalakas at paghahanda. Yamang inyong nababatid na si Bahá'u'lláh ay dumating upang baguhin kapuwa ang panloob na pamumuhay at panlabas na mga kalagayan ng sangkatauhan, kayo ay tumutulong sa mga nakababata sa inyo upang padalisayin ang kanilang mga ugali at maghanda sa pagsasabalikat ng tungkulin para sa mabuting kalagayan ng kanilang mga pamayanan. Habang sila ay pumapasok sa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, tinutulungan ninyo silang pagyamanin ang kanilang kakayahan sa pananalita, at gayundin ay tinutulutang mag-ugat ang isang malakas na damdaming moral sa loob nila. Sa paggawa nito, ang inyong sariling kamalayan sa layunin ay nagiging higit na malinaw ang kahulugan habang sinusunod ninyo ang paalala ni Bahá'u'lláh: 'Tulutang ang mga gawa, hindi mga salita, ang maging palamuti ninyo.'"**[52]

## MGA REPERENSIYA

1. Mula sa liham ng ika-11 ng Hunyo 2006 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa isang indibidwal, sa *Social Action: A Compilation Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2020), blg. 117, p. 62.

2. Mula sa liham ng ika-19n Hulyo 2006 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice para sa dalawang indibidwal.

3. Mula sa liham ng ika-17 ng Abril 1936 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *Directives from the Guardian* (New Delhi: Bahá'í Publishing Trust, 1973), p. 84.

4. 'Abdu'l-Bahá, sa kalipunang *Social Action,* blg. 190, mp. 112–13.

5. Mula sa talumpati noong ika-20 ng Setyembre 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 9, p. 471.

6. Mula sa talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-4 ng Mayo 1912, ibid., par. 9, p. 125.

7. Ulat ng mga salita ni 'Abdu'l-Bahá na sinipi ni J. E. Esslemont, *Bahá'u'lláh and the New Era: An Introduction to the Bahá'í Faith* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2017 printing), p. 101.

8. *The Promulgation of Universal Peace*, p. 123. 9.

9. Mula sa talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-26 ng Mayo 1912, ibid., par. 1, p. 204.

10. 'Abdu'l-Bahá, *Ilang Katanungang Sinagot* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), blg. 84.2, mp. 473-74.

11. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), tomo 2, p. 276. (awtorisadong salin sa Ingles)

12. *Khitábát: Talks of 'Abdu'l-Bahá* (Hofheim-Langenhain: Bahá'í-Verlag, 1984), mp. 131–32. (awtorisadong salin sa Ingles)

13. Mula sa talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-4 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 8, p. 124.

14. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), blg. 230.1, p. 495.

15. Mula sa isang talumpati noong ika-10 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong 1911* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), blg. 29.41, p. 137.

16. *Abdul Baha on Divine Philosophy* (Boston: The Tudor Press, 1918), p. 30.

17. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá,* blg. 24.1, p. 86.

18. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1909, 1930 printing), tomo 1, p. 63. (awtorisadong salin sa Ingles)

19. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, blg. 155.4, p. 290.

20. ‘Abdu’l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2007, 2016 printing), par. 118, p. 83.

21. *The Tabernacle of Unity: Bahá’u’lláh’s Responses to Mánikchí Ṣáḥib and Other Writings* (Haifa: Bahá’í World Centre, 2006), blg. 1.11, mp. 7–8.

22. Mula sa isang talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-27 ng Oktubre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris,* blg. 12.8, p. 53.

23. *Tablets of Abdul-Baha Abbas*, tomo 1, mp. 71–72.

24. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, blg. 97.1, mp. 201–02.

25. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1988, 2005 printing), blg. 6.40, p. 82.

26. *The Proclamation of Bahá’u’lláh to the Kings and Leaders of the World* (Haifa: Bahá’í World Centre, 1967, 1978 printing), p. 78.

27. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* (Wilmette: Bahá’í Publishing, 1983, 2017 printing), XLIII, par. 2, p. 104.

28. Mula sa isang talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-3 ng Disyembre 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 3, mp. 648–49.

29. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 9.20, mp. 164-65.

30. Ibid., blg. 11.28, mp. 197-98.

31. *Tablets of Abdul-Baha Abbas*, tomo 1, p. 31. (awtorisadong salin sa Ingles)

32. Ibid., p. 194. (awtorisadong salin sa Ingles)

33. Bahá’u’lláh, *Epistola sa Anak ng Lobo* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), p. 15.

34. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 11.27, p. 197.

35. Ibid., blg. 11.30, mp. 198–99.

36. Ibid., blg. 13.15, p. 228.

37. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, XVIII, par. 1, p. 47.

38. *Mga Dalangin at mga Pagninilay-nilay ni Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1987, 2008 printing), XXXII, p. 49.

39. *The Tabernacle of Unity*, blg. 1.2, p. 4.

40. Mula sa isang talumpati ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-5 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 3, p. 130.

41. *Mga Dalangin at mga Pagninilay-nilay*, CXIII, p. 236.

42. Bahá'u'lláh, sa *Mga Dalanging Bahá'í: Kalipunan ng mga Dalangin na Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2023), p. 113.

43. *Mga Dalangin at mga Pagninilay-nilay*, CLXXVIII, p. 371.

44. Ibid., LXXIX, p. 162.

45. Bahá'u'lláh, sa *Mga Dalanging Bahá'í*, mp. 208–09.

46. 'Abdu'l-Bahá, ibid, pp. 86.

47. Ibid., p. 31.

48. Bahá'u'lláh, ibid., mp. 115-16.

49. Ang Báb, ibid., p. 120.

50. 'Abdu'l-Bahá, ibid., p. 236.

51. *Mga Dalangin at mga Pagninilay-nilay*, XCI, p. 191.

52. Mula sa mensahe ng ika-1 ng Hulyo 2013 na isinulat para sa mga kalahok ng paparating na 114 youth conference sa buong daigdig, inilathala sa *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), blg. 27.4, p. 176.